Lungsod at County ng San Francisco

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

Maghanda, Magplano, at Makilahok

Martes, Nobyembre 8, 2016 — Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon

Magbubukas ang mga botohan mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.



MAGHANDA

Basahin ang pamplet na ito.

Pagpasyahan ang inyong mga boto.

Markahan ang inyong mga napili sa Worksheet ng Balota para makatipid ng oras sa pagboto. *(tingnan ang huling pahina)*

MAGPLANO

Piliin kung aling opsiyon sa pagboto ang naaayon sa inyong iskedyul:

- sa pamamagitan ng mail
- sa City Hall mula Oktubre 11
- sa inyong lugar ng botohan.

MAKILAHOK

Maging Botante sa eleksyong ito!

Maging Poll Worker din!

Inilathala ng:
Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
sfelections.org

Para sa Halimbawang Balota para sa eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng mga nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari rin ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa *sfelections.org/toolkit*.

Mga Importanteng Petsa

Magbubukas ang City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan sa City Hall)	Martes, Oktubre 11
Huling araw para magparehistro upang makaboto	Lunes, Oktubre 24
Pagboto sa weekend sa City Hall Voting Center	Sabado at Linggo, Oktubre 29–30
Huling araw para humiling ng vote-by-mail na balota	Martes, Nobyembre 1
Pagboto sa weekend sa City Hall Voting Center	Sabado at Linggo, Nobyembre 5–6
Magbubukas ang mga Ballot Drop-off Station (Mga Lugar na Paghuhulugan ng Balota) sa mga pasukan ng City Hall sa Goodlett at Grove Street	Sabado–Martes, Nobyembre 5–8
Huling araw para magparehistro at makaboto ang mga bagong mamamayan na naturalisa pagkaraan ng Oktubre 24 (sa City Hall lamang)	Martes, Nobyembre 8
Oras ng botohan sa Araw ng Eleksyon (lahat ng mga lugar ng botohan at sa City Hall Voting Center)	**Martes, Nobyembre 8, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.**

Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon

TELEPONO	MAIL	EMAIL
Filipino: (415) 554-4310 TTY: (415) 554-4386	Department of Elections 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place City Hall, Room 48 San Francisco, CA 94102-4634	Gamitin ang form para sa email sa *sfelections.org/sfvote*

Ang mga oras na bukas ang opisina ay Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga pista opisyal) mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Tingnan ang *sfelections.org/toolkit* para:

- I-check ang status ng inyong pagpaparehistro bilang botante, kasama ang kinakatigang partido
- Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon
- Dagdagan ang kaalaman tungkol sa ranked-choice voting (pagboto na aantasin ang mga piniling kandidato)
- Humiling ng vote-by-mail na balota
- I-check ang status ng inyong vote-by-mail na balota
- Tingnan ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan
- Tingnan ang inyong halimbawang balota

Return Address:

_____

_____

_____

Napirmahan na ba ninyo ang kabila ng inyong Aplikasyon para sa Vote-by-Mail na balota?

Dikitan ng isang primera-klaseng selyo dito. Hindi ihahatid ng Post Office kung wala.

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service

DIRECTOR OF ELECTIONS
DEPARTMENT OF ELECTIONS
1 DR CARLTON B GOODLETT PLACE ROOM 48
SAN FRANCISCO CA 94102-4608

Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante
Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon – Nobyembre 8, 2016

Pangkalahatang Impormasyon

Mga importanteng petsa ng eleksyon ... (loob ng harap na pabalat)
Sulat mula sa Direktor ... 2
Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Gabay ng Impormasyon para sa Botante ... 3
Komite para sa Simplipikasyon ng Balota ... 3
Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan ... 4
Kung saan at kailan boboto ... 5
Kung paano bumoto ... 6
Ranked-choice voting ... 7
Paano makakukuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo ... 8
Access para sa mga botanteng may kapansanan ... 9
Mga madala na katanungan ... 12
Mga eleksyon sa California ... 59
Tulong sa wikang Filipino ... 63
Libreng mga klase sa Ingles ... 63
Batas sa mga karapatan ng botante ... 77
Pagiging kumpidensiyal at mga rekord ng botante ... 77
Programang Ligtas sa Tahanan ... 77
Mapa ng mga superbisoryal na distrito ... 90
Be a poll worker ... 129
Talatuntunan ... 150
Worksheet ng Balota ... (huling pahina)
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon ... (loob ng likod na pabalat)
Website ng Departamento ng mga Eleksyon ... (loob ng likod na pabalat)
Address ng inyong lugar ng botohan ... (likod na pabalat)
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota ... (likod na pabalat)
Aplikasyon para sa permanenteng vote-by-mail na estado ... (likod na pabalat)

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Impormasyon tungkol sa kandidato at katungkulan ... 14
Mga pag-endorso ng partido ... 14
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos ... 16
Kandidato para sa Senador ng Estado ... 18
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado ... 19
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg. 7 ... 21
Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon ... 22
Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ... 27
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor ... 30
Mga Kandidato para sa Direktor ng BART ... 45

Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota

Impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento ... 47
Mga salitang kailangan ninyong malaman ... 48
Pangkalahatang buod ng utang ng San Francisco ... 50
A Mga Pampaaralang Bond ... 52
B Buwis sa Ari-Arian para sa City College ... 56
C Mga Pagpapautang upang Pondohan ang Pagkakaroon at Rehabilitasyon ng Abot-kayang Pabahay ... 60
D Pagtatalaga sa mga Bakanteng Posisyon ... 64
E Responsibilidad para sa Pag-aalaga sa mga Puno na nasa Kalye at mga Nakapaligid na Bangketa ... 68
F Pagboto ng mga Kabataan sa mga Lokal na Eleksyon ... 71
G Pangangasiwa sa Pulisya ... 74
H Pampublikong Tagapagtaguyod ... 78
I Pagpopondo para sa mga Matatanda at mga nasa Sapat na Gulang na may Kapansanan ... 82
J Pagpopondo para sa Kawalan ng Tahanan at Transportasyon ... 86
K Buwis para sa Pangkalahatang Pagbebenta ... 91
L Mga Pagtatalaga at Budget ng MTA ... 94
M Komisyon para sa Pabahay at Pagpapaunlad ... 98
N Pagboto ng mga Hindi Mamamayan sa Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan ... 102
O Pagsasaayos sa Opisina na nasa Candlestick Point at Hunters Point ... 106
P Kumpetisyon sa Bidding para sa mga Proyektong Abot-kayang Pabahay na nasa Lupang Pag-aari ng Lungsod ... 110
Q Pagbabawal sa mga Tent sa mga Pampublikong Bangketa ... 114
R Unit para sa mga Krimen sa Komunidad ... 118
S Alokasyon ng mga Pondo mula sa Buwis sa mga Hotel ... 122
T Paglilimita sa mga Regalo at Kontribusyon sa Kampanya mula sa mga Lobbyist ... 126
U Mga Itinatakda sa mga Proyekto sa Pagpapaunlad na may Presyong Nakabatay sa Merkado para sa Abot-kayang Pabahay ... 130
V Buwis sa Pamamahagi ng mga Inuming Pinatatamis ng Asukal ... 134
W Buwis sa Paglilipat ng Pagmamay-ari ng Real Estate para sa Mga Ari-arian na Nagkakahalaga nang Mahigit sa $5 Milyon ... 138
X Pagpepreserba ng Espasyo para sa mga Sining ng Kapitbahayan, Maliliit na Negosyo, at mga Serbisyo sa Komunidad para sa ilang Kapitbahayan ... 142
RR Kaligtasan, Pagka-maaasahan at Kaluwagan ng Trapiko sa BART ... 146

Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
sfelections.org

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Merrill Communications LLC

City and County of San Francisco
Department of Elections
John Arntz, Direktor

Minamahal na Botante ng San Francisco: Setyembre 13, 2016

Bumalik na naman ang Malalaking Balota
Bagamat naranasan na natin ang mga ito noon, at matagumpay na natugunan ang mga hamon na dala ng mga ito, kailangang maghanda tayong lahat sa paghawak ng isa na namang malaking balota na mahigit sa isang card, at sa pagboto gamit ito.

Sa eleksyong ito, tatanggap ang mga botanteng nakatira sa mga Superbisoryal na Distrito na odd ang numero (1, 3, 5 atbp.) ng balotang may limang card. Mas magiging madali para sa mga botanteng nakatira sa mga Superbisoryal na Distrito na even ang numero (2, 4, 6 atbp.) dahil makatatanggap sila ng balotang may apat na card.

Worksheet ng Balota
Sa likod ng Malaking Libro na ito, na kilala bilang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang "Worksheet ng Balota," na nagkakaloob ng espasyo para maisulat ang inyong mga napili sa bawat kontest at panukala. Sa aming website, na *sfelections.org*, nagkakaloob din kami ng bersiyon ng Worksheet ng Balota at isa itong nasusulatan na PDF.

Magandang ideya ang Worksheet ng Balota dahil nangangahulugan ang pagkakaroon ng malalaking balota na maraming desisyon na kailangang gawin ng mga botante. Sa pamamagitan ng pag-oorganisa sa lahat ng mga desisyon iyon sa iisang lugar bago bumoto, magiging mas madali ang pagpuno ng mga sagot—dahil marami kayong pinagpipilian:

- Mga katungkulang pampederal: Presidente at Bise Presidente, Senado ng U.S., at Kamara
- Mga katungkulang pang-Estado: Asembleya ng Estado, Senado ng Estado
- Mga lokal na katungkulan: Korte Superyor, Lupon sa Edukasyon, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, Lupon ng mga Direktor ng BART (mga distrito 7 at 9), at Lupon ng mga Superbisor (mga distritong odd ang numero)
- Mga Panukala: 17 panukala sa estado, 22 lokal na panukala, at tatlong panukala sa distrito

Online na Pamplet ng Impormasyon para sa Botante
Para sa ikatlong eleksyon, patuloy na nagkakaloob ang Departamento ng digital na bersiyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante sa *sfelections.org* na makukuha sa mga format na HTML at open XML sa Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino. Naka-format ang nilalaman para sa mga smart na device, na nagpapahintulot sa mga botante na basahin ang Pamplet sa iba't ibang panahon at lugar upang umayon sa kanilang mga iskedyul.

Sentro ng Botohan sa City Hall:

➔ Maaari nang bumoto ang lahat ng rehistradong botante sa mga araw ng trabaho sa City Hall simula Martes, Oktubre 11 (dahil pista opisyal sa Oktubre 10), mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.

➔ Pagboto nang Sabado at Linggo sa City Hall:
- Oktubre 29–30 at Nobyembre 5–6, 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Para sa pagboto nang Sabado at Linggo, pumasok sa City Hall mula sa Grove Street

Mga Estasyon para sa Paghulog ng Balota Kung Boboto sa Pamamagitan ng Mail:
Bubuksan namin ang mga estasyon na nasa gilid ng City Hall sa mga kalyeng Goodlett (Polk) at Grove:

- Sa Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon: Nobyembre 5 at Nobyembre 6, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Sa Lunes, Nobyembre 7, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., at

★ Sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 8, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Magbubukas ang Botohan sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 8, nang 7 a.m. at magsasara nang 8 p.m.

Panghuli, nagiging mas mahirap ang simpleng tunguhin na pagboto sa harapan at likuran ng mga card na balota dahil sa dami ng card na balota, kaya posibleng may isang bahagi na hindi makita at hindi mabotohan—kaya isa pa itong dahilan para gamitin ang Worksheet ng Balota.

Gumagalang,
John Arntz, Direktor

Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Gabay ng Impormasyon para sa Botante

Makatatanggap kayo ng *dalawang* gabay ng impormasyon para sa botante para sa eleksyong ito:

1 Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco *(ang gabay na ito)*


Lungsod at County ng San Francisco

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

Maghanda, Magplano, at Makilahok

Martes, Nobyembre 8, 2016 — Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon

Magbubukas ang mga botohan mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

I Voted!

MAGHANDA

MAGPLANO

MAKILAHOK

Inihahanda ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante bago sumapit ang bawat eleksyon at ipinadadala ito sa mail sa bawat rehistradong botante alinsunod sa batas.

Kasama sa pamplet na ito ang impormasyon tungkol sa pagboto sa San Francisco, mga kandidatong tumatakbo para sa lokal at ilang mga katungkulan sa estado at pederal, at lokal na mga panukala sa balota. Para sa detalye, tingnan ang Talaan ng mga Nilalaman o Index.

Ang pamplet na ito ay may iba't ibang format:
- Sa *sfelections.org/toolkit* sa PDF, HTML, at XML na mga format
- Malaking imprenta

Mahahanap ninyo ang halimbawang balota sa Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng nakarehistrong botante. Mahahanap rin ninyo ang kopya sa *sfelections.org/toolkit*. Kung gusto ninyo ng ekstrang kopya ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, tumawag sa (415) 554-4310.

2 Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng Estado ng California


Pagkalahatang Halalan ng California Martes

Ika-8 ng Nobyembre, 2016

OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Ang California Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California) ay gumagawa ng Gabay na Impormasyon para sa Botante ng estado, na may impormasyon tungkol sa mga kandidato para sa ilang katungkulan ng estado at pederal at sa mga panukala ng estado. Maaari ninyo itong makita sa *sos.ca.gov*.

Maaari ninyong dalhin ang mga pamplet na ito sa inyong lugar ng botohan. May mga kopya rin ang bawat lugar ng botohan. Tanungin ang isang manggagawa sa lugar ng botohan kung nais ninyong makakita ng isa.

Magtipid ng papel at sa halip, basahin ang pamplet na ito online: *voterguide.sfelections.org*.

Ballot Simplification Committee (Komite para sa Simplipikasyon ng Balota)

Nagtatrabaho ang Ballot Simplification Committee sa mga pampublikong pagpupulong para maghanda ng walang kinikilingang pagbubuod sa simpleng salita ng bawat panukalang-batas sa balotang lokal. Sinusulat o sinusuri din ng Komite ang iba pang impormasyon na nasa pamplet na ito, pati ang glossary ng "Mga Salitang Kailangan Ninyong Malaman" at ang "Mga Madalas na Katanungan" (FAQs).

Ang mga miyembro ng Komite ay may mga karanasan sa pamamahayag, edukasyon, at nakasulat na komunikasyon. Binoboluntaryo nila ang kanilang oras para ihanda ang mga materyales na ito para sa mga botante.

Ang mga miyembro ng Komite ay sina:

Betty Packard, Tagapangulo
Nominado ng:
National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

June Fraps
Nominado ng:
National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

Ann Jorgensen
Nominado ng:
San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco)

Adele Fasick
Nominado ng:
League of Women Voters (Liga ng mga Kababaihang Botante)

Michele Anderson
Nominado ng:
Pacific Media Workers Guild (Samahan ng mga Manggagawa sa Media sa Pacific)

Joshua White, *ex officio**
Deputy City Attorney (Kinatawang Abogado ng Lungsod)

**Ayon sa batas, ang City Attorney, o ang kinatawan niya, ay naglilingkod sa Ballot Simplification Committee at maaaring magsalita sa mga pagpupulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.*

Tingnan ang Likod na Pabalat para sa Lokasyon ng Inyong Lugar ng Botohan

Maaaring nagbago ang inyong lugar ng botohan para sa eleksyong ito!

Sa likod na pabalat ng pamplet na ito, matatagpuan ninyo ang:

1. **Address ng inyong lugar ng botohan**
2. Indikasyon kung ang inyong lugar ng botohan ay **madaling mapuntahan at mapasukan ng mga botanteng may mga kapansanan.** Para makahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa accessible voting (mga paraan para mapadali ang pagboto), tingnan ang Talaan ng mga Nilalaman.


DEPARTMENT OF ELECTIONS, City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4608
Telephone: (415) 554-4375 TTY: (415) 554-4386
sfelections.org

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
TOWNE, INC.

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service

Address ng inyong lugar ng botohan: **Address Pang-mail** / Mailing Address:

1

Madali bang makarating at makapasok sa pasukan at sa lugar ng botohan? 2

Aplikasyon ng Vote-by-Mail para sa Nobyembre 8, 2016,
Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon
Dapat nasa tanggapan na ng Departamento ng mga Eleksyon itong Aplikasyon nang hindi lalampas ng 5 p.m. sa Nobyembre 1.

Pangalan/Name:

Makikita rin ang address ng inyong lugar ng botohan sa
sfelections.org/pollsite

Bakit Nagbabago ang mga Lugar ng Botohan?

Hindi pag-aari ng Departamento ng mga Eleksyon ang alinmang lugar na ginagamit bilang lugar ng botohan; umaasa ito sa komunidad na magbigay ng mga lokasyong mapupuntahan ng lahat ng mga botante. Kung may pag-aari kayong lugar na maaaring naaangkop bilang lugar ng botohan para sa mga eleksyon sa hinaharap, mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Nahuling Pagbabago ng Lugar ng Botohan

Kung hindi na maaaring magamit ang isang lugar ng botohan pagkatapos na ipadala sa mail ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ipagbibigay-alam ng Departamento ng mga Eleksyon sa mga botanteng naapektuhan sa pamamagitan ng:

- **Mga Card ng Pagbibigay-abiso para sa "Pagbabago ng Lugar ng Botohan"** na ipinadala sa mail sa lahat ng nakarehistrong botante sa presinto.
- **Mga Karatulang "Pagbabago ng Lugar ng Botohan"** na nakapaskil sa dating lokasyon.

Kung Saan at Kailan Boboto

Bumoto sa City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan sa City Hall)

Simula sa Oktubre 11 hanggang sa Araw ng Eleksyon, maaaring bumoto ang sinumang botante ng San Francisco sa City Hall Voting Center, sa labas ng Room 48:

- **Lunes hanggang Biyernes,** Oktubre 11–Nobyembre 7 (sarado sa pista opisyal sa Oktubre 10), 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- **Sabado at Linggo,** Oktubre 29–30 at Nobyembre 5–6, 10 a.m. hanggang 4 p.m. (pumasok sa Grove Street)

★ **Araw ng Eleksyon,** Martes, Nobyembre 8, 7 a.m. hanggang 8 p.m.



Pagboto sa pamamagitan ng Pag-Mail

Maaaring humiling ang sinumang botante ng vote-by-mail na balota, para sa eleksyong ito lamang o para sa lahat ng eleksyon.

- Kung palagi kayong bumoboto sa pamamagitan ng mail, ipadadala ang balota ninyo sa unang bahagi ng Oktubre. Kung hindi pa ninyo natatanggap ang inyong balota pagdating ng Oktubre 14, mangyaring tumawag.
- Pagkatanggap ninyo ng inyong balota, basahin nang mabuti at sundin ang mga instruksiyon na kalakip nito.
- Mayroong **tatlong paraan para sa pagbabalik ng inyong balota:**
  - I-mail ito sa Departamento ng mga Eleksyon. Ang pambalik na sobre ay dapat ma-postmark ng U.S. postal service o matatakan ng petsa ng kompanyang naghahatid ng sulat bago o sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 8, AT matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalampas ng Lunes, Nobyembre 14.
  - Ihulog ito sa City Hall Drop-off Station (Lugar na Paghuhulugan sa City Hall).
  - Ihulog ito sa anumang lugar ng botohan sa San Francisco sa Araw ng Eleksyon.

  Hanapin ang mga detalye sa mga instruksiyong kalakip ng inyong balota, o tingnan ang *sfelections.org/vbminsert*.
- Para tiyakin ang status ng inyong vote-by-mail na balota anumang oras mula sa panahon ng pagpapadala sa mail hanggang sa matapos itong bilangin, tingnan ang *sfelections.org /vbmstatus* o tumawag sa (866) 325-9163 toll free (walang bayad na tawag). Kung ***hindi maaaring*** bilangin ang inyong balota, ipakikita ng tool na ito kung paano ninyo itatama ang isyu bago ang Araw ng Eleksyon para mabilang namin ang inyong balota.
- Simula sa Oktubre 25, maaari ninyong panoorin ang pagbukas at pagproseso ng mga vote-by-mail na balota sa Departamento ng mga Eleksyon sa *sfelections.org/observe*.

Iwasan ang mga isyung ito para matiyak na mabibilang ang inyong balota!

Ang mga pinakakaraniwang dahilan kung bakit hindi maaaring bilangin ang mga vote-by-mail na balota ay mga isyu sa pirma at mga nahuling pagbabalik:

- hindi pinirmahan ng botante ang pambalik na sobre,
- hindi magkatugma ang pirma ng botante sa sobre, sa pirma ng botante sa mga rekord ng Departamento ng mga Eleksyon,
- na-postmark ang balota ng botante matapos ang Araw ng Eleksyon, o natanggap nang lampas sa tatlong araw matapos ang Araw ng Eleksyon.

Kung Paano Humiling na Bumoto sa Pamamagitan ng Mail

Kung gusto ninyong bumoto sa pamamagitan ng vote by mail para sa eleksyon sa Nobyembre 8, dapat matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong kahilingan ng Nobyembre 1. Mayroong ilang paraan para hilingin ang pagboto sa pamamagitan ng mail:

- Sagutan at ibalik ang aplikasyon na nasa likod na pabalat ng pamplet na ito.
- Tingnan ang *sfelections.org/toolkit*:
  - I-click ang "Vote by mail and track your ballot (Bumoto sa pamamagitan ng mail at subaybayan ang inyong balota)"
  - I-click ang isa sa mga opsiyon para sa aplikasyon upang makaboto sa pamamagitan ng mail para sa nalalapit na eleksyon, o sa lahat ng mga eleksyon.
- Tumawag sa (415) 554-4310, o pumunta sa Departamento ng mga Eleksyon, Room 48.
- I-mail, i-fax, o i-email ang naka-scan na kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon kasama ang inyong pangalan, araw ng kapanganakan, ang address ng inyong tirahan, ang address kung saan ninyo gustong i-mail ang inyong balota, at ang inyong pirma.

Kung gusto ninyong bumoto sa pamamagitan ng mail sa lahat ng mga eleksyon, tukuyin na gusto ninyong maging permanenteng vote by mail na botante.



Bumoto sa Inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon

- Ang lugar kung saan kayo nakatira ang batayan kung aling mga labanan at mga kandidato ang lilitaw sa inyong balota. Para matanggap ang balotang may wastong mga labanan at kandidato, bumoto sa lugar ng botohan na itinalaga sa inyo.
- I-check ang address ng inyong lugar ng botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito, o tingnan ang *sfelections.org /pollsite*.
- Ang mga lugar ng botohan ay bukas sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 8, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Kung Paano Bumoto

Piliin Ang Inyong Pinapaborang Wika

Tatlong bersiyon ng balota ang nakahanda, ang bawat isa ay may Ingles at isa pang ibang wika:

- Ingles at Tsino
- Ingles at Espanyol
- Ingles at Filipino

Kung bumoboto kayo sa pamamagitan ng mail:
Kapag ipinaalam ninyo sa Departamento ng mga Eleksyon na mas gusto ninyo ng balota na may wikang Tsino, Espanyol o Filipino, tatanggap kayo ng balota sa Ingles at sa wikang binanggit ninyo. Para makasigurado na makatatanggap kayo ng mas pinapaboran ninyong bersiyon ng balota, i-check o i-update ang inyong language preference (mas pinapaborang wika) sa *sfelections.org/language*. Kung hindi ninyo nagawa ito at kapag hindi ninyo ipinaalam ang inyong pinapaborang wika bago i-mail ang inyong balota, nakasaad sa mga instruksiyong nakalakip kasama ng balota kung paano ipagpapalit ito para sa isang balota na nasa inyong pinapaborang wika.

Kung bumoboto kayo sa lugar ng botohan:
Ang mga balota sa Ingles at lahat ng mga sertipikadong wika (Tsino, Espanyol, at Filipino) ay makukuha sa City Hall Voting Center at sa lahat ng mga lugar ng botohan. Ang bawat lugar ng botohan ay magkakaroon din ng mga facsimile ballot sa Vietnamese, Koreano, at Hapones; ang mga ito ay eksaktong kopya ng opisyal na balota na may mga nilalamang salin, para sa mga botante, at nang magamit na sanggunian.

Kapag ipinaalam ninyo sa Departamento ng mga Eleksyon bago dumating ang Araw ng Eleksyon na mas gusto ninyo ang balota na may wikang Tsino, Espanyol o Filipino, bibigyan kayo ng manggagawa sa lugar ng botohan ng balota na may Ingles at ng wikang pinili ninyo. Ipaalam ninyo sa Departamento ng mga Eleksyon ang inyong pinapaborang wika sa *sfelections.org/language*. Kapag hindi ninyo nagawa ito, maaari ninyong hilingin ang inyong pinapaborang wika sa isang manggagawa sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

Piliin Ang Format ng Inyong Balota

- Tatanggap kayo ng balotang papel maliban na lamang kapag hiniling ninyong gamitin ang accessible voting machine (nagagamit na makinang pamboto) (para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang pahina 9).
- Kung gagamitin ninyo ang accessible voting machine, magbibigay ng mga instruksiyon ang makina.

Markahan ang Inyong Balotang Papel

- Basahin ang mga instruksiyon na naka-print sa bawat balotang card.
- Basahin ang harap at likod ng bawat card para sa mga pinaglalabanan.
- Para sa bawat labanan, naka-print sa itaas ng talaan ng mga pangalan ang bilang ng mga kandidato na maaari ninyong piliin. Kapag mahigit sa pinahihintulutang kandidato ang minarkahan ninyo, o pareho ninyong minarkahan ng "OO" at ng "HINDI" ang labanan para sa panukalang-batas, hindi mabibilang ang inyong boto para sa labanang iyon o para sa pinili ninyo.
- Gumamit ng panulat na may itim o dark blue na tinta, o #2 na lapis.
- Kumpletuhin ang arrow na nakaturo sa pinili ninyo para sa labanan o panukalang-batas, tulad ng naka-larawan sa litrato (1)
- Kung ayaw ninyong bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, iwanang blangko ang labanan o ang panukalang-batas na iyon. Bibilangin pa rin ang inyong mga boto para sa ibang labanan at panukalang-batas.

Paano mamarkahan ang inyong pinili:



Ranked-Choice Voting (Pagboto na Aantasin ang Mga Piniling Kandidato)

Para sa eleksyon sa Nobyembre 8, gagamitin ng mga botante ng San Francisco na nakatira sa Superbisoryal na Distrito 1, 3, 5, 7, 9, at 11 ang ranked-choice voting para ihalal ang kanilang miyembro sa Lupon ng mga Superbisor.

Paano Isinasagawa ang Ranked-Choice Voting

- Una, ang boto para sa unang pinili ng lahat ay bibilangin.
- Kung ang isang kandidato ay may pinakamaraming boto para sa unang pinili—mahigit sa kalahati—panalo ang kandidatong iyon.
- Kung walang kandidatong may pinakamaraming boto para sa unang pinili, ang kandidatong nasa huling puwesto ay tatanggalin.
- Ang mga boto para sa tinanggal na kandidato ay ililipat sa susunod na piniling kandidato na minarkahan sa mga balotang iyon.
- Kung may karamihan ng mga boto ang isang kandidato pagkatapos na mailipat itong mga boto, panalo ang kandidatong iyon.
- Kung wala pa ring kandidatong may pinakamaraming boto, itutuloy ang proseso ng pagtatanggal ng mga kandidato at paglilipat ng mga boto hanggang sa ang isang kandidato ang may mayorya.

Paano Mamarkahan ang Labanan na Gumagamit ng Ranked-Choice Voting

- Para sa ranked-choice voting, ang mga pangalan ng lahat ng kandidato ay nakatala sa tatlong umuulit na hanay sa balota. Ito ay nagpapahintulot sa inyo na antasin ang hanggang sa tatlong kandidato para sa iisang katungkulan: isang paborito, at dalawang iba pa.
- Pumili ng **isa lamang na gusto** sa bawat hanay, tulad ng inilalarawan sa litrato (2)
- Para antasin ang mas kaunti sa tatlong kandidato, iwanang blangko ang anumang natitirang mga hanay.
- Para bumoto sa kwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, tingnan ang susunod na pahina.

(2) Paano mamarkahan ang labanan sa ranked-choice voting:



Paano ko mamarkahan ang aking balota kung mas kaunti sa tatlo ang mga kandidato para sa labanang ranked-choice

Kung mas kaunti sa tatlo ang mga kandidato para sa isang katungkulan, markahan ang inyong (mga) pinili at iwanang blangko ang anumang natitirang mga hanay.

Para sa mga labanang gumagamit ng ranked-choice voting, itinatakda ng Batas ng San Francisco na payagan ang bawat botante na mag-antas ng hindi bababa sa tatlong mga pinili. Gayunman, minsan mas mababa sa tatlong mga kandidato ang naghahain ng papeles para kumandidato para sa isang katungkulan.

Maaaring may ibang mga taong naghain para maging mga isinusulat-lamang na kandidato. Para sa mas maraming impormasyon, tingnan sa ibaba.

Paano Bumoto para sa Kwalipikadong Isinusulat-lamang na Kandidato

- Bukod sa mga kandidatong nakalista sa balota, maaaring mayroong mga kwalipikadong isinusulat-lamang na mga kandidato. Ang ibig sabihin ng "kwalipikado" ay mga kandidatong nagsumite ng mga dokumentong kailangan para tumakbo para sa isang katungkulan.
- Ang tanging mabibilang na mga botong isinusulat-lamang ay iyong mga boto para sa kwalipikadong mga kandidato.
- Para sa listahan ng kwalipikadong isinusulat-lamang na mga kandidato, tingnan ang *sfelections.org/writein* sa o pagkaraan ng Oktubre 25, o humiling sa isang manggagawa sa lugar ng botohan.
- Bago kayo maghain ng isinusulat-lamang na boto, tiyakin na:
  - **hindi nakalista sa balota** ang kandidato.
  - **nasa kwalipikadong isinusulat-lamang na listahan** ang kandidato.
  - isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyong nasa katapusan ng listahan ng mga kandidato at **kumpletuhin ang arrow** na nakaturo sa espasyo, tulad ng inilalarawan sa litrato (3)

(3) Paano bumoto para sa kwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato:



Kung Paano Makakukuha ng Bagong Balota Kapag Nagkamali Kayo

- **Kung bumoboto kayo sa pamamagitan ng mail:** sundin ang mga instruksiyon na kalakip ng inyong balota, o tumawag sa (415) 554-4310.
- **Kung bumoboto kayo nang personal:** humiling sa manggagawa sa lugar ng botohan para sa kapalit na balota.

Accessible Voting at Mga Serbisyo para sa Mga Botanteng May Kapansanan

Makukuhang impormasyon para sa botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ay makukuha sa mga accessible na format:

- Sa *sfelections.org/toolkit* sa PDF, HTML, at XML na mga format
- Malaking imprenta

Para humiling, tumawag sa (415) 554-4310.

Accessible Voting (Mga Paraan Para Mapadali ang Pagboto)

Ang sumusunod ang mga opsiyon ng lahat ng botante:

Bumoto sa pamamagitan ng Mail: Tingnan ang pahina 5.

Bumoto sa City Hall Voting Center: Madaling makapasok sa City Hall mula sa alinman sa apat na pasukan nito. Nasa Voting Center ang lahat ng kagamitang pantulong na nakalista sa ibaba. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang pahina 5.

Bumoto sa Inyong Lugar ng Botohan: Tingnan ang likod na pabalat para sa address at impormasyon tungkol sa accessibility (madaling pagpunta at pagpasok):

- Kung ang pasukan at ang bahagi kung saan bumoboto sa inyong lugar ng botohan ay accessible sa mga taong may kapansanan sa pagkilos, naka-print ang “YES” sa ibaba ng simbolo para sa accessibility na nasa likod na pabalat
- Kung hindi accessible ang inyong lugar ng botohan, tingnan ang *sfelections.org/pollsite* o tumawag sa (415) 554-4310 para sa lokasyon ng pinakamalapit na accessible na lugar ng botohan na nasa loob ng inyong distrito ng botohan
- May **accessible voting machine (magagamit na makinang pamboto)** sa bawat lugar ng botohan, pati na rin sa City Hall Voting Center

- Pinahihintulutan ang mga botante na may kahinaan sa paningin o pagkilos, o may iba pang espesipikong pangangailangan, na bumoto nang mag-isa at nang pribado
- Maaari kayong pumili ng wika sa balota: Ingles, Tsino (Cantonese o Mandarin audio), Espanyol, o Filipino
- Kung gusto ninyong gamitin ang accessible voting machine, sabihin sa manggagawa sa lugar ng botohan kung aling format ang mas nagugustuhan ninyo:

Touchscreen na balota

- Ibinibigay ang mga instruksiyon sa screen
- Text na may malalaking letra ang ipinalalabas sa screen, at maaari ninyong palakahin pa ang mga letra
- Isagawa ang pagpili sa balota sa pamamagitan ng pagpindot sa screen
- Tingnan muli ang mga pinili ninyo sa record sa papel bago kayo maghain ng boto

Balotang Audio

- Naririnig na instruksiyon ang gumagabay sa inyo sa balota
- Mayroong magagamit na mga headphone
- Maaari ninyong ikonekta ang personal assistive device (personal na kagamitang pantulong) tulad ng isang sip/puff device (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga)
- Pumili ng iboboto ninyo sa balota na gamit ang hinahawakang keypad na may nakaumbok na Braille; may kahulugan ang mga kulay at hugis ng mga tipaan
- Pakinggang muli ang inyong mga pinili bago kayo bumoto; mayroon ding record sa papel ng mga boto ninyo
  - Maaari ding magbigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng multi-user sip/puff switches (mga switch para sa pangmaramihang gamit ng sip/puff) o headpointers (panturo na nakasuot sa ulo). Para humiling, tumawag sa (415) 554-4310. Kung posible, magbigay ng 72 oras na paunawa para matiyak na mayroong magagamit.

- Alinsunod sa ipinag-uutos ng California Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California), ang mga boto galing sa accessible voting machine ay inililipat sa mga balotang papel, na binibilang sa City Hall pagkaraan ng Araw ng Eleksyon

- Mayroon pang mga ibang uri ng tulong:
  - **Personal na tulong:** maaari kayong magsama ng hanggang dalawang tao, kabilang na ang mga manggagawa sa lugar ng botohan, sa loob ng voting booth para tumulong sa inyo
  - **Pagboto sa gilid ng daan:** Kung hindi kayo makapasok sa inyong lugar ng botohan, maaaring dalhin sa inyo ng mga manggagawa sa lugar ng botohan ang mga materyales para sa pagboto sa labas ng lugar ng botohan
  - **Mga kagamitan para sa pagbabasa:** Ang bawat lugar ng botohan ay may mga instruksiyon na naka-print sa malalaking letra na nagsasaad kung paano mamarkahan ang balota at mga optical sheet para palakihin ang mga naka-print sa balotang papel
  - **Pagboto nang nakaupo:** Ang bawat lugar ng botohan ay may booth na nagpapahintulot na bumoto habang nakaupo
  - **Mga kagamitan sa pagboto:** Ang bawat lugar ng botohan ay may easy-grip pens (mga panulat na madaling hawakan) para sa pagpirma sa talaan at pagmarka ng balota
  - May naka-video na **Pagsasalin sa American Sign Language** na makukuha sa opisina ng Departamento ng mga Eleksyon

Mga Madalas na Katanungan (FAQs)

Sinagot ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Sino ang makaboboto?
Mga mamamayan ng U.S., 18 taong gulang o mas matanda pa, na nakarehistrong bumoto sa San Francisco sa o bago sumapit ang deadline ng pagpaparehistro.

Kailan ang deadline para magparehistrong bumoto o i-update ang impormasyon sa aking rehistrasyon?
Ang deadline ng pagpaparehistro ay Oktubre 24, labinlimang araw bago dumating ang Araw ng Eleksyon.

Kailan at saan ako makaboboto sa Araw ng Eleksyon?
Maaari kayong bumoto sa inyong lugar ng botohan o sa City Hall Voting Center sa Araw ng Eleksyon mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Ang address ng inyong lugar ng botohan ay nasa likod na pabalat ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Matatagpuan din ninyo ito sa *sfelections .org/pollsite* o tumawag sa (415) 554-4310. Ang City Hall Voting Center ay nasa labas ng Room 48.

Mayroon bang anumang paraan para bumoto bago ang Araw ng Eleksyon?
Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- **Bumoto sa pamamagitan ng mail.** Sagutan at i-mail ang Aplikasyon para sa Vote-by-Mail na nakalimbag sa likod na pabalat ng pamplet na ito, kumpletuhin ang aplikasyon online sa *sfelections.org/toolkit*, o tumawag sa (415) 554-4310 para humiling na bumoto sa pamamagitan ng mail. Ipadadala sa inyo ang isang vote-by-mail na balota. Dapat ***matanggap*** ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang Nobyembre 1, o
- **Bumoto nang personal** sa City Hall Voting Center, simula sa Oktubre 11 (tingnan ang pahina 5 para sa mga petsa at oras).

Kapag hindi ako gumamit ng aplikasyon o nakatawag, maaari ba akong makakuha ng vote-by-mail na balota sa ibang paraan?
Opo. Maaari kayong magpadala ng nakasulat na kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon. Kasama ***dapat*** sa kahilingang ito ang: nakalimbag na address ng tirahan ninyo, address kung saan ninyo gustong i-mail ang balota, petsa ng kapanganakan ninyo, nakasulat na pangalan ninyo, at ang inyong ***pirma***. I-mail ang inyong kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon sa address na nasa likod na pabalat ng pamplet na ito o i-fax ito sa (415) 554-4372. Dapat ***matanggap*** ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang, Nobyembre 1.

Kung ako ay nahatulang may-sala sa isang krimen, maaari pa rin ba akong bumoto?
Opo, maaari. Kuwalipikado kayong magparehistro at bumoto kung kayo ay:

- Nahatulang may-sala sa kasong misdemeanor o nakakulong sa bilangguan ng county at nagsisilbi ng sentensiya para sa kasong misdemeanor.
- Nakakulong sa bilangguan ng county dahil ang pagkakakulong ay isang kondisyon ng probation.
- Naka-probation.
- Nasa programa ng mandatory supervision.
- Nasa programa ng post-release community supervision (pamamahala ng county probation matapos makalaya).
- Nakumpleto na ang inyong parole.

Kung naghihintay kayo ng paglilitis o kasalukuyang nililitis, ngunit hindi pa nahahatulang may-sala, maaari kayong magparehistro at bumoto.

Ang aking ika-18 kaarawan ay pagkatapos ng deadline ng pagpaparehistro ngunit sa, o bago ang Araw ng Eleksyon. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?
Opo. Maaari kayong magparehistrong bumoto sa mismong, o bago ang, araw ng deadline ng pagpaparehistro, at bumoto sa eleksyong ito—kahit na hindi pa kayo 18 noong nagparehistro kayo.

Bago pa lamang akong naging mamamayan ng U.S. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?
Opo.

- Kung naging mamamayan kayo ng U.S., bago o sa mismong araw ng deadline ng pagpaparehistro (Oktubre 24), maaari kayong bumoto sa eleksyong ito, ngunit kailangan kayong magparehistro nang hindi lampas sa deadline;
- Kung naging mamamayan kayo ng U.S. *pagkaraan* ng deadline ng pagpaparehistro, ngunit bago o sa mismong Araw ng Eleksyon, maaari kayong magparehistro **at** bumoto sa City Hall Voting Center bago mag-8 p.m. sa Araw ng Eleksyon kapag may katibayan ng pagiging mamamayan.

Lumipat ako sa loob ng San Francisco ngunit hindi ko na-update ang aking rehistrasyon bago dumating ang deadline ng pagpaparehistro. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?
Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- Pumunta sa City Hall Voting Center, sa mismong Araw ng Eleksyon o bago sumapit ito, kumpletuhin ang form para sa pagpaparehistro ng bagong botante **at** bumoto; o
- Pumunta sa inyong bagong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon at bumoto sa probisyonal na balota. Maaari ninyong hanapin ang address ng inyong bagong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pag-type ng inyong bagong address ng tirahan sa *sfelections.org/pollsite*, o tumawag sa (415) 554-4310.

Mamamayan ako ng U.S. na nakatira sa ibang bansa. Paano ako makaboboto?
Maaari kayong magparehistrong bumoto at mapadalhan ng vote-by-mail na balota sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Federal Post Card Application (Postcard na Aplikasyon mula sa Pamahalaang Pederal). I-download ang aplikasyon mula sa *fvap.gov* o kumuha nito mula sa mga embahada, mga konsulado o mga opisyal ng military na tumutulong sa pagboto.

Kung hindi ko alam kung ano ang gagawin kapag nakarating na ako sa lugar ng botohan, mayroon bang makatutulong sa akin doon?
Opo. Tutulungan kayo ng mga manggagawa sa lugar ng botohan, o maaari ninyong tingnan ang *sfelections.org/toolkit* o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 para sa tulong, bago o sa mismong Araw ng Eleksyon.

Maaari ko bang dalhin ang aking Halimbawang Balota o ang aking sariling listahan sa voting booth?
Opo. Nakatutulong kung nakapagpasiya na kayo bago pa kayo pumunta sa lugar ng botohan kung sino o ano ang iboboto ninyo. Ang inyong Halimbawang Balota ay makikita sa Ingles na bersiyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Maaari ninyong gamitin ang alinman sa dalawa, ang Halimbawang Balota o ang Ballot Worksheet na nasa loob nitong pamplet, para sa layuning ito.

Kailangan ba akong bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas na nasa balota?
Hindi po. Bibilangin ang inyong mga ibinoto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas.

Disability Rights California
California's protection & advocacy system

Nahihirapan ba kayong bumoto dahil sa inyong kapansanan?

TUMAWAG SA: 1-888-569-7955

Ang **Disability Rights California** ay magkakaroon sa kabuuang estado ng:

Hotline sa Araw ng Eleksyon

7:00AM hanggang 8:00PM: **Nobyembre 8, 2016**

Tutulungan namin ang mga botanteng may kapansanan na magkaroon ng matagumpay na karanasan sa pagboto, at tutukuyin din ang mga isyu na puwede naming lutasin.

Impormasyon tungkol sa Kandidato

Paunawa tungkol sa Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Hindi nagsusumite ang lahat ng mga kandidato ng mga pahayag tungkol sa kanilang mga kuwalipikasyon. Makikita ang kumpletong listahan ng mga kandidato sa halimbawang balota, na matatagpuan sa Ingles na bersiyon ng Pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng mga rehistradong botante. Maaari din kayong makakita ng kopya sa *sfelections.org/toolkit*. Kung gusto ninyo ng karagdagang kopya ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, tumawag sa (415) 554-4310.

Ang bawat pahayag tungkol sa mga kuwalipikasyon ng mga kandidato, kung mayroon man, ay kusang-loob na ibinibigay ng kandidato at gastos ng kandidato ang pagpapalimbag.

Maaari ninyong makita ang mga impormasyon ng kandidato sa mga sumusunod:

- **Website ng California Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California),** *voterguide.sos.ca.gov*: mga kandidato sa Pagkapangulo
- **Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng California:** mga kandidato para sa Senador ng Estados Unidos
- **Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco** *(gabay na ito)*: mga kandidato para sa:
    - Kinatawan ng Estados Unidos
    - Senador ng Estado
    - Asembleya ng Estado
    - Hukom ng Korte Superyor
    - Lupon ng mga Superbisor
    - Lupon ng Edukasyon
    - Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad
    - Direktor ng BART

Inililimbag ang mga pahayag gaya ng isinumite ng mga kandidato, kabilang na ang anumang kamalian sa pagkaka-type, spelling, o grammar. Hindi sinisiyasat ang mga pahayag para sa kawastuhan ng Direktor ng Departamento ng mga Eleksyon, o anumang iba pang ahensiya, opisyal, o empleyado.

Mga Limit sa Boluntaryong Gastos at Mga Pahayag sa Kampanya ng mga Kandidato sa Lehislatura ng Estado

Noong Nobyembre 2000, inaprubahan ang Proposisyon 34 ng mga botante ng California, kung saan nakasaad na kapag tinanggap ng isang kandidato para sa Senado o Asembleya ng Estado ang mga boluntaryong limitasyon sa gastos sa kampanya na tinutukoy ng Section 85400 ng California Elections Code, maaaring bumili ng espasyo ang kandidato para mailagay ang Pahayag ng Kandidato sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante.

Ang mga kandidato sa lehislatura na tinanggap ang mga boluntaryong limitasyon sa gastos sa kampanya, at dahil dito ay kuwalipikadong magsumite ng pahayag ng kandidato para sa Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre 8, 2016, ay sina:

Senador ng Estado, Distrito 11
Jane Kim

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17
David Chiu

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19
Carlos "Chuck" Taylor
Phil Ting

Mga Pag-Endorso ng Partido

Pinapayagan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endorso ng mga kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante. Ang mga pag-endorso ng partidong natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon sa deadline ng pagsusumite ay ang mga sumusunod:

Senador ng Estados Unidos
Partidong Demokratiko: Kamala D. Harris

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 12
Partidong Demokratiko: Nancy Pelosi

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 14
Partidong Demokratiko: Jackie Speier
Partidong Republikano: Angel Cardenas

Senador ng Estado, Distrito 11
Partidong Demokratiko: Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17
Partidong Demokratiko: David Chiu
Partidong Republikano: Matthew Del Carlo

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19
Partidong Demokratiko: Phil Ting
Partidong Republikano: Carlos "Chuck" Taylor

Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco Na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

Miyembro, Lupon ng mga Superbisor

Ang Lupon ng mga Superbisor ay ang sangay sa pagbabatas ng pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang mga miyembro nito ay nagsasabatas at nag-aapruba ng taunang budget para sa mga departamento ng Lungsod.

Ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ay apat na taon. Ang bayad sa mga Superbisor ay $117,494 sa bawat taon.

Mayroong labing-isang mga miyembro ang Lupon ng mga Superbisor. Ang mga botante sa Distrito 1, 3, 5, 7, 9, at 11 ay boboto para sa kanilang miyembro sa Lupon ng mga Superbisor para sa eleksyong ito.

Miyembro, Lupon ng Edukasyon

Ang Lupon ng Edukasyon ay ang pamunuang entidad para sa San Francisco Unified School District. Pinamamahalaan nito ang kindergarten hanggang sa ika-labindalawang baitang.

Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon. $6,000 sa bawat taon ang bayad sa kanila.

Ang Lupon ng Edukasyon ay may pitong miyembro. Sa eleksyong ito, boboto ng apat na miyembro ang mga botante.

Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

Ang Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ay ang pamunuang entidad para sa San Francisco Community College District. Pinamamahalaan nito ang City College at ang ibang sentro ng pag-aaral para sa mga nasa hustong gulang.

Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Community College Board. $6,000 sa bawat taon ang bayad sa kanila.

Ang Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ay may pitong miyembro. Sa eleksyong ito, boboto ng apat na miyembro ang mga botante.

Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 12

NANCY PELOSI

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Kongreso.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Magmula nang mapunta sa Kongreso, naging malaking pribilehiyo na sa akin na kumatawan sa San Francisco. Taon-taon, nagbibigay ng inspirasyon sa aking trabaho sa capital (sentro ng pamahalaan) ng bansa ang diwa at enerhiya ng San Francisco.

Muli't muli, nakikita natin ang ating lungsod at ang ating estado na nangunguna para sa buong bansa. Niyakap natin ang mga inobasyon, ipinatupad ang pinaka-unang hakbang sa pagbibigay ng proteksiyon sa mga anak ng LGBT, lumikha ng mga trabahong may magandang bayad, at nagsumikap para maitaas ang sahod para sa lahat ng taga-California. Naging karangalan ko na makatulong para matiyak ang mahahalagang mapagkukunan ng pederal na tulong at nang mapalaki pa ang pondo sa paglaban sa HIV/AIDS, para mapalakas pa ang imprastruktura ng transportasyon sa San Francisco, at para matugunan ang kailangang-kailangan at patuloy na krisis sa abot-kayang pabahay. At kailangang higit pa rito ang gawin natin.

Kailangan nating palakasin ang seguridad ng ating mga komunidad sa pamamagitan ng mga batas para sa ligtas na paggamit ng baril, at igalang ang mga pinahahalagahan ng ating bansa sa usapin ng komprehensibong reporma sa imigrasyon. Kailangan nating harapin ang krisis sa klima at ipasa ang Equality Act (Batas sa Pagkakapantay-pantay) para pagtibayin ang mga karapatan ng lahat ng mga Amerikanong LGBT. Kailangan nating palakihin ang sahod ng masisipag na nagtatrabahong mga pamilya at lumikha ng ekonomiya na kapakipakinabang sa lahat.

Kung ibabalik natin ang mga mamamayang Amerikano bilang mga tagapagmaneho ng ating ekonomiya at ng ating demokrasya, malinaw ang daan sa ating pagsulong: kailangan nating wakasan na ang nakalalasong impluwensiya ng palihim at walang hangganang pera ng mga may espesyal na interes sa ating mga eleksyon, sa pamamagitan ng pagpapabagsak sa Citizens United.

Ito ang gawain na kailangan nating suungin nang magkasama.

Salamat sa pribilehiyong makatawan ko ang San Francisco sa Kongreso. Hinihingi ko ang inyong boto, at ikararangal ko ito.

Nancy Pelosi

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 14

JACKIE SPEIER

Ang aking trabaho ay Kongresista.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Araw-araw, karangalan kong katawanin kayo. Nagkamit na ang ating komunidad ng napakalaking tagumpay sa ekonomiya, pero nananatili pa rin ang mga hamon. Naniniwala ako na kailangan nating harapin nang pasulong ang hindi pagkakapantay-pantay sa kita. Magmula pa noong 2010, natulungan ko na ang mahigit 8,000 na mga naghahanap ng trabaho at gustong ma-empleyo sa pamamagitan ng mga Job Hunters Boot Camp. Nakipaglaban ako para mapanatili ang pagiging kuwalipikado para sa mga voucher (nakasulat na awtorisasyon o sertipiko) para sa pederal na pabahay at mga kinakailangang tax credit sa pabahay upang makapagtayo ng mga abot-kayang apartment. Tinulungan ko ang mga beteranong nasa Bay Area na makatanggap ng mahigit $5 milyon na mga benepisyong VA, at tinutulan ang pangangailangang magkaroon pa ng mga voucher sa Medicare o ang pagsasapribado sa Social Security.

Nagtrabaho ako para labanan ang mga pag-atakeng seksuwal sa militar, upang hindi na mangamba ang mga miyembrong nagbibigay-serbisyo sa mga kaaway na nasa kanila mismong hanay; at para wakasan na ang mga pag-atakeng seksuwal sa mga paaralan upang makapag-aral ang mga estudyante nang hindi nangangamba. Bilang taong nakaligtas mismo sa karahasang dulot ng baril, may pananagutan akong wakasan ito. Nakapagharap na ako ng batas para mapunan ang mga kakulangan sa ating sistema ng paggawa ng background check (pagsisiyasat sa nakaraan at pagkuha ng impormasyon) at para mapigilan ang mga kilalang terorista sa pagbili ng mga armas. Napatunayan na ng Bay Area na lumilikha ng masiglang ekonomiyang nakabatay sa mga inobasyon ang pagkakaroon ng mga unibersidad na itinuturing na pinakamahuhusay sa mundo. Nakakuha ako ng pondong $5 milyon para sa pananaliksik ukol sa Alzheimer at $25 milyon para sa pananaliksik sa mga pinsala sa utak na bunga ng trauma o matinding karanasan. Bilang ina, naiintindihan ko na kailangan nating mag-iwan ng mas magandang mundo para sa ating mga anak. Nagtrabaho ako para tugunan ang pagtaas ng sea-level (kapatagan ng dagat) at nakipaglaban para sa pambansang may-bayad na family leave (pagliban sa trabaho upang harapin ang gawaing pampamilya) at para palawakin pa ang mga Pell grant (kaloob na pera ng gobyerno sa mga estudyante) at nang mapababa ang gastusin sa kolehiyo ng mga pamilya. Panghuli, palagi kong poprotektahan ang karapatan ng kababaihan na gumawa ng sariling mga desisyon ukol sa pangangalaga ng kalusugan. Sama-sama, mahaharap natin ang mga kasalukuyang hamon at patuloy na mapamumunuan ang Amerika. Magalang kong hinihingi ang inyong boto.

Jackie Speier

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Kandidato para sa Senador ng Estado, Distrito 11

JANE KIM

Ang aking trabaho ay Superbisor ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Tumatakbo ako para sa Senado ng Estado para tiyakin na nabibigyan ng mga makatuwirang pagkakataon ang ating mga pamilyang nagtatrabaho at nasa panggitnang uri.

- Hindi na makontrol ang ating mga gastusin sa pabahay – kung kaya nakikipaglaban ako para sa mas abot-kayang pabahay at matitibay na bagong proteksiyon para sa mga nangungupahan.
- Para iangat ang mas maraming pamilya tungo sa panggitnang uri - ipinaglaban ko ang pagtataas sa minimum wage (pinakamababang puwedeng ibigay na sahod) tungo sa $15 kada oras.
- Para gawing higit na ligtas ang ating mga kalye – lumalaban ako para tulungan ang ating lokal na pulisya at first responders (mga unang tumutugon sa panahon ng emergency) na makatira sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran.
- Lumalaban ako para matulungan ang mga residenteng homeless (walang tahanan) na makaalis sa lansangan at tungo sa permanenteng pabahay – at para sa deklarasyon ng katayuang emergency sa kabuuan ng estado upang makapagpapasok ng mga bagong pondo.
- At lumalaban ako para muling maging libre ang City College (Kolehiyo ng Lungsod) – na popondohan sa pamamagitan ng paghingi sa mga napakayayaman na magbayad ng karagdagang maliit na halaga, upang makapagkaloob ng mas mahuhusay na oportunidad na pang-edukasyon para sa libolibong mga estudyante.

Bilang Superbisor ng San Francisco at dating Presidente ng Lupon sa Edukasyon ng San Francisco, alam kong kapag namumuhunan tayo sa ating mga komunidad, sa ating mga estudyante at sa ating mga manggagawa, lumilikha tayo ng mga bagong posibilidad at mga bagong oportunidad para sa bawat isang tao sa distritong ito.

Nakuha na ng ating kampanya na bumuo ng California na mabuti para sa lahat ang suporta nina Senador ng U.S. Bernie Sanders, Tagapangulo ng California Democratic Party (Demokratikong Partido ng California) John Burton, Tom Ammiano, Phil Ting, California Democratic Legislative Women's Caucus (Lehislatibong Caucus ng mga Kababaihang Demokratiko), Asian Pacific Islander Legislative Caucus (Lehislatibong Caucus ng mga Asian Pacific Islander), California Women's List (Listahan ng mga Kababaihan ng California), ang Latino Democratic Club (Demokratikong Samahan ng mga Latino), ang Harvey Milk LGBT Democratic Club (Demokratikong Samahan ng Harvey Milk LGBT), San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), ang California Teachers and Nurses Associations (Mga Asosasyon ng mga Guro at Nurse ng California) at marami pang iba.

Mangyaring sumama sa aming laban sa www.JaneKim.org at ikararangal kong makuha ang inyong boto sa Nobyembre 8.

Jane Kim

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17

DAVID CHIU

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Matapos maglingkod bilang Presidente ng Lupon ng mga Superbisor, ikinarangal kong katawanin ang San Francisco sa Asembleya ng Estado ng California.

Habang nilalayon ni Donald Trump na paghiwa-hiwalayin at hilahin tayo nang paurong, matagumpay nang nakapagdala ang mga taga-San Francisco ng progresibong pagbabago sa Kapitolyo ng ating Estado.

Sa aking unang taon bilang Assistant Speaker pro Tempore (Pansamantalang Lingkod na Tagapagsalita), magkasama nating:

- Pinalakas ang mga proteksiyon sa mga nangungupahan para sa mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan
- Ipinaglaban ang pagkakaroon ng mahigit $1 bilyon para sa abot-kayang pabahay
- Itinaguyod ang mga gawi sa makatuwirang pag-iiskedyul para sa mga manggagawa
- Pinarami ang pagkakaroon ng mga serbisyo sa wika para sa mga migrante
- Pinamunuan ang laban para sa pagiging bukas sa pagsisiyasat ng napakamahal na mga presyo ng gamot
- Pinrotektahan ang karapatan sa pagpapasya sa mga crisis pregnancy center (mga sentro para sa krisis sa pagbubuntis)
- Tiniyak na nabibilang ang lahat ng mga LGBT na taga-California
- Nagdala ng higit na pananagutan para sa City College (Kolehiyo ng Lungsod)
- Itinaguyod ang pampublikong transportasyon at paggamit ng mga bisikleta

Sa aking ikalawang taon, pinamunuan ko ang Assembly Housing and Community Development Committee (Komite ng Asembleya para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad), at ipinaglaban ko ang pondo para sa abot-kayang pabahay, mga proteksiyon sa mga nangungupahan laban sa pagpapaupa nang labis-labis ang presyo, at mga solusyon sa homelessness (kawalan ng tahanan) bilang mga pangunahing prayoridad sa lehislatibong agenda ng California.

Nakipaglaban din ako para palakasin ang pagkontrol sa mga baril, tiyakin na nasusuri ang mga rape kit (mga kagamitan para makolekta at mapreserba ang pisikal na ebidensiya sa seksuwal na pag-atake), palawakin ang pagboto para sa mga mag-aaral na nasa kolehiyo, protektahan ang mga pamilyang LGBT, bigyang-insentibo ang makakalikasang enerhiya at transportasyon, iwasan ang pag-aaksaya ng pagkain, itaguyod ang mga healthy nail salon, at paramihin pa ang pag-iinspeksiyon sa mga bus na pang-turista.

Bilang inyong Miyembro ng Asembleya at bagong ama, ipagpapatuloy ko ang pakikipaglaban para sa lahat ng mga taga-San Francisco, at aasang makatrabaho kasama kayo para maitaguyod ang ating kinabukasan.

Kasama sa mga tagasuporta ang/si:

California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nurse sa California)
United Farm Workers (Nagkakaisang mga Manggagawang Bukid)
SEIU California
Sierra Club
California League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante ng California para sa Konserbasyon)
Equality California (Pagkakapantay-pantay California)
Pangkalahatang Abugado Kamala Harris
Tagapagsalita ng Asembleya Anthony Rendon
Senador ng Estado Mark Leno

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.VoteDavidChiu.com.

David Chiu

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19

CARLOS "CHUCK" TAYLOR

Ang aking trabaho ay Administrador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Bilang kandidato para sa asembleya ng estado, una kong prayoridad ang magkaloob sa ating distrito ng pamumuno na nakabatay sa mga binibigyang-halaga, patuloy na mamuhunan sa kinabukasan, at makipagtrabaho maging sa hindi kapartido sa kolektibong mga pagpupunyagi upang makagawa ng mga polisiya tungo sa higit na ikabubuti ng ating komunidad.

Bilang mga migranteng mula sa Pilipinas, personal na naiintindahan ko at ng aking pamilya ang mga pakikibaka at hirap ng mga migranteng pumapasok sa ating mga baybayin sa unang pagkakataon. Madalas, nababalisa ang mga migrante sa paghahanap ng desenteng pabahay, mga trabaho, at pinansiyal na seguridad para sa kanilang mga sarili at kanilang mga pamilya. Hindi na sikretong isa tayong bansa ng mga migrante. Bilang isa ring migrante, sinusuportahan ko ang polisiya sa imigrasyon na bukas sa mga tao na gustong masipag na magtrabaho, sundin ang ating mga batas, at higit sa lahat, mahalin ang ating estado at bansa.

Dahil nakapagtrabaho ako sa pampublikong panggitna na paaralan sa ating distrito, mayroon akong pinakamataas na respeto para sa mga kawani ng paaralan at sa mga guro. Malalim ang aking paghanga sa dedikasyon at mga pagsisikap na pinaghirapan ng mga guro sa paaralan. Kung tutuusin, nasa kamay ng mga guro ang malaking bahagi ng edukasyon ng ating mga anak at ang kanilang kasaganaan sa kinabukasan. Dahil dito, masigasig akong makikipaglaban para sa kanilang kapakanan, magsusumikap na makinig sa kanilang mga alalahanin, at magtatrabaho para tumaas ang budget sa edukasyon.

Panghuli, magtatrabaho ako para bumaba ang pabigat na mga buwis para sa mga nagtatrabahong mga pamilya at retirado. Dahil sa lalo pang tumataas na mga buwis, napakaliit na lamang ang natitira sa suweldo ng mga nagtatrabahong pamilya at retirado. Sa pamamagitan ng mas mababang buwis, magkakaroon sila ng higit na ipon, para sa edukasyon ng kanilang mga anak, pamumuhunan, at pagreretiro.

Taglay ang mga prayoridad na ito sa aking isipan, mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto.

Carlos "Chuck" Taylor

PHIL TING

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Kinakailangan nating ireporma ang gobyerno ng ating estado upang magawa itong malikhain at inobatibo na tulad ng ating mga mamamayan.

Iyan ang dahilan kung bakit ipinagmamalaki ko ang pagiging awtor ng mga bagong batas upang higit na maging abot-kaya ang kolehiyo, masuportahan ang mga kabataang nasa pangangalaga ng estado at dramatikong mapalakas ang mga batas sa baril.

Iyan ang dahilan kung bakit nakikipaglaban ako para magdeklara ng emergency sa kabuuan ng estado ukol sa kawalan ng tahanan, upang hindi na kailangang tugunan nang mag-isa ng mga lungsod na gaya ng San Francisco ang krisis na ito.

At higit sa lahat, iyan ang dahilan kung bakit nagtatrabaho ako araw-araw upang palawakin ang pampublikong partisipasyon sa ating gobyerno – sa gayon, natutugunan ng Sacramento ang mga pangangailangan ng ating mga komunidad.

Bilang Tagapangulo ng Komite sa Budget ng Asembleya, alam kong sinasalamin ng ating budget ang ating mga prayoridad. Iyan ang dahilan kung bakit nakikipaglaban ako para gumawa ng malalaking pamumuhunan sa pabahay, edukasyon at pagsasanay sa trabaho at para makapagtuon ng karagdagang pondo sa mga mag-aaral na kumakaharap sa kahirapan.

Bilang ama ng dalawang batang anak na babae, alam kong edukasyon ang pinakamahusay na pangmatagalang solusyon sa pagpapalawak sa ating ekonomiya. Pinakamataas na prayoridad ko ang pagtiyak na taglay ng ating mga anak ang mga kakayahang kailangan nila para magkaroon ng mga trabahong matataas ang suweldo.

At para maprotektahan ang lahat ng ating mga anak at apo, nakatuon ako sa paglaban sa pagbabago ng klima – sa pamamagitan ng proyektong tulad ng pagpapanumbalik sa San Francisco Bay at mga pamantayan sa zero emission para sa mga sasakyan, hanggang sa mga inisyatibang tulad ng pagpapalawak sa mga hardin ng mga komunidad at pagtatayo ng modernong mga imprastruktura para sa pagbibisikleta sa lungsod.

Nag-oorganisa kami ng sampu-sampung libong mga residente sa www.ResetSanFrancisco.org dahil wala nang mas lalakas pang puwersa para sa pagbabago kaysa sa mga mamamayan na narito mismo sa Bay Area.

Pakisamahan sila – at ang mga guro, bumbero, at ang Sierra Club – sa pagsuporta sa ating kampanya.

Phil Ting

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg. 7

PAUL HENDERSON

Ang aking trabaho ay Taga-usig / Pampublikong Tagapaglingkod.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Ikinararangal kong maendorso nina:

Nancy Pelosi, Pinuno ng Minoridad ng Kongreso
Kamala Harris, Pangkalahatang Abugado
Gavin Newsom, Tenyente Gobernador
John Chiang, Ingat-yaman ng Estado
Mark Leno, Senador ng Estado
Dennis Herrera, Abugado ng Lungsod
London Breed, Presidente ng Lupon ng mga Superbisor
Fiona Ma, Presidente ng Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis)
Matt Haney, Presidente ng Lupon ng mga Paaralan ng SF
Tom Ammiano, Miyembro ng Asembleya (retirado)

Ang aking mga karanasan sa loob ng habambuhay na pagbibigay-serbisyo sa San Francisco ang magbibigay sa akin ng natatanging perspektiba bilang hukom. Pinalaki ako ng aking lola sa Bayview-Hunters Point, at nasaksihan ko mismo ang pagkawasak na dulot ng krimen.

Ang aking pananagutan sa mga karapatang sibil at sa pagkakaloob ng katarungan sa mga komunidad na kagaya ng aking pinagmulan ang siyang nagtulak sa akin para maging taga-usig.

Bilang hukom, walang kapaguran akong magtatrabaho para gawing mas ligtas ang ating lungsod at lagi kong tatandaan ang panghukumang obligasyon na pantay-pantay na pakitunguhan ang lahat ng ating mga residente, anuman ang lahi, kasarian, seksuwal na oryentasyon o sosyo-ekonomikong katayuan.

Nagdadala ako ng ibang perspektiba bilang isang bakla at itim na tao. Malalim ang aking paniniwala sa karapatang magkaroon ng malakas na depensa para sa akusado, habang nananatiling matibay ang pananagutan sa pagtiyak na malakas na naririnig ang mga boses ng mga biktima.

Mapahuhusay natin ang ating sistema ng hustisya nang sama-sama, pero kakailanganin ang buong komunidad. Nangangailangan ang pagtatatag ng higit na makatarungang sistema ng mga panghukumang opisyal na sumasalamin sa mga komunidad na pinaglilingkuran nila.

Ikararangal kong paglingkuran ang minamahal kong lungsod bilang hukom.

www.PaulHendersonForJudge.com

Paul Henderson

VICTOR HWANG

Ang aking trabaho ay Abugado para sa mga Karapatang Sibil.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Kailangang makatuwiran, walang kinikilingan, at makatarungan ang ating mga hukom. Dahil nakapaglingkod na ako sa loob ng 23 taon bilang abugado para sa mga karapatang sibil, naniniwala akong handang-handa na akong maglingkod bilang hukom.

Ginawan ng ebalwasyon ng Bar Association ng San Francisco ang mga panghukumang kandidato at napagpasyahan nila na ako lamang ang "Katangi-tangi ang Pagiging Lubos na Kuwalipikado." Ito ang unang pagkakataon sa loob ng 20 taon na ginawaran nila ng kanilang pinakamataas na marka ang sinuman.

Inendorso na rin ako ng lahat ng pangunahing pahayagan sa San Francisco, kasama na ang San Francisco Chronicle, San Francisco Examiner, San Francisco Bay Guardian, at Sing Tao Daily.

Dahil nakapaglitis na ako ng 100 kaso bilang parehong dating tagapag-usig at pampublikong tagapagtanggol, nagdadala ako ng balanse at karanasan sa hukuman. Bilang hukom, titiyakin kong tatratuhin ang lahat nang pantay-pantay, nang may dangal at paggalang.

Sinusuportahan ako ng maraming hukom at ng mga sumusunod na lider at organisasyon ng komunidad:

MGA ORGANISASYON:
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
Asian American Bar Association (Asosasyon ng mga Abugadong Asian American)
Bernal Heights Democratic Club (Demokratikong Samahan ng Bernal Heights)
Brownie Mary Democratic Club (Demokratikong Samahan ng Brownie Mary)
Central City Democrats (Mga Demokrata ng Central City)
Chinese American Citizens Alliance (Alyansa ng mga Mamamayang Chinese American)
Chinese American Democratic Club (Demokratikong Samahan ng mga Chinese American)
Community Tenants Association (Asosasyon ng mga Nangungupahan sa Komunidad)
Democratic Women in Action (Demokratikong Kababaihan na Kumikilos)
District 3 Democratic Club (Demokratikong Samahan ng Distrito 3)
District 8 Progressive Democratic Club (Progresibong Demokratikong Samahan ng Distrito 8)
FDR Democratic Club (Demokratikong Samahan na FDR)
Latin@ Young Democrats of SF (Mga Demokrata na Kabataang Latin@ ng SF)
New Avenues Democratic Club (Demokratikong Samahan ng New Avenues)
Richmond District Democratic Club (Demokratikong Samahan ng Distrito ng Richmond)
San Francisco for Democracy (San Francisco para sa Demokrasya)
SEIU 1021
S.F. Apartment Association PAC (Asosasyon ng mga Apartment PAC sa S.F.)
S.F. Green Party (Partidong Luntian ng S.F.)
S.F. Latino Democratic Club (Demokratikong Samahan ng mga Latino ng S.F.)
S.F. League of Pissed Off Voters (Liga ng mga Naiinis na Botante ng S.F.)
S.F. Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan ng S.F.)
S.F. Women's Political Committee (Politikal na Komite ng mga Kababaihan ng S.F.)
South Beach District 6 Democratic Club (Demokratikong Samahan ng Distrito 6 sa South Beach)
Teachers for Social Justice (Mga Guro para sa Katarungang Panlipunan)
Tenant Associations Coalition PAC (Koalisyon ng mga Asosasyon ng Nangungupahan PAC)
UNITE HERE Local 2 (Lokal 2)

MGA INDIBIDWAL
Kongresista Judy Chu
Tagapangulo ng Partidong Demokratiko John Burton
Fiona Ma ng Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis)
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Miyembro ng Asembleya David Chiu
Mayor Edwin M. Lee
Abugado ng Distrito George Gascón
Mga Superbisor na sina John Avalos, David Campos, Jane Kim, Eric Mar, Aaron Peskin, Norman Yee
Komisyoner sa Pagpaplano Cindy Wu
Lupon ng mga Paaralan: Matt Haney, Sandra Lee Fewer
Lupon ng Kolehiyo: Brigitte Davila, Steve Ngo
Dekano ng USF Law School John Trasvina

www.HwangForJudge.com

Victor Hwang

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

STEVON COOK

Ang aking trabaho ay Direktor ng Edukasyon na Nonprofit.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Bilang ikatlong henerasyon na taga-San Francisco, at dahil nagtapos ako sa SFUSD, alam ko kung ano ang tunay na posibleng mangyari kapag iniaangat ng ating mga pampublikong paaralan ang ating mga estudyante at lumilikha ang mga ito ng mga oportunidad para magtagumpay ang bawat bata.

Marami sa mga usaping hinaharap ng mga pamilya at residente ngayon – pagiging abot-kaya ng mga bagay-bagay, kawalan ng tahanan, pampublikong kaligtasan, hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan – ay mga hamon na kinailangan kong lampasan sa malaking bahagi ng aking buhay.

Dadalhin ko ang natatanging karanasan na iyon at ang listahan ng mga nakamit nang tagumpay bilang lider sa edukasyon at komunidad upang matiyak na nakikipaglaban ako para sa ating mga pamilya, at para magkaroon ng oportunidad ang bawat estudyante na mabuksan ang kanyang potensiyal.

Nagtrabaho ako upang maitaas ang pagkakaroon ng daan tungo sa mga oportunidad sa kolehiyo at karera para sa lahat ng mga estudyante sa San Francisco. Bilang Ehekutibong Direktor ng Mission Bit, napalawak ko ang edukasyon sa computer science sa mga komunidad na pinakahindi nakakukuha ng mga serbisyong panlipunan. Ang malalim at personal kong kaalaman sa ating sistema ng mga pampublikong paaralan, at ang karanasan ko sa pagbubuo ng mga koalisyon para suportahan ang kabataan, ang nagbibigay sa akin ng mga kakayahan at pagkaunawa upang magawan ng reporma ang ating mga paaralan, at sa gayon, para mapahusay ang mga resulta para sa lahat ng mga estudyante.

Mga Taga-Suporta:
San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
SEIU 1021
San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)

Senador ng Estado Mark Leno
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Presidente ng Lupon ng mga Superbisor London Breed
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Mark Farrell
Superbisor David Campos
Superbisor John Avalos
Superbisor Katy Tang
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin
Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi
Presidente ng Lupon ng Edukasyon Matt Haney
Bise-Presidente ng Lupon ng Edukasyon Shamann Walton
Komisyoner ng Lupon ng Edukasyon Sandra Fewer
Presidente ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng CCSF Rafael Mandelman

Sumama sa aming laban para sa bawat bata: www.StevonCook.com

Stevon Cook

ROB GELLER

Ang aking trabaho ay Pinansiya ng Pampublikong Kalusugan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Ang malinaw na papel ng Lupon ng Edukasyon ay ang Pangangasiwa ng mga Mamamayan, at isa akong Mamamayan! Bilang magulang ng dalawang bata na pumapasok sa mga paaralan ng Distrito, malaki ang nakataya para sa akin sa kanilang pagtatagumpay.

Sama-sama, maghangad tayo ng Malaki! Tingnan ang aking plano upang ang San Francisco ang maging kauna-unahan na malaking distrito sa bansa na magpatutupad ng Cafeteria na Pawang Organiko ang Pagkain!

Bilang taga-San Francisco sa loob ng 30 taon, nag-aral ako ng pagkainhinyero sa UC Berkeley, nagsulat para sa Contra Costa Times, nagrecord ng mga musikero at artista sa pelikula, at sa loob ng 17 taon na nasa Lungsod at County ng San Francisco, lubusang sinusulit ang pondo para sa sampu-sampung libo na mga residente na nangangailangan ng mga serbisyo para sa Kalusugan ng Isip.

Isang guro sa silid-aralan ang aking asawa, tulad rin ng aking yumaong kapatid na lalaking si Lou Geller, na nagsilbi sa ating Distrito sa loob ng maraming taon. Nagabayan ko na ang mga nasa mataas na paaralan sa pamamagitan ng SF Youthworks.

Bilang miyembro ng Hardin ng Komunidad ng Dearborn, Asosasyon ng Komunidad ng Mission Dolores, at SEIU 1021, at bilang lider ng komunidad, pinangunahan ko noong 2010 ang matagumpay na pagtutol ng komunidad sa Panghabang Panahon nang Pinakamasama na Panukalang Lugar para sa Paglalagay ng Antenna para sa mga Cellphone, at dahil dito, napanatili ang kampanaryo ng makasaysayang St. Matthews Lutheran Church.

Iboto ako para sa mas maraming Mga Guro na May Kulay!

Mas Maraming Guro sa Musika! Pabahay para sa mga Guro/Parapropesyonal!

Mga karangalan! Algebra sa ika-8 grado! Mga Kalayaang Sibil! Kalusugan!

Bilang Komisyoner, isasaalang-alang ko ang mga pangangailangan ng bawat pamilya. Kung naroon ako sa Lupon, hindi kayo ipagsasawalang-bahala!

Salamat sa inyong boto!

Rob4sfSchoolBoard2016.wordpress.com

Rob Geller

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

MATT HANEY

Ang aking trabaho ay Presidente, Lupon ng Edukasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Naging karangalan ko na maglingkod bilang Miyembro ng Lupon ng Edukasyon at mahalal ng aking mga kasamahan, na magsilbi bilang Presidente ng Lupon. Nabisita ko na ang bawat isa sa 113 pang-elementarya, panggitna at mataas na paaralan ng distrito, at nakipaglaban ako para sa mga paaralang angkop sa ika-21 siglo, kung saan matutupad ng lahat ng estudyante ang kanilang mga potensiyal.

Sama-sama nating:
- Itinaguyod ang edukasyon sa computer science para sa lahat ng mga estudyante
- Itinaas ang suweldo ng mga guro at ipinaglaban ang pagkakaroon ng pabahay para sa mga guro
- Binawasan ang mga hindi kinakailangang pagkakasuspindi sa klase sa pamamagitan ng "Polisiya para sa mga Paaralang Ligtas at Nagbibigay ng Suporta"
- Inilunsad ang pinaka-unang klase sa Araling LGBT
- Itinaas ang pondo para sa mga sining, wika at edukasyong pangkalusugan
- Itinaas ang porsiyento ng pagtatapos tungo sa pinakamataas na antas nang narating nito

Marami pa tayong malalaking hamon sa hinaharap. May pananagutan akong tiyakin na magkakaroon ang bawat estudyante ng San Francisco ng daan tungo sa napakahusay na edukasyon at kinabukasang may pag-asa.

Mga Taga-suporta:

Tenyente Gobernador Gavin Newsom
Pangkalahatang Abugado Kamala Harris
Senador ng Estado Mark Leno
Miyembro ng Asembleya David Chiu & Phil Ting
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Mayor Ed Lee
Abugado ng Distrito George Gascon
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Mga Miyembro ng Lupon ng mga Paaralan na sina Walton, Fewer, Murase, Wynns, at Norton
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)
San Francisco Labor Council (Konseho ng Paggawa ng San Francisco)
Parent PAC

Sumama sa aming kampanya na paghusayin ang mga paaralan ng SF sa www.matthaney.com

Matt Haney

IAN KALIN

Ang aking trabaho ay Pinunong Opisyal ng mga Datos sa Departamento ng Komersiyo ng U.S.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Pinalalaki namin ng aking asawa ang aming mga anak dito dahil naniniwala kami sa San Francisco. Papasok na kami sa sistemang pampaaralan at alam naming hindi ito gumagana para sa lahat. Kailangan ng matalinong lungsod ang mahuhusay na paaralan. Iyan ang dahilan kung bakit nakikipaglaban ako para tulungan ANG BAWAT estudyante.

Lumaki ako sa isang kabahayang migrante at nagsasalita ng dalawang wika, at nagsimula ang aking karera matapos ang mga teroristang pag-atake noong 9/11 nang maging Opisyal ako ng U.S. Navy. Nagagamit ko nang mabuti ang mga kakayahang natutunan ko; nagpayabong ako ng mga negosyo sa clean-tech at mga datos dito mismo sa San Francisco, at pinangunahan ko ang mga pagpapahusay sa teknolohiya para sa 200+ gobyerno sa kabuuan ng bansa, na naghatid ng bilyon-bilyong katipiran para sa mga nagbabayad ng buwis at lumikha ng 300+ trabaho.

Sa ngayon, ginagawa kong higit na moderno ang mga gobyerno bilang Appointee ni Presidente Obama. Gagamitin ko ang mga kakayahang ito para sa San Francisco at palalakasin ang ating mga paaralan.

Sa pamamagitan ng inyong boto, maghahatid ako ng:

- HIGIT NA PANANAGUTAN. Nabibigo ang San Francisco na bigyan ng grado ang ating mga paaralan. Kailangan natin ng mga bukas sa pagsisiyasat at opisyal na sukatan sa pagganap.
- PINASIMPLENG PAGPAPATALA SA PAARALAN. Nahahati ang mga komunidad. Puwede nating paghusayan pa ang dibersidad at mga komunidad sa pamamagitan ng pagrereporma sa pagbibigay ng puwesto sa mga estudyante sa mga paaralan.
- MGA SOLUSYON SA BUDGET. Nililimitahan ng kakulangan sa mga guro, pagsisikip sa paaralan at mga sira-sirang pasilidad ang potensyal ng ating mga anak. Mapipigilan ang krisis na ito sa pamamagitan ng mas mahusay na pangangasiwa sa pinansiya.

Kasama sa mga pag-endorsong gumagawa ng pagbabago ang kay /sa:
- Superbisor Katy Tang
- Superbisor Mark Farrell
- Tagapagtatag ng MotherCoders Tina Lee
- Tagapangasiwa ng Lupon ng City College Steve Ngo
- Direktor ng BART Nick Josefowitz
- Pinunong Opisyal ng Mga Inobasyon sa San Francisco Jay Nath
- Jon Garcia, Pinunong Opisyal sa Pagpapaunlad ng San Francisco Unified School District*

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon

Ian Kalin

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

PHIL KIM

Ang aking trabaho ay Edukador ng Pampublikong Paaralan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Pumasok ako sa propesyon ng edukasyon bilang guro ng siyensiya sa isang pampubliko na panggitnang paaralan na may mahusay na pagganap at pangunahing naglilingkod sa mga pamilyang mababa ang kita at mga estudyanteng may kulay. Habang nagtuturo, naglingkod ako bilang Tagapangulo ng Departamento ng Siyensiya, at pinangunahan ko ang aming transisyon tungo sa Next Generation Science Standards (Mga Pamantayan sa Siyensiya para sa Susunod na Henerasyon). Nagpatupad ako ng mga gawain para maisaayos ang mga pag-uugali sa pamamagitan ng katarungang nakabatay sa rehabilitasyon at pakikipagkasundo, at bumuo ako ng matitibay na pakikipagtulungan sa mga pamilya. Pinangunahan ko ang paglulunsad ng aming programa para sa pag-iipon ng mga estudyante para sa kolehiyo at sinanay ang mga guro sa paggamit ng teknolohiya sa silid-aralan. Ngayon, bilang Tagapamahala ng Inobasyon, tumutulong ako sa paghahatid ng personalisadong pag-aaral, computer science, instruksiyong ibinubunsod ng mga datos at teknolohiya sa ating mga pampublikong paaralan sa kabuuan ng Bay Area. Nagkakaloob ako ng direktang suporta sa mga guro, dekano, at punong-guro ukol sa mga inobatibong modelo para sa mga paaralan at silid-aralan. Pinamamahalaan ko rin ang pagpoprograma sa siyensiya, ginagabayan ang mga guro, lalo pang pinaghuhusay ang mga gawi sa pagtuturo, at pinagpapayuhan ang mga paaralan at sistema sa mga antas na lokal, pandistrito at pambansa ukol sa edukasyon sa Siyensiya, Teknolohiya, Pag-iinhinyero at Matematika.

Patuloy akong nananatili sa edukasyon dahil napagtanto ko ang kahalagahan ng pagsuporta sa mga estudyante at pamilya sa pamamagitan ng sistemang pampaaralan na kinakatigan at iniaangat ang mga boses ng mga guro, magulang at komunidad. Naniniwala akong dahil sa aking mga karanasan, nasa natatanging posisyon ako upang maglingkod para sa SFUSD at harapin ang mga pangangailangan ng ating mga paaralan at komunidad.

www.philkim.org

Phil Kim

TREVOR MCNEIL

Ang aking trabaho ay Guro sa Pampublikong Paaralan / Magulang.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Isang guro sa pampublikong paaralan para sa ating mga pampublikong paaralan!

Hindi pa nakapaghahalal ang San Francisco ng guro sa lupon ng mga paaralan sa loob ng 12 taon – palitan natin iyan sa eleksyong ito!

- Guro sa Araling Panlipunan at Mga Sining ng Wika sa pampublikong paaralan
- Isang dekada ng karanasan sa pagtuturo, kabilang na ang pagtuturo sa SFUSD
- Batang magulang na dedikadong makita ang aking anak na babae na mamayagpag sa mga paaralan ng komunidad na may kalidad
- Produkto ng mga paalaran ng San Francisco
- Miyembro ng San Francisco Pedestrian Safety Advisory Committee (Tagapayong Komite para sa Kaligtasan ng mga Naglalakad ng San Francisco)
- Miyembro ng Tagapangasiwang Komite ng SFUSD para sa Quality Teacher and Education Act (Batas para sa De-kalidad na mga Guro at Edukasyon QETA)
- Kinatawan sa unyon ng mga guro sa paaralan
- Dating miyembro ng lupon ng Sunset Park Neighborhood Association (Asosasyong Pangkomunidad ng Sunset Park)

Pagtutuunan ko sa lupon ng mga paaralan ang:
- Pag-aayos sa sistema ng pagtatalaga ng lottery
- Paglaban para sa katarungan
- Pagtutuon sa kaligtasan sa paaralan
- Pagsuporta sa mga abanteng gawain sa kurso para sa mga estudyanteng nangangailangan ng paghamon
- Pagbibigay ng prayoridad sa pakikipagkomunikasyon sa mga magulang at pagkuha ng kanilang opinyon
- Paghikayat at pagpapanatili hangga't maaari sa pinakamahuhusay na guro sa pamamagitan ng pagbabayad sa kanila ng sahod na sapat para mabuhay
- Paghahanda sa mga estudyante para sa akademikong kahusayan habang nag-aalok ng mga oportunidad para sa mga sining, bokasyonal na edukasyon, abanteng matematika, at mas pinahabang mga landas sa wika.

Bisitahin ang www.trevormcneil.com

Mangyaring tumulong sa paghahalal ng magulang at guro sa ating Lupon ng Edukasyon.

Ikararangal kong maging karapat-dapat para sa inyong boto. Salamat po.

Kabilang sa aking mga taga-Suporta ang/sina:

Ang San Francisco Parent Political Action Committee (Komite ng mga Magulang para sa Politikal na Aksiyon ng San Francisco)
Ang SF Building and Trades Council (Konseho para sa Pagtatayo ng mga Gusali at Pangangalakal ng SF)

Ingat-yaman ng Estado John Chiang
Miyembro ng Board of Equalization ng Estado Fiona Ma
Miyembro ng Asembleya ng Estado Phil Ting
Miyembro ng Asembleya ng Estado David Chiu
Assessor-Recorder Carmen Chu
Presidente ng Lupon London Breed
Superbisor Katy Tang
Superbisor Mark Farrell
Superbisor Scott Weiner
Mga Tagapangasiwa ng Community College: Steve Ngo, Alex Randolph, Amy Bacharach, Thea Shelby, at John Rizzo

Trevor McNeil

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

RACHEL NORTON

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Lupon ng mga Paaralan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Bilang kasalukuyang nanunungkulan na nagkaroon na ng dalawang termino, dating Presidente ng Lupon, at magulang ng dalawang estudyanteng nasa pampublikong paaralan, isa akong mapag-isip at epektibong lider sa Lupon ng Edukasyon. Kabilang sa aking mga nagawa sa aking ikalawang termino ang:

- Pagbibigay ng puwesto sa mga estudyante sa mga paaralan: Nagtaguyod ng batas para higit na maging makatarungan at naantabayanan ang sistema ng pagbibigay ng puwesto sa mga paaralan sa mga estudyante.
- Budget: Bilang Tagapangulo sa Budget magmula pa noong 2014, pinagtuunan ko ang pagiging bukas sa pagsisiyat ng pinansiya, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga malalimang pagrerepaso ng budget ng mga departamento taon-taon.
- Mga akademikong napagtagumpayan: Itinulak ko ang pamumuhunan para sa mas maliliit na bilang ng mga estudyante sa mga klase at mga gabay sa instruksiyon, para tiyakin na puwedeng maging mahusay ang lahat ng estudyante.

Sa pagsulong, nakatuon din ako sa paghikayat at pagpapanatili sa pinakamahuhusay na guro sa San Francisco, kung saan matataas ang gastusin, pagtiyak na naangkop ang pagpaplano ng ating distrito sa pag-unlad at pagpapatuloy ng pakikipagkomunikasyon sa mga magulang sa pamamagitan ng aking blog na 8 taon na ngayon.

Sa Nobyembre 8, iboto ang pamumunong may karanasan, inklusibo, at bukas sa pagsisiyat: muling iboto si RACHEL NORTON sa Lupon ng Edukasyon.

Mga Nag-endorso (hindi kumpletong listahan):
Senador ng Estado Mark Leno
Miyembro ng Asembleya David Chiu
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Mga Superbisor Eric Mar, Norman Yee, Scott Wiener, London Breed, Mark Farrell
Mga Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan na sina Sandra Lee Fewer, Emily Murase, Jill Wynns, Bise Presidente Shamann Walton at Presidente Matt Haney
Mayor ng Oakland Libby Schaaf
San Francisco Parent Political Action Committee (Komite ng mga Magulang para sa Politikal na Aksiyon ng San Francisco)
San Francisco Building and Construction Trades Council (Konseho para sa Pagtatayo ng mga Gusali at Pangangalakal ng SF)

www.rachelnorton.com

Rachel Norton

MARK SANCHEZ

Ang aking trabaho ay Punong-guro ng Pampublikong Paaralan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Ang mga estudyante ng San Francisco ang masiglang puso at kaluluwa ng ating sistema ng mga pampublikong paaralan, at Karapat-dapat sila sa mga rekurso na kailangan upang maging dinamikong sentro ng pagtuturo, pagkatuto, malikhaing ekspresyon at kolaborasyon ang bawat komunidad ng mga silid-aralan. Habang nagpapatuloy ang ating lungsod sa pagiging isa sa pinakamahal na lugar para sa pamumuhay sa bansa, itinutulak papalabas ang ating mga edukador nang may malalaking bilang na ngayon pa lamang natin nararanasan. Kailangang-kailangan ng mga estudyante at paaralan ng pagpapatuloy, katatagan at sapat na rekurso para makapagtamo ng matataas na akademikong resulta. Kailangan nating bigyan ng prayoridad ang abot-kayang pabahay. Kailangan natin ng isang tao na may kaalaman sa mga paaralan at silid-aralan upang tulungan ang lupon ng mga paaralan na gumawa ng pinakamabubuting desisyon. Kailangan natin ng edukador sa Lupon ng Edukasyon. Nabigyan ako ng karangalang makapaglingkod sa mga paaralan ng San Francisco nitong nakaraang 23 taon, una, bilang guro, pagkatapos nito bilang komisyoner ng Lupon ng Edukasyon at sa loob ng nakaraang walong taon bilang punong-guro kapwa sa mga distrito ng Mission at Excelsior. Ikinagagalak kong ibilang sa aking mga taga-endorso:

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
Ang San Francisco Labor Council (Konseho ng Paggawa ng San Francisco)
Teachers 4 Social Justice (Mga Guro para sa Katarungang Panlipunan)
Mga Komisyoner ng Lupon ng Edukasyon na sina: Sandra Fewer at Matt Haney
Mga Superbisor: Jane Kim at Eric Mar
Tagapangasiwa ng City College: Rafael Mandelman
Mga Lider at Edukador ng Komunidad: Karling Aguilera-Fort, Jeremiah Jeffries, Karen Zapata

Mark Sanchez

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

JILL WYNNS

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Lupon ng mga Paaralan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nakapaglingkod na ako sa Lupon ng Edukasyon ng San Francisco sa loob ng dalawampu't apat na taon, naging magulang sa pampublikong paaralan sa loob ng dalawampu't dalawang taon, at iniukol ang aking buhay sa pagtatrabaho para sa mga bata at pampublikong paaralan. Naging pang-estado at pambansang lider na ako sa mga usapin ng edukasyon sa mga lungsod, at dati akong Presidente ng California School Boards Association (Asosasyon ng mga Lupon ng mga Paaralan ng California).

Gumanap ako ng mahalagang papel sa mahigit isang dosenang mga panukala para sa lokal na pondo na nakapaglikom ng mahigit TATLONG BILYONG DOLYAR para sa mga lokal na paaralan, kasama na ang Pondo para sa Pagpapahusay ng Pampublikong Edukasyon na sumusuporta sa mga sining, musika, sports, atletika, mga aklatan, tagapayo, social worker at gawain sa panunumbalik.

Tagapamuno ako ng mga pagsusumikap upang mawala ang puwang na nasa pagitan ng mga oportunidad at pagkamit ng tagumpay, maisama ang mga magulang at estudyante sa paggawa ng mga desisyon, mapalawak ang mga programang after school, magpabuti ang kalidad ng pagkain sa mga paaralan, mabawasan ang pagsususpindi at pagpapatalsik, maitaas ang mga itinatakda para sa pagtatapos, makapagpatayo ng pabahay para sa mga guro, matutulan ang pagsasapribado ng mga paaralan at suportahan ang mga kawani ng mga paaralan.

Pakisamahan ang mga magulang, guro, estudyante at miyembro ng komunidad ng San Francisco at sina/ang:

Tenyente Gobernador Gavin Newsom,
Tagapangulo ng Board of Equalization Fiona Ma,
Mga Miyembro ng Asembleya David Chiu at Phil Ting,
Mga Superbisor Farrell, Weiner at Yee,
Mga Miyembro ng Lupon ng mga Paaralan Haney, Murase, Norton at Walton,
Mga Miyembro ng Lupon ng Kolehiyo Bacharach, Randolph at ang San Francisco Parents PAC.

Iboto si JILL WYNNS PARA SA LUPON NG MGA PAARALAN
jillwynns.com

Jill Wynns

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

DR. AMY BACHARACH

Ang aking trabaho ay Tagapangasiwa ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad / Mananaliksik.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Kailangang manatili na napapasukan, napupuntahan, at abot-kaya ng ating komunidad ang City College. Ngayong naibalik na ang mga kapangyarihan ng Lupon, napakahalagang mayroon tayong mga lider na mayroong impormasyon at pananagutan. Ikinararangal kong maging isa sa mga lider na iyon, na nagdadala ng pragmatiko at independiyenteng boses at karanasan sa pakikipagtrabaho sa ahensiyang nagbibigay ng akreditasyon at sa pagsusuri sa polisiya. Nagdadala rin ng perspektiba mula sa kaguruan ang aking mga taon bilang adjunct na propesor.

Bilang mananaliksik ng polisiya, sinusukat ko ang mga datos, ipinatutupad ang mga gawi na nakabatay sa ebidensiya, at ginagawa ang mga mahihirap na desisyon. Bilang Tagapangasiwa, nakatuon ako sa pangkalahatang katatagan ng City College. Tumulong ako na muling mabuo ang pinagsamang komite ng CCSF/Distritong Pampaaralan at naglilingkod bilang kasamang tagapangulo nito, na may mga tunguhin na pataasin pa ang porsiyento ng dual enrollment (dalawang magkasabay na pagpapatala sa kolehiyo) at pagpapadali ng transisyon mula sa mataas na paaralan tungo sa kolehiyo. Mga prayoridad ko ang bumuo ng mga pakikipagtulungan at gumawa ng pag-a-apprentice upang muling palakasin ang pagpapatala sa kolehiyo at para maglunsad ng programa para sa alumni, at gamitin ang mga tagumpay ng mga nagsipagtapos na para sa mga oportunidad ng mga kasalukuyang estudyante.

Alam ko, batay sa sariling karanasan, kung gaano kahalaga ang mas mataas na edukasyon sa paglikha ng mga oportunidad. Ang sarili kong mga karanasan sa kolehiyo ng komunidad at sa mataas na edukasyon ang nagpaningas sa aking matinding paniniwala sa polisiya at pakikisangkot ng mga mamamayan. Umaasa akong maipagpapatuloy ang ating trabaho upang muling maging modelo ang City College ng mga kolehiyo ng mga komunidad.

Inendorso na ako ng maraming lider ng komunidad. Para sa kumpletong listahan, bisitahin ang www.amybacharach.com.

Magalang kong hinihingi ang inyong boto.

Dr. Amy Bacharach

RAFAEL MANDELMAN

Ang aking trabaho ay Presidente ng Lupon ng Kolehiyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Alam ko nang nagkaroon ng mga hamon ang City College noong una pa akong nahalal sa Lupon ng mga Tagapangasiwa noong 2012, pero wala akong ideya na pagkatapos nang wala pang isang taon, susubukan ng hindi inihalal at walang pananagutan na pribadong ahensiya para sa pagbibigay ng akreditasyon na ipasara ang Kolehiyo.

Ipinagmamalaki ko ang trabahong ginawa ko para mailigtas ang City College mula sa salungat at walang pakundangang tagabigay ng akreditasyon, at ipinagmamalaki ko ang trabahong nagawa ko bilang Presidente ng Lupon upang maibalik ang epektibong lokal na pamamahala sa Kolehiyo. Nakagawa na tayo ng malalaking pagsulong sa pagtugon sa maraming matagal nang usapin sa pinansiya, administratibo at pamamahala, pero napakarami pang dapat gawin, at ito ang dahilan kung bakit tumatakbo akong muli.

Ineendorso ako ng San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco); SEIU 1021; Building and Construction Trades (Mga Nagtatrabaho sa Pagtatayo ng mga Gusali at Konstruksiyon); Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan); Harvey Milk LGBT Club (Samahan ng Harvey Milk LGBT); Senador ng Estado Mark Leno, Dating Senador ng Estado John Burton; Mga Miyembro ng Asembleya Phil Ting at David Chiu; Mayor Lee at Mga Superbisor na sina Mar, Peskin, Tang, Kim, Yee, Wiener, Campos, Cohen at Avalos; Mga Komisyoner ng Lupon ng Mga Paaralan na sina Matt Haney, Shamann Walton, Sandra Lee Fewer at Rachel Norton; at lahat ng aking mga kasamahan sa Lupon ng Kolehiyo.

Lubos kong ipagpapasalamat ang inyong boto. Magbasa pa tungkol dito sa www.rafaelmandelman.com

Rafael Mandelman

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

ALEX RANDOLPH

Ang aking trabaho ay Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Mula sa pakikipagtrabaho kay Mayor Gavin Newsom hanggang sa pagtatalaga sa akin sa administrasyon ni Presidente Barack Obama, naging tungkulin ko nang gawing mas mahusay ang pagtatrabaho ng gobyerno para sa mga mamamayan. Ngayon, ikinararangal kong ipagpatuloy ang misyong iyan bilang inyong Tagapangasiwa na naglilingkod sa mga mag-aaral na naghahangad ng mas magandang buhay.

Mga tagumpay ko sa City College bilang Tagapangasiwa ang:

- Pagbibigay sa ating mga guro ng dagdag na suweldo at pag-iwas sa pagkakaroon ng welga
- Paggawa ng mahahalagang desisyon para manatili ang City College na bukas, akreditado, at matatag ang pinansiya
- Pagtataguyod ng Pang-emergency na Tulong Pinansiyal para sa mga estudyanteng nangangailangan

Bilang produkto ng kolehiyo ng komunidad, sineseryoso ko ang aking responsibilidad. Kapag gumagawa ako ng mga desisyon, iniisip ko kung paano kaya ako naapektuhan ng mga ito bilang itim na estudyante 13 taon na ang nakalilipas.

Sa kasamaang palad, nahihirapan pa rin ang maraming mga estudyante ng City College, lalo na iyong may kulay, sa pagkamit ng tagumpay. Masigasig akong nagtrabaho nitong nakaraang taon para direktang makakonekta sa mga estudyanteng ito at mapalakas ang mga makukuhang tulong at impormasyon.

Sumasang-ayon ang mga kapwa ko Tagapangasiwa - ikinararangal kong inendorso ako nilang lahat para sa muling pagkakahalal.

Pakiboto ako para maipagpatuloy ko ang paglaban para sa ating mga estudyante bilang inyong Tagapangasiwa ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad.

www.alexrandolph.com

Mga Pag-endorso (bahagi ng listahan)

Tenyente Gobernador Gavin Newsom
Pangkalahatang Abugado Kamala Harris
Tagapangulo ng Board of Equalization Fiona Ma
Controller Betty Yee
Superintendente ng Estado para sa Pampublikong Instruksiyon Tom Torlakson
Senador ng Estado Mark Leno
Mga Miyembro ng Asembleya na sina David Chiu at Phil Ting
Mayor Edwin M. Lee
Assessor-Recorder Carmen Chu
Mga Superbisor na sina London Breed, Malia Cohen, Mark Farrell, Aaron Peskin, Katy Tang, Scott Wiener, at Norman Yee
San Francisco Firefighters (Mga Bumbero ng San Francisco), Lokal 798
San Francisco Building Trades Council (Konseho ng mga Nagtatrabaho sa Pagtatayo ng Gusali sa San Francisco)
San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)
SF Parent PAC

Alex Randolph

TOM TEMPRANO

Ang aking trabaho ay May-ari ng Maliit na Negosyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Naniniwala akong wala nang mas makapangyarihan pa kaysa sa ikalawang pagkakataon at bagong pagsisimula.

Para sa mag-aaral na magtatapos pa lamang ng mataas na paaralan o sinumang naghahanap ng bagong pagsisimula, kailangang naroon ang City College bilang unang hakbang sa kanilang paglalakbay.

Ang aking karanasan bilang estudyante ng kolehiyo ng komunidad at instruktor para sa maliliit na negosyo ang nagtulak sa akin para maging tagapagtaguyod ng City College. Sa panahon ng krisis sa akreditasyon, nakipagtrabaho ako sa kaguruan at mga estudyante para panatilihing bukas ang City College.

Bilang Tagapangasiwa ng City College, titiyakin kong uunahin ang mga pangangailangan ng ating mga estudyante sa pamamagitan ng:

- Muling pagbuo ng relasyon sa pagitan ng San Francisco Unified School District at ng City College upang makapagtayo ng tulay sa pagpapa-enroll ang mga estudyante.
- Paglikha ng kolehiyo ng komunidad na may mga departamentong naiiba sa pagiging makabago para sa coding at programing, biotechnology, pangangalaga sa kalusugan, at konstruksiyon.
- Paglikha ng mga budget na batay sa sentido komun at binabawasan ang paggasta sa mga panggitnang tagapamahala at konsultant.

Ipinagmamalaki kong magkaroon ng suporta ng:

Mga Guro at Kaguruan ng City College of San Francisco (AFT 2121)
Mga Kawani at Manggagawa ng City College of San Francisco (SEUI 1021)

Presidente ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, Rafael Mandelman
Bise-Presidente ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, Thea Selby
Miyembro ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, Brigitte Davila
Miyembro ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, Steve Ngo
Miyembro ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, John Rizzo

Presidente ng Lupon ng Edukasyon, Matt Haney
Miyembro ng Lupon ng Edukasyon, Sandra Lee Fewer

Senador ng Estado Mark Leno
Tagapangulo ng Board of Equalization Fiona Ma
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano

Superbisor John Avalos
Superbisor David Campos
Superbisor Mark Farrell
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Norman Yee

www.tomtemprano.com

Tom Temprano

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

SHANELL WILLIAMS

Ang aking trabaho ay Direktor para sa Pag-unlad ng Edukasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nagtapos ako sa City College of San Francisco, at nakapaglingkod na bilang Tagapangasiwang Estudyante sa loob ng dalawang termino. Sa pamamagitan ng aking adbokasiya nitong nakaraang apat na taon, kasama ang mga estudyante, kaguruan at mga kawaning classified (nasa mga gawaing nagbibigay ng suporta) ng kolehiyo, tumulong akong iligtas ang City College mula sa pagkawala ng akreditasyon at pagsasara. Naiintindihan ko ang mga hamon na hinarap na ng Kolehiyo at iyong mga nasa hinaharap pa.

Bilang Tagapangasiwa, ang aking magiging mga prayoridad ay:
- Mapanatili ang akreditasyon ng Kolehiyo sa anumang paraan na kinakailangang gawin.
- Independiyenteng pangangasiwa ng pondo na mula sa mga bond ng mga mamamayan
- Mas pinahusay na access, pagiging bukas sa pagsisiyasat, pagkakaiba-iba at pagiging abot-kaya ng mga bayarin
- Pagsusulong ng mas maraming pakikipagtulungan para sa pag-unlad ng mga manggagawa

Kasama sa aking mga taga-suporta sina/ang:
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Presidente ng Lupon ng mga Superbisor London Breed
Mga Superbisor na nasa Lupon na sina Eric Mar, Norman Yee, John Avalos, Aaron Peskin, David Campos
Presidente ng Lupon ng mga Paaralan, Matt Haney
Bise-Presidente ng Lupon ng mga Paaralan, Shamann Walton
Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan, Sandra Lee Fewer
American Federation of Teachers (Pambansang Pederasyon ng mga Guro) Lokal 2121
San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)
San Francisco Labor Council (Konseho ng Paggawa ng San Francisco)
UA Local 38 Plumbers and Pipefitters (Mga Tubero at Tagakabit ng Tubo na Lokal 38 ng UA)
San Francisco Building and Construction Trades Council (Konseho ng mga Nagtatrabaho sa Pagtatayo ng Gusali at mga Konstruksiyon ng San Francisco)
Harvey Milk LGBT Democratic Club (Samahang Demokratikong Harvey Milk LGBT)

Iboto ako upang maging ating boses para sa City College.

Sa Pakikipagkomunidad,

Shanell Williams

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1

SHERMAN R. D'SILVA

Ang aking trabaho ay Tagapamahala ng mga Operasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Bilang residente ng distrito ng Richmond buong buhay ko, nakita ko kung paano bumaba ang kalidad ng komunidad. Naniniwala akong ang kailangan nating superbisor sa kasalukuyan ay iyong inuuna ang kondisyon ng komunidad.

Kung ano sa tingin ko ang mahalaga:

- Nakatakda sa oras na mga ilaw-trapiko sa lahat ng mga pangunahing kalye
- Isang sampung-taon na plano para sa pagpapalit ng lahat ng bangketa at kalsada
- Mas madalas na paglilinis ng kalye
- Naka-target na paglilinis ng mga problemang bloke
- Pagtatanggal ng mga bagay mula sa mga bangketa sa loob ng 24 oras
- Agad na pagtatanggal ng graffiti sa loob ng 24 oras
- Paglilipat sa mga bus stop na nasa Geary tungo sa median para sa pagpapabilis at para magdagdag ng mapaparadahan
- Pagpa-power wash sa mga basurahan ng lungsod
- Mga naka-lock na basurahan para maiwasan ang mga pagliwak
- Mas maraming mapaparadahan
- Mas malaking presensiya ng pulisya
- Pagtatakda sa mga nagpapatupad ng batas na sundin rin ang mga batas-trapiko na sinusunod natin

Naniniwala ako na ang dapat unang asikasuhin ng gobyerno ay ang isang malinis at ligtas na komunidad, bago nito gawin ang ano pa mang ibang bagay. Laging may ibang bagay na dapat harapin, pero kung hindi natin unang aasikasuhin ang ating mga pangunahing pangangailangan, mali ang ating mga prayoridad.

Kung sa tingin ninyo na kaya at kailangan nating maging mas mahusay bilang komunidad, ikararangal ko ang inyong boto sa Nobyembre 8, 2016

www.DSILVA2016.com

Sherman R. D'Silva

SANDRA LEE FEWER

Ang aking trabaho ay Komisyoner, Lupon ng Edukasyon ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Bilang taga-San Francisco na Tsino Amerikano, ika-apat nang henerasyon, at may malalim na ugat sa Richmond, mahigit 50 taon na akong nakatira sa Distrito 1, at gayon din ang aking asawa. Magkasama naming pinalaki ang aming tatlong anak sa Distrito ng Richmond, at lahat kami'y nag-aral sa mga pampublikong paaralan ng komunidad.

Matapos ang 12 termino bilang Presidente ng PTA, nahalal ako bilang Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan noong 2008 at 2012. Nagsilbi ang aking asawa nang 35 taon bilang pulis ng San Francisco, at nagretiro siya sa Estasyon ng Richmond.

Mayroon akong malakas na track record sa sama-samang paglutas ng problema o consensus building, at sa pagpapatupad ng mga dapat gawin. Kasama sa rekord na ito ang pag-atas ng lokal na pag-eempleyo para sa konstruksiyon ng paaralan, pagtulong sa mga estudyanteng napapaalis ng tahanan, pakikipagtrabaho sa mga paaralan sa komunidad, pagtatayo ng abot-kayang pabahay, at higit na pagtitiyak ng kaligtasan ng mga naglalakad sa kalye.

Kasama sa mga prayoridad ko bilang Superbisor ang:

- Pagtugon sa ating krisis sa pabahay at sa pagiging abot-kaya nito
- Pagprotekta sa kalidad ng buhay sa komunidad
- Pagpapahusay sa kaligtasan ng publiko at mga naglalakad sa kalye
- Pangangalaga sa ating mga lokal na maliliit na negosyo
- Pagiging higit na mapagkalinga sa mga pamilya ng ating lungsod

Pakisamahan ang aking mga taga-suporta:

Mga Organisasyon: San Francisco Firefighters, California Nurses, United Educators of San Francisco, Community College Teachers, Richmond District Democratic Club, San Francisco Tenants Union, SEIU 1021, Unite Here Local 2, Coleman Action Fund for Children.

Mga Lider ng Lungsod: Senador Mark Leno; Miyembro ng Asembleya Phil Ting; Tagapangulo ng Partidong Demokratiko ng California John Burton; Mga Superbisor na sina Eric Mar, Jane Kim, Norman Yee, John Avalos, Aaron Peskin, David Campos; dating Superbisor Jake McGoldrick; dating Superbisor Bevan Dufty; Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi; Mga Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan na sina Rachel Norton, Matt Haney, Shamann Walton, Hydra Mendoza.

Sandra Lee Fewer

www.sandrafewer.com

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1

RICHIE GREENBERG

Ang aking trabaho ay Negosyante / Tagapayo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Isa akong nagmamalaking asawa at ama, at naglaan ako ng mahigit 25 taon sa aking trabaho, buong-puso na binibigyang-lakas ang maliliit na negosyo, nagpaplano at lumulutas sa mga problema bilang aking ikinabubuhay. Alam ko ang kahalagahan ng pagiging malakas na lider na agad na tumutugon – sa aking mahigit na 1,000 kliyente na iba't iba ang mga pinagmulang lahi, pangkat etniko, at relihiyon. Kapag nahalal ako sa Lupon ng mga Superbisor, magiging gayon din ang aking paglahok sa pamamagitan ng:

Mahigpit na paghingi ng piskal na pananagutan ng lahat ng ating mga departamento sa $9 bilyong budget ng San Francisco.

Pamumuno sa paglaban upang mailigtas ang mga negosyo sa mga komunidad ng San Francisco- ang ubod o mahahalagang bahagi ng ating mga komunidad.

Pagsuporta sa mahigpit na regulasyon sa AirBnb, Uber at iba pa.

Paghingi ng pago-overhaul o malaking pagbabago sa assignment lottery (palabunutang sistema ng pagbibigay ng mga puwesto sa SFUSD) at paghamon sa mga estudyante sa pamamagitan ng mga kurikulum na maghahanda sa kanila sa tunay na buhay.

Pagkakaroon ng tapang na itigil na ang pagdagsa ng homeless o walang tahanan, pagpapababa sa bilang ng mga natutulog sa kalye; pagdaragdag sa mga serbisyo para sa kalusugan ng isip.

Pagsuporta sa pagkakapantay-pantay ng lahat: LGBT;mga taong may kapansanan; pantay na bayad/pag-eempleyo anuman ang edad, kasarian o lahi; pagsuporta sa mga karapatang reproduktibo.

Sinusuportahan ko ang SFPD sa pagpaparami ng mga foot patrol (mga naglalakad sa paligid na mga pulis). Labis na tumataas ang bilang ng krimen. Kailangan ng proteksiyon ang mga pamilya at ari-arian. Ineendorso ko ang pagpapahigpit sa mga batas sa baril.

Labinlimang taon (15) na akong residente ng San Francisco, at aktibong kalahok sa aming buhay na buhay na Jewish (mga Hudyo) na komunidad.

Ikararangal kong makuha ang inyong boto at suporta.

Richie Greenberg

JASON JUNGREIS

Ang aking trabaho ay Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Maiksi ngunit malaman at kumpletong pahayag ng mga pinahahalagahan at plataporma: www.jasonjungreisforsupervisor2016.com
"Government should be lean, clean, and green (Kailangang maging manipis, malinis, at lunti ang gobyerno)"

Personal:
Abugado para sa Clean Technology (Teknolohiyang Makakalikasan)
May-asawang may-ari ng bahay na may dalawang anak; matagal na panahon nang kalahok sa komunidad
Independiyente; tinatanggihan ang mga kontribusyon sa kampanya

Mga Politikal na Prayoridad:
Fiscal Responsibility (Responsibilidad sa Pananalapi).
Kaligtasan.
Resource Management (Pamamahala sa mga Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon).
Kalusugan, Edukasyon.
Magkakapantay na Karapatan, Malayang Pagnenegosyo.

Adyenda:
Ipatupad agad ang mga alternatibo sa BRT na mababa ang halaga
Ipawalang-bisa ang Prop K tungkol sa sales tax (buwis kapag may binibili)
Ipawalang-bisa ang estado bilang Lungsod na Nagbibigay ng Santuaryo
Broadband wifi para sa kabuuan ng lungsod
Damihan pa ang mga pangangailangan para sa pagpapatunay na residente nga ang isang taong homeless o walang tahanan
Ipatupad nang buong-buo ang mga batas ukol sa kalidad ng buhay
Pababain ang paggastos para sa mga homeless tungo sa pambansang pamantayan
Pabilisin ang konstruksiyon ng 50,000 na aprubado nang mga unit ng pabahay
Hetch-Hetchy na tubig para sa west-side
Tutulan ang pagpopondo mula sa Bond
Pahintulutan ang pagsesesante dahil sa kawalang kakayahan
Pagtatanggal ng mga preperensiya sa bidding ng mga kontrata
Dagdagan ang mga pangangailangan para sa pensiyon
I-cap (magtakda ng pinakamataas na puwedeng makuha) para sa mga suweldo ng mga empleyado ng Lungsod
Bigyan ng suporta ang pagboboluntaryo ng mga residente
Paliitin ang gobyerno
Pagboto sa pamamagitan ng koreo/online
Mga medikal na serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan na nakabase sa Lungsod
Tutulan ang Bonus na Pabahay na lampas sa batas ng estado
Muling idisenyo ang bilangguan ng county para sa maliliit at magkakahiwalay na selda
Bigyan ang mga bilanggo ng mga computer para sa pag-aaral tungkol sa pagka-mamamayan
Mga video camera na panlaban sa krimen sa mga espasyong pampubliko
Lubusang pang-uusig sa mga krimen sa mga ari-arian
Iwaksi ang mga hukuman ng komunidad
Energy-efficiency buyer program (Programa ng mga mamimili para sa mas mahusay na paggamit ng enerhiya)
Hindi pagkakaroon ng mga artipisyal na damo
Mas maraming lane para sa mga bisikleta
Mas maraming pagtatanim ng puno
Itaguyod ang pag-aaral sa mga komunidad
Mga after-school na programa sa pagpapahusay na itinataguyod ng pribadong pondo
Paramihin pa ang makukuhang bokasyonal na pagsasanay
Pampublikong dalampasigan sa east-side ng Lungsod
Permanenteng artist studios sa Presidio
Itaguyod ang mga pampublikong mural
Damihan ang mga paradahan
Huwag nang gawing krimen ang mga natural na droga
Gawing magkakaugnay ang mga ilaw-trapiko
Kumpunihin ang mga kalsada

Jason Jungreis

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1

BRIAN J. LARKIN

Ang aking trabaho ay Propesyonal na Inhinyero.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Ang pangunahing dahilan ng aking pagtakbo ay para dalhin ang serbisyong Muni Metro sa Distritong Richmond sa isang tunnel o lagusan. Kapag nahalal ako, itataguyod ko rin ang iba pang pagpapahusay sa mga imprastruktura, kagaya ng paglalagay sa utilities (koryente, tubig, gas) sa ilalim ng lupa – at walang mangyayaring ganito kung walang tagapagtaguyod.

Sa pagsisimula ng Affordable Housing Bonus Program (Bonus na Programa para sa Abot-Kayang Pabahay), nahaharap ang mga residente ng Distritong Richmond sa mas maraming pabahay at mas matinding puwersa sa ating imprastruktura. Hindi na maiiwasan ang masikip na sitwasyon ng mga bahay sa ating komunidad, pero kailangang magkaroon tayo ng kaugnay at kinakailangang pagpapahusay ng mga imprastruktura.

Higit ngayon kaysa ano pa mang panahon, isang swing-district (puwedeng bumaling sa alin mang panig) ang Distrito 1, at ito ang siyang magpapasya kung ang mga moderate (nasa gitna) o ang mga progressive (progresibo) ang magiging mayorya sa Lupon ng mga Superbisor. Kumikiling ang nasa gitnang establisamento sa mga matatayog na ideya kagaya ng pagtatayo ng arena para sa Warriors, samantalang nakatuon ang mga progresibo sa pagpapahusay para sa estado ng San Francisco bilang santuaryong lungsod.

Kapwa hindi iniisip ng dalawang panig ang tungkol sa Distrito ng Richmond kapag wala sa balota ang puwesto nito sa BOS. Sa ibang panahon, para na lamang tayong mga Farralones sa lahat ng atensiyong ibinibigay nila sa atin.

Ikatutuwa kong makipagtrabaho sa iba pang miyembro ng Lupon, pero kakailanganin ko ng mga mahahalagang bagay bilang kapalit para sa mga residente ng Distrito 1.

Brian J. Larkin

DAVID LEE

Ang aking trabaho ay Guro / Nonprofit na Ehekutibo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nahaharap ang ating komunidad sa malalaking problema: kakulangan sa abot-kayang pabahay, nasisira nang imprastruktura, hindi sapat na transportasyon at lumalaking mga banta sa pampublikong kaligtasan. Basahin ang aming plano para malutas ang mga problemang ito sa www.votedavidlee2016.com.

Kailangan natin ng mas ligtas na mga kalsada. Bilang dating Tagapangulo ng Police Community Advisory Board (Lupon ng mga Tagapayong Pangkomunidad ng Pulisya) ng Distrito ng Richmond, pinahusay namin ang pagkakaroon ng kaligtasan ng mga naglalakad sa kalye sa pamamagitan ng pakikipaglaban para sa mas maraming traffic signals sa mga mapanganib na interseksiyon.

Karapat-dapat ang magagandang parke sa ating komunidad. Bilang dating Komisyoner ng Recreation and Parks (Paglilibang at mga Parke) ng San Francisco, gumasta kami ng mahigit $100 milyon sa mga proyekto sa rebuilding (muling pagtatayo), kasama na ang mga palaruan sa Distrito ng Richmond, kagaya ng Argonne, Fulton, Cabrillo, at ang Richmond Playground.

Mahalaga ang transparency o pagiging bukas sa publiko ng gobyerno. Nagtipon ng 15,000 pirma ang mga estudyante sa aking klase para higit na maging accessible (madaling makakuha ng serbisyo) ang City Hall, at higit itong magkaroon ng pananagutan.

Kailangang marinig ang lahat ng mga boses. Bilang ehekutibong direktor ng Chinese American Voters Education Committee (Komiteng Pang-edukasyon ng mga Botanteng Tsino Amerikano) nang mahigit sa 20 taon, nakapagparehistro kami ng mahigit sa 100,000 botante.

Nakakuha ako ng doctorate sa educational leadership (pamumunong pang-edukasyon) at nakatanggap ng aking master's degree sa political science (agham pampulitika). Nagtapos ako sa Wallenberg High School at sa San Francisco State University, kung saan ako kasalukuyang nagtuturo.

Mangyaring samahan ang San Francisco Police Officers Association (Asosasyon ng mga Pulis ng San Francisco), ang LiUNA! Lokal 261, at ang libo-libong residente ng Distrito ng Richmond na sumusuporta sa ating kampanya.

David Lee

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1

JONATHAN LYENS

Ang aking trabaho ay Tagasuri ng Budget.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nalampasan ko ang napakalaking mga hadlang at naipanalo ko ang mahihirap na laban sa kabuuan ng aking buhay.

Hindi naging laging madali ang lumaking bulag.

Naging napakahirap ng pagbabalanse ng budget ng lungsod sa panahon ng Malaking Resesyon o Kahirapan habang pinoprotektahan ang pinakabulnerable.

At ngayon, hinaharap ko, at nating lahat, ang isa sa pinakamahihirap na laban – ang mapigilan ang pagkawala ng puso at kaluluwa ng ating lungsod dahil sa ebiksiyon o sapilitang pagpapalayas.

Bilang tagapagtaguyod ng komunidad para sa mga residente ng Richmond at para sa mga matatanda at mga taong may kapansanan, nakipaglaban ako para magkaroon ng boses ang mga marginalisadong komunidad sa gobyerno ng lungsod. Bilang tagasuri ng budget ng lungsod, nagtrabaho ako araw-araw para maging higit na epektibo, mahusay, at may pananagutan ang City Hall.

Ngayon, tumatakbo akong Superbisor para pigilan ang pag-alis ng mga pamilya, guro, narses at bumbero sa dakilang lungsod na mahal natin, dahil sa napakataas na presyo ng mga tahanan.

Kailangan nating tumindig at lumaban para sa mga totoong solusyon, upang maprotektahan ang mga umuupa sa pagpapatalsik, bigyan ng tahanan at tulungan ang lumalaking populasyon ng mga walang tahanan sa lungsod, paghusayin pa ang lokal na transportasyon, at higit sa lahat – gawing abot-kaya ang ating lungsod.

Dahil alam nilang independiyente ang aking boses, ikinararangal kong nasa akin ang suporta nina Fiona Ma, Phil Ting, Aaron Peskin at mga lokal na lider ng komunidad.

Umaasa akong makuha ang inyong ika-1, ika-2 o ika-3 na boto.
www.JonathanLyens.com

Jonathan Lyens

MARJAN PHILHOUR

Ang aking trabaho ay May-ari ng Negosyo / Ina.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
May-ari ako ng isang maliit na negosyo at ina ng tatlong maliliit na bata, na personal na nakararamdam ng affordability crisis (krisis sa kakayahang bumili) at ng kapabayaan sa mga pampublikong serbisyo dito sa Distrito ng Richmond. Mas mabuti pa rito ang dapat nating gawin.

Sa loob ng dalawampung taon na aking serbisyo publiko, nakita kong gumawa ang gobyerno ng mababuting bagay para sa mga tao sa pamamagitan ng pagbibigay ng prayoridad sa mga serbisyo sa mga pinaglilingkuran. Nagbibigay ng malinaw na mapagpipilian ang eleksyon na ito sa pagitan ng bagong direksiyon sa pamumuno o pagpapatuloy ng dati.

Magdadala ako ng boses na independiyente at galing sa komunidad sa City Hall.

Nag-immigrate ang mga magulang ko sa Estados Unidos at nagkakilala bilang mga estudyante sa San Francisco State University. Lumaki ako sa isang maliit na apartment kasama ang aming mga kamag-anak, nang natutunan ang kahalagahan ng puspusang pagtatrabaho, pagpupursigi, at pagpapahalaga sa komunidad.

Pananatilihin ko sa San Francisco ang mga pamilya at mga nagtatrabahong tao sa pamamagitan ng:

- Pakikipaglaban para sa mga solusyon para sa abot-kayang pabahay
- Paglalaan ng pondo para sa transportasyon at mga pampublikong paaralan
- Pagsusuporta sa mga umuupa, mga may-ari ng maliliit na ari-arian at mga lokal na negosyo
- Pagtatransisyon ng mga homeless tungo sa supportive housing (sumusuportang pabahay)
- Muling pagtutuon ng pansin sa pampublikong kalusugan, kalinisan at kaligtasan

Ineendorso ako ng dating Superbisor Angela Alioto, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Estado ng California na si Betty Yee, Tagapangulo ng Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma, Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala) Carmen Chu, Abugado ng Distrito George Gascón, Sheriff Vicki Hennessy, Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan Jill Wynns, Mga Superbisor na sina London Breed, Malia Cohen, Mark Farrell, Katy Tang, at Scott Wiener, San Francisco Deputy Sheriffs' Association, San Francisco Police Officers Association, San Francisco Firefighters Local 798, at marami pang iba. Bumisita sa votemarjan.com

Marjan Philhour

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1

ANDY THORNLEY

Ang aking trabaho ay Tagaplano ng Transportasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Ginugol ko ang nakaraang dekada sa pagtatrabaho sa mga komunidad ng San Francisco, sa mga kapitbahay at pampublikong ahensiya, sa mga tagapagtaguyod at institusyon, at negosyo, upang makahubog ng San Francisco na mas malusog, mayroong higit na pagkakapantay-pantay, at higit na nakapagpapanumbalik sa kalikasan.

Isa akong subok na at iginagalang na lider, tagapag-ugnay at tagapagsama-sama ng mga tao at pangkat, isang tagapagpaliwanag at tagapakinig na malaki na ang naabot. Nagtatrabaho ako araw-araw upang ang ating mga kalye at komunidad ay maging higit na ligtas, mas malusog, mas mayroong pagkakapantay-pantay, at higit na nakapagpapanumbalik sa kalikasan. Nakikipagtulungan ako sa mga tao na mula sa lahat ng posisyon at perspektiba, nang may pagdamay at malasakit, naghahanap at bumubuo ng pagkakaisa at mga solusyon.

Isa akong tagapaglingkod sa publiko, isang tagapagtaguyod, isang umuupa, at isang gumagamit ng pampublikong transportasyon. Mayroon akong lubusang pagpapahalaga sa mga kompleksidad ng pampublikong polisiya at administrasyon bilang totoong mga bagay, mula sa konsepto ng inisyatiba tungo sa ipinatutupad na programa, mula sa pangangailangan tungo sa pagtugon. Nakapagtrabaho na ako para maging magkasalikop ang legal at ang sosyal at ang politikal at lohistikal sa aktuwal na buhay na lungsod.

Mahal ko ang lungsod at mahal ang trabaho ng pagpapatakbo sa lungsod na ito, at ang pagtulong dito sa pagdaan sa mga hamon at tagumpay, sa pagprotekta sa puso at pamana ng lungsod, habang umaangkop at nagbabago tungo sa kinabukasan at dako pa roon. Gusto kong tumira sa isang San Francisco na para sa lahat, at handa akong sumulong at katawanin ang Distrito 1 sa City Hall.

Andy Thornley

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 3

TIM E. DONNELLY

Ang aking trabaho ay Tagapamahala ng Residensiyal na Ari-arian.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Tubo akong San Francisco, naninirahan sa Distrito 3 nang lampas 30 taon. Sa nakalipas na 25 taon naging Tagapamahala ako ng mga ari-arian, na nagbibigay ng ligtas at kaaya-ayang tirahan sa ating distrito. Ang trabahong ito ay nagiging lubhang mahirap sa paglaganap ng krimen, bagansiya at trapiko. Hindi pa ako tumatakbo para sa anumang posisyon, subalit hindi na ako maaaring manatili na walang ginagawa habang bumababa ang kalidad ng ating buhay.

Matibay ang paniniwala kong kailangan natin ng:

- pinaigting na presensiya at pagresponde ng pulis para sugpuin ang dumaraming krimen. Hindi na maawat ang mga panloloob at marami nang hindi kaiga-igayang indibidwal na naglipana sa ating mga komunidad.
- pagpapanumbalik ng pagparada sa kalye para sa mga residente, negosyo at mga bisita at para bigyang luwag ang mga bangketa. Ang pagkawala ng mga paradahan ay nakapagpapalala ng trapiko, polusyon at kabiguan, na nakababawas sa kaligtasan ng ating mga lansangan.
- tulungan ang mga nagsusumikap, nang hindi hinahayaang malulong sa droga o palampasin ang mga masamang gawain.
- igalang ang mga panuntunan sa taas ng mga gusali. Tayo na ngayon ang may pinakamataas na densidad sa San Francisco.
- paunlarin at palawakin ang rent control (pagpigil sa pagtaas ng renta sa paupa).
- bigyan ng boses ang mga residente sa mga pagbabagong gagawin sa kanilang komunidad.
- isang Superbisor na tututok sa kalidad ng buhay ng ating Distrito at ng buong Lungsod.

Habang ginagawa natin ito, kumuha tayo ng 16 na onsa kung oorder tayo ng isang pint!

Tim E. Donnelly

AARON PESKIN

Ang aking trabaho ay Superbisor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Ang nagpapatuloy kong mga prayoridad bilang Superbisor sa Distrito 3 ay:

- pagtugon sa ating krisis sa kakayahang bumili.
- pagtatanggol sa kaligtasan ng komunidad at kalidad ng buhay
- pagpapanatili sa pagkakaiba-iba, na siyang katangian ng San Francisco

Sa pakikipagtulungan sa mga dedikadong mga boluntaryo at residente ng Distrito, nagkaroon tayo ng mga makabuluhang hakbang tungo sa pagkamit ng ating mga layunin:

- Dumoble ang bilang ng mga abot-kayang pabahay na kailangan sa malakihang development sa pamamagitan ng pagpasa ng Prop C
- Nilalabanan ang ilegal na pag-ubos sa mga abot-kayang bahay sa pamamagitan ng pag-atas sa Academy of Art College na tumalima sa mga batas sa pagsosona
- Napigilan ang pagpapalayas at pagkawala ng abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng pag-atas sa Airbnb at iba pang mga host platform na umako ng responsibilidad sa mga ilegal at hindi rehistradong pangmadaliang pagpapa-upa
- Napagtibay ang kaligtasan ng mga naglalakad sa bagong scramble lights sa Portsmouth Square at mga pagpapahusay para maging ligtas sa Broadway Tunnel
- Pagsusumikap na paigtingin ang kaligtasan ng publiko sa distrito, kabilang na ang pampublikong pabahay sa Ping Yuen
- Nanalo ng $4 milyon para sa mga parkeng pandistrito kabilang na ang Willie Woo Playground sa Chinatown at Michelangelo Park sa Russian Hill
- Pinasimulan ang legacy small business protection act (batas para bigyan ng proteksiyon ang maliliit na negosyo) at naibalik ang nawalang kita sa mga maliliit na negosyo na nakaranas ng masamang epekto ng Super Bowl
- Pagtataguyod sa pampinansiyang responsibilidad bilang Tagapangulo ng Government Audits and Oversight Committee (Komite para sa Pagsusuri at Pamamahala sa Pinansiya ng Pamahalaan), kabilang na ang paghahabol sa mga masamang kasunduan sa real estate ng lungsod.

Ikararangal ko na muling makuha ang inyong suporta.

Aaron Peskin

www.Aaron2016.com

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 5

LONDON BREED

Ang aking trabaho ay Presidente, Lupon ng mga Superbisor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Ipinanganak ako sa Distrito 5, at pinalaki ng aking lola sa pampublikong pabahay. Buong buhay akong umuupa at nakatira ako sa Lower Haight kasama ang aking kakuwarto na si Ben.

Bilang inyong Superbisor sa Distrito 5 at Presidente ng Lupon, nakapagtrabaho na ako para harapin ang mga problemang mahalaga sa inyo at umaasa akong muling makuha ang inyong suporta.

Sama-sama, tayo ay:

- Nakapagpasa ng batas na nagbibigay ng prayoridad sa mga residente ng komunidad para sa abot-kayang pabahay sa ating komunidad.
- Nakapagpakilala sa pinakamataas na mga itinatakdang pangangailangan para sa abot-kayang pabahay sa San Francisco at binigyan ng proteksiyon ang libo-libong mga unit na rent-controlled (hindi puwedeng basta nagtataas ng paupa) mula sa demolisyon.
- Nakapagpaayos ng mga bakanteng unit ng pampublikong pabahay, at nagkaloob ng permanenteng tirahan para sa 179 pamilyang walang tahanan o homeless.
- Sumuporta sa mga programa para mawala na sa kalye ang mga kabataang homeless at magkaroon ng mga trabaho.
- Nagparami ng mga beat patrol (mga nagpapatrolya sa mga espisipikong teritoryo) ng pulisya sa ating mga komersiyal na lugar.
- Naglagay ng dose-dosenang mga bagong ambulansiya sa kalye, na nagpabilis sa oras ng pagresponde nang 26%.
- Nagpalit ng daan-daang lumang bus at tren ng Muni, naglunsad ng 5 Fulton Rapid, at nagparami ng serbisyo sa Haight Street.
- Lumikha ng one-stop job center (sentro para sa mga paghahanap ng trabaho) sa Western Addition, na tumutulong sa daan-daang mga residente para makahanap ng trabaho.
- Naglunsad ng CleanPowerSF, ang pinakamahalagang inisyatiba ng San Francisco para sa pagbabago ng klima.

Mga Nag-endorso:

– Kongresista Nancy Pelosi
– Pangkalahatang Abugado Kamala Harris
– Senador Mark Leno
– John Burton, Dating Kongresista
– San Francisco Firefighters Local 798
– San Francisco Women's Political Committee
– Thea Selby, Lider ng Lower Haight Community
– Lisa Zahner, Presidente, Alamo Square Neighborhood Association*
– Martha Ehrenfeld, Presidente, Inner Sunset Park Neighbors*
– Chuck Canepa, Presidente, Cole Valley Neighborhood Association*
– Monetta White, Presidente, Lower Fillmore Merchants*
– Michael Gaines, Presidente, Lower Haight Merchants & Neighbors Association*

* para lamang sa layunin ng identipikasyon

www.londonforsupervisor.com

London Breed

DEAN PRESTON

Ang aking trabaho ay Direktor, Nonprofit na Pabahay.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Mga napilitang tumakas o refugees ang aking ama at mga lolo at lola na napuwersang umalis sa Nazi Germany. Naniniwala akong karapat-dapat ang lahat na magkaroon ng bahay na may seguridad at abot-kaya.

Isa akong residente ng Distrito 5 sa loob ng 20 taon. Ang aking asawang si Jenckyn ay isang ika-5 henerasyon na taga-San Francisco na ang lolo ang kauna-unahang Afrikano Amerikanong Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan. Kapwa pumapasok sa paaralan ng Distrito 5 ang aming mga anak na babae.

Nagtapos ako sa Bowdoin College at UC Hastings College of the Law, nagtrabaho ako bilang abugado ng mga karapatang sibil para sa mga biktima ng maling asal ng mga pulis at walang konsiyensiyang nagpapaupa bago ko itinatag ang Tenants Together, ang natatanging pambuong estado na organisasyon ng mga umuupa sa California.

Kasama sa rekord ko ang:

- Pagtulong na mapanatili ang pagkontrol sa pagpapaupa sa California
- Pagtataguyod sa Small Business Protection Act (Batas para sa Proteksiyon ng Maliliit na Negosyo)
- Pagtatatag ng Affordable Divis para maipanalo ang abot-kayang pabahay sa Divisadero Corridor
- Paglikha ng Bootcamps o mga Pagsasanay para sa Karapatan ng mga Umuupa, at nang matulungan ang daan-daang umuupa sa Distrito 5

Ang aking mga prayoridad:

- Magtatag ng rent cap (pinakamataas nang puwedeng singilin para sa upa) para makontrol ang hindi na mapigilang gastusin sa pabahay
- Lumikha ng mga bago at abot-kayang bahay
- Itaguyod ang pangkalahatang preschool para sa lahat ng mga pamilya ng San Francisco
- Ipasa ang Batas ng mga Karapatan para sa mga Sumasakay ng Muni (Muni Riders' Bill of Rights)
- Itaguyod ang reporma sa pulisya at pagpupulis ng komunidad

Pakisamahan ang aking mga tagasuporta: California Nurses Association, San Francisco Tenants Union, dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano, Superbisor David Campos, dating Superbisor ng Distrito 5 at Presidente ng Lupon Matt Gonzalez, Komisyoner sa Pagpaplano Kathrin Moore, Komisyoner ng Pulisya Petra DeJesus, Action* Coordinator (Tagapag-ugnay ng Aksiyon) ng D5 Tes Welborn.

*Para Lamang sa Layunin ng Identipikasyon

Dean Preston

www.votedean.com

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 7

JOEL ENGARDIO

Ang aking trabaho ay Peryodista / Tagapamahala ng Negosyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nahaharap ang Distrito 7 sa hindi pa nararanasang mga problema na nangangailangan ng mapangahas, nagbibigay-tugon, at independiyenteng pamumuno. Panahon na para sa pagbabago.

Nagtrabaho ako bilang peryodista para humingi ng pananagutan sa gobyerno, at bilang tagapagtaguyod ng mga kalayaang sibil para isulong ang pagkakapantay-pantay. Bilang produkto ng mga pampublikong paaralan, nagkaroon ako ng oportunidad na makakuha ng Master's sa Public Administration (Pampublikong Administrasyon) sa pamamagitan ng scholarship sa Harvard Kennedy School of Government. Labinwalong (18) taon na akong nakatira sa San Francisco at kami ng aking asawa ay nagmamay-ari ng tahanan na malapit sa Lake Merced.

Kailangan nating tumindig laban sa pag-akyat ng krimen sa westside at tugunan ang homelessness (kawalan ng tahanan) sa pamamagitan ng pagbibigay-tuon sa mga batayang problema gaya ng kapansanan sa pag-iisip. Kailangan nating maglaan ng pera sa pabahay upang muling buhayin ang ating mga komersiyal na distrito, at lumikha ng espasyo para sa ating mga anak at apo upang manatili sila sa San Francisco. Magiging tagapagtanggol ako ng mga may-ari ng tahanan at mga pamilyang may middle-income (panggitnang kita). Hindi dapat ituring ng City Hall na parang ATM ang westside.

Ineendorso ako ni Superbisor Katy Tang. Magkasama kaming lalaban para sa piskal na responsibilidad at sentido kumon sa City Hall. Bisitahin ang www.engardio.com para mabasa ang aking premyadong mga kolum tungkol sa mga lokal na usapin. Sa pamamagitan ng inyong boto, magiging aksiyon ang mga salitang iyon.

Joel Engardio

JOHN FARRELL

Ang aking trabaho ay May-ari ng Maliit na Negosyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Bilang inyong superbisor, maninindigan ako para sa mga pinahahalagahan sa ating D7 na komunidad.

- Pagtiyak sa pampublikong kaligtasan.
- Pagharap sa kawalan ng tahanan, lalo na ang mga pangangailangan ng may kapansanan sa pag-iisip.
- Pagpapanatili ng mga karakter ng komunidad.
- Pagharang sa anumang buwis na magkakaroon ng masamang epekto sa ating mga pamilya.
- Pagkakaloob ng mahahalagang serbisyo sa matatanda at mga gawaing after-school.
- Pagtugon sa mga pangangailangan ng maliliit na negosyo.

Pananagutin ko ang City Hall sa Distrito 7 at sa buong San Francisco.

Pinakakuwalipikado para harapin ang City Hall para sa D7:

Karanasan: Nagkaroon ng espesyalisasyon sa pagtukoy ng mga bagong mapagkukunan ng buwis, na nagdala ng milyon-milyon sa Lungsod.

- Direktor ng Pinansiya – Treasure Island Development Authority (Awtoridad para sa Pagpapahusay sa Treasure Island)
- Assistant Assessor (Katulong na Tagatasa) – Budget at mga Espesyal na Proyekto
- Tagasuri ng Budget ng Mayor
- Senior Analyst (Nakatataas na Tagasuri) para sa Harvey Rose, Tagasuri ng Budget para sa Lupon ng mga Superbisor
- Direktor ng mga Parke – Departamento ng Paglilibang at mga Parke

May-ari ng Maliit na Negosyo/Broker ng Real Estate. Tumulong sa mga pamilya para sa abot-kayang pabahay, sa pag-iilit(foreclosure), at sa mga umuupang nawalan ng tahanan.

Dedikasyon:

- Ika-5 henerasyon. Lumaki ako sa D7 at nag-aral ako sa St. Ignatius ('77), USF ('81), at Golden Gate University ('86 MBA).
- Pinalaki namin ni Claudette, ang aking asawa sa loob ng 28 taon, ang aming malalaki nang anak na babae, na sina Stephanie at Kristen, at tatlong aso (dalawa sa mga ito ang ni-rescue) sa D7.
- Nakapaglingkod na ang aking pamilya sa publiko nang halos isang siglo. Isang tsuper ng Muni ang aking lolo; itinalagang Tagapamahala ng Pinansiya (Controller) ni Joe Alioto ang aking ama; naging Sarhento ng SFPD ang aking tiyo.

Pakiputahan ang www.johnfarrell4supervisor.com at tingnan kung ano ang nagbubukod sa akin sa iba.

Mga Pag-endorso:
Hukom Quentin Kopp (ret.)
Dating Superbisor sa D7 Tony Hall
Hukom Kevin Ryan (ret.)

John Farrell

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 7

BEN MATRANGA

Ang aking trabaho ay Direktor para sa Kaligtasan sa Kalye.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Tumatakbo akong Superbisor dahil nararapat lamang sa Distrito 7 ang pamumunong masigasig, tapat, at nakatuon sa pagkakaroon ng mga resulta.

Ineendorso ako ng mga lider tulad nina:

- Fiona Ma, CPA, Tagapangulo ng BOE
- Angela Alioto, Dating Presidente ng Lupon
- Barbara Kaufman, Dating Presidente ng Lupon
- San Francisco Building and Construction Trades Council (Konseho ng San Francisco para sa mga Negosyo sa Pagtatayo ng mga Gusali at Konstruksiyon) (#2)

Kasama sila ng daan-daang kapitbahay na nagmamahal sa San Francisco.

Matapos mag-aral sa Saint Ignatius at makakuha ng Master's sa pampublikong polisiya at pinansiya sa NYU, nakipagtrabaho ako sa mga negosyante sa muling pagtatayo ng mga imprastruktura sa mga bansang nakaranas ng giyera. Umuwi ako para pamahalaan ang plano para sa kaligtasan sa kalye na Vision Zero, at naghatid kami ng mahigit sa 13 milya ng mga pagpapahusay nang nasa oras at nang hindi nagagasta ang kabuuang budget.

Bilang inyong Superbisor, lalaban ako para:

- Tiyakin na mag-eempleyo ang San Francisco ng sapat na pulis para matigil na ang krimen sa mga komunidad.
- Protektahan ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pagpapatupad ng batas laban sa pagkakampo at agresibong pamamalimos.
- Ugatin ang problema sa pag-aaksaya at panlilinlang para matiyak na nabibigyan ng pondo ang mahahalagang serbisyo at maprotektahan ang mga pamilya sa hindi kinakailangang pagtaas ng buwis at mga singil.
- Panatilihin ang mga karakter ng mga komunidad at hingin sa Planning Department (Departamento ng Pagpaplano) na pagsilbihan ang mga komunidad, hindi lamang ang mga developer.

Kinakatawan ng Distrito 7 ang pinakamahusay sa San Francisco: ligtas at buhay na buhay na mga komunidad kung saan puwedeng magmay-ari ng bahay, mapag-aral ang mga anak, at magtamasa ng may-kalidad na buhay ang mga pamilyang nasa gitnang-uri. Samasama, pananatilihin nating ligtas at matagumpay ang San Francisco para sa mga susunod na henerasyon.

Buong galang kong hinihingi ang inyong boto.

www.benmatranga.com

Ben Matranga

NORMAN YEE

Ang aking trabaho ay Miyembro, Lupon ng mga Superbisor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Bilang ika-apat na henerasyong taga-San Francisco, 30 taon na kaming nakatira sa Distrito 7, kung saan pinalaki ko ang aking dalawang anak na babae. Sa pagiging lolo ko ngayong taon na ito, lalo pa akong nagkaroon ng dedikasyon sa mga pangangailangan ng ating mga residente na iba't iba ang henerasyon – mula sa mga matatanda hanggang sa mga pamilya hanggang sa mga kabataang propesyonal.

Lumaban ako para tiyakin na ligtas tayo sa ating mga tahanan at sa ating mga komunidad. Nagdagdag ako ng 12 karagdagang pulis sa ating mga presinto sa Distrito 7 at nagtalaga ng dalawang fulltime na nagpapatrolyang pulis sa mga komersiyal na lugar. Tumulong ako sa paglikha ng inisyatibang Vision Zero ng San Francisco, na nagpatindi pa ng mga pagsusumikap para maprotektahan ang kaligtasan ng mga naglalakad sa kalye.

Bilang dating edukador, ang aking masidhing interes sa mga usaping kaugnay ng mga bata at pamilya ang nagtulak sa akin na pumasok sa serbisyo publiko. Noong 2014, pinamunuan ko ang kampanya para pahabain at palawakin nang hanggang 25 taon ang Children's Fund (Pondo para sa mga Bata) ng lungsod.

Tinitiyak ko na nakatatanggap ang mga residente ng Distrito 7 ng ating makatarungang bahagi ng pondo ng lungsod. Pinasimulan ko ang proseso ng Participatory Budgeting (Paglahok sa Pagbabudget) upang masabi ninyo sa City Hall kung saan dapat mapunta ang inyong ibinabayad na buwis.

Sa aking ikalawang termino, magtatrabaho ako para mapahusay pa ang ating mga parke, magkaroon ng higit na access sa pangangalaga sa mga bata, palawakin ang mga serbisyo sa mga matatanda, patuloy na pangalagaan ang mga katangian ng komunidad ng Westside, at lumikha ng mga pabahay na mabuti para sa mga pamilya.

Apat na taon na ang nakaraan, inihalal ninyo ako bilang inyong Superbisor. Ngayon, higit sa ano pa mang panahon, lalo pa akong may motibasyon na dalhin ang mga boses ng Distrito 7 sa City Hall.

www.normanyee.com

Norman Yee

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 7

MIKE YOUNG

Ang aking trabaho ay May-ari ng Negosyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Isa akong katutubong anak ng San Francisco, isang produkto ng ating sistema ng pampublikong paaralan, at residente ng Park Merced.

Naniniwala ako sa San Francisco at pagsisilbihan ang ating mga kapitbahay nang may lakas at pagdamay sa City Hall.

Inihanda ako ng aking edukasyon sa Roosevelt Junior High at Lowell para sa aking mga degree sa U.C. Berkeley at Harvard. Nagsilbi ako nang dalawang taon sa Budget Office (Opisina para sa Budget) ng Mayor ng San Francisco, 10 taon bilang Reserve officer ng U.S. Army, at 10 taon bilang diplomat sa South Korea, Afghanistan, Vietnam, at Pakistan.

Nakararanas ang mga residente ng Distrito 7 ng mga car break-in (paninira ng kotse para mapasok ang mga ito) at pagnanakaw; nasisira na ang ating mga kalye dahil sa matinding pagdami ng sasakyan, at masama na ang epekto ng mga ito sa kalidad ng ating buhay.

Bilang Superbisor, titiyakin ko ang sapat na proteksiyon ng pulisya sa ating distrito, at ang pag-unlad ay hindi magaganap nang may masamang epekto sa ating mga kapitbahay sa makasaysayang distrito ng Westside ng San Francisco, habang ipinatutupad naman ang pagkakaroon ng piskal na disiplina sa bundat nang budget ng ating Lungsod. Madali akong matatawagan sa telepono ng lahat ng tao sa ating distrito. May makikita kayong totoong tao, at hindi voicemail, sa aking opisina.

Mike Young

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 9

JOSHUA ARCE

Ang aking trabaho ay Abugado para sa Pabahay sa Komunidad.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nasa sangandaan na ang San Francisco. Nawawala na sa atin ang mga residente habang nakikipagbuno sila sa tumataas na presyo ng mga bahay, kawalan ng tirahan (homelessness), hirap para mapagkasya ang pera, at bumababang antas ng kaligtasan sa komunidad. Hindi natutugunan ng City Hall ang mga hinanaing ng mga komunidad, at halos isang dekada na tayong nagtitiis dahil sa mga hindi nagtagumpay na polisiya ukol sa pabahay.

Binigo tayo ng umiiral na katayuan. Higit pa rito ang nararapat para sa ating mga komunidad.

Bilang eksperto sa pabahay, nakapaghatid ako ng abot-kayang pabahay nang higit pa sa pinagsamang walong taon. Bilang abugado ng mga karapatang sibil, hinarap ko ang kawalan ng tahanan, pinrotektahan ang mga migranteng pamilya at itinigil ang pagpapalayas. Bilang tagapagtaguyod ng kapaligiran (environmental advocate), tumulong ako sa pagpapasara ng madudumi ng planta ng elektrisidad ng San Francisco at nagkabit ng mga solar panel sa kabuuan ng Lungsod. Bilang aktibista sa komunidad, ipinaglaban ko ang pinakamatagumpay na programang lokal sa pag-eempleyo, na nagtitiyak ng trabaho para sa mga residente habang tinutulungan ang mga lokal na negosyo.

Bilang Superbisor, magtatrabaho ako para sa ating lahat.

Buhay na buhay, may pagkakaiba-iba at progresibo ang ating distrito, pero kailangan natin ng bagong pamumuno. Ako lamang ang tanging kandidato na may track record para maghatid ng pabahay, mga trabaho, at proteksiyon ng kapaligiran na kinakailangan ng ating komunidad.

Bahagi ng Listahan ng mga Pag-endorso:

Tenyente Gobernador Gavin Newsom
Tagapangulo ng Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma
Miyembro ng Asembleya David Chiu
Dating Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Angela Alioto
San Francisco Building and Construction Trades Council
District 9 Tenants Alliance
Jim Salinas, Latinong Lider ng mga Unyon
Alfredo Bojórquez Loya, Kabataang Tagapagtaguyod ng Mission
Darcy Lee, Presidente, Bernal Business Alliance
Laura Wagner, Magulang na taga-Portola

May iba pang impormasyon sa www.joshuaarce.com

Joshua Arce

ISWARI ESPANA

Ang aking trabaho ay Opisyal para sa mga Pagsasanay.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Mayroon akong mahigit sa 16 taong karanasan sa pamamahala at mga papel bilang superbisor sa mga programang non-profit at programa ng gobyerno. Mag-isa akong nagpursigi sa buhay at mayroon akong mga nagawa na sa Community relations (pakikipag-ugnay sa Komunidad), Pag-eempleyo, pabahay at Sistema ng Hustisya Ukol sa mga Krimen (Criminal Justice). Mayroon akong BA sa Political Science (Agham Pampulitika) at Latino/Latina Studies (Araling Latino/Latina) na may pagdiin sa Community Relations, Policy and Law (Pakikipag-ugnay sa Mga Komunidad, Polisiya at Batas) mula sa San Francisco State University.

Nakapagtrabaho na ako sa corporate sales (pagbebenta para sa mga korporasyon), sa Estado ng California, sa isang Nonprofit para sa pagtataguyod at pagbibigay-lakas sa mga kabataan, at sa Lungsod at County ng San Francisco. Nakatuon ako sa pagbibigay ng solusyon, at may karanasan na sa paggamit ng mga serbisyo para sa paglikha ng mga bago at malikhaing solusyon sa mga problema ng komunidad. Nakapagsasalita ako ng dalawang wika na Ingles at Espanyol. Naging mahalagang tagapagtaguyod ako para sa mga kabataan at nakatatandang may pisikal na kapansanan, at para sa pagkakaroon ng pagpapahusay ng mga nagtatrabaho at mga oportunidad sa pag-eempleyo sa Bay Area.

Nagsilbi na ako bilang Lupon ng mga Direktor para sa programa sa mga iskolar ng SFSU EOP, mga programa para sa muling pagpasok ng mga nakatatanda, at task force (pangkat para sa espesyal na gawain) para ipatupad at ipamahagi ang stimulus funding (pondong ginagamit para sa pagbibigay-lakas) mula sa programang Administrasyon tungo sa kabataan ni Presidente Obama sa San Francisco. Ang nagtutulak sa akin at matagal ko nang pangarap ay ang katawanin ang aking mga kapitbahay kung saan ako nakatira at kung saan ko itinataguyod ang aking pamilya.

Iswari Espana

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 9

HILLARY RONEN

Ang aking trabaho ay Abugado para sa mga Karapatang Sibil.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nakatira at nagtrabaho ako sa Distrito 9 nang halos 15 taon, at naniniwala akong dapat ipaglaban ang ligtas, malusog, at abot-kayang mga komunidad.

Bilang abugado para sa mga karapatang sibil sa Bernal Heights, nakipaglaban ako para tiyakin na nakatatanggap ng makatarungang kita at pangangalaga sa kalusugan ang mga pamilya.

Bilang tagagawa ng mga polisiya, nakipaglaban ako para madagdagan ng daan-daang abot-kayang pabahay sa Mission.

Bilang ina na nakatira sa Portola, nakipaglaban ako para sa mas ligtas na mga kalye, parke, at paaralan.

Bilang Superbisor, magiging matapang na negosyador ako, na magtitiyak na makukuha ng Distrito 9 ang makatuwirang bahagi nito mula sa City Hall.

Kasama sa rekord ko ang:
- Pag-awtor ng batas para itigil ang intimidasyon sa kababaihan sa mga klinika para sa pangangalagang pangkalusugan.
- Pagprotekta sa mga makasaysayang maliliit na negosyo sa San Francisco sa pamamagitan ng Legacy Business Registry (Pagpaparehistro ng mga Negosyong Pamana sa Komunidad).
- Pamumuno sa mga pagsisikap na harapin ang kakulangan ng pagtugon ng mga pulis sa mga krimen kaugnay ng mga ari-arian.
- Paggawa ng batas para matigil ang pagpapalayas sa mga guro sa gitna ng akademikong taon.

Bilang Superbisor, ako ay:
- Magtatayo ng 5,000 abot-kayang unit sa loob ng 10 taon.
- Magbibigay daan para makapasok sa mga unibersal na preschool ang lahat ng mga pamilya.
- Magtataguyod ng mga solusyong gamit ang sentido komun para wakasan na ang pagkakampo sa kalye at kawalan ng tahanan (homelessness).
- Magtatakda ng pagsasanay sa de-escalation (pagpapababa ng laki, lawak o intensidad) at independiyenteng pamamahala sa SFPD.

Kasama sa aking mga taga-suporta ang:
California Nurses Association
San Francisco Teachers
City College Faculty

Bernal Heights Democratic Club
Portola Neighborhood Democratic Club
Harvey Milk LGBT Democratic Club

Tagapangulo ng Partido Demokratiko ng California John Burton
Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi
Abugado ng Distrito George Gascon
Retiradong Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Superbisor John Avalos
Superbisor David Campos
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Norman Yee

www.hillaryronen.com

Hillary Ronen

MELISSA SAN MIGUEL

Ang aking trabaho ay Tagapagtaguyod ng Edukasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
IPINANGANAK ako AT LUMAKI SA MISSION at nakita ko kung paano itinuro sa akin ng aking mga migranteng magulang kung ano ang ibig sabihin ng masigasig na pagtatrabaho. Natutunan ko ang halaga ng suweldong ipinaglaban ng unyon at ang kapangyarihan ng mahusay na edukasyon.

Nagtapos ako sa LOWELL HIGH at naging valedictorian sa UC BERKELEY. Nakita ng sarili kong mga mata ang puwang sa mga oportunidad sa edukasyon, at nagkaroon ako ng pananagutan sa sarili na tanggalin ito. Inilaan ko ang aking propesyon sa pagsasaayos sa ating may lamat na sistemang pang-edukasyon upang matiyak na ang mga pamilya, gaya ng pamilyang kinalakhan ko, ay puwedeng magtagumpay sa San Francisco sa kasalukuyan.

Ikinararangal kong nakapaglingkod ako bilang TAPAGTAGUYOD NG EDUKASYON sa:
- DEPARTAMENTO NG EDUKASYON NG CALIFORNIA
- EDUCATION TRUST - WEST (KANLURAN)
- NATIONAL CENTER FOR YOUTH LAW (PAMBANSANG SENTRO PARA SA MGA BATAS UKOL SA KABATAAN)

Bilang TAGAPAGTAGUYOD NG EDUKASYON, nagtamo na ako ng mahahalagang RESULTA PARA SA MGA MAHIHIRAP NA BATA, kasama na ang:

- Pagtitiyak na mas maraming pera ang ipinagkakaloob sa mga estudyanteng mababa ang kita, mga kabataang foster (nasa pangangalaga ng estado), at mga English Learner (Mag-aaral ng Ingles) sa pamamagitan ng makasaysayang batas ng California para sa school funding bill (pagpopondo ng mga paaralan) noong 2013.
- Pagpapalawak ng mga serbisyo at suportang pang-edukasyon ng California sa 40,000 kabataang foster na dating hindi kuwalipikado.

Nagdulot ng maraming biyaya ang aking trabaho sa adbokasiya para sa mga bata, at ngayon, panahon na para palawakin pa ang laban na iyon para sa komunidad kung saan ako lumaki. Panahon na para sa isang lider na mula sa ating komunidad na ipaglalaban ang mga tao, hindi ang politika.

Ikararangal kong makuha ang inyong boto!

Melissa San Miguel
www.melissasanmiguel.com

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 11

KIM ALVARENGA

Ang aking trabaho ay Pampulitikang Direktor ng Unyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Itinutulak ang aking dedikasyon sa Distrito 11 ng personal na karanasan at malalalim na ugat. Pinalaki ako sa San Francisco ng walang-asawang ina, na nagtrabaho bilang kasambahay. Bilang produkto ng mga paaralan ng San Francisco, ako ang naging unang miyembro ng pamilya na nakapagtapos ng kolehiyo, at dahil dito, nasunod ko ang aking matinding pagnanais na itaguyod ang mga nagtatrabahong pamilya at mga komunidad na kulang sa representasyon. Ang Distrito 11 ang aking tahanan, at dito namin pinapalaki ng aking asawang si Linnette, ang aming anak na lalaki.

Karapat-dapat tayong lahat na tumira sa mga ligtas, malulusog, at mauunlad na mga komunidad, at tumanggap ng ating karampatang bahagi ng mga serbisyo ng lungsod. Ako ang independiyenteng boses na epektibong magtataguyod sa ating Distrito.

Kasama sa aking mga nagawa na ang:
- $15 minimum na sahod, mga garantisadong may bayad na pagliban sa mga araw na may sakit
- Paglaban sa mga hindi makatarungang foreclosure (pang-iilit) at pagpapalayas sa tahanan
- Pagsuporta sa maliliit na negosyo, responsableng pag-unlad ng ekonomiya
- Pagbibigay ng prayoridad sa ating mga parke, mga bukas na espasyo
- Pagliligtas sa City College
- Libreng matrikula sa City College
- Pagbibigay ng proteksiyon sa Healthy San Francisco

Kasama sa mga taga-suporta ang/si:

Amalgamated Transit Union Local 1555
American Federation of Teachers Local 2121
California Nurses Association
Harvey Milk LGBT Democratic Club
International Brotherhood of Electrical Workers Local 6
National Union Healthcare Workers
San Francisco Tenants Union
Sprinkler Fitters Local 483
SEIU Local 1021
United Educators of San Francisco
San Francisco Latino Democratic Club
Tagapangulo ng Partido California John Burton
Dating Mayor Art Agnos
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi
Superbisor John Avalos
Superbisor David Campos
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Superbisor Norman Yee
Presidente ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad Rafael Mandelman
Bise-Presidente ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad Thea Selby
Trustee ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad Brigitte Davila
Trustee ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad John Rizzo
Presidente ng Lupon ng Edukasyon ng San Francisco Matt Haney
Bise-Presidente ng Lupon ng Edukasyon ng San Francisco Shamann Walton
Komisyoner ng Lupon ng Edukasyon ng San Francisco Sandra Lee Fewer

Salamat sa pagbibigay sa akin ng inyong tiwala sa pamamagitan ng inyong boto. Sama-sama tayong tumindig para sa mga nagtatrabahong pamilya.

www.kimalvarenga.com.

Kim

MAGDALENA DE GUZMAN

Ang aking trabaho ay Edukador para sa Pag-aaral ng Iba't ibang Kultura.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nasa panahon tayo ng pagsasanib ng politika at ekonomiyang usapin sa eleksyong ito, at mahalagang magkaroon ang Distrito 11 ng karampatang bahagi nito ng 7 bilyong dolyar na budget ng lungsod at ng county.

Ang pangalan ko ay Magdalena De Guzman, at mayroon akong master's degree sa Multikultural na Edukasyon mula sa University of San Francisco. Kamakailan lamang ay tumanggap ako ng karangalang Fulbright sa programang Southeast Asian Studies (Araling Timog Silangang Asya) ng UC Berkeley.

Beteranang edukador na ako nang 23 taon sa SFUSD. Maraming taon na ang aking karanasan bilang halal na opisyal ng Executive Board (Tagapagpaganap na Lupon) ng ating lokal na unyon ng mga edukador. Dalawang beses na akong nahalal sa labor council (konseho ng paggawa) ng lungsod, at nahalal na ring delegado sa mga pang-estado at pambansang pagtitipon ng mga guro at edukador.

Sinasalamin ng mga lokal, pang-estado, at pambansang resolusyon ng mga unyon na ating isinusulat, pinagdedebatehan, at ipinapasa, ang ilan sa mga resolusyon ng gobyerno na tumatalakay sa mga usapin na naka-aapekto sa mga ordinaryong taong nasa sapat nang gulang at mga bata – mula sa pagkakapantay-pantay sa lipunan hanggang sa abot-kayang pabahay at higit pa rito.

Ihalal niyo ako at titindig ang Distrito 11 upang maging maganda, buhay, aktibo, ligtas, at makakalikasang distrito.

Magdalena De Guzman

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 11

BERTA HERNANDEZ

Ang aking trabaho ay Edukador para sa Kalusugang Pangkomunidad.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Panahon na para maghalal ng unang sosyalistang superbisor ng Distrito 11.

Sa loob ng maraming dekada, pinagsilbihan ng politikal na establisimyento ng San Francisco ang mga interes ng mga developer ng real estate, mga kompanya sa teknolohiya at malalaking bangko. Ni hindi na nagpapanggap ang mga kinatawan nito na may malasakit sila sa mga manggagawa, migrante, at mga taong may kulay na napipilitang umalis sa Lungsod dahil sa labis-labis na renta at epidemya ng pagpapalayas mula sa tahanan. Kailangan nating baligtarin ang gentripikasyon na naging sanhi para hindi na matirhan ang ating lungsod.

Nangangailangan ang mga problema ng kapitalismo ng mga solusyong sosyalista at mula sa uring manggagawa.

Bilang isang sosyalista, lalaban ako para:

- Buwisan ang malalaking negosyo na nasa downtown at nang mabayaran ang mga serbisyo para sa mga komunidad na hindi napagsisilbihan!
- Sa isang inihahalal na konseho ng komunidad na mamamahagi ng pondo at pamamahalaan ang Superbisor! Karapatan sa pagboto para sa mga non-citizens (hindi mamamayan), mga nasa kulungan, at kabataang may edad labing-apat pataas sa eleksyong munisipal!
- Mga agresibong hakbang para matiyak ang abot-kayang pabahay at tugunan ang homelessness (kawalan ng tahanan) sa makataong paraan!
- Malakihang paglalaan ng pera sa mga programang lalabanan ang mga ugat na dahilan ng maliliit na krimen! Palitan ang pulisya at departamento ng sheriff ng community arbitration of justice (paghatol ng komunidad para magkaroon ng katarungan)!
- Matigil na ang deportasyon at detensiyon ng mga walang papel na migrante! Walang taong ilegal!
- Mas kaunting kotse, mas maraming pampublikong transportasyon, mas maraming puno at harding pangkomunidad! Mga trabaho sa lungsod na may pasahod na ayon sa unyon, upang mapahusay ang ating imprastruktura sa paglaban sa mga pagbabago nang dahil sa klima!
- At marami pang iba!

May buong plataporma at impormasyon sa pagkontak sa https://bertahernandezforsupervisor2016.com

Berta Hernandez

FRANCISCO HERRERA

Ang aking trabaho ay Edukador / Musikero.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Ang pangalan ko ay Francisco Herrera, residente ng Excelsior, kung saan ikinalilibang namin ngayon ng aking asawa ang pagkakaroon ng mga apo, samantalang nagkakaloob ang aming mga nasa sapat nang gulang na mga anak ng serbisyo sa kabuuan ng lungsod. Ang aking mga trabaho: napahintulutan ako ng Musika at Edukasyon na makipagtrabaho sa mga pamilya sa mga komunidad na may mga pagkakaiba-iba dahil sa relihiyon, trabaho, at etnisidad. Sa loob ng 30 taon kong pagbibigay-serbisyo sa mga nagtatrabahong pamilya sa San Francisco, nakita kong pinahintulutan ng pamunuan ng lungsod ang pag-iwas sa buwis ng mga korporasyon, habang ang mga tao sa ating mga komunidad, hindi man inaasikaso, ay patuloy pa ring nagtratrabaho para sa isang malusog na lungsod para sa mga matatanda, edukasyon ng ating mga anak, ating mga parke, sining at kultura, mas mataas na sahod, at maayos na kondisyon sa trabaho. Kahit mayroon lamang maliit na budget at mga boluntaryong may dedikasyon, pumangalawa ako sa pagtakbo sa pagiging Mayor ng San Francisco, dahil may pananagutan akong magpasimula ng kilusan para sa lubusang paglahok ng ating mga komunidad sa city hall.

"LIVEABILITY (pagiging mainam para sa pamumuhay)" para sa mga nagtatrabahong pamilya sa distrito ang aking tunguhin. Ang ibig sabihin nito ay:
- Abot-kayang pabahay para sa lahat
- Pagpapalakas sa city college, pagsuporta sa edukasyong K-12, at mga programang after school
- May Kalidad na Kalusugan at Kaligtasan
- Mga Sahod na Sapat para Mabuhay - kaligtasan sa trabaho
- Pagpapalakas ng ating natatanging artistikong pamana
- Mga Ligtas na Parke

Isang piraso ng langit sa Distrito 11 – Kaya natin ito!!

May iba pang impormasyon tungkol sa People's Campaign (Kampanya ng Taumbayan) sa http://francisco4supe.org

Francisco Herrera

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 11

AHSHA SAFAI

Ang aking trabaho ay Tagapag-organisa ng mga Manggagawa.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nasa sangandaan na ang San Francisco. Itinataboy ng mga tumataas na gastusin ang mga residenteng matagal nang naninirahan dito. Kailangan ng ating mga nagtatrabahong pamilya ang isang lider na may napatunayan nang rekord ng pakikipaglaban para sa ating Distrito, ang nakalimutan nang bahagi ng San Francisco. Ikinararangal namin ng aking asawa na pinalalaki namin ang aming mga anak sa Excelsior, at kasama ng marami sa inyo na nakipaglaban nitong nakaraang 12 taon para:

- Protektahan ang Mission Childcare Consortium sa pagkawala ng lugar nito
- Pagbibigay ng bagong buhay sa Balboa Park
- Muling pagtatayo ng St. Luke's Hospital
- Paglimita sa pagdami ng mga Dispensaryo ng Medical Cannabis

Bilang City Planner (Tagaplano ng Lungsod), at ngayon, bilang tagapag-organisa ng mga Manggagawa para sa Mga Unyon ng mga Janitor at Teamsters – nakikita ng sarili kong mga mata kung gaano karaming pamilya ang naghihirap. Mahigit sa 20 unyon ng mga manggagawa ang nag-endorso sa akin dahil alam nilang may dedikasyon ako para sa isang higit na makatarungang San Francisco na mainam para sa lahat.

Kapag nahalal, titiyakin kong sa wakas, maririnig na ng City Hall ang ating mga pangangailangan, at may pananagutan ako para:

- Magtayo ng abot-kayang pabahay para sa mga nagtatrabahong pamilya
- Pagtiyak na malinis at ligtas ang ating mga komunidad
- Paglalaan ng pera para sa ating mga komersiyal na matataong lugar

Ikinararangal ko na may pag-endorso ako nina Kongresista Jackie Speier, Tenyente Gobernador Gavin Newsom, Senador ng Estado Mark Leno, Miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma, Miyembro ng Asembleya David Chiu, Miyembro ng Asembleya Phil Ting, Assessor/Recorder (Tagatasa/Tagatala) Carmen Chu, at libo-libong kapitbahay sa D11. Umaasa akong makuha ang inyong suporta.

www.ahshaforsupervisor.com

Ahsha Safaí

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 7

ZAKHARY MALLETT

Ang aking trabaho ay Direktor ng BART.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Magmula nang mahalal ako noong 2012, ako na ang naging konsiyensiya sa pananalapi sa Lupon ng BART sa pamamagitan ng pagtindig para sa publiko nang ayaw itong gawin ng iba pang Direktor. Ako ang nag-iisang boto laban sa kontrata sa paggawa noong 2013 matapos ang maraming welga ng mga manggagawa, na nagresulta sa ilang magagastos na probisyon, at nabigong tugunan ang marami pang iba. At dahil sa sistemang pagsisiksikan at mga kondisyong kawalan ng kalinisan na nagdala sa pinakamababang antas sa kasiyahan ng mga kostumer, patuloy at paulit-ulit ko nang ipinaglaban ang pamumuhunan sa mga serbisyong janitorial at pagpapanumbalik sa imprastruktura, sa halip na mga programa na nagkakahalaga ng milyon-milyong dolyar, walang kabuluhan, at hindi gaanong mahalaga.

Nag-awtor din ako at nakapagpasa na ng ating polisiya sa abot-kayang pabahay na nagtatakda ng hindi bababa sa 20% na abot-kayang mga unit sa mga residensiyal na gusali sa ating mga estasyon. Bukod rito, pinangunahan ko ang muling pagsusuri sa ating mga pamasahe at mga kasunduan sa pamasahe sa pagitan natin at ng iba pang ahensiya upang gawing higit na makatarungan ang mga ito – kapwa sa mga sumasakay sa BART at sa MUNI. Inaasahan kong maisulong pa ang inisyatibang ito sa kasunod na yugto sa susunod na taon.

Humaharap ang BART sa maraming hamon. Nangangailangan ang pagtugon sa mga ito ng kumplikadong pagkaunawa, propesyonal na kaalaman, at tapang na tumindig para sa publiko. Dahil sa aking rekord at karanasan sa pagpaplano sa transportasyon, ako lamang ang kandidato na may independensiya, mga kuwalipikasyon, at karanasan para sa posisyong ito.

Malugod akong humihingi ng apat pang taon bilang inyong Direktor ng BART.

Zakhary Mallett

LATEEFAH SIMON

Ang aking trabaho ay Direktor ng Foundation na Nonprofit.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Bilang legal na bulag at nagtatrabahong ina, umaasa ako sa BART araw-araw para pumunta sa trabaho at sunduin ang aking dalawang anak na babae. Naiintindihan ko ang kabiguang nararamdaman ng mga taong nagtatrabaho, matatanda at mga taong may kapansanan na umaasa sa BART, pero nakatali sa sistemang hindi gumagana kahit na laging may mga pangako na huhusay.

Mayroon akong plano na ipaayos ang BART at may ambisyosong agenda na gawin itong world-class (ipantay sa iba pang sistema sa mundo), habang responsable at may kabukasang pinamamahalaan ang pampublikong pondo – puwede ninyong mabasa ito sa www.lateefahforbart.com.

Bilang kandidato, tinatanggihan ko ang mga kontribusyon sa kampanya mula sa mga pribadong kontratista dahil naniniwala ako na kailangan natin ng mga independiyenteng boses sa Lupon ng BART na hindi mabibili ng mga grupong may mga espesyal na interes.

Sa loob ng dalawang dekada, napamunuan ko ang mga organisasyong nagsisilbi sa mga nagtatrabahong pamilya at mahihirap na komunidad sa Bay Area. Bilang Ehekutibong Direktor ng Center for Young Women's Development (Sentro para sa Pag-unlad ng mga Kabataang Kababaihan), ako ang naging pinakabatang babae na nakatanggap ng MacArthur "Genius" Award. Pagkatapos nito, pinamunuan ko ang paglikha ng unang dibisyon para sa muling pagpasok na nasa ilalim ng pamamahala ng Abugado ng Distrito, Kamala D. Harris. Ngayon, nagtatrabaho ako sa nonprofit na foundation na namumuhunan para suportahan ang pagbabago sa ating mga komunidad.

Handa na ako ngayon na baguhin ang umiiral na katayuan ng BART.

Ikararangal kong makuha ang inyong suporta.

Lateefah Simon

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 9

GWYNETH BORDEN

Ang aking trabaho ay Ehekutibong Direktor ng Nonprofit.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Nakapagtrabaho na ako sa mga pampubliko, pribado, at nonprofit na sektor at may mahigit sa 15 taong karanasan sa pagtataguyod at pamumuno ng transportasyon. Dahil namumuhay ako nang walang kotse, sumasakay ako sa BART at Muni araw-araw; naiintindihan ko ang mga hamon na hinaharap ng mga nagbibiyahe dahil sa ating tumatandang mga imprastruktura.

Habang naglilingkod sa Lupon ng Ahensiya ng Pangmunisipal na Transportasyon, itinakda ko ang polisya at direksiyon para sa MTA. Binigyan ako ng trabahong ito ng malalim na pag-unawa sa mga pangangailangan sa transportasyon ng rehiyon, at ng inspirasyon para ipaglaban ang higit na pamumuhunan sa batayang imprastruktura ng BART.

Bilang Ehekutibong Direktor ng Asosasyon ng mga Restawran sa Golden Gate, nakikipagtrabaho ako sa mga pampublikong ahensiya at pribadong kompanya na bumubuo sa komplikadong network ng transportasyon sa San Francisco, mula sa BART at Muni hanggang sa mga taksi at kompanya para sa mga pakikisakay.

Noong 2003, tumulong ako sa pag-awtor ng Panukala ng lungsod sa Buwis sa Pagbebenta para sa Transportasyon (Prop K), at ipinagmamalaki kong naging instrumental ako para maipasa ito. Ang Prop K ang nagbayad para sa mga pagpapahusay na nakikita ninyo sa mga kalye ng San Francisco noong huling dekada.

Kung mahahalal ako, pagtutuunan ko ang pagpapahusay ng batayang imprastruktura ng BART, gagawing higit na bago ang teknolohiya nito para mas mahusay itong gumana, at pagtutuunan ang paggawa ng mga pagpapahusay na sumasalamin sa pangangailangan sa trabaho at pabahay.

Gwyneth Borden

BEVAN DUFTY

Ang aking trabaho ay Dating Miyembro, Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Sa kabuuan ng aking 40 taong karera sa serbisyo publiko, naipagmamalaki ko na nabigyan ko ng solusyon ang mahihirap na problema, na malalaki at maliliit. Tumatakbo ako para sa Lupon ng BART upang gumana ang BART para sa San Francisco at sa kabuuan ng Bay Area.

Dala ko ang deka-dekadang karanasan at mga napagtagumpayan sa polisiya sa transportasyon, simula noong isa pa lamang akong batang Congressional aide na nagtatrabaho para sa pagsasabatas ng pangmasang transportasyon, at tumutulong sa pagpapanumbalik ng mga tren sa Los Angeles.

Bilang Superbisor ng San Francisco, ginawa kong pangunahing prayoridad ang transportasyon. Tumulong ako sa pagkuha ng $4.4 milyon para sa mga pagpapahusay ng Glen Park BART Station.

At, nang naging tuloy-tuloy ang pagrereklamo ng mga taga-San Francisco sa serbisyo sa J-Church, itinulak ko ang audit na nagbunga ng Transit Effectiveness Project (Proyekto ukol sa Pagiging Epektibo ng Pagbibiyahe) – na gumawa ng ebalwasyon at lubusang nagpabago sa serbisyo ng Muni sa unang pagkakataon sa isang henerasyon.

Mayroon akong malalim na pagkaunawa sa mga hamon sa BART, at sa halos lahat ng aspeto ng mga operasyon, kasama na ang pondong pederal, pagpaplano sa transportasyon at pagsasabatas.

Lagi akong gumagamit ng pamamaraan sa gobyerno na praktikal at may pakikipagtulungan sa iba. Bilang Direktor ng BART, makikinig ako sa publiko at kokonekta sa mga sumasakay at empleyado, at ipagsasama-sama ko ang mga mamamayan para malutas ang mga problemang kagaya ng pagkamaaasahan, kaligtasan at kalinisan sa mga estasyon at tren, habang tinutulungan ang mga nangangailangan.

Ikinararangal kong makuha ang inyong boto.

www.BevanDufty.com

Bevan Dufty

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pahayag gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

Mga Pahina ng mga Buod at Argumento, Legal na Teksto

Kasama sa pamplet na ito ang sumusunod na impormasyon para sa bawat lokal na panukalang-batas sa balota:

- Walang kinikilingang buod, o digest, na ginawa ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota
- Pahayag ng City Controller tungkol sa epekto sa pananalapi o gastos ng bawat panukalang-batas
- Pahayag tungkol sa pagiging karapat-dapat ng panukalang-batas na mailagay sa balota
- Mga argumentong pabor o laban sa bawat panukalang-batas
- Ang legal na teksto para sa lahat ng lokal na panukalang-batas sa balota ay nasa bersiyong Ingles ng pamplet na ito.

Mga Argumento ng mga May-Panukala at ng mga Katunggali

Para sa bawat panukalang-batas, isang argumento na pabor sa panukalang-batas (argumento ng may-panukala) at isang argumento na laban sa panukalang-batas (argumento ng katunggali) ang nakalimbag sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante nang walang bayad.

Ang mga tawag na "argumento ng may-panukala" at "argumento ng katunggali" ay nagpapakita lamang na ang mga argumento ay pinili ayon sa pamantayan sa ibaba *(San Francisco Municipal Elections Code, Section 545)* at nilimbag nang walang bayad.

Pagpili ng Mga Argumento ng May-Panukala at ng Katunggali

Pinipili ang mga argumento ng may-panukala at ang argumento ng katunggali batay sa sumusunod na mga prayoridad:

Argumento ng May-Panukala	Argumento ng Katunggali
1 Ang opisyal na may-panukala ng petisyon para sa inisyatiba; o ang Mayor, ang Lupon ng mga Superbisor, o apat o mahigit pang miyembro ng Lupon, kung ang panukalang-batas ay isinumite nito.	1 Kapag referendum, ang taong nagsumite ng petisyon para sa referendum sa Lupon ng mga Superbisor.
2 Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.	2 Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.
3 Ang Mayor.	3 Ang Mayor.
4 Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.	4 Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.

Sagot sa Argumento

Ang may-akda ng argumento ng may-panukala o ng argumento ng katunggali ay maaari ding gumawa at magsumite ng sagot sa argumento, o ng sagot, na ililimbag nang walang bayad. Nakalimbag ang mga sagot sa argumento sa ibaba ng kaugnay na argumento ng may-panukala at ng argumento ng katunggali.

May Bayad na mga Argumento

Bukod pa sa mga argumento ng may-panukala, argumento ng mga katunggali, at mga sagot, na inililimbag nang walang bayad, maaaring magsumite ng mga may bayad na mga argumento ang sinumang karapat-dapat na botante, grupo ng mga botante, o mga asosasyon.

Hindi kasama sa pamplet na ito ang mga may bayad na argumento na pabor o laban sa bawat panukalang-batas na nasa balota. Kung gusto ninyong makita ang mga may bayad na mga argumento na naisalin na sa Filipino, tingnan ang *voterguide .sfelections.org* o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Lahat ng mga argumento ay ganap na opinyon ng mga may-akda. Inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type o paglilimbag, spelling, o grammar. Hindi ito sinusuri para sa kawastuhan ng Direktor ng mga Eleksyon o ng anumang ibang ahensiya, opisyal o empleyado ng Lungsod.

Mga Salitang Kailangan Ninyong Malaman

Isinulat ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

311 na Linya para sa Serbisyong Pang-kostumer (Proposisyon H): Ang numero ng telepono na puwedeng magamit ng publiko para kontakin ang Lungsod tungkol sa mga bagay na hindi pang-emergency at kaugnay ng mga serbisyo ng Lungsod, kagaya ng pag-aalis ng graffiti, pagkukumpuni ng lubak, mga ilegal na karatula, paglilinis ng kalye at ilegal na pagtatapon.

Abot-kayang Pabahay (Mga Proposisyon C, M, P, U, X): Mga residensiyal na unit na abot-kaya ng mga kabahayan na ang kinikita ay nakapaloob sa isang tiyak na saklaw ng mga kita (income range).

Area Median Income (Panggitnang Halaga ng Kita sa Pook) (Proposisyon U): Antas ng kita batay sa lahat ng mga kita na sa loob ng San Francisco kinita. Kalahati ng lahat ng mga sambahayan ay may kita na mas mataas sa antas na ito at kalahati ay may kita na mas mababa rito.

Awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit (Proposisyon X): Ipinagkakaloob na awtorisasyon ng Komisyon sa Pagpaplano para palitan ang gamit ng ari-arian. Puwedeng magbigay ang Komisyon sa Pagpaplano ng awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit kapag may mga napag-alaman ito, halimbawa, kung kinakailangan o kanais-nais ang bagong paggamit, o kung naaayon ito sa kapitbahayan o sa komunidad. Puwedeng i-apela ang awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit sa Lupon ng mga Superbisor.

Estasyon ng SFMTA (Proposisyon J): Anumang lugar kung saan sumasakay o bumababa ang mga pasahero sa sasakyang Muni, kasama na ang mga platform, sakayan ng bus, o estasyon ng Muni Metro.

Ethics Commission (Komisyon ng Etika) (Proposisyon T): Komisyon na may limang miyembro na may tungkuling mangasiwa, magpaliwanag at magpatupad ng mga batas sa etika ng Lungsod, kabilang ang mga batas na namamahala ng mga kontribusyon sa kampanya, mga salungatan ng interes, mga lobbyist, mga consultant sa kampanya, whistleblower (mga nagsusumbong), pampublikong mga rekord, at mga pampublikong pagpupulong.

General obligation bond (Mga Proposisyon A, C): Pangakong ibinibigay ng gobyerno para bayaran ang inutang na pera, na kasama ang interest, sa tiyak na petsa. Mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad ng gobyerno sa pera, na kasama ang interest. Kailangang aprubahan ng mga botante ang mga panukala tungkol sa general obligation bond.

Imprastrukturang Pantransportasyon (Proposisyon J): Ang network ng transportasyon, kasama na, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga sasakyan, riles, linya sa itaas, pantrapikong hudyat, estasyong pantransportasyon, pedestrian curb extension (pampalaki sa bangketa para sa mga naglalakad), locker para sa mga bisikleta at lahat ng mga pasilidad ng San Francisco Municipal Transportation Agency.

Inisyatiba (Mga Proposisyon O, P, S, U): Isang proposisyong inilagay sa balota ng mga botante. Maaaring maglagay ng inisyatiba sa balota ang sinumang botante sa pamamagitan ng pagtitipon ng kinakailangang bilang ng mga pirma ng mga nakarehistrong botante sa isang petisyon.

Karanasan sa sining (Proposisyon S): Mga palabas, pagtitipon, programang pang-edukasyon, eksibisyon, art walk, at pista, na puwedeng mapanood, malahukan o madaluhan ng publiko, at kung saan pangunahing bahagi ang sining at kultura.

Komunidad na umaasa sa pampublikong transportasyon (Proposisyon J): Mga komunidad na mababa ang kita at lubusang umaasa sa pampublikong transportasyon para makapunta sa trabaho, paaralan, mga doktor, tindahan, o kung hindi man, makapagbiyahe sa Lungsod.

Kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato: Taong nakakumpleto ng mga dokumento at pirmang kailangan para maisali bilang kandidato na isinusulat lamang ang pangalan. Bagamat hindi lilitaw ang pangalan ng taong ito sa balota, maaaring iboto ng mga botante ang taong ito sa pamamagitan ng pagsulat ng kanyang pangalan sa espasyo sa balota na inilaan para sa mga isinusulat-lamang na boto at sa pagsunod sa espesipikong mga instruksiyon sa balota. Iyon lamang mga botong isinusulat-lamang para sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato ang binibilang ng Departamento ng mga Eleksyon.

Legal na kinikilalang tagapangalaga (Proposisyon N): Isang tao na hindi bababa sa edad 18, may responsibilidad para sa batang menor de edad, at kumukumpleto sa form para ipa-enroll ang menor de edad sa paaralan at pumapayag sa pangangalagang medikal kaugnay ng paaralan sa ngalan ng menor de edad.

Legal na tagapatnubay (Proposisyon N): Isang tao na may legal na awtoridad na pangalagaan ang personal na interes at/o interes ng mga pag-aari ng ibang tao.

Lokal na mga kandidato (Proposisyon F): Mga kandidato para sa mga lokal na katungkulan, kasama na ang Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Abugado ng Lungsod, Abugado ng Distrito, Ingat-Yaman, Sheriff, Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala), Pampublikong Tagapagtanggol, Lupon ng Edukasyon ng San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco), at Lupong Tagapamahala ng San Francisco Community College District (Pandistritong Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco).

Mabuti sa kapaligiran (Proposisyon A): Itinataguyod ang pangmatagalang kapakanan ng kapaligiran.

Makinang naglalabas ng inumin (Proposisyon V): De-makinang kagamitan na naghahalo ng pampatamis o powder sa likido para gumawa ng mga inumin. Isang halimbawa ang makinang soda fountain na kagaya ng nakikita sa mga fast food na restawran.

Navigation Center (Mga Proposisyon J, Q): Pansamantalang pabahay na pasilidad na tumutulong sa mga homeless (walang tahanan) na indibidwal sa transisyon tungo sa permanenteng pabahay sa pamamagitan ng pagkakaloob ng matitirhan at iba't ibang serbisyo, kasama na ang mga case manager (tagapamahala ng kaso), na kumokonekta sa mga residente sa matatag na kita, mga pampublikong benepisyo at permanenteng pabahay. Noong Hulyo 1, 2016, ipinasa ng Lupon ng mga Superbisor ang batas na nagtatakda sa Lungsod na magbukas ng anim na Navigation Center sa loob ng dalawang taon, kasama na ang tatlo sa loob ng unang 12 buwan.

Ordinansa (Mga Proposisyon K, O–X): Lokal na batas na ipinasa ng Lupon ng mga Superbisor o ng mga botante.

Pabahay na bukas sa lahat (Proposisyon M): Programa ng Lungsod na nagtatakda sa pangkalahatan sa mga developer ng pabahay na market-rate (nakabatay ang presyo sa itinatakda ng merkado) at may 10 unit o higit pa na magkaloob ng abot-kayang pabahay. Puwedeng matugunan ng developer ang ganitong pangangailangan sa pamamagitan ng isa sa tatlong paraan: 1) pagbabayad ng singil para sa abot-kayang pabahay; 2) pagtatayo ng abot-kayang pabahay na wala sa lugar mismo; 3) pagtatayo ng abot-kayang pabahay sa lugar mismo.

Pabahay na pinatatakbo ng Lungsod (Proposisyon Q): Mga shelter, transisyonal na pabahay, at permanenteng pabahay na pinatatakbo ng Lungsod o ng mga ikatlong partido sa pamamagitan ng pakikipagkontrata sa Lungsod.

Pag-Amyenda sa Charter (Mga Proposisyon D–J, L–N): Pagbabago sa Charter ng Lungsod. Ang Charter ang Konstitusyon ng Lungsod. Maaari lamang mabago ang Charter sa pamamagitan ng boto ng mayorya.

Pagpapahusay para sa lindol (Mga Proposisyon A, C): Pagpapahusay o paggawa ng mga pagbabago sa istruktura para protektahan ito mula sa posibleng pinsala bunga ng lindol.

Pangangasiwa (Mga Proposisyon A, B, G, I, M): Mga gawain sa pagsubaybay para matiyak na ang mga layunin ng isang programa ay nasusunod.

Pangkalahatang Pondo (Mga Proposisyon E, I–K, S, W): Ang bahagi ng taunang budget ng Lungsod na maaaring gamitin para sa anumang layunin ng Lungsod. Taon-taon, nagdedesisyon ang Mayor at ang Lupon ng mga Superbisor kung paano gagamitin ang Pangkalahatang Pondo. Nanggagaling ang pera para sa Pangkalahatang Pondo sa mga ari-arian, negosyo, pagbebenta, at iba pang buwis at singil.

Parcel Tax (Mga Proposisyon A, B): Batas na nakabase sa flat fee para sa bawat unit ng ari-arian na nakatatanggap ng hiwalay na singil sa buwis.

Probisyonal na balota (Mga Madalas na Katanungan): Balotang ibinoto sa lugar ng botohan na hindi bibilangin hangga't hindi nabeberipika ng Departamento ng mga Eleksyon ang pagiging karapat-dapat ng botante na bumoto.

Proposisyon M (Proposisyon O): Inisyatibang ordinansa na ipinasa ng mga botante noong 1986 na inamyendahan ang Kodigo sa Pagpaplano upang limitahan ang laki ng espasyong pang-opisina na awtorisado para sa development sa nakatakdang taon. May makukuhang kabuuang laki na 950,000 square feet (kuwadradong talampakan) para sa alokasyon kada taon, pero magagamit bilang posibleng alokasyon sa mga susunod pang taon ang anumang bahagi ng cap amount (pinakamalaking pinahihintulutan) na hindi magamit sa taon kung saan ito nakalaan. Sa lahat ng panahon, pinamamahalaan ng Departamento sa Pagpaplano ang listahan ng mga alokasyong isinagawa ng Proposisyon M para sa bawat pang-opisinang development na aprubado ng Lungsod at kung gaano karaming square footage ang natitira pang puwedeng magamit para sa karagdang alokasyon sa ilalim ng Proposisyon M.

San Francisco County Public Finance Authority (Awtoridad sa Pampublikong Pinansiya ng San Francisco County) (Proposisyon K): Ipinahihintulot ng mga batas ng estado ang paglikha ng mga lokal na awtoridad para sa pampublikong pinansiya upang magpataw ng mga buwis na pambayad sa pagpigil sa pag-aabuso sa droga, pagpigil sa krimen, mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan o pampublikong edukasyon. Noong 1993, ipinanukala ng San Francisco County Public Finance Authority—at inaprubahan ng mga botante—ang isang ordinansang nagtatakda ng 0.25% lokal na buwis sa pagbebenta upang magkaloob ng pondo para sa San Francisco Unified School District at San Francisco Community College District.

San Francisco County Transportation Authority (Awtoridad sa Transportasyon ng San Francisco County, CTA) (Mga Proposisyon J, K): Isang pampublikong ahensiya ang Awtoridad sa Transportasyon na hiwalay sa Lungsod, bagamat naglilingkod ang 11 miyembro ng Lupon ng mga Superbisor bilang mga miyembro ng namamahalang lupon ng Awtoridad. Ginagamit ng Awtoridad sa Transportasyon ang bahagi ng pera mula sa buwis sa pagbebenta (sales tax) para bayaran ang mga proyekto sa transportasyon na aprubado ng mga botante.

San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) (Mga Proposisyon A, E, N): Ang sistema ng mga pampublikong paaralan ng Lungsod para sa kindergarten hanggang ika-12 grado. Pinamamahalaan ang distrito ng inihahalal na Lupon ng Edukasyon na may pitong miyembro.

Set-aside (Mga Proposisyon E, I): Nagtatakda ng espesipikong halaga ng pondo mula sa mga buwis sa ari-arian o sa iba pang pangkalahatang kita ng Lungsod para sa isang partikular na layunin. Tinatanggal nito ang diskresyon ng Mayor at ng Lupon ng mga Superbisor kung paano gagamitin ng Lungsod ang mga pondo.

Tanggapan ng Abugado ng Lungsod (Proposisyon H): Nagkakaloob ng mga serbisyong legal sa Mayor, Lupon ng mga Superbisor at iba pang inihahalal na opisyal, pati na rin sa humigit-kumulang 100 departamento, mga lupon, komisyon at tanggapan sa Lungsod. Puwedeng tumawag ang mga tao para magrehistro ng mga reklamo. Ang Tanggapan ng Abugado ng Lungsod ang humahawak sa mga usaping sibil; ang Tanggapan ng Abugado ng Distrito at ang Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol ang humahawak sa mga usaping kriminal.

Transisyonal na Pabahay (Proposisyon J): Isang uri ng pabahay na tumutulong sa transisyon ng mga homeless na indibidwal at pamilya mula sa buhay sa lansangan, o pang-emergency na crisis shelter tungo sa permanenteng pabahay. Sa pangkalahatan, puwedeng manatili ang mga taong nakatira sa transisyonal na pabahay nang anim na buwan hanggang sa dalawang taon. Nag-aalok sa pangkalahatan ang mga pasilidad para sa transisyonal na pabahay ng pagsasanay at pagpupuwesto sa trabaho, pagpapayo kaugnay sa pang-aabuso sa alak at droga, mga klase sa pagiging magulang, at mga serbisyo sa pangangalaga ng bata para sa kanilang mga kliyente. Isang uri ng transisyonal na pabahay ang mga Navigation Center.

Vote-by-mail na mga balota: Mga balotang ipinadadala sa mga botante sa pamamagitan ng mail o ibinibigay nang personal sa mga botante sa Departamento ng mga Eleksyon. Maaaring ipadala sa mail ang mga vote-by-mail na balota sa Departamento ng mga Eleksyon, dalhin at isumite sa tanggapan ng Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, o dalhin at isumite sa anumang lugar ng botohan sa San Francisco sa Araw ng Eleksyon. Tinatawag din bilang mga absentee ballot.

Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco

Ano ang Bond Financing (Pamumuhunan sa pamamagitan ng mga bond)?

Ang bond financing ay isang uri ng pangmatagalang-panahon na pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa mga proyekto. Tumatanggap ng pera ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga namumuhunan. Kailangang bayaran ng Lungsod ang halagang inutang at ang tubo sa mga namumuhunang iyon. Ang perang nalikom mula sa pagbebenta ng mga bond ay ginagamit na pambayad para sa malalaking proyektong nangangailangan ng malaking kapital tulad ng mga estasyon ng mga bombero at pulis, programa ng abot-kayang pabahay, paaralan, aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Ginagamit ng Lungsod ang bond financing sapagkat tatagal ang mga gusaling ito nang maraming taon at mahirap bayaran nang isang bagsakan ang malaking halaga sa dolyar na ginagastos para sa mga ito.

Uri ng mga Bond. Mayroong dalawang pangunahing uri ng mga bond – General Obligation at Revenue.

Ang mga **General Obligation Bond** (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon) ay ginagamit na pambayad sa mga proyektong nakabubuti sa mga mamamayan ngunit hindi kumikita (halimbawa, hindi itinatayo ang mga estasyon ng pulis o ang mga parke na may kakayahang mismong magbayad sa mga pagkakautang). Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga general obligation bond, mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad sa mga ito. Kailangang aprubado ang mga general obligation bond na ilalabas ng Lungsod ng two-thirds (dalawang-katlo) ng mga botante.

Ang mga **Revenue Bond** (Bond na Kumikita) ay ginagamit na pambayad sa mga proyekto tulad ng mahahalagang pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng patubig, garahe o iba pang malalaking pasilidad na kumikita. Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga revenue bond, ang mga ipinambabayad sa mga ito ay karaniwang mula sa mga kinita ng mga proyektong pinamuhunanan ng bond, halimbawa, mga singil sa paggamit o singil sa paradahan. Dapat aprubahan ang mga revenue bond ng Lungsod ng boto ng mayorya. Walang revenue bond sa balotang ito.

Magkano ang Nagagasta sa Pag-utang?

Nakabatay ang gastos ng Lungsod sa pag-utang ng pera sa halagang inutang, halaga ng tubo sa utang, at bilang ng mga taon kung kailan mababayaran ang utang. Ang malaking utang ay kadalasang nababayaran sa loob ng 10 hanggang 35 taon. Ipagpalagay na ang karaniwang halaga ng tubo ay 6%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang na $1.73 para sa bawat dolyar na inutang — $1 para sa dolyar na inutang at 73 sentimos para sa tubo. Gayon pa man, unti-unti ang pagbabayad nito sa loob ng 20 taon. Kung gayon, pinabababa ng inflation ang tunay na gastos ng pangungutang dahil mas murang dolyar ang gagamiting pambayad sa hinaharap. Ipagpalagay na ang taunang halaga ng inflation ay 4%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa dolyar ngayon ay humigit-kumulang na $1.18 para sa bawat $1 na inutang.

Ang Kasalukuyang Sitwasyon ng Pagkakautang ng Lungsod

Mga Bayad sa Utang. Sa piskal na taong 2016–2017, magbabayad ang mga nagbabayad ng buwis sa mga ari-arian sa Lungsod ng humigit-kumulang na $411 milyon ng prinsipal at tubo para sa hindi pa nababayarang mga bond ng Lungsod at para sa iba pang naglabas ng mga kautangang general obligation bond (ang mga ito ang San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District, at Bay Area Rapid Transit District). Upang maglaan ng para sa utang at sa mga espesyal na pangangailangan ng pondong inutang, ang buwis sa mga ari-arian para sa taon ay magiging 17.59 sentimos para sa bawat $100 ng natasang halaga, o $1,043 sa bahay na may natasang halaga na $600,000.

Limitasyong Itinakda ng Batas sa Utang. Ipinag-uutos ng Charter ng Lungsod na magkaroon ng limitasyon sa halaga ng mga general obligation bond na hindi pa nababayaran ng Lungsod sa anumang takdang panahon. Ang limitasyong ito ay 3% ng natasang halaga ng nababuwisang ari-arian sa Lungsod — o sa kasalukuyan, humigit-kumulang na $6.35 bilyon. Ang mga botante ang nagbibigay sa Lungsod ng *awtorisasyon* na maglabas ng mga bond. Itinuturing ang mga bond na nailabas na at hindi pa nababayaran na *hindi pa bayad*. Nitong Agosto 1, 2016, mayroon nang $2.011 bilyon na hindi pa bayad na mga general obligation bond, na katumbas ng 0.95% ng natasang halaga ng mga nabubuwisang ari-arian. Mayroon pang karagdagang $1.62 bilyon na mga bond na *nabigyan na ng awtorisasyon ngunit hindi pa inilalabas*. Kung inilabas ang mga

bond na ito at hindi pa nababayaran, ang kabuuang halaga ng pasaning utang ay 1.71% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Hindi nakadaragdag sa halaga ng pasaning utang ng Lungsod ang mga bond na inilabas ng School District at ng Community College District at ng Bay Area Rapid Transit District (BART) bilang layon sa mga limitasyong itinatakda ng Charter, ngunit ang mga buwis sa ari-arian (tingnan ang Matipid na Pamamahala ng Utang na nasa ibaba) ang ipinambabayad sa mga ito. Bahagi ng kasalukuyang polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang paglalabas ng mga bagong general obligation bond habang iniuurong na sa sirkulasyon ang mga luma, at pinananatiling halos magkakapareho lang ang halaga ng mga buwis sa ari-arian mula sa mga general obligation bond sa paglipas ng panahon. Ipinatutupad ang polisiyang ito sa mga bond ng Lungsod at County, pero hindi sa iba pang pamahalaan, kagaya ng School District (Distritong Pampaaralan), BART, o City College District (Distrito ng Kolehiyo ng Lungsod).

Masinop na Pamamahala ng Utang. Kahit na alinsunod sa legal na limitasyon para sa mga utang ang ginawang pagpapalabas ng Lungsod sa mga general obligation bond, mayroon pang ibang paghahambing sa utang na ginagamit ang mga bond rating agency (ahensiyang nag-uuri ng bond) kapag tinitingnan nila ang kalusugan sa pinansiya ng Lungsod. Tinitingnan ng ganitong mga ahensiya ang maraming uri ng lokal at rehiyonal na utang na nakasalalay sa pinagbabatayan ng buwis ng Lungsod, at kasama rito ang ating mga general obligation bond, mga lease revenue bond (mga bond na ginagarantiyahan ng bayad sa upa sa pasilidad kung saan namuhunan ang bond), certificates of participation (uri ng pamumuhunan kung saan binibili ng namumuhunan ang bahagi ng kita mula sa upa sa halip na ang bond na ginagarantiyahan ng mga kitang iyon), mga special assessment bond (espesyal na uri ng bond na nagpopondo sa proyekto ng development na binabayaran ng mga buwis na ipinapataw sa komunidad na nakikinabang sa proyekto), mga bond ng BART at ng distrito ng paaralan at ng community college. Ang "direct debt ratio (proporsiyon ng utang kung ihahambing sa mga pag-aari)," na isinasama ang direct debt (kabuuang halaga ng mga general obligation bond), at ang iba pang pangmatagalang-panahon na obligasyon at hindi isinasama ang mga special assessment bond, mga bond ng BART at ng distritong pampaaralan at distrito ng community college, ay katumbas ng 1.47% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Itinuturing ang direct debt ratio na ito na isang "katamtamang" pasanin utang kung ikukumpara sa laki ng pinagbabatayan ng buwis sa San Francisco para sa mga ari-arian. **Bagamat nakapaloob ang ratio na ito sa mga katulad na pamantayan, kailangang patuloy na magtakdaang Lungsod ng mga prayoridad para sa utang sa hinaharap, at nang patuloy na mapanatili ang magagandang credit rating na, pagkatapos, ay nagiging pananda ng mabuting kalusugan sa pananalapi.**

Pangangasiwa ng Mamamayan sa mga General Obligation Bond

Kailangang aprubahan ng mga botante ang layunin at ang halaga ng perang uutangin sa pamamagitan ng mga bond. Ang perang galing sa bond ay maaaring gastusin para sa mga layunin lamang na inaprubahan ng mga botante.

Para sa mga general obligation bond na ipinalalabas ng Lungsod ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng mga Mamamayang Tagapangasiwa ng General Obligation Bond) kung paano ginagasta ang perang galing sa bond. Ang siyam na miyembro ng Komite ay hinihirang ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury. Kapag natuklasan ng Komite na ginasta ang perang galing sa bond para sa mga layuning hindi pinagtibay ng mga botante, maaaring mag-utos ang Komite ng aksiyon ng pagwawasto at ipagbawal ang pagbebenta ng anumang awtorisado ngunit hindi pa ipinalalabas na mga bond, habang isinagawa ang natukoy na aksiyon. Maaaring ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Supervisor ang mga desisyon ng komite sa pamamagitan ng two-thirds ng boto. Maaaring i-audit ng Controller ang anumang pinagkagastusan ng Lungsod ng perang galing sa bond.

Isinulat ni *Ben Rosenfield*, Controller

A Mga Pampaaralang Bond

Para makumpuni at maipaayos ang mga pasilidad ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) at matugunan ang kasalukuyang mga pamantayan sa pagkakaroon ng access, kalusugan, kaligtasan sa lindol, at instruksiyon, mapalitan ang mga luma nang mga tubo ng tubig, sistemang elektrikal, HVAC, at mga pangunahing sistema ng gusali, maipaayos ang mga lumang silid-aralan at pasilidad para sa pagsasanay, maipatayo ang mga pasilidad ng paaralan at mapalitan ang matatanda nang modular na silid-aralan, mapahusay ang mga sistema sa teknolohiyang pang-impormasyon, at sa paghahanda para sa mga serbisyo sa pagpapakain, dapat bang maglabas ang San Francisco Unified School District ng mga bond sa halagang hindi lalampas sa $744,250,000 na may legal na mga rate (tubong porsiyento), may taunang audit, at pangangasiwa ng mga mamamayan?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Itinatayo, pinangangalagaan, pinahuhusay at kinukumpuni ng San Francisco Unified School District (School District) ang mga pasilidad nito. Pangunahing pinagmumulan ng pondo ang mga panukalang batas para sa mga bond na naaprubahan na ng mga botante, mga lokal na parcel tax (buwis sa ari-arian), at mga singil sa developer. Pinamamahalaan ng Lupon ng Edukasyon ang School District at nagtatalaga ng superintendente ng mga paaralan, na may responsibilidad para sa pang-araw-araw na administrasyon ng distrito.

Sa ilalim ng batas ng Estado, bago makapaglabas ang isang school district ng mga general obligation bond (utang ng estado o lokal na gobyerno) kailangan munang mabigyan ang mga botante ng listahan ng mga pasilidad ng paaralan na makikinabang mula sa pondo ng mga bond na iyon. Itinatakda rin ng batas ng estado na lumikha ang mga school district na maglalabas ng mga bond ng independiyenteng citizens' oversight committee (komite para sa pangangasiwa ng mga mamamayan), at magsagawa ng taunan at independiyenteng audit. Hinahadlangan ng batas ng estado ang mga distritong pampaaralan sa paggamit sa pondo ng mga bond para sa suweldo ng mga guro at administrador o para sa mga gastusin sa pagpapatakbo ng mga paaralan.

Ang Mungkahi: Bibigyan ng awtorisasyon ng Proposisyon A ang School District na umutang ng hanggang sa $744,250,000 sa pamamagitan ng paglalabas ng mga general obligation bond. Puwedeng magamit ang mga pondong ito sa pagpapakumpuni at pagpapahusay ng anumang paaralan sa School District upang:

- maharap ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan sa pamamagitan ng mga pagpapahusay bilang paghahanda sa lindol, pagpapabuti ng mga daraanan ng mga taong may kapansanan, pagkukumpuni ng mga nasirang gusali, at pagtatanggal ng mga mapanganib na materyales;
- maipatayo ang mga bagong paaralan;
- makumpuni at mapalitan ang mga pangunahing sistema ng mga gusali, kasama na ang mga sistema para sa kuryente, pagpapainit, tubig, sewer (imburnal), pag-iilaw, seguridad, at sprinkler sakaling magkasunog;
- mabago ang loob ng mga gusali, kagaya ng mga silid-aralan, at mga nasa labas, kagaya ng mga palaruan, bakuran at mga gate (tarangkahan), fields (malalawak na espasyo) at bleachers (bangko), at landscaping (pag-aayos ng mga puno at halaman sa kapaligiran);
- madagdagan o mapalawak ang mga nariyan nang silid-aralan o gusali ng paaralan, at maisagawa ang mga pagpapahusay sa teknolohiya;
- maipatayo o mapaganda ang mga administratibo o pang-atletikong lugar na ginagamit ng lahat, kagaya ng mga kusina, teatro, auditorium, gymnasium, locker room, at opisina;
- mapalitan ang mga pansamantalang pasilidad na ginagamit bilang silid-aralan tungo sa mga permanenteng istruktura;
- maisama ang disenyong mabuti sa kapaligiran sa mga panlabas na lugar sa ilang paaralan; at
- maisagawa ang iba pang trabaho na kinakailangan para makasunod sa mga nauukol na kodigo o regulasyon.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 55% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Puwedeng gumamit ang School District ng hanggang sa $100 milyon ng pondo ng mga bond para sa pagpapaganda o pagtatayo ng mga silid-aralan, espasyo para sa pag-eensayo o pagpapalabas ng District Arts Center, kasama na ang pagkakaroon ng bagong lokasyon ng Ruth Asawa School of the Arts. Puwede ring gumamit ang School District ng hanggang sa $5 milyon para pondohan ang konstruksiyon ng pabahay na mas mababa sa market rate (presyong itinatakda ng merkado) para sa mga guro at iba pang propesyonal sa edukasyon.

Lilikha ang School District ng independiyenteng citizens' oversight committee para iulat sa publiko ang tungkol sa paggamit sa pondo ng mga bond. Magsasagawa rin ang Lupon ng Edukasyon ng taunan at independiyenteng audit ukol sa paggamit ng pondo ng mga bond na ito.

Bibigyan ng awtorisasyon ng Proposisyon A ang pagtaas ng buwis sa mga ari-arian para mabayaran ang principal at interest ng mga bond. Itinatakda ng panukalang batas na ito ang pagkakaroon ng 55% na pag-abruba mula sa mga boto.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong maglabas ang School District ng hanggang sa $744,250,000 ng mga general obligation bond para pagandahin, kumpunihin at paghusayin pa ang mga paaralan ng School District, at magtayo ng mga bagong pampaaralang pasilidad.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong maglabas ang School District ng mga bond na ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "A"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Kapag binigyan ng awtorisasyon ang iminumungkahing $744.25 milyon na mga bond at ibinenta ang mga ito batay sa mga kasalukuyang pinaniniwalaan, ang mga tinatayang gastusin ay ang mga sumusunod:

- Sa piskal na taong (FY) 2017–2018, kasunod ng paglabas ng unang serye ng mga bond, at ang taon na may pinakamababang porsiyento ng buwis, ang pinakamaganda nang pagtataya ng kinakailangang buwis para pondohan ang bond na ito ay magreresulta ng porsiyento ng buwis sa ari-arian na $0.0099 kada $100 ($9.90 kada $100,000) ng natasang halaga.
- Sa FY 2020–2021, kasunod ng paglabas ng huling serye ng mga bond, at ang taon na may pinakamataas na porsiyento ng buwis, ang pinakamaganda nang pagtataya ng kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito ay magreresulta sa buwis sa ari-arian na $0.0249 kada $100 ($24.90 kada $100,000) ng natasang halaga.
- Pinakamaganda nang pagtataya ng karaniwang porsiyento ng buwis para sa mga bond na ito, mula FY 2017–2018 hanggang 2040–2041, ang $0.0159 kada $100 ($15.90 kada $100,000) ng natasang halaga.
- Batay sa mga pagtayang ito, magiging $149.40 ang pinakamataas nang tinataya na taunang buwis sa ari-arian para sa mga bond na ito, na babayaran ng may-ari ng tahanan na may natasa nang halaga na $600,000.

Sa mga inaasahan lamang nakabatay ang mga pagtayang ito, na puwedeng hindi ipatupad ng Lungsod. Nag-iiba-iba ang mga inaasahan at pagtataya dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, dami ng nabebentang bond sa bawat pagbebenta, at aktuwal na tinatayang halaga sa kabuuan ng panahon ng pagsasauli sa ibinayad para sa mga bond. Dahil dito, posibleng mag-iba ang aktuwal na porsiyento ng buwis at ang mga taon kung saan magagamit ang mga porsiyentong ito sa mga pagtataya na nasa itaas.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "A"

Noong Hunyo 28, 2016, bumoto ang Lupon ng Edukasyon ng San Francisco ng 7 laban sa 0 para ilagay ang Proposisyon A sa balota.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 55% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Aayusin at Palalakasin ng Proposisyon A ang Ating mga Paaralan

Nakagawa na ng malalaking pag-unlad ang San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) sa loob ng nakaraang dekada. Tumaas na ang mga marka sa eksamen, lumiit na ang puwang sa mga natatamo ng mga mag-aaral, at mahigit sa 100 paaralan na ang napaayos, kung kaya't naging mas ligtas at madaling mapuntahan na ang mga ito. Nagbibigay-serbisyo ang mga paaralan ng San Francisco sa mahigit 60,000 estudyante mula pre-kindergarten hanggang sa ika-12 grado sa 143 gusali, at kasama sa pinakamatatandang gusali ng estado ang ilan sa mga ito. Kailangang-kailangan na ng marami sa mga paaralang ito ng mga pagpapahusay para makatugon sa mga pamantayan sa kaligtasan at pagiging accessible (madaling mapuntahan) sa ika-21 siglo.

Kailangan ng San Francisco ang Proposisyon A upang:

- Makumpleto ang mga proyekto para sa kaligtasan mula sa lindol at modernisasyon, at nang sa gayon, maging ligtas mula sa lindol, matipid sa koryente, at handang magkaloob ng pinakamakabagong edukasyon ang lahat ng paaralan at pasilidad ng distrito;
- Magtayo ng mga bagong paaralan at silid-aralan para mabigyan ng akomodasyon ang lumalaking populasyon ng mga estudyante, habang pinananatiling maliliit ang mga klase;
- Pasimulan ang pagtatayo ng bagong SFUSD Arts Center (Sentro sa Sining ng SFUSD) at Ruth Asawa School of the Arts (Paaralan ng mga Sining ng Ruth Asawa) para mapanatili at maitaguyod ang musika at sining sa sentro ng kurikulum;
- Maglaan ng pera sa mga pagpapahusay sa teknolohiya, kasama na ang pagkakabit ng napakabilis na Wi-Fi para sa lahat ng mga silid-aralan, at nang magkaroon ng kaalamang naaangkop sa ika-21 siglo;
- Panatilihin at palawakin ang napakamatagumpay na programa ng distrito na green schoolyards (mga berdeng bakuran ng paaralan) sa 91 paaralan;
- Pag-aralan ang mga pamamaraan upang magkaroon ng abot-kayang pabahay para sa mga guro.

Metikulosong pinatatakbo ang programa ng mga bond ng propesyonal na tagapamahalang pangkat, at magmula pa nang sinimulan ang mga pagtatayo, sumunod na sa iskedyul at budget nito ang konstruksiyon. Tinupad ng Distrito ang pangako nito na wastong pamahalaan ang pondo mula sa mga dating bond, sa ilalim ng gabay ng independiyenteng Citizens' Bond Oversight Committee (Komite ng mga Mamamayan Para sa Pangangasiwa ng Bond), na binubuo ng mga edukador, magulang at tagapagtaguyod ng mga kabataan. Nakita sa mga taunang audit na natugunan o nalampasan pa natin ang mga itinakda, at nasa napakagandang pinansiyal na katayuan tayo.

Matagal nang kinikilala ng mga taga-San Francisco ang pangangailan ng ating mga paaralan para sa mga kritikal na pagpapahusay at sinusuportahan na nila ang programa ng mga bond ng Distrito. **Mangyaring samahan kami sa pagpapatuloy nito sa pamamagitan ng pagsuporta sa Proposisyon A.**

San Francisco Unified School District

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Tanggap kahit ni Superintendente Carranza na hindi niya alam kung saan lilipat ang mga pamilya at kung ano ang magiging kinabukasan ng ekonomiya. Hayaan nating pag-isipan ng Lupon sa Edukasyon kung kailangan talaga ng bagong paaralan at kung saan ito kailangan, at pagkatapos, saka humingi ng bond–hindi ang kabaligtaran.

Huwag nating asahan na maitatayo ang bagong SFUSF Arts Center at Ruth Asawa School sa lalong madaling panahon. Ilang taon nang nasa alapaap ang proyektong ito dahil sa pondo at magagastos na patakaran ng gobyerno. Ni hindi masasakop ng $100 milyong nakalaan sa proyektong ito ang 1/3 ng tinatayang gastos–kung maitatayo pa ito. Gayon pa man, nakahanap ng pera ang SFUSF para mag-empleyo ng bagong Ehekutibong Direktor para sa Creativity & The Arts (Pagkamalikhain at ang mga Sining) upang "pasimulan" ang proyekto.

"Pag-aralan ang mga pamamaraan" para sa pagpapatayo ng abot-kayang pabahay para sa mga guro?! Hindi na natin kailangan ng bond para diyan. Maraming taon nang "pinag-aaralan" iyan ng mga politiko at naging mas mahal lamang ang pabahay para sa lahat.

Trabaho ng Citizens Oversight Committee ang tiyakin na natutugunan ang lahat ng mga itinatakda ng bond para nasusunod ang mga ito. Iba ang panukalang bond na ito sa nakaraan. Bagamat parehong-pareho ang pagkakasulat, may ilang "gagawin" na nabago para maging "posibleng gawin." Hindi na tayo magugulat, kung batay sa pagkakasulat ng panukalang bond na ito, **hindi** ito makapasa ng audit–at kaunti lamang ang magawa sa mga ipinapangako nito.

Bumoto ng HINDI sa A—babalik silang muli sa loob ng ilang taon at "desperadong" mangangailangan ng mas maraming pera mula sa mga bond.

Libertarian Party of San Francisco (Partido Libertaryan ng San Francisco)

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Noong 2001, hiningi ng Lupon ng Edukasyon sa mga botante na aprubahan ang panukalang bond na $531 milyon. Isinaad nila sa Voter Handbook (Gabay sa mga Botante) na ito na ang "ikatlo at huling" paghiling ng mga pondo para sa modernisasyon ng mga paaralan sa San Francisco.

Sa argumento ng aming oposisyon, binalaan namin ang mga botante na huwag paniwalaan ito. Ngayon, limang taon matapos ang "huling" kahilingan na iyon, **humihingi na naman sila ng isa pang pagsalba na nagkakahalaga ng halos $1.5 bilyon, nang walang matibay na garantiya kung paano gagastahin ang pera.**

Ayon sa teksto ng Proposisyon A, "Hangga't hindi nalalaman ang mga gastusin at mapagkukunan ng pondo, hindi matutukoy ng Lupon ng Edukasyon ang halaga ng mga magagamit na kita mula sa mga bond para sa bawat proyekto, at hindi rin magagarantiyahan na magkakaroon ng sapat na pondo para makumpleto ang lahat ng nakalistang mga proyekto."

Naku, alerto sa blangkong tseke! Gumagamit ang proposisyon ng salitang "posible" (at hindi "dapat o kailangan") nang 26 na magkakahiwalay na pagkakataon. Mahahayaan na naman silang gumasta nang ayon sa kanilang kagustuhan, kasama na ang mga bagay na dapat na nasasakop ng mga pondo para sa operasyon, kagaya ng "green schoolyards" at $5 milyon para sa pabahay sa mga guro (na makapagpapatayo lamang ng 6.67 unit sa halagang $750,000 kada unit).

Ang mga pampaaralang bond ay para sa minsanang beses na pangunahing kapital na gastusin, kagaya ng konstruksiyon ng mga bagong gusaling pampaaralan, o pagbili ng lupa para sa mga ito. Sa halip, **ginagawa nilang nakasanayang gawi ang pagpapaliban sa mga gawain para mapanatili sa maayos na kondisyon ang mga gusali, at pagkatapos, inaasahang mapupunan ang mga gastusing ito sa pamamagitan ng mahal na pag-utang.**

Ano ang sasabihin ninyo sa batang nag-aaral sa elementarya na uuwi sa bahay at magsasabing, "Ginasta ko po ang perang ibinigay ninyo para sa nalalapit na field trip para sa ekstrang cookies sa tanghalian kung kaya't umutang ako ng kaunting pera kay Johnny, pero pinagbabayad niya ako ng doble sa inutang ko, kaya kailangan ko pa po ng mas maraming pera, 'Nay"?

Posibleng pag-isipan ng responsableng magulang na turuan ng leksiyon ang anak sa pamamagitan ng pagsabi ng hindi sa field trip. **Bumoto ng HINDI sa A.**

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)
www.LPSF.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon A

Nagkakaisa ang San Francisco sa Pagsuporta Nito sa Proposisyon A

Mayroong oportunidad ang mga taga-San Francisco na magkasama-sama at suportahan ang ating mga pampublikong paaralan. Bagamat kumikilos ang ating pampaaralang distrito sa tamang direksiyon, marami pang bagay ang dapat magawa.

Aayusin at palalakasin ng botong OO sa Proposisyon A ang ating mga silid-aralan at ang distritong pampaaralan. Aayusin at gagawing moderno ng Proposisyon A ang mga pasilidad ng paaralan, para maging ligtas sa lindol, matipid sa enerhiya, at handang magkaloob ng pinakamodernong edukasyon. Pinalalakas ng Prop A ang ating distrito sa pamamagitan ng paglalaan ng pera sa lubhang kinakailangang mga pagpapahusay sa teknolohiya ng mga paaralan, pagtatayo ng dalawang bagong paaralan, at pagsisimula sa pagtatayo ng bagong SFUSD Arts Center at Ruth Asawa School of the Arts. Titiyakin ng taunang audit at independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan na gagastusin ang lahat ng pondo ayon sa ipinangako.

Sinusuportahan ng mga magulang, estudyante, guro, mga empleyado ng mga paaralan, ang Lupon ng mga Paaralan at mga administrador ang Proposisyon A dahil magkakaloob ito ng mahuhusay at ligtas na mga paaralan para sa lahat.

Sinusuportahan ng San Francisco Chamber of Commerce, SPUR, at ng mga namumuno sa industriya sa teknolohiya ang Proposisyon A dahil sa modernisasyong gagawin nito sa mga paaralan sa pamamagitan ng napakabilis na Wi-Fi, bukod pa sa ibang mga teknolohikal na pagsulong na magpapatatag sa ating paglalaan para sa kinabukasan ng ating mga anak.

Inendorso na ng Demokratikong Partido ng San Francisco at ng Labor Council (Konseho sa Paggawa) ng San Francisco ang Proposisyon A dahil magkakaloob ito ng mga oportunidad sa lahat, kasama na ang pagpapalawak sa matagumpay na programang green schoolyards sa 91 paaralan at planong pabahay para sa ating mga guro.

Para makakuha ng iba pang impormasyon tungkol sa Proposisyon A, pumunta sa: yesonsfschools.com

Bumoto ng Oo sa Proposisyon A para ayusin at palakasin ang ating mga paaralan.

San Francisco Unified School District

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

B Buwis sa Ari-Arian para sa City College

Para patuloy na mabigyan ang City College of San Francisco ng mga lokal na pondo na hindi puwedeng bawiin ng estado, at maibalik ang mga tinapyas na pondo upang maiwasan ang pagtatanggal ng mga empleyado sa trabaho; tiyakin ang abot-kayang edukasyon para sa mga estudyante; panatilihin ang mga batayang kurso sa pagsusulat, matematika at siyensiya; ihanda ang mga estudyante para sa mga unibersidad na pang-apat na taon, magkaroon ng mga pagsasanay ng mga magtatrabaho sa mga karera sa nursing, pag-iinhinyero/ teknolohiya; pagkakaloob ng mga counselor (tagapayo); pagpapanatiling bukas ng mga aklatang pangkolehiyo, dapat bang i-renew ng Community College District (Kolehiyo ng Komunidad ng Distrito) ng San Francisco ang umiiral nang parcel tax (buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi nang natasang halaga nito) nang $99 bawat parcel sa loob ng 15 taon, na isinasailalim sa taunang independiyenteng audit, at pangangasiwa ng mga mamamayan?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Ang City College of San Francisco (Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco, CCSF) ay isang akreditado at pampublikong kolehiyong pangkomunidad na para sa dalawang taong pag-aaral. Mayroon itong siyam na campus sa Lungsod at nagseserbisyo sa humigit-kumulang na 60,000 estudyante kada taon.

Napagpasyahan na ng Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad), na namamahala sa CCSF, na hindi sapat ang mga kasalukuyang kita ng City College upang payagan ang kolehiyo na maipagpatuloy ang mga batayang programang akademiko at pagsasanay para sa trabaho.

Noong Nobyembre 2012, inaprubahan ng mga botante ng San Francisco ang taunang parcel tax na $79 kada parcel upang mapagkalooban ng pondo ang CCSF. Nakatakda nang magtapos ang parcel tax sa Hunyo 30, 2021.

Ang Mungkahi: Simula 2017, papalitan ng Proposisyon B ang kasalukuyang parcel tax ng parcel tax na $99 kada taon, na tatagal nang 15 taon. Magtatapos ang parcel tax na ito sa Hunyo 30, 2032.

Pupunan ng mga pondong ito ang pagbabawas ng pondo mula sa Estado at tutulungan ang CCSF na mapanatili ang mga kasalukuyang serbisyo. Kailangang gamitin ng CCSF ang mga pondo mula sa mga parcel tax fund upang:

- mahikayat at mapanatili ang mga gurong matataas ang kuwalipikasyon;
- maprotektahan ang kalidad ng akademikong instruksiyon sa mga batayang kurso, kagaya ng matematika, siyensiya, pagbabasa at pagsusulat;
- mapanatiling bukas ang mga aklatan ng paaralan;
- mapanatili ang mga programang naghahanda sa mga estudyante sa pagtatrabaho;
- magkaloob ng mga counselor (tagapayo) sa mga estudyante; at
- mapanatiling napapanahon ang teknolohiya at suporta sa instruksiyon.

Ipagbabawal ng Proposisyon B sa CCSF ang paggamit ng mga pondo mula sa parcel tax para sa mga suweldo, benepisyo o pensiyon ng mga administrador.

Kinakailangang dumaan ang paggamit ng mga pondo sa taunang pagrerepaso ng Citizens' Oversight Committee (Komite para sa Pangangasiwa ng mga Mamamayan) na itatalaga ng Community College Board.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong palitan ang kasalukuyang $79 kada taon na parcel tax na nagpopondo sa City College of San Francisco ng parcel tax na $99 kada taon, na mananatili hanggang Hunyo 2032.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "B"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang parcel tax, hindi nito maaapektuhan ang gastusin ng gobyerno para sa Lungsod at County ng San Francisco. Magbibigay ito ng mahalagang karagdagang kita para sa San Francisco Community College District (City College).

Kapag inaprubahan ng mga botante, papalitan ng mungkahing $99 na parcel tax ang kasalukuyang $79 na parcel tax ng City College at kokolektahin ito taon-taon, simula sa piskal na taong (FY) 2017–2018, at magtatapos sa FY 2031–32 (na labinlimang taon sa kabuuan), mula sa mga may-ari ng lupa ng bawat parcel na hiwalay na binubuwisan sa San Francisco. Ang ari-ariang hindi talaga kasama sa mga buwis sa ari-arian ay hindi rin kasama sa parcel tax.

Kinakatawan ng panukalang buwis na $99 kada parcel ang $20 na pagtaas at ang karagdagang labing-isang taong pagpapahaba ng kasalukuyang City College parcel tax na inaprubahan ng mga botante noong Nobyembre 6, 2012 at nakatakdang magtapos sa FY 2020–21 kung hindi ito maipapasa.

Inaasahang magbibigay ang buwis ng humigit-kumulang na $19 milyong kita taon-taon para sa pakinabang ng San Francisco Community College District, o humigit-kumulang na karagdagang $4 milyon sa kasalukuyang buwis. Hindi kasama sa mga puwedeng paggamit sa mga kitang ito ang bayad para sa mga administrador ng City College, ngunit kung hindi man, isasailalim ito sa mga patakaran sa budget at pinansiya ng independiyenteng Distrito na iyon.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "B"

Noong Mayo 26, 2016, bumoto ang Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco ng 7 laban sa 0 para ilagay ang Proposisyon B sa balota.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Bumoto ng Oo sa Proposisyon B para Muling Ipatupad ang City College Parcel Tax (Buwis sa Ari-arian para sa City College)

Naglilingkod taon-taon ang City College of San Francisco (Kolehiyo ng Lungsod ng San Francsico, CCSF) sa libo-libong mga estudyante, anuman ang kita, edad o etnisidad, sa kabuuan ng lungsod. Nariyan ang City College para sa lahat. Kailangang mapanibago ng mga taga-San Francisco ang parcel tax ng paaralan sa pamamagitan ng pagboto ng OO sa Proposisyon B ngayong taglagas upang maipagtuloy nito ang kanyang misyon.

Nananatiling mura ang City College at sa ilang kaso, ito lamang ang opsiyon ng mga taga-San Francisco para sa mas mataas na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, ESL, at iba pa.

Pare-parehong mahalaga para sa mga guro, kawani at estudyante ang pagpopondo sa Proposisyon B – tutulungan nito ang mga guro at iba pang empleyado na tumanggap ng nakabubuhay na sahod na nararapat sa kanila, at titiyakin na makakukuha ang lahat ng mga estudyante ng pagsasanay sa trabaho, kakayahan sa wika, at mahuhusay na akademikong klase at mga programang kinakailangan nila.

Kung hindi natin mapapanibago ang parcel tax na ito, magiging mas mahirap ang proseso sa akreditasyon ng CCSF at tatagal ang mga kasalukuyang hamon na hinaharap nito. Bukod rito, kung wala na ang parcel tax, kakailanganin ang malalaking pagtapyas sa lahat ng larangan, kasama na ang mga posisyon ng mga guro at kawani at mga serbisyo para sa pagbibigay suporta ng kolehiyo.

Hinihikayat namin ang botong OO sa Proposisyon B para pahabain pa ang parcel tax sa susunod na 15 taon sa halagang $99 kada parcel. Magpapasok ang Proposisyon B ng humigit-kumulang $19 milyon sa isang taon – pera na kailangang-kailangan para makahikayat at mapanatili ang mahuhusay na guro at patuloy na maging bukas sa lahat ang batayang misyon na pang-akademiko at pagsasanay sa trabaho ng kolehiyo.

Nagkakaloob ang Proposisyon B ng napakahalagang lokal na pondo na hindi makukuha ng estado, at naka-garantiya para sa City College ng San Francisco. Dahil mahirap ang mga itinatakdang pananagutan, kasama na ang ipinag-uutos na independiyenteng audit, citizens' oversight committee (tagapangasiwang komite ng mga mamamayan), at pagwawakas na petsa matapos ang 15 taon, matitiyak natin na gagastahin ang pera ayon sa pinaglaanan nito.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa www.savecitycollege.com.

Para sa lahat ang City College. Bumoto ng OO sa Proposisyon B.

Senador Mark Leno
Tagapangulo ng Partidong Demokratiko ng San Francisco Cindy Wu
Recology CEO Mike Sangiacomo
Presidente ng Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) ng City College Rafael Mandelman

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento laban sa Proposisyon B

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Eleksyon sa California

Noong 2010, inaprubahan ng mga botante sa California ang Proposisyon 14, na lumikha ng "top two (unang dalawa)" o "open (bukas)" na sistema para sa primaryang eleksyon. Pinalitan ng pagkakapasa ng proposisyong ito ang paraan ng pagsasagawa sa California ng primarya at pangkalahatang eleksyon para sa mga katungkulang konstitusyonal at panlehislatura ng estado at katungkulang kongresyonal sa U.S. Kilala na ngayon ang mga katungkulang ito bilang mga katungkulang "nominado ng mga botante:"

- Senador ng Estados Unidos
- Kinatawan ng Estados Unidos
- Senador ng Estado
- Miyembro ng Asembleya ng Estado

Sa pangkalahatang eleksyon para sa katungkulang nominado ng botante:

- Iyon lamang dalawang kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto sa primaryang eleksyon ang magpapatuloy sa pangkalahatang eleksyon. Posibleng may iisang kinakatigang partido ang dalawang kandidato.
- Hindi pinahihintulutan ang mga kandidatong isinusulat-lamang, pero, kung isa sa dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto sa primaryang eleksyon ang kuwalipikadong kandidato na isinusulat-lamang, lalabas ang pangalan niya sa balota para sa pangkalahatang eleksyon.
- Walang proseso para sa independiyenteng nominasyon.

Hindi naaapektuhan ng bukas na sistema ng primaryang eleksyon kung paano isinasagawa ang mga eleksyon para sa Presidente ng U.S., mga sentral na komite ng county o mga lokal na katungkulan.

Impormasyon tungkol sa partido na nasa balota para sa pangkalahatang eleksyon

Iba't iba ang ibig sabihin ng impormasyon tungkol sa partido na lumalabas kasama ng pangalan ng kandidato, at nakabatay ito sa uri ng katungkulan.

Para sa mga katungkulang nominado ng partido, ang pangalan ng partido na nakalista kasama ang kandidato ay nangangahulugan na ang kandidato ang opisyal na nominado ng partido; ang kandidato ang pinili ng partido para sa katungkulan. Ang labanan lamang para sa Presidente at Bise-Presidente ang katungkulang nominado ng partido na nasa balotang ito para sa pangkalahatang eleksyon.

Para sa mga katungkulang nominado ng botante, nakalimbag ang kinakatigang partido ng kandidato na kasama ng kanyang pangalan sa balota. Ang ibig sabihin ng "kinakatigang partido," ito ang politikal na partido kung saan nakarehistro ang kandidato. Hindi nangangahulugan ang kinakatigang partido ng kandidato na inendorso ang kandidato ng partidong iyon. Kung walang kinakatigan na kuwalipikadong politikal na partido ang kandidato, inililimbag ang "Kinakatigang Partido: Wala" sa tabi ng pangalan ng kandidato.

Posibleng i-endorso ng mga politikal na partido ang mga kandidato para sa mga katungkulang nominado ng mga botante; nakalista ang anumang pag-endorso ng partido na natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon bago ang deadline ng pagsusumite sa pahina 14 ng pamplet na ito.

Ang mga katungkulang panghukuman, pampaaralan, at munisipal ay walang kinakatigang partido. Walang impormasyon tungkol sa anumang partido na nakalimbag na kasama ng mga pangalan ng mga kandidato para sa mga katungkulang ito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa sistema ng eleksyon sa California, mangyaring sumangguni sa Official Voter Information Guide (Opisyal na Gabay ng Impormasyon para sa Botante), na ginawa ng Kalihim ng Estado ng California, o bumisita sa *sos.ca.gov*.

MAGING HANDA: Gamitin ang Worksheet ng Balota na nasa huling pahina para markahan ang inyong mga napili para sa mahabang balota na ito. Tingnan ang address ng inyong presinto para sa botohan na nasa likod na pabalat. **Magtipid ng oras sa pagboto!**

C Mga Pagpapautang upang Pondohan ang Pagkakaroon at Rehabilitasyon ng Abot-kayang Pabahay

MGA BOND PARA SA PAGPAPAUTANG AT PRESERBASYON NG PABAHAY KAUGNAY NG LINDOL SA SAN FRANCISCO, 1992. Para amyendahan ang Proposisyon A, na batas na naaprubahan na ng mga botante noong 1992, upang pahintulutan bilang karagdagang layunin, ang pagkakaroon ng naka-bond na pagkakautang, at nang mapondohan ang pagkakaroon, pagpapahusay, at rehabilitasyon ng mga nanganganib na multi-unit na mga residensiyal na gusali, at para mabago ang gayong mga istruktura tungo sa pagiging permanenteng abot-kaya na pabahay, dapat bang maglabas ang Lungsod at County ng San Francisco ng hanggang sa $260,700,000 ng mga general obligation bond (bond para sa pangkalahatang obligasyon), na isinasailalim sa independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan at mga regular na audit?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Noong Nobyembre 1992, inaprubahan ng mga botante ng San Francisco ang ordinansa na nagbibigay ng awtorisasyon sa Lungsod na maglabas ng hanggang sa $350 milyon ng mga general obligation bond para magkaroon ng seismic (laban sa lindol) na pagpapahusay ang hindi nasuhayang masonry na gusali na nasa malaking panganib sa malalakas na lindol. Itinakda sa Lungsod na gamitin ang pera mula sa mga bond na ito para sa mga sumusunod na layunin:

- $150 milyon para magkaloob ng mga pautang upang mabayaran ang mga seismic na pagpapahusay sa mga hindi nasusuhayang masonry na gusali na para sa abot-kayang pabahay (Affordable Housing Loan Program [Programa ng Pagpapautang para sa Abot-kayang Pabahay]); at
- $200 milyon para magkaloob ng mga pautang upang mabayaran ang mga seismic na pagpapahusay sa mga market-rate na residensiyal, komersiyal at institusyonal na hindi nasuhayang masonry na gusali (Market Rate Loan Program [Programa ng Pagpapautang na may Porsiyentong Itinatakda ng Merkado]).

Naglabas ang Lungsod ng humigit-kumulang na $45 milyon para sa mga pagpapautang na nasa ilalim ng Affordable Housing Loan Program at humigit-kumulang na $50 milyon para sa mga pagpapautang na nasa ilalim ng Market Rate Loan Program. Humigit-kumulang $261 milyon ang puwede pang ilabas sa ilalim ng 1992 na ordinansa.

Ang Mungkahi: Isang ordinansa ang Proposisyon C na papalitan ang paraan kung paano pinahihintulutan ang Lungsod na gamitin ang natitirang $261 milyon ng mga general obligation bond. Bukod sa mga layuning natukoy ng 1992 na ordinansa, pahihintulutan ng Proposisyon na ito na gamitin ang mga pondo para sa pagpapautang upang mapondohan ang pagkakaroon, pagpapahusay, at rehabilitasyon ng mga nanganganib na multi-unit na mga residensiyal na gusaling nangangailangan ng pagpapahusay para sa lindol, sunog, kalusugan o kaligtasan, o iba pang pangunahing rehabilitasyon; at gawing permanenteng abot-kaya na pabahay ang mga gusaling iyon.

Ang residensiyal na gusaling multi-unit ay isang gusali na mayroong tatlo o higit pang mga unit.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong payagan ang Lungsod na gastusin ang hindi nagamit na $261 milyon mula sa ordinansa noong 1992 ukol sa general obligation bond upang magkaloob ng mga pautang para sa pagkakaroon, pagpapahusay, at rehabilitasyon ng mga nanganganib na multi-unit na mga residensiyal na gusaling nangangailangan ng pagpapahusay para sa lindol, sunog, kalusugan o kaligtasan, o iba pang pangunahing rehabilitasyon; at gawing permanenteng abot-kayang pabahay ang mga gusaling iyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "C"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng maliit na epekto sa gastusin ng gobyerno.

Noong 1992, binigyan ng awtorisasyon ng mga botante ng San Francisco ang pagbebenta ng $350 milyon ng mga general obligation bond para sa Seismic Safety Loan Program (Programa ng Pagpapautang para sa Kaligtasan Laban sa Lindol, SSLP), upang magkaloob ng mga pautang para sa pagpapalakas laban sa lindol ng mga hindi nasuhayang masonry na gusali. Pinapalitan ng panukalang amyenda ang awtorisadong paggamit sa mga pondong ito ng bond, kung saan humigit-kumulang sa $260 milyon ang nananatiling awtorisado pero hindi pa inilalabas.

Tataasan ng panukalang amyenda ang gastos ng gobyerno nang humigit-kumulang $150,000 taon-taon para sa administrasyon ng mga pautang na inilabas sa pamamagitan ng mga pagbabago sa mga awtorisadong gamit sa SSLP. Kasama sa mga iminumungkahing awtorisadong paggamit ang paglalaan ng gagastusing pera upang makakuha, mapagpahusay, at magawan ng rehabilitasyon ang mga nanganganib na multi-residential na gusali (na may depinisyon na mayroong tatlo o higit pang unit) na nangangailangan ng mga pagpapahusay para sa lindol, sunog, kalusugan o kaligtasan, o iba pang malaking rehabilitasyon para higit mapamahayan, kasama na ang mga residensiyal na gusaling iba-iba ang gamit, at nang magawa na permanenteng abot-kayang pabahay ang mga istrukturang iyon.

Puwedeng maglabas ang lungsod ng hanggang sa $35,000,000 na mga SSLP bond kada piskal na taon. Kapag ipinagpalagay na may pinakamalaki nang pangangailangan para sa pautang sa ilalim ng pinalawak na probisyon sa puwedeng paggamitan, humigit-kumulang sa $78 milyon ang tinatayang gastos ng Lungsod para dito, sa loob ng 22 taon. Tinatayang 0.0012 porsiyento o $7.21 kada natasang halaga na $600,000 ang taunang epekto sa buwis sa ari-arian.

Sa mga inaasahan lamang nakabatay ang mga pagtayang ito, na puwedeng hindi ipatupad ng Lungsod. Nag-iiba-iba ang mga inaasahan at pagtataya dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, dami ng nabebentang bond sa bawat pagbebenta, at aktuwal na tinatayang halaga sa kabuuan ng panahon ng pagsasauli sa ibinayad para sa mga bond. Dahil dito, posibleng mag-iba ang aktuwal na porsiyento ng buwis at ang mga taon kung saan magagamit ang mga porsiyentong ito sa mga pagtataya na nasa itaas. Kasalukuyang polisiya ng Lungsod sa pamamahala sa mga utang ang paglalabas ng mga bagong general obligation bond habang pinananatili ang antas ng buwis sa ari-arian ng Lungsod na hindi mas mataas sa porsiyento ng buwis sa ari-arian noong 2006.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "C"

Noong Hulyo 26, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 11 laban sa 0 para ilagay ang Proposisyon C sa balota.

Oo: Avalos, Breed, Campos, Cohen, Farrell, Kim, Mar, Peskin, Tang, Wiener, Yee.

Hindi: Wala.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Nagkakaloob ang Proposisyon C ng $261 milyon para sa abot-kayang pabahay nang hindi nagtataas ng mga buwis sa ari-arian. Isa itong malikhaing solusyon na gumagamit ng sentido kumon para sa San Francisco.

Tutugunan ng Prop C ang daan-daang multi-unit na residensiyal na gusali na nanganganib at nangangailangan ng mga pagpapahusay laban sa lindol at sunog, at para sa kalusugan at kaligtasan. Magiging banta kapwa sa mga residente ng mga gusali at sa mga komunidad na kinatatayuan ng mga gusali ang kabiguang magawan ng rehabilitasyon ang mga gusaling ito.

Nagkakaloob ang Proposisyon C ng kinakailangang pondo para sa pagkakaroon, pagpapahusay at rehabilitasyon ng mga gusaling ito, at pagkatapos, gawing permanenteng abot-kaya na pabahay ang mga ito para sa mga taga-San Francisco na may mababa at panggitnang kita.

Hindi lamang nito ginagawang mas ligtas ang ating lungsod at mga nangungupahan, lumilikha rin ito ng abot-kayang pabahay na kailangang-kailangan natin.

Sa halip na magtaas ng mga buwis sa ari-arian, aamyendahan ng Prop C ang dati nang panukala na inaprubahan ng mga taga-San Francisco noong 1992 matapos ang lindol sa Loma Prieta, upang mapahusay laban sa lindol ang hindi lubusang nasuhayan na mga gusaling masonry, na madalas na itinatayo gamit ang brick (ladrilyo), na nanganganib na gumuho sa isang malakas na lindol.

Humigit-kumulang $261 milyon ng dating panukala na iyon ang naiwang hindi pa nagagamit. Patuloy na pahihintulutan ng Prop C ang paggamit sa mga pondong ito para sa orihinal na mga layunin ng mga ito, at kasabay nito, pinalalawak ang nasasaklaw nito upang mapahusay at mabago ang mga nanganganib na mga gusali para maging abot-kayang pabahay.

Panalong-panalo ang Prop C para sa ating mga nangungupahan, komunidad at abot-kayang pabahay.
Mangyaring samahan kami at bumoto ng Oo sa C.

Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)
San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-Kayang Pabahay)
San Francisco Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pabahay sa Komunidad ng San Francisco)
Chinatown Community Development Center (Sentro para sa Pagpapaunlad ng Komunidad ng Chinatown)
AIDS Housing Alliance/SF (Alyansa sa Pabahay ng AIDS/SF)
Senior and Disability Action (Aksiyon para sa Matatanda at May Kapansanan)
Mayor Ed Lee
Senador ng Estado Mark Leno
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Jane Kim

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento laban sa Proposisyon C

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Sa halos 40 taon, alinsunod sa mga pederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino at Espanyol, pati na sa Ingles. Noong 2015, alinsunod sa Language Access Ordinance ng Lungsod, pinalawak ng Departamento ang serbisyo nito upang makapagbigay ng mga materyales at tulong na nakasalin sa Filipino. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kaalaman sa wikang Ingles.

Kabilang sa mga serbisyo sa wikang Filipino ang:

- Impormasyon para sa botante sa wikang Filipino na nasa *sfelections.org*.
- Nakasalin sa wikang Filipino na mga materyales para sa eleksyon: mga balota, mga form para sa pagpaparehistro ng botante, mga paunawa sa botante, mga aplikasyon at instruksiyon para sa vote-by-mail na balota, at mga Pamplet ng Impormasyon Para sa Botante.
- Mga karatulang nagbibigay ng instruksiyon sa lahat ng mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Tulong ng bilingual na manggagawa sa botohan sa mga itinalagang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Tulong sa telepono sa wikang Filipino, na matatawagan mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., at mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon. Para sa tulong, tumawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (ESL) (Ingles bilang pangalawang wika) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco:
ccsf.edu/esl

Civic Center Campus
1170 Market Street.....(415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus
808 Kearny Street .....(415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus
88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus
1400 Evans Avenue.....(415) 550-4440

John Adams Campus
1860 Hayes Street .....(415) 561-1835 o (415) 561-1954

Mission Campus
1125 Valencia Street ... (415) 920-6000 o (415) 920-6012

Ocean Campus
50 Phelan Avenue .....(415) 239-3427 o (415) 239-3003

Southeast Campus
1800 Oakdale Avenue.....(415) 550-4344

D Pagtatalaga sa mga Bakanteng Posisyon

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para itakda sa Mayor na gumawa ng pansamantalang pagtatalaga upang mapunan ang pagkabakante ng isang posisyon na inihahalal ng lokal, sa loob ng 28 araw ng petsa ng pagkakabakante nito; itakda na ang taong pansamantalang hahawak ng bakanteng posisyon para sa Lupon ng mga Superbisor ay hindi maaaring tumakbo sa eleksyon para sa naturang posisyon sa mga natitirang araw ng termino; at itakda sa Lungsod na magdaos ng eleksyon para punan ang bakanteng posisyon sa Lupon ng mga Superbisor sa loob ng 126 hanggang 154 araw, kung walang naka-iskedyul na eleksyon ng Lungsod, sa loob ng 180 araw kung mayroon nang ibang eleksyon na naka-iskedyul sa loob ng panahong iyon, o pagkatapos ng mahigit sa 180 araw kapag hiniling ito ng Direktor ng mga Eleksyon at naaprubahan ng Mayor at ng Lupon ng mga Superbisor?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Kapag nagkakaroon ng bakante sa isang posisyon na inihahalal sa lokal, kailangang magtalaga ang Mayor ng kuwalipikadong tao para pansamantalang punan ang bakanteng posisyon. Ang mga posisyong ito na inihahalal sa lokal ay Tagatasa-Tagatala, Abugado ng Lungsod, Abugado ng Distrito, Pampublikong Tagapagtanggol, Sheriff, Ingat-Yaman, at mga kasapi ng Lupon ng mga Superbisor, Lupon ng Edukasyon at Lupon ng mga Katiwala ng Community College. Walang deadline ang Mayor sa paggawa ng mga pansamantalang pagtatalaga na ito.

Pinupunan ng Lungsod ang bakanteng posisyon hanggang sa pagtatapos ng termino ng posisyon sa pamamagitan ng pagdaraos ng eleksyon, na isinasagawa sa pangkalahatan sa petsa ng susunod na naka-iskedyul na eleksyon ng Lungsod. Puwedeng tumakbo sa eleksyong ito ang tao na itinalaga ng Mayor para pansamantalang punan ang bakanteng posisyon.

Ang Mungkahi: Isang pag-amyenda sa Charter ang Proposisyon D na magtatakda sa Mayor na gumawa ng pansamantalang pagtatalaga para punan ang anumang bakante sa mga lokal na inihahalal na posisyon sa loob ng 28 araw mula sa petsa na maging bakante ang posisyon.

Magpapasimula ang Proposisyon D ng mga bagong patakaran para sa pagpupuno ng bakanteng posisyon sa Lupon ng mga Superbisor. Patuloy na magtatalaga ang Mayor ng pansamantalang hahawak sa bakanteng posisyon hanggang sa magsagawa ang Lungsod ng eleksyon. Hindi makatatakbo ang pansamantalang itinalaga sa eleksyong isasagawa para punan ang bakanteng posisyon.

Itatakda sa Lungsod na magsagawa ng eleksyon para punan ang bakanteng posisyon sa Lupon ng mga Superbisor sa petsang pagpapasyahan sa pamamagitan ng mga sumusunod na tuntunin:

- sa loob ng 126 hanggang 154 araw kung walang naka-iskedyul na eleksyon ang Lungsod, o
- sa loob ng 180 araw kung mayroon nang eleksyon na naka-iskedyul sa loob ng panahong ito, o
- mahigit sa 180 araw pagkatapos, kapag hiniling ito ng Direktor ng mga Eleksyon at naaprubahan ng Mayor at ng Lupon ng mga Superbisor.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Charter para:

- itakda sa Mayor na gumawa ng pansamantalang pagtatalaga upang mapunan ang pagkabakante ng lokal na inihahalal na posisyon sa loob ng 28 araw ng petsa ng pagkakabakante nito;
- itakda na hindi makatatakbo ang taong pansamantalang humahawak ng bakanteng posisyon sa Lupon ng mga Superbisor sa eleksyon na isasagawa para punan ang bakanteng posisyon hanggang sa pagtatapos ng termino;
- itakda sa Lungsod na magsagawa ng eleksyon para punan ang bakanteng posisyon sa Lupon ng mga Superbisor sa loob ng 126 hanggang 154 araw kung walang nakatakdang eleksyon ng Lungsod, sa loob ng 180 araw kung mayroon nang ibang eleksyon na nakatakda sa loob ng panahong ito, o pagkatapos ng mahigit 180 araw kapag hiniling ito ng Direktor

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

ng mga Eleksyon at inaprubahan ng Mayor at ng Lupon ng mga Superbisor.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "D"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng katamtamang pagtaas sa gastusin ng gobyerno.

Sa loob ng karaniwang siklo ng eleksyon na apat na taon, maaasahan na magdudulot ang amyenda ng hindi bababa sa isang karagdagang espesyal na eleksyon para sa isang puwesto sa Lupon ng mga Superbisor, na hindi magaganap kung hindi aamyendahan ang Charter. Batay sa mga gastusin ng Departamento ng mga Eleksyon, magkakaroon ng tinatayang gastos na $340,000 para magdaos ang Lungsod ng espesyal na eleksyon sa isang superbisoryal na distrito ayon sa itatakda ng panukalang amyenda.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "D"

Noong Hulyo 19, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 6 laban sa 5 para ilagay ang Proposisyon D sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Campos, Kim, Mar, Peskin, Yee.

Hindi: Breed, Cohen, Farrell, Tang, Wiener.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Tinitiyak ng Proposisyon D na Maagap na Napupunan ang mga Bakanteng Posisyon:
Sa kasalukuyan, walang deadline para sa Mayor na punan ang mga bakanteng puwesto sa mga inihahalal na lokal na puwesto. Noong nabakante ang opisina ng Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala) noong 2012, iniwan ng Mayor na bakante ang puwesto sa loob ng 86 araw!

Pinoprotektahan ng Prop D ang ating demokrasya sa pamamagitan ng pagwawakas ng nakababagabag na kakulangang ito, pagtitiyak na maagap na napupunan ang mga bakanteng posiyon, at pagbibigay-proteksiyon laban sa posibilidad na intensiyonal na iiwanang bakante ng Mayor ang bakanteng inihahalal na puwesto.

Tinitiyak ng Proposisyon D na Makapaghahalal ang mga Botante ng Ating mga Inihahalal na mga Opisyal:
Wala tayong nalalaman na anumang lungsod o county kung saan mag-isang itinatalaga ng Mayor ang mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor o Konseho ng Lungsod. Nilalabag nito ang prinsipyo ng ating demokrasya ukol sa Paghihiwalay ng Kapangyarihan sa pagitan ng mga sangay na ehekutibo at lehislatibo.

Kaakibat ng kapangyarihan ng pag-upo sa posisyon ng Superbisor na itinatalaga ng Mayor, ang pagkakaroon ng mahalagang pagkilala sa pangalan at akses sa mga nagbibigay ng donasyon, kung kaya't nadedehado naman ang mga humahamon. **Nagbibigay ang Prop D sa mga botante ng pagkakataon na maghalal ng mga Superbisor sa mga may kompetisyong eleksyon nang walang itinatalagang nakaupo na sa posisyon.**

Taong 2006 noong huling naghalal ang Distrito 4 ng Superbisor nang walang tumatakbo na nakaupo na sa posisyon. Dahil itinalaga ng Mayor ang huling dalawang Superbisor ng Distrito 4, malamang na hindi makaboboto ang mga residente ng Sunset sa isang eleksyon nang walang nakaupo na sa posisyon hanggang sa 2022!

Dahil dalawang miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ang tumatakbo para sa Senado ng Estado, alam nating magkakaroon ng bakanteng posisyon sa Lupon sa Enero. Walang eleksyon sa 2017, kung kaya't kailangang maghintay ng Distrito 6 o Distrito 8 ng 18 buwan bago sila makaboto para sa kanilang Superbisor! **Ano ang mararamdaman ninyo ukol sa isang itinalagang tao na kakatawan sa inyo sa loob ng 18 buwan bago kayo makaboto?**

Ihalal Natin ang Ating mga Inihahalal na Opisyal! Bumoto ng Oo sa Proposisyon D para sa Demokrasya!

San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)
Superbisor John Avalos
Superbisor David Campos
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

HINDI SA PROPOSISYON D: MAHAL, HINDI KAILANGAN, AT HINDI DEMOKRATIKO

Mahal at hindi kailangan ang Proposisyon D – lumilikha ito ng walang katapusang siklo ng mga espesyal na eleksyon na ginagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng milyon-milyong mga dolyar. Mas malala pa rito, kailangan pa ring magtalaga ng Mayor ng mga taong maglilingkod sa mga bakanteng distrito ng Superbisor, pero WALANG pananagutan ang mga pansamantala na "tagapangalagang" Superbisor sa mga botante at mga nasasakupan, na dapat sana nilang kinakatawan sa panahon na nasa puwesto sila.

Mali lang talaga ang mga taga-suporta ng Proposisyon D. **Inihahalal na ng mga botante ang kanilang mga Superbisor, kahit na mayroong mga bakanteng posisyon.**

Matapos italaga ng Mayor ang isang tao para punan ang bakanteng posisyon, isinasailalim ang taong iyon sa botohan sa kabuuan ng distrito sa susunod na eleksyon na regular nang nakatakda. Kung gusto ng itinalagang superbisor na magpatuloy sa kanyang puwesto, kailangan niyang tumakbo at mahalal. Ang ibig sabihin nito, may pananagutan ang itinalagang Superbisor sa mga botante at sa kanyang mga nasasakupan simula pa lamang ng UNANG ARAW.

Pero tatanggalin ng Proposisyon D ang anumang pananagutan mula sa mga pansamantalang itinatalaga, na pinagbabawalang tumakbo para sa puwesto, at pinapayagan silang huwag pansinin ang kanilang mga nasasakupan at abusuhin ang kapangyarihan habang pansamantalang nasa hindi inihalal na puwesto.

HUWAG MAGPALOKO. Magbubunga ang Proposisyon D ng mga pansamantala na "tagapangalagang" Superbisor na WALANG pananagutan, at magastos na espesyal na eleksyon kung saan kakaunting botante lang naman talaga ang naghuhulog ng balota. Hindi ito reporma, HINDI ITO DEMOKRATIKO.

BUMOTO NG HINDI SA PROP D: walang katapusang espesyal na eleksyon na nag-aaksaya sa pera ng mga nagbabayad ng buwis at binabawasan ang pagkakaroon ng pananagutan ng mga Superbisor sa mga botante!

London Breed, Presidente ng Lupon ng mga Superbisor
Katy Tang, Superbisor
Scott Wiener, Superbisor
Mark Farrell, Superbisor
Malia Cohen, Superbisor
Fiona Ma, Tagapangulo, California Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis)
David Chiu, Miyembro ng Asembleya

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Hindi Kinakailangan, Maaksaya at Hindi Demokratiko ang Proposisyon D.

Parang nakahihikayat ang Proposisyon D, pero ang totoo'y magbubunga ito ng magastos na espesyal na eleksyon at pagpupuwesto ng pansamantala na "tagapangalagang" mga Superbisor na WALANG pananagutan sa kanilang mga nasasakupan sa panahong nasa puwesto sila.

Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, kapag mayroong bakanteng puwesto sa mga Superbisor, nagtatalaga ang Mayor ng tao para punan ang bakanteng posisyon hanggang sa susunod na eleksyon na regular na nakatakda. Kung gusto ng itinalagang Superbisor na magpatuloy sa puwesto, kailangan niyang tumakbo at mahalal. Nitong nakaraang mga taon, kapwa hinalal AT tinanggihan ng kanilang mga nasasakupan ang mga itinalaga ng mayor. **Ang mga botante na ang nagdedesisyon kung sino ang kakatawan sa kanila sa Lupon.**

Sa ilalim ng Proposisyon D, magtatalaga pa rin ang Mayor ng pansamantalang Superbisor sa bakanteng puwesto, pero hindi pahihintulutan ang pansamantalang Superbisor na iyon na tumakbo para manatili siya sa puwestong iyon. Nangangahulugan ito na boboto sa mga panukalang batas at gagawa ng mga desisyong makaaapekto sa mga nasasakupan ang pansamantalang Superbisor, NANG WALANG PANGANGAILANGANG TUGUNAN ANG MGA KINAKAILANGAN NG MGA NASASAKUPAN AT WALANG KAPASIDAD NA PAPANAGUTIN NG MGA BOTANTE.

Higit pa rito, SINASAYANG ANG ORAS AT PERA NG MGA BOTANTE ng Proposisyon D sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga Espesyal na Eleksyon para punan ang mga bakanteng posisyon. Bukod sa pagtatakda ng pansamantala na tagapangalagang Superbisor, nagpapatawag ang Proposisyon D ng Espesyal na Eleksyon na tanging ang labanan lamang sa pagka-Superbisor ang nasa balota, na ang ibig sabihin, mas kaunting botante ang lalahok, mabibigyan ng higit na kapangyarihan ang mga espesyal na interes, at masasayang ang milyon-milyong dolyar na mula sa mga nagbabayad ng buwis. Isa na namang maaksaya, hindi kailangan, at magastos na panukala ang Proposisyon D, na hindi naman gagawing mas nakatutugon o epektibo ang gobyerno ng Lungsod.

Mangyaring samahan kami, kasama ang ating dating Mayor at Tenyente Gobernador Gavin Newsom, sa pagtutol sa Proposisyon D.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON D!

Senador ng U.S. Dianne Feinstein
Mayor Frank Jordan
Mayor Willie L. Brown, Jr.
Angela Alioto, dating Presidente, Lupon ng mga Superbisor

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon D

Kapag nagtatalaga ang Mayor ng Superbisor, madalas na may pananagutan sila sa Mayor—gaya ng lahat ng iba pang itinatalaga o ineempleyo ng Mayor.

Pero dahil sigurado na ang bakanteng posisyon sa Distrito 6 o 8 matapos ang eleksyon sa Nobyembre, gusto ng mga katunggali ng Prop D na lubos ninyong pahintulutan ang itatalaga ng Mayor na maglilingkod sa Distrito 6 o Distrito 8 sa loob ng 18 buwan bago ang susunod na nakatakdang eleksyon!

Panaiiksi ng Prop D ang haba ng panahon na maglilingkod ang itinalagang Superbisor bago makapaghalal ang mga botante ng kanilang kinatawan.

Pinalolobo ng eksaheradong pahayag ng katunggali tungkol sa paglulustay ng "milyon-milyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis" ang gastusin sa pagpapatupad ng Prop D. Ayon sa pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), humigit-kumulang $85,000 lamang ang karaniwan na taunang gastusin nito. Sa budget na $10 bilyon, napakaliit na binabayarang halaga nito para sa pagtataguyod ng demokrasya.

Panghuli, may sinasabi ang kawalan ng sagot ng mga dating Mayor na nangatuwiran laban sa Prop D ukol sa pagtatakda ng limitasyon sa panahon para sa mga pagtatalaga ng Mayor. Ang limitasyon sa panahon na ito ang hahadlang sa hindi pagpuno sa mga bakanteng inihahalal na puwesto sa loob ng hindi tiyak na panahon.

Sa pamamagitan ng Prop D, agad na mapupunan ang mga bakanteng puwesto at mabibigyan ang mga botante ng kanilang sibikong karapatan na ihalal ang kanilang mga kinatawang pandistrito.

Ihalal natin ang ating mga inihahalal na opisyal!

Dating Mayor Art Agnos
San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon ng mga Komunidad ng San Francisco)
Superbisor John Avalos
Superbisor David Campos
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

E Responsibilidad para sa Pag-aalaga sa mga Puno na nasa Kalye at mga Nakapaligid na Bangketa

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para ilipat ang responsibilidad mula sa mga may-ari ng lupa sa Lungsod para sa pag-aalaga sa mga puno na nasa mga bangketang nakapaligid sa kanilang pag-aari, pati na rin ang mga bangketang nasisira ng mga puno, at magbayad para dito sa pamamagitan ng pagsasantabi ng $19 milyon kada taon mula sa Pangkalahatang Pondo nito, na iniaayon taon-taon batay sa mga kita ng Lungsod?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Sa pangkalahatan, itinatakda ng batas ng Lungsod na alagaan ng mga may-ari ng lupa ang mga puno na nasa pampublikong mga bangketa na katabi ng kanilang lupa, pati na rin ang bangketa na nasa paligid ng mga punong iyon.

Karaniwang pananagutan ng may-ari ng lupa ang mga pinsala at pagkasira ng pag-aari na posibleng maranasan ng ibang tao dahil sa kabiguan ng may-ari na alagaan ang mga punong iyon at ang mga bangketang nasira ng mga puno.

Pananagutan ng San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco, School District) ang pag-aalaga sa mga puno na nasa lupa nito.

Ang Mungkahi: Isang pag-amyenda sa Charter ang Proposisyon E na naglilipat ng responsibilidad mula sa mga may-ari ng lupa tungo sa Lungsod para sa pag-aalaga sa mga puno at bangketa na nasira ng mga puno. Ang Lungsod ang magkakaroon ng pananagutan para sa mga pinsala at pagkasira sa pag-aari na idudulot ng kabiguang maalagaan ang mga puno at maipaayos ang mga bangketang nasira ng mga puno.

Ang Lungsod ang magbabayad para sa pag-aalaga ng mga puno at bangketang ito sa pamamagitan ng pagsasantabi ng $19 milyon kada taon mula sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod, na iniaayon taon-taon batay sa mga kita ng Lungsod.

Posibleng magbigay ang Lungsod ng hanggang $500,000 kada taon mula sa inilalaan para sa School District upang makatulong sa pagbabayad sa pag-aalaga ng mga puno na nasa lupang pag-aari ng mga pampublikong paaralan.

Hanggang sa Enero 1, 2017, magkakaroon ng awtoridad ang Mayor para ihinto na ang pondo at ang nakalaan, batay sa pagrerepaso ng Mayor sa pinansiyal na kalagayan ng Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Charter para ilipat ang responsibilidad mula sa mga may-ari ng lupa tungo sa Lungsod para sa pag-aalaga sa mga puno na nasa mga bangketang nakapaligid sa kanilang pag-aari, pati na rin ang mga bangketang nasisira ng mga puno, at magbayad para dito sa pamamagitan ng pagsasantabi ng $19 milyon kada taon mula sa Pangkalahatang Pondo nito, na iniaayon taon-taon batay sa mga kita ng Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "E"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon E:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng malaking pagtaas sa gastusin ng gobyerno.

Mangangailangan ang panukalang amyenda ng kontribusyon mula sa pangkalahatang pondo tungo sa bagong lilikhaing pondo, ang Street Tree Maintenance Fund (Pondo para sa Pag-aalaga sa mga Puno), na $19 milyon sa pagsisimula ng piskal na taong (FY) 2017–18. Gagamitin ang pondong ito para bayaran ang mga serbisyo ng Lungsod para maalagaan ang mga puno sa kalye simula Hulyo 1, 2017. Magiging $13.5 milyon ang gastos ng Lungsod para sa FY 2017–18 dahil nakapag-budget na ang Lungsod ng $5.5 milyon para sa mga serbisyong ito.

Sa mga susunod na taon, iaayon ang mga kontribusyon sa pondo ng kabuuang pagbabago sa pangkalahatang pinagpapasyahang kita ng Lungsod. Pansamantalang maititigil ng Lungsod ang mga kinakailangang pagtataas ng budget sa anumang taon na may inaasahang kakulangan na $200 milyon o higit pa sa pangkalahatang pondo.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Hindi alinsunod ang iminumungkahing amyenda sa polisiya ng lungsod tungkol sa mga isinasantabi na posibleng hindi sundin at napagbotohan na. Hinahangad ng polisiya na ito na limitahan ang mga isinasantabi na nakapagpapababa sa mga dolyar na nasa Pangkalahatang Pondo, na mapagpapasyahan sana ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa taunang proseso ng pag-ba-budget.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "E"

Noong Hulyo 29, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 11 laban sa 0 para ilagay ang Proposisyon E sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Breed, Campos, Cohen, Farrell, Kim, Mar, Peskin, Tang, Wiener, Yee.

Hindi: Wala.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Oo sa Proposisyon E para sa Malulusog na Puno at Ligtas na mga Bangketa

IBINIBIGAY SA LUNGSOD ANG RESPONSIBILIDAD PARA SA LAHAT NG MGA PUNO NA NASA KALYE

Inililipat ng Proposisyon E ang lahat ng responsibilidad para sa pag-aalaga ng mga puno na nasa kalye at kaugnay na pinsala sa mga bangketa pabalik sa lungsod, **nang walang pagtaas ng buwis.**

Sa ngayon, pinaalagaan ng lungsod sa mga may-ari ng lupa ang karamihan ng mga punong nasa kalye at mga bangketang naapektuhan ng mga puno, mayroon o wala man silang kapasidad na gawin ito. Hindi naging mabuti ito para sa mga puno at naging mahal para sa mga may-ari ng lupa.

Permanenteng inaayos ng Proposisyon E ang problemang ito sa pamamagitan ng paglilipat ng *LAHAT NG RESPONSIBILIDAD* sa pag-aalaga ng mga mga puno at bangketa *PABALIK SA LUNGSOD*, **nang walang pagtaas ng buwis.**

ITINATAKDA SA LUNGSOD NA AYUSIN ANG LAHAT NG PINSALA SA BANGKETA NA KAUGNAY NG MGA PUNO

Itinatakda ng Proposisyon E sa lungsod na ayusin ang lahat pinsala sa mga bangketa kaugnay ng mga puno, kaya't magiging ligtas at madaraanan na ng lahat ang ating mga bangketa.

INIAALIS ANG PANANAGUTAN MULA SA MGA MAY-ARI NG LUPA

Permanenteng inililipat ng Proposisyon E ang legal na pananagutan sa lungsod para sa mga pagkakadulas at pagkakahulog kaugnay ng mga puno at iba pang pinsala na idinudulot ng mga puno, kaya't matitiyak na hindi makakasuhan ang mga may-ari ng lupa nang dahil sa mga puno.

GINAGAWANG BERDE ANG MGA BAKURAN NG MGA PAARALANG PAMPUBLIKO

Nagkakaloob ang Proposisyon E ng $500,000 taon-taon sa SFUSD para masuportahan ang pagpapanatili sa maayos na kondisyon ng mga puno na nasa mga pampublikong paaralan, at para matiyak na kapwa berde at ligtas ang ating mga paaralan.

SINUSUPORTAHAN ANG 50% NA PAGDAMI NG MGA PUNO SA KALYE

Sinasakop ng Proposisyon E ang mga gastusin sa pagpapanatili sa maayos na kondisyon ng mga nariyan nang mga puno sa kalye, at karagdagan dito, pagdami pa nang 50%! Susuportahan nito ang 50,000 bagong puno sa kabuuan ng lungsod, upang makinabang ang lahat sa mas berdeng mga komunidad. Pinagaganda ng mga puno ang ating mga kalye, nililinis ang ating kapaligiran, at tumutulong na mabawasan ang global warming (pag-init ng mundo).

GINAGAWA ANG LAHAT NG ITO SA PAMAMAGITAN NG NAKATUONG PONDO AT WALANG PAGTAAS NG BUWIS

Ipinag-uutos ng Proposisyon E na gastusin ang $19 milyon ng bilyon-bilyong taunang budget ng lungsod sa pagpapanatili sa maayos na kondisyon ng mga puno at pagkumpuni sa mga bangketa upang hindi niyo kailangang magbayad para sa mga ito.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon E para sa malulusog na puno at ligtas na mga bangketa! www.healthytreessafesidewalks.org

Presidente ng Lupon London Breed
Superbisor Scott Wiener
Superbisor John Avalos
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Mark Farrell
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Katy Tang
Superbisor Norman Yee

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento laban sa Proposisyon E

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

F Pagboto ng mga Kabataan sa mga Lokal na Eleksyon

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter upang mapahintulutan ang mga residente ng San Francisco na bumoto ng mga lokal na kandidato at lokal na mga panukala na nasa balota, kung mga mamamayan sila ng U.S., hindi bababa sa edad 16, at rehistrado para bumoto?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Puwedeng magparehistro at bumoto sa eleksyon ng San Francisco ang mga residente ng San Francisco na hindi bababa sa edad 18 at mga mamamayan ng Estados Unidos. Puwedeng bumoto ang mga botante ng San Francisco para sa mga lokal na kandidato at panukala na nasa balota, kandidato at panukala na nasa balota na pang-estado, at mga kandidato para sa pederal na gobyerno.

Ang Mungkahi: Isang pag-amyenda sa Charter ang Proposisyon F na magpapahintulot sa mga residente ng San Francisco na bumoto para sa mga lokal na kandidato at mga lokal na panukala na nasa balota kung mga mamamayan sila ng U.S., hindi bababa sa edad 16, at rehistrado para bumoto. Kasama sa mga lokal na kandidato ang mga kandidato para sa Lupon ng Edukasyon at Lupon ng mga Katiwala ng City College.

Hindi pahihintulutan ng Proposisyon F ang mga nasa edad 16 at 17 na bumoto sa mga kandidato ng estado, panukala ng estado na nasa balota o mga kandidato para sa pederal na gobyerno.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Charter para pahintulutan ang mga residente ng San Francisco na bumoto ng mga lokal na kandidato at lokal na panukala na nasa balota kung mga mamamayan sila ng U.S., hindi bababa sa edad 16 at rehistrado para bumoto.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "F"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag tungkol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon F:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng maliit na epekto sa gastusin ng gobyerno.

Inaasahang patataasin ng amyenda ang bilang ng mga rehistradong botante para sa munisipal na eleksyon ng hanggang sa humigit-kumulang na 1 porsiyento kung magpapaparehistro para makaboto ang mga edad 16 at 17 sa ganoon ding porsiyento ng nagpaparehistro sa pangkalahatang populasyon. Magkakaroon ng mga karagdagang gastos ang Departamento ng mga Eleksyon para maglabas ng mga materyales para sa botante. Bukod rito, magkakaroon din ng ilang gastos sa pagbibigay ng edukasyon sa mga botante at mga pagsisikap na maabot ang higit na nakararami para sa pangkat na ito ng mga botante. Kapag ikinalat ito sa kabuuan ng apat na taong siklo ng eleksyon, maliit na pagtaas lamang ito sa taunang gastos ng Departamento ng mga Eleksyon.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "F"

Noong Mayo 10, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 9 laban sa 2 para ilagay ang Proposisyon F sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Breed, Campos, Kim, Mar, Peskin, Tang, Wiener, Yee.

Hindi: Cohen, Farrell.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

Pinagtitibay ng Proposisyon F ang Ating Demokrasya

Ang pagboto ang saligan ng demokrasya at napakahalaga nito sa kinabukasan ng San Francisco. Para mabigyang-lunas ang mga hamon natin na pinakakailangang harapin agad, mula sa pag-angat ni Donald Trump hanggang sa pagwawakas sa kawalan ng tahanan ng mga pamilya, kailangan nating gawin ang lahat ng ating makakaya para dumami pa ang paglahok ng mga botante, kapwa ngayon at sa hinaharap. Iyan ang dahilan kung bakit boboto tayo ng OO sa Proposisyon F.

Sa pamamagitan ng Proposisyon F, nangunguna ang San Francisco sa makasaysayang pagpupunyagi para pangalagaan ang kultura ng pagboto nang may kaalaman, sa pamamagitan ng paggawad ng karapatang bumoto sa mga mamamayang may edad 16 at 17 para sa mga eleksiyong lokal at para sa lupon ng mga paaralan. Malinaw ang pananaliksik – mas maagang naghuhulog ng unang balota ang sinuman, mas malamang na patuloy siyang lalahok bilang may pananagutan, sanay na, at panghabambuhay na botante. Mas matatag na panahon ang edad labing-anim kaysa sa edad 18 para maipirmi ang nakagagawiang ito, at higit ang kahandaan sa pagboto ng mga edad 16 at 17 sa San Francisco.

Bukod rito, ipinapakita ng pananaliksik na karaniwang nagtataglay ang mga nasa edad 16 ng parehong antas ng kaalamang sibiko kung ihahambing sa mga nasa edad 21, at nagpapakita sila ng kapantay na antas ng kasanayan at kahusayang politikal ayon sa sariling pag-uulat.

Karagdagan dito, may pananagutan ang Lupon ng Edukasyon ng San Francisco sa pagpapatupad ng kurikulum sa ating mga matataas na paaralan para tiyakin na handa ang ating mga nasa edad 16 at 17 para sa kanilang unang eleksyon.

Muli at muli, nangunguna sa positibong pagbabago ang ating lungsod, at sa pamamagitan ng Proposisyon F, mayroon na naman tayong gayong pagkakataon. Posible tayong maging unang pangunahing lungsod na maggagawad ng karapatan sa pagboto sa ganitong paraan. Puwede nating ipakita na seryoso tayo sa pagtiyak na magiging mga botanteng may kaalaman at pananagutan ang ating kabataan, para matulungan tayong lutasin ang mga problema ngayon at sa hinaharap.

Samahan kami sa pagboto ng OO sa Proposisyon F.

Superbisor ng San Francisco John Avalos
Senador ng Estado ng CA Mark Leno
Miyembro ng Asembleya David Chiu
Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

MAY ILANG PROBLEMA SA PAGBOTO ANG MGA NASA EDAD 16:

Bagamat walang duda na mayroong mga batang lalaki at babae na nasa edad 9 at may malinaw na pag-iisip, matalino at may dunong na lampas sa kanilang edad sa paghawak ng pera at pagpapasyang politikal, tiyak na nasa minorya sila sa kanilang mga kaedad. Habang tumatanda ang mga bata, lumalawak ang kanilang pag-unawa sa mundo at sa kanilang lokal na lipunan. Mas hindi maingat ang karamihan sa mga nasa edad 16 sa paggasta ng pera o pagkiling sa mga kandidatong gustong maglustay ng pampublikong pondo, kung ihahambing sa mga nasa edad 18.

Ito ang dahilan kung bakit pinapaboran ng ilang pulitikong maluwag sa paggasta ang pagboto ng mga nasa edad 16 sa eleksyon na siyang itinataguyod ng naliligaw sa landas na Proposisyon F. **MASAMANG GOBYERNO** ang sinasagisag ng panukalang ito — hindi **MABUTING GOBYERNO**.

Gusto ng ilang politikong mayayabang at makasarili ang mga botanteng mas kaunti ang tanong at bulag na susunod sa mga nasa puwesto — kahit na magsimula ang mga ito na gumawa ng mga malulubhang pagkakamali.

Nabangkarote ang Detroit dahil sa **MASAMANG GOBYERNO**. Malinaw na malapit na ring humantong sa pagiging bangkarote ang Puerto Rico. Nagkaroon ng malulubhang pinansiyal na problema ang New York noong dekada 70, na naiwasto lamang sa maalam na pagkakatanggal sa puwesto ni Mayor Abraham Beam sa lokal na eleksyong naiulat sa buong bansa.

Bumoto ng **"HINDI!"** sa walang katuturang Proposisyon F.

Dr. Terence Faulkner, J.D.
*Miyembro ng Komite ng Federal Executive Awards (Pederal na Ehekutibong Parangal) ng Pangulo ng Estados Unidos (1988)**

Thomas C. Agee
*Nagmamalasakit na Mamamayan**

Patrick C. Fitzgerald
*Dating Kalihim, Partidong Demokratiko ng San Francisco**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

MUKHANG NANGGAGALING ANG POLITIKAL NA MOTIBASYON PARA SA KILUSANG "PAGBOTO 16" SA PANINIWALA NA POSIBLENG MAS HANDANG SUMUPORTA ANG MGA NASA EDAD 16 AT 17 NA BOTANTE SA MGA KANDIDATO AT USAPING MALUWAG SA PAGGASTA KAYSA SA MGA MAMAMAYANG NAKATATANDA AT MAS NAKATUON SA MGA NEGOSYO:

Mula sa pangmatagalang pananaw, mukhang kulang sa pag-iingat ang pagpapalit ng kasalukuyang batas sa pagboto sa pag-asang makahahanap, sa ilang pagkakataon, ng mga mamamayang hindi gaanong maalam tungkol sa takbo ng mundo, ang mga pinagkakagastusang proyekto na kaduda-duda o walang katuturan…maliban na lamang kung isa kang lobbyist na nagtutulak ng mga padalos-dalos at mahal na mga usaping pampinansiya.

Ang pagkakabangkarote ng Detroit kamakailan, ang paglalagay sa Puerto Rico sa "receivership (pangangasiwa ng iba)" para maiwasan ang pagkabangkarote, at ang walang katapusang problemang pinansiyal ng New York noong dekada 70 ay mga argumento para sa politikal na pag-iingat.

Posibleng hangal na ideya ang pagpasa ng panukalang ito upang pababain ang karaniwang edukasyon at karanasan ng mga botante ng San Francisco.

Gusto ng mga taong nagtutulak ng tinatawag na "repormang" ito ang mas bata at mas madaling magtiwala na mga botante, na mas kaunti ang itatanong, mas kaunti ang edukasyon, at maaaring humantong sa pagtataguyod ng higit na paglustay ng buwis.

Mukhang **MASAMANG GOBYERNO** ang siyang itinataguyod.

Bumoto ng **"HINDI!"** sa Proposisyon F.

Dr. Terence Faulkner, J.D.
*Dating Miyembro ng Lupon ng Regional Citizens Forum (Pangrehiyong Forum ng mga Mamamayan) ng Association of Bay Area Governments (Asosasyon ng mga Gobyerno sa Bay Area, ABAG)**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon F

Nasa balota ang Proposisyon F dahil sa iisang dahilan — sabik na dalhin ng mga nasa edad 16 at 17 ang kanilang politikal na partisipasyon sa susunod na antas. Kailangan nating salubungin ang kasabikang ito, at hindi iwaksi nang may pag-aalinlangan.

Naipakita na ng ating mga nasa edad 16 at 17 na kaya nila ang gawain. Iniharap ang ideyang ito ng pangkat ng mga kabataan na iba-iba ang lahi, katayuan o pinagmulan, at ang kanilang matalas na adbokasiya ang dahilan kung bakit malakas at malawak ang suporta para sa Proposisyon F.

Bukod rito, nagpasa na ang Lupon ng Edukasyon ng resolusyon na nagpasyang magpatupad ng epektibong kurikulum upang ihanda ang mga kabataan ng lungsod sa pagharap sa balota kapag ipinasa ang Proposisyon F. Hihikayatin nito ang kritikal na pag-iisip ukol sa mga usaping hinaharap ng ating mga komunidad at titiyakin na darating sa botohan ang mga kabataan na taglay ang mga kasangkapan para maging mga botanteng may kaalaman at nag-iisip.

Dahil dito, iboboto ng mga nasa edad 16 at 17 ang mga kandidatong kumakatawan sa kanilang mga paniniwala at pinahahalagahan. Magmumula sila sa lahat ng sulok ng lungsod at susuportahan ang mga kandidato na mula sa lahat ng uri ng pulitika.

Para matugunan ang mga hamon ngayon at sa hinaharap, napakahalaga na ang ating mga kabataan ay maging mga botanteng nakikisangkot at nakagawian na ang pagboto. Umiigpaw ang batas na ito sa pagkiling sa iisang partido, at lumilikha ng mas malusog na demokrasya para sa lahat. Iyan ang tunay na ibig sabihin ng Proposisyon F.

Bumoto ng OO sa F!

*Presidente ng Lupon ng mga Paaralan Matt Haney**
*Bise-Presidente ng Lupon ng mga Paaralan Shamann Walton**
*Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan Sandra Lee Fewer**
*Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan Hydra Mendoza-McDonnell**
*Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan Emily Murase**
*Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan Rachel Norton**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

G Pangangasiwa sa Pulisya

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para bigyan ng bagong pangalan ang Office of Citizen Complaints (Opisina para sa mga Reklamo ng mga Mamamayan) bilang Department of Police Accountability (Departamento ng Pananagutan ng Pulisya, DPA); itakda sa DPA na repasuhin ang mga patakaran ng San Francisco Police Department sa paggamit ng dahas, at ang paghawak nito sa mga kaso ukol sa maling gawi ng mga pulis; pahintulutan ang DPA na i-audit o i-review ang anumang patakaran, pamamaraan o gawi ng SFPD; tukuyin ang mga rekord ng Lungsod na puwedeng makuha ng DPA sa pagpapatupad ng mga tungkulin nito; at pahintulutan ang DPA na isumite nang hiwalay ang budget nito sa Mayor?

OO ⬅
HINDI ⬅

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Mayroong Office of Citizen Complaints (OCC) ang Lungsod na pinamamahalaan ng Police Commission (ang tagapamahalang sibilyan na pangkat ng Police Department) ng Lungsod. Iniimbestigahan ng OCC ang mga reklamo ng maling gawi at hindi paggampan ng trabaho ng mga pulis, at puwede itong maghain ng mga pandisiplinang kaso laban sa mga pulis. Nagtatalaga ang Mayor ng Direktor ng OCC mula sa mga nominadong pinili ng Police Commission, at kinukumpirma ng Lupon ng mga Superbisor ang itinalaga ng Mayor.

Kailangang makipagtulungan ang mga departamento, opisyal, at empleyado ng Lungsod sa mga imbestigasyon ng OCC.

Inaaprubahan ng Police Commission ang budget ng OCC bilang bahagi ng budget ng San Francisco Police Department (SFPD). Matapos aprubahan ng Police Commission ang panukalang budget, puwedeng gumawa ng mga pagbabago ang Mayor at ang Lupon ng mga Superbisor bago ito ipatupad.

Ang Mungkahi: Isang pag-amyenda sa Charter ang Proposisyon G na magbibigay ng bagong pangalan sa OCC bilang Department of Police Accountability (DPA). Ang Police Commission pa rin ang mamamahala sa DPA.

Patuloy na magiging responsibilidad ng Mayor ang pagtatalaga ng Direktor ng DPA maliban na lamang kung aaprubahan ng mga botante ang Proposisyon G. Magtatalaga ang Mayor ng Direktor mula sa mga nominadong pinili ng Police Commission, at kukumpirmahin ng Lupon ng mga Superbisor ang itinalaga ng Mayor.

Rerepasuhin ng DPA, nang hindi bababa sa isang beses tuwing makalawang taon, ang mga patakaran ng SFPD ukol sa paggamit ng dahas, at ang paghawak nito sa mga bintang ng maling gawi ng mga pulis. Magkakaroon din ng kapangyarihan ang Direktor ng DPA na i-audit o repasuhin ang anumang patakaran, pamamaraan o gawi ng SFPD.

Tinutukoy din ng Proposisyon G na kailangang magkaloob ang mga departamento, opisyal at empleyado ng Lungsod ng mga sumusunod na uri ng rekord sa DPA, maliban na lamang kung ipinagbabawal ng batas:

- mga rekord ukol sa mga patakaran at gawi ng SFPD;
- mga rekord ng mga kawani at mga rekord na nauukol sa pagdidisiplina;
- mga file (itinatagong papeles) ng mga imbestigasyon sa mga krimen at pagsasakdal;
- iba pang rekord na puwedeng makuha ng Police Commission.

Itatakda ng Proposisyon G na ihanda at isumite ang budget ng DPA nang hiwalay sa budget ng SFPD, at hindi mangangailangan ng pag-apruba ng Police Commission. Sa halip, isusumite ng Direktor ng DPA ang panukalang budget ng DPA nang direkta sa Mayor. Puwedeng gumawa ng mga pagbabago ang Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa budget bago ito ipatupad.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Charter para:

- bigyan ng bagong pangalan ang Office of Citizen Complaints bilang Department of Police Accountability (DPA);

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

- itakda sa DPA na repasuhin ang mga patakaran ng San Francisco Police Department sa paggamit ng dahas at ang paghawak nito ng mga bintang ng maling gawi ng mga pulis;
- pahintulutan ang DPA na i-audit o repasuhin ang anumang patakaran, pamamaraan o gawi ng SFPD;
- tukuyin ang mga rekord ng Lungsod na puwedeng makuha ng DPA para magampanan ang mga tungkulin nito; at
- itakda na isusumite nang hiwalay ng DPA ang budget nito sa Mayor.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "G"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon G:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa charter, magdudulot ito ng maliit na epekto sa gastusin ng gobyerno.

Babaguhin ng panukalang amyenda ang pangalan ng Office of Citizen Complaints (OCC) para maging Department of Police Accountability (DPA). Bagamat hindi pinapalitan ng amyenda ang kasalukuyang awtoridad na ibinigay sa OCC, isinasaad nito na magsasagawa ang DPA ng performance audit (pag-audit ng pagganap) o pagrerepaso tuwing makalawang taon ukol sa paggamit ng dahas ng mga pulis at kung paano hinawakan ng Police Department ang maling gawi ng mga pulis. Inihihiwalay din ng panukalang amyenda ang budget ng DPA mula sa budget ng Police Department, at isinasaad nito na direkta nang isusumite ng DPA ang budget nito sa Mayor.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "G"

Noong Hulyo 29, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 11 laban sa 0 para ilagay ang Proposisyon G sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Breed, Campos, Cohen, Farrell, Kim, Mar, Peskin, Tang, Wiener, Yee.

Hindi: Wala.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon G

Bumoto ng OO sa Proposisyon G - na naghahatid ng higit na pananagutan, pagiging bukas ng impormasyon, at external oversight (pamamahala na mula sa labas ng organisasyon) sa mga nagpapatupad ng batas.

Noong Hunyo 2016, ipinasa ng mahigit 80% ng mga botante ang Proposisyon D. Ipinag-utos nito na imbestigahan ng Office of Citizens Complaints (Tanggapan ng mga Reklamo ng mga Mamamayan, OCC) ang LAHAT ng mga pagpapaputok ng baril na may kasangkot na pulis.

Noong Hulyo, 2016 naglabas ang SFPD ng ulat na nagdedetalye ng mga engkuwentro kung saan gumamit sila ng dahas sa isang indibidwal. Sa loob ng 4 buwan, napag-alaman na, 648 mula sa 947 insidente ng paggamit ng dahas, tinutukan ng baril ng pulis ang isang indibidwal.

Napag-alaman ng 21st Century Policing Task Force (Task Force sa Pagpupulis sa ika-21 Siglo) ni Presidente Obama, ng Police Executives Research Forum (Porum sa Pananaliksik ng mga Ehekutibo sa Pulisya), ng Blue Ribbon Panel at ng ACLU na napakahalaga ng malakas na external oversight sa mga departamento ng pulisya kapag gumagawa ng ebalwasyon ukol sa pagiging epektibo ng mga operasyon at patakaran ng isang departamento ng pulisya.

Mahirap ang trabaho ng mga pulis. Gayon pa man, obligasyon kapwa ng mga pulis at residente na tiyakin na nakikitungo ang mga pulis sa komunidad sa paraan na may pananagutan at bukas ang impormasyon sa publiko na kanilang pinaglilingkuran.

Binabago ng Proposisyon G ang OCC, na isang opisinang nakatuon sa mga reklamo, tungo sa pagiging Department of Police Accountability (Departamento ng Pananagutan ng Pulisya), isang departamentong nagpapasimula ng pagbabago, at may mas malakas at independiyenteng awtoridad sa pangangasiwa. Iminumungkahi ng istruktural na pagbabagong ito na palawakin ang pangangasiwa sa SFPD sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. Pagtatanggal ng salungat na interes sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa DPA na isumite ang budget nito nang direkta sa Mayor nang wala nang pag-apruba mula sa SFPD.
2. Pagbibigay sa DPA ng independiyenteng awtoridad na magsagawa ng regular at ayon sa sariling pasya na audit ng paggamit ng dahas, maling gawi ng pulis, mga patakaran at pamamaraan ng SFPD.
3. Pagiging higit na bukas ng impormasyon sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa publiko na subaybayan ang mga bintang ng maling gawi at mga reklamo

Bumoto ng OO sa Proposisyon G!

Superbisor Malia Cohen
Superbisor London Breed
Superbisor John Avalos
Superbisor David Campos
Superbisor Mark Farrell
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Katy Tang
Superbisor Norman Yee
Superbisor Scott Wiener

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento laban sa Proposisyon G

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Batas sa mga Karapatan Ng Botante

Ikaw Ay May Mga Sumusunod Na Karapatan:

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
   - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - hindi nakabilanggo o parolado para sa isang peloni
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
   Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan ng isang bagong balota; o **Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan; o
   Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota, kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa county kung saan nakarehistro ka para makaboto.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
    - Sa web sa *www.sos.ca.gov*
    - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
    - sa mail sa *elections@sos.ca.gov*

Kung naniniwala kayong ipinagkait sa inyo ang alinman sa mga karapatang ito, tumawag sa kumpidensiyal at walang-bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Pagiging Kumpidensiyal at Mga Rekord ng Botante

Mga Pinahihintulutang Paggagamitan ng Impormasyon para sa Rehistrasyon ng Botante *(California Elections Code section 2157.2)(Kodigo ng mga Eleksyon sa California Seksyon 2157.2)*

Ginagamit ang impormasyong nasa inyong form para sa rehistrasyon ng botante ng mga opisyal ng eleksyon para padalhan kayo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, tulad ng lokasyon ng inyong lugar ng botohan, at ang mga isyu at mga kandidatong lilitaw sa balota.

Ipinagbabawal ng batas ang komersiyal na paggamit ng impormasyon para sa rehistrasyon ng botante at isa itong misdemeanor. Ang ilang impormasyon tungkol sa botante ay maaaring ibigay, kapag hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Halimbawa, maaaring ibigay ang impormasyon sa isang kandidato para sa katungkulan o sa komite ng panukalang-batas. Ang sumusunod na impormasyon ay *hindi maaaring* isiwalat para sa ganitong mga layunin:

- Ang inyong numero ng lisensiya sa pagmamaneho,
- Ang inyong numero ng ID ng estado
- Ang inyong numero ng Social Security
- Ang inyong pirma na ipinapakita sa inyong form para sa rehistrasyon ng botante

Kung may anumang tanong kayo tungkol sa pinaggagamitan ng impormasyon tungkol sa botante o kung gusto ninyong magreport ng pinagsususpetsahan na maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Secretary of State: (800) 339-2957.

Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Maaaring kuwalipikado ang ilang botante na may mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay para sa status na kumpidensyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Safe at Home program ng Kalihim ng Estado nang walang bayad sa (877) 322-5227, o tingnan ang *sos.ca.gov*.

Ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas), bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

H Pampublikong Tagapagtaguyod

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para lumikha ng posisyon na Public Advocate (Pampublikong Tagapagtaguyod) na responsable sa pag-iimbestiga at pagtatangkang maresolba ang mga pampublikong reklamo hinggil sa mga serbisyo at programa ng Lungsod; at dapat bang maging polisiya ng Lungsod na magkaloob sa Public Advocate ng sapat na pondo at mga katulong na kawani na hindi bababa sa 25 katao?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Sa kasalukuyan, ang Lungsod ay walang partikular na opisyal o sentral na opisinang responsable sa pamamahala kung paano nakikitungo ang mga departamento ng Lungsod sa publiko. May ilang opisina ang Lungsod na nagkakaloob ng mga oportunidad sa publiko para makakuha ng impormasyon, mag-ulat ng mga problema, o magsumite ng kahilingan para sa serbisyo. Kabilang sa mga halimbawa:

- ang 311 Customer Service Line (Linya para sa Pagbibigay-serbisyo sa mga Kostumer) ng Lungsod;
- ang Lupon ng mga Superbisor;
- ang Opisina ng Mayor;
- ang Opisina ng Abugado ng Lungsod;
- ang Controller (Tagapamahala ng Pinansiya); at
- ang Office of Citizen Complaints (Opisina para sa ng Reklamo ng mga Mamamayan) (para sa mga reklamo tungkol sa mga aksiyon ng pulis).

Ang Controller ang pangunahing opisyal para sa accounting at auditor ng Lungsod. Sinusubaybayan ng Controller ang antas ng serbisyo ng Lungsod at ang pagiging epektibo ng mga ito. Ang Controller din ang namamahala sa programang whistleblower ng Lungsod, na tumatanggap at nag-iimbestiga ng mga kumpidensiyal na reklamo tungkol sa maling paggamit ng mga pondo ng Lungsod at hindi nararapat na mga gawain ng mga opisyal at empleyado ng Lungsod.

Ang Office of Citizen Complaints (OCC) ng Lungsod ang nag-iimbestiga ng mga reklamo ng maling gawi at kapabayaan sa gawain ng mga pulis, at puwede itong maghain ng kasong pandisiplina laban sa mga pulis. Hinihirang ng Mayor ang Direktor ng OCC mula sa mga nominadong pinili ng Police Commision at kinukumpirma ng Lupon ng mga Superbisor ang hinirang ng Mayor.

Ang Mungkahi: Isang pag-amyenda sa Charter ang Proposisyon H na lilikha ng posisyon na Public Advocate. Ihahalal ang Public Advocate sa pamamagitan ng eleksyon sa kabuuan ng Lungsod at maglilingkod siya para sa terminong tatagal nang apat na taon. Ihahalal ang kauna-unahang Public Advocate sa unang eleksyon na gaganapin matapos ang Enero 1, 2017, at maglilingkod para sa pinaikling termino. Simula 2020, ihahalal na ang Public Advocate tuwing ika-apat ng taon. Walang tao na puwedeng magsilbi bilang Public Advocate nang mahigit sa dalawang magkakasunod na termino.

Sa ilalim ng Proposisyon H, ang Public Advocate ay:

- mag-iimbestiga at susubukang iresolba ang mga reklamo mula sa publiko tungkol sa mga serbisyo at programa ng Lungsod;
- tatanggap at mag-iimbestiga ng ilang kumpidensiyal na mga reklamo ng whistleblower tungkol sa mga serbisyo at programa ng Lungsod;
- magrerepaso ng pagpapatakbo sa mga programa ng Lungsod, mga pamamaraan sa pamamahala at patakaran sa pangongontrata, at gagawa ng mga rekomendasyon para mapahusay ang mga ito; at
- hihirang ng Direktor ng Office of Citizen Complaints (o ng susunod dito) mula sa mga nominado na pinili ng Police Commission, at nang may pag-apruba ng Lupon ng mga Superbisor.

Magpapatuloy ang Controller sa paghawak ng mga reklamo ng mga whistleblower ukol sa maling paggamit ng mga pondo ng Lungsod.

Gagawin din ng Proposisyon H na polisiya ng Lungsod ang pagkakaloob sa Public Advocate ng sapat na pondo at mga katulong na kawani na hindi bababa sa 25 katao. Puwede ring kumuha ang Public Advocate ng mga independiyenteng eksperto na posibleng hindi na saklaw ng mga tuntunin ng Lungsod sa pangongontrata.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Charter para lumikha ng posisyon na Public Advocate, na responsable sa pag-iimbestiga at pagtatangkang maresolba ang mga pampublikong reklamo hinggil sa mga serbisyo at programa ng Lungsod. Gusto rin ninyong gawing polisiya ng Lungsod na magkaloob sa Public Advocate ng sapat na pondo at mga katulong na kawani na hindi bababa sa 25 katao.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "H"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon H:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng katamtaman hanggang sa malaking pagtaas sa gastusin ng gobyerno.

Magkakaroon ang ipinapanukalang bagong Office of the Public Advocate ng iba't ibang kapangyarihan para magrepaso, mag-imbestiga at gumawa ng mga rekomendasyon ukol sa mga programa sa pampublikong impormasyon, proseso ng pagreresolba sa mga reklamo, at mga pamamaraan sa pangongontrata at pag-eempleyo ng Lungsod. Bukod rito, magkakaroon din ang Public Advocate ng awtoridad na tumanggap at mag-imbestiga sa ilang reklamo ng mga whistleblower. Kasalukuyan nang mayroong ganitong awtoridad at responsibilidad ang iba't ibang departamento ng Lungsod para gampanan ang mga gawaing ito, at hindi ito magbabago nang malaki sa iminungkahing panukala. Magkakaroon din ang Public Advocate ng awtoridad na magharap ng batas.

Ipinag-uutos ng amyenda sa Charter ang pagkakaroon ng hindi bababa sa apat na posisyon ng mga kawani sa bagong opisinang ito, na may tinatayang gastos na nasa pagitan ng $600,000 at $800,000 taon-taon. Nagtatakda rin ang amyenda ng polisiya ng Lungsod na nagrerekomenda ng karagdagang dalawampu't dalawang kawani para sa opisina. Malamang na nasa pagitan ng $2.8 milyon at $3.5 milyon taon-taon ang karagdagang gastos para matugunan ang polisiyang ito para sa pagkakaroon ng mga kawani, bagamat posibleng hindi ipatupad ng Lungsod ang polisiyang ito, at pagpapasyahan sa taunang proseso ng paggawa ng budget.

Ihahalal ang Public Advocate sa unang pangkalahatan o espesyal na eleksyon sa kabuuan ng lungsod, na isasagawa matapos ang Enero 1, 2017. Itatakda ang suweldo ng bagong Public Advocate ng Civil Service Commission (Komisyon sa Serbisyo Sibil).

Hindi alinsunod ang iminumungkahing amyenda sa polisiya ng Lungsod tungkol sa mandatory expenditures (mga dapat gastusin) na posibleng hindi sundin, at sinang-ayunan na ng mga botante. Hinahangad ng polisiya na ito na limitahan ang mga itinatakda para sa mga gastusin na napagbotohan na, at nagbibigay ng limitasyon sa pagpapasya ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa proseso ng paggawa ng budget.

Tandaan na papalitan ng mungkahing pag-amyenda ang mga tungkulin ng Opisina ng Controller, na siyang naghanda ng pahayag na ito.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "H"

Noong Hulyo 29, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 6 laban sa 5 para ilagay ang Proposisyon H sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Campos, Kim, Mar, Peskin, Yee.

Hindi: Breed, Cohen, Farrell, Tang, Wiener.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H

Isang inihahalal na opisyal ang Public Advocate na ang tanging trabaho ay tiyakin na nakatatanggap kayo ng patas na pakikitungo mula sa inyong lokal na gobyerno.

Wala tayong ganitong tao sa San Francisco. Pero kailangan mayroon tayo nito.

Mayroon nang mga public advocate ang mga pangunahing lungsod na kagaya ng New York, Portland, Seattle at Toronto. Noong isang taon lamang, nakatipid ng *163 milyong dolyar* para sa lungsod ang Public Advocate ng New York sa pamamagitan ng pag-iimbestiga ng mga maling kontrata at pagbabawas sa pag-aaksaya.

Pera iyon na puwedeng gamitin para sa abot-kayang pabahay, pagharap sa kawalan ng tahanan, o pagkakaroon ng higit na pampublikong kaligtasan sa ating mga komunidad.

Sa San Francisco, 100,000 tao ang tumatawag sa 311 *kada buwan* para magreklamo tungkol sa gobyerno ng lungsod, magtanong ng impormasyon, o maghain ng ulat. Pero ano ang nangyayari kapag hindi nalulutas ang kanilang mga problema? Madalas na wala – kaya kailangan natin ng Public Advocate.

Heto ang mga gagawin ng Public Advocate, ayon sa pagkakalikha ng Prop H:

- **Palalakasin ang sistema ng pagrereklamo ng mga mamamayan,** tataasan ang kakayahan nitong sagutin ang mga reklamo, at titiyakin na maaayos ang mga problema.
- **Iimbestigahan ang pag-aaksaya, panloloko at pang-aabuso** sa mga programa ng lungsod na itinatampok ng media, mga whistleblower at mga tip ng mga hindi nagbibigay ng pangalan.
- **Itatigil ang masasamang kontrata at programa ng lungsod** para matanggal na ang hindi mahusay na pagganap at paboritismo.
- **Lalagyan ng ngipin ang pagsusumikap na magkaroon ng mga reporma sa pulisya ng San Francisco** sa pamamagitan ng paglalagay ng walang kinikilingan at independiyenteng direktor na mamamahala sa pangangasiwa sa pulisya.

Naging epektibo ang Public Advocate sa ibang lungsod para sa pagkakaroon ng higit na pananagutan ng lungsod, pagbabawas sa pag-aaksaya, at pagtitiyak na nakukuha ng mga mamamayan ang serbisyo mula sa gobyerno ng lungsod na nararapat sa atin.

Hindi ba't panahon nang mayroon tayong ganyan dito?

Bumoto ng OO sa H. Pasimulan na ang pagkakaroon ng Public Advocate. Maglagay ng independiyente at epektibong tagabantay na nasa ***inyong*** panig.

Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon ng mga Komunidad para sa San Francisco), na kumakatawan sa 30 organisasyong pangkomunidad sa kabuuan ng San Francisco
United Educators of San Francisco (Mga Nagkakaisang Edukador ng San Francisco)
SF Democratic Party (Partidong Demokratiko ng SF)
SF Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan ng SF)
Harvey Milk LGBT Democratic Club (Samahang Demokratiko na LGBT ni Harvey Milk)
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Superbisor David Campos

Alamin pa ang tungkol dito sa www.SFPublicAdvocate.com

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H

HINDI SA PROPOSISYON H – MAS MALAKING BURUKRASYA, MAS KAUNTING PANANAGUTAN, ISA NA NAMANG POLITIKONG SUSUWELDO NG MAHIGIT $100,000

MALAKING pag-aaksaya ng pera ng mga nagbabayad ng buwis ang Prop H – lumilikha ito ng posisyong may suweldong $150,000 kada taon at may mga kawani na hindi bababa sa 25 manggagawa ng gobyerno ng Lungsod, na may gastusing $3.5 milyon sa mga nagbabayad ng buwis TAON-TAON.

PANG-AABUSO SA KAPANGYARIHAN AT ESTILONG "TAMMANY HALL" NA PANGONGONTRATA SA CITY HALL

Nagbibigay ang Proposisyon H sa bagong "Public Advocate" na halos walang hanggan na kapangyarihang magpatawag ng mga residente, maliliit na negosyo at iba pa. Hindi kasama ang bagong politikong ito sa may kompetisyon na proseso ng bidding sa lungsod para sa mga kontrata, na ang ibig sabihin, puwede siyang magbigay ng mga kontrata at pabor sa mga nagbibigay ng kontribusyong politikal at mga kakampi nila nang walang pangangasiwa!

KAILANGAN BA TALAGA NG SAN FRANCISCO NG ISA NA NAMANG POLITIKO NA MAY SUWELDONG MAHIGIT SA 100,000?

Sinasabi ng mga taga-suporta ng Proposisyon H na kailangan ng San Francisco ng Public Advocate dahil mayroong ganitong tao ang iba pang lungsod. Gayon pa man, kaiba sa karamihan sa iba pang mga lungsod, mayroon nang inihahalal na Mayor, 11 superbisor ng distrito, inihahalal na abugado ng lungsod, inihahalal na abugado ng distrito, independiyenteng controller (tagapamahala ng pinansiya), Administrador ng Lungsod at opisina ng Whistleblower.

HINDI MAGKAKAROON NG HIGIT NA PANANAGUTAN O MAGIGING HIGIT NA EPEKTIBO ANG GOBYERNO NG LUNGSOD DAHIL SA PAGKAKAROON NG ISA PANG POLITIKO NA MAYROONG NAPAKARAMING KAWANI AT NAPAKALAKING OPISINA!

Huwag magkamali: HINDI maghahatid ng mas mahuhusay na serbisyo ng lungsod ang Prop H. MAGHAHATID ito ng mas mahal at hindi kailangang pamamahala, mas maraming oportunidad para sa pag-aaksaya, panloloko at pang-aabuso sa gobyerno ng Lungsod, at hindi kinakailangang politiko na sumusuweldo ng mahigit sa $100,000.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON H.

London Breed, Presidente ng Lupon ng mga Superbisor
Katy Tang, Superbisor
Scott Wiener, Superbisor
Mark Farrell, Superbisor
Fiona Ma, Tagapangulo, California Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis)
David Chiu, Miyembro ng Asembleya

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon H

BUMOTO NG HINDI SA H – Hindi Natin Kailangan ng Dagdag ng Burukrasya sa Gobyerno ng Lungsod

Naghahalal na tayo ng Mayor at labing-isang miyembro ng Lupon ng mga Superbisor para magtaguyod para sa publiko. Bakit natin kailangan ng isa pang inihahalal na posisyon sa kabuuan ng lungsod para doblehin lang ang ginagawa na ng iba pang mga lokal na opisyal araw-araw?

Ayon sa pagkakapanukala, lumilikha ang Proposisyon H ng bagong "Public Advocate" na may mga kawani na hindi bababa sa 25 katao. Puwede pa ngang maghain ang Public Advocate ng batas at may pangkalahatang kapangyarihang magpatawag para pagtuunan ng pansin ang mga residente, negosyo at pati na rin ang mga regular na mamamayan!

Kapag naaprubahan ito, kailangang magkaroon ng espasyo para sa opisina ang Public Advocate sa loob ng City Hall, na puno na sa kasalukuyan. Dahil dito, patatalsikin ng bagong opisinang ito ang ibang departamento mula sa City Hall tungo sa magastos na inuupahang espasyo na pang-opisina.

Ang Public Advocate na ang makapagtatalaga ng Pinuno ng Departamento para sa Office of Citizens Complaints (Opisina ng mga Reklamo ng Mamamayan). Bakit kailangang ang bagong inihahalal na posisyong ito ang magkaroon ng kapangyarihan sa pagtatalaga ng departamentong ito?

Puwede ring manghimasok ang Public Advocate sa Whistleblower Program, na kasalukuyang nasa ilalim ng ating independiyenteng City Controller. Sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Public Advocate na hawakan ang anumang aspeto ng Whistleblower Program, mawawala ang tiwala ng publiko sa kasalukuyang programa ng pag-uulat na hindi napopolitika at hindi kailangang magbigay ng pangalan.

Magagastusan ang mga nagbabayad ng buwis ng hanggang sa $3.5 milyon kada taon para sa Public Advocate Office, batay sa mga pagtaya ng Opisina ng Controller.

Hindi na natin kailangang lumaki pa ang gobyerno ng lungsod – kailangan nating maging mas mahusay at epektibo ang gobyerno ng lungsod. At, tiyak na hindi na natin kailangan ng isa pang inihahalal na opisyal kung nagbabayad na tayo para sa Mayor, 11 Superbisor at kanilang mga kawani, Controller, Abugado ng Lungsod at Ethics Commission (Komisyon para sa mga Tuntunin ng Moralidad).

Mangyaring samahan kami, pati na rin ang dating Mayor at Tenyente Gobernador na si Gavin Newsom, sa PAGLABAN SA PROPOSISYON H.

Dianne Feinstein, Senador ng U.S.
Frank Jordan, dating Mayor
Willie L. Brown, Jr, dating Mayor

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon H

Siyempre, hindi na natin kailangan ng dagdag pang burukrasya sa gobyerno ng lungsod.

Iyan na nga ang eksaktong dahilan kung bakit *kailangan* natin ng Public Advocate.

Mayroon nang public advocate ang Lungsod ng New York simula pa noong 1993. Mayroon ding ganitong tao sa Seattle, Portland, at Toronto.

Kapag inaapi o hindi pinapansin ng burukrasya ang mga mamamayan ng mga lungsod na iyon, mayroon silang mapupuntahan. *Karapat-dapat din ang ganito sa mga taga-San Francisco.*

Ipinapahayag ng mga katunggali na masyadong magastos ito. Pero sa New York, nakatipid ang Public Advocate ng $163 milyon para sa mga nagbabayad ng buwis sa loob lamang ng isang taon! Sapat na iyan para pondohan ang opisina ng Public Advocate na may kumpletong mga kawani sa loob ng 50 taon!

Nagrereklamo sila na posibleng "manghimasok" ang Public Advocate sa Whistleblower Program. Sa katunayan, paulit-ulit nang sinasabi ng independiyenteng Civil Grand Jury (Sibil na Panghukumang Lupon ng mga Tagahatol) na napakaraming mga kamalian ng ating programang whistleblower at kailangang-kailangan na nito ng reporma!

Panghuli, tinatanong nila kung bakit ang Public Advocate ang magtatalaga ng Direktor ng Office of Citizen Complaints, na siyang nag-iimbestiga ng mga pagbaril at maling gawi ng mga pulis. Nasaan ba talaga sila habang nakikipaglaban ang mga taga-San Francisco para sa mas independiyente at epektibong reporma sa pulisya?

Heto ang totoo: natatakot ang mga katunggali sa Public Advocate dahil isa itong independiyenteng inihalal na opisyal na may katungkulang panagutin ang mga burukrata, politiko at may mga espesyal na interes sa mga mamamayan.

Panahon nang magkaroon ang mga taumbayan ng San Francisco ng tagapagbantay na nasa *inyong* panig. **Bumoto ng Oo sa H.**

Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon ng mga Komunidad para sa San Francisco), na kumakatawan sa 30 organisasyong pangkomunidad sa kabuuan ng San Francisco
United Educators of San Francisco (Mga Nagkakaisang Edukador ng San Francisco)
SF Democratic Party (Partidong Demokratiko ng SF)
SF Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan ng SF)
Harvey Milk LGBT Democratic Club (Samahang Demokratiko na LGBT ni Harvey Milk)
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Superbisor David Campos

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

I Pagpopondo Para sa mga Matatanda at mga Nasa Sapat na Gulang na may Kapansanan

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para magtatag ng Dignity Fund at magtabi ng hindi bababa sa $38 milyon kada taon, dagdag pa ang mga naka-iskedyul na pagtaas, mula sa Pangkalahatang Pondo hanggang sa Hunyo 30, 2037, para mabayaran ang mga programa at serbisyo na tumutulong sa mga matatanda at mga nasa sapat na gulang na may kapansanan?

OO ⬅
HINDI ⬅

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Ang Department of Aging and Adult Services (Departamento para sa mga Serbisyo sa Matatanda at mga Nasa Sapat na Gulang, DAAS) ng Lungsod ang may responsibilidad para sa pagpaplano, pakikipag-ugnay at pagtataguyod ng mga serbisyo para sa mga matatanda at mga nasa sapat na gulang na may kapansanan. Ang Commission on Aging (Komisyon sa Pagtanda) ng Lungsod ang namamahala sa marami sa mga gawain ng DAAS. Nagkakaloob ang DAAS ng malawak na hanay ng mga programa at serbisyo para sa mga matatanda at nasa sapat na gulang na may kapansanan, kasama na ang:

- mga serbisyong nagbibigay ng suporta sa tahanan,
- mga programa sa nutrisyon at kagalingan ng isip at katawan,
- mga sentro para sa matatanda at activity centers (espasyo sa lungsod na may iba't ibang gamit) at
- mga legal na serbisyo.

Responsibilidad rin ng DAAS ang pamamahala sa Community Living Fund (Pondo para sa Pamumuhay sa Komunidad), na tumutulong sa pagpopondo ng mga programa para matulungan ang mga indibidwal na tumanda sa kanilang sariling mga tahanan, mga pasilidad para sa assisted living (may tulong sa pamumuhay) o supportive housing (pabahay na may suporta).

Taon-taon, pinagpapasyahan ng Lungsod ang pondo para sa mga programa at gawain ng DAAS, kasama na ang Community Living Fund. Hindi itinatakda sa Lungsod na magbigay ng espesipikong taunang halaga para sa DAAS sa budget.

Bukod sa DAAS, nagtayo rin ang Lungsod ng Long Term Care Coordinating Council (Tagapag-ugnay na Konseho para sa Pangmatagalang Pangangalaga) upang magpayo at makipag-ugnay para sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga na nakabase sa komunidad at para sa matatanda at mga taong nasa sapat na gulang na may kapansanan.

Ang Mungkahi: Isang pag-amyenda sa Charter ang Proposisyon I at lilikha ito ng Dignity Fund upang magkaloob ng garantisadong pondo para sa mga programa at serbisyo sa mga matatanda at mga nasa sapat na gulang na may kapansanan. Magtatapos ang Pondong ito sa Hunyo 30, 2037.

Kasama sa mga serbisyo at programa ang pangmatagalang pangangalaga at suporta na nakabase sa tahanan at komunidad, pagkain at nutrisyon, edukasyon at suporta sa mamimili at tagapangalaga, mga sentro sa komunidad na nagbibigay ng serbisyo sa mga matatanda at may kapansanan, mga legal na serbisyo, kalusugan at kagalingan ng katawan at isip, at naka-target na pag-abot sa mas nakararami.

Sa ilalim ng Proposisyon I, itatakda sa Lungsod na magtatabi ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo taon-taon para mag-ambag sa Dignity Fund, ayon sa mga sumusunod:

- para sa unang taon, mag-aambag ang Lungsod ng hindi bababa sa $38 milyon, na kapareho ng halaga na nai-budget na ng Lungsod sa piskal na taong 2016–17 para sa mga serbisyong puwedeng pondohan sa hinaharap ng Dignity Fund;
- para sa piskal na taon na magtatapos sa Hunyo 30, 2018, mag-aambag ang Lungsod ng hindi bababa sa $44 milyon;
- para sa mga piskal na taon mula Hulyo 1, 2018, hanggang Hunyo 30, 2027, tataasan ng Lungsod ang kontribusyon nito nang $3 milyon kada taon, hanggang sa umabot ito ng $71 milyon kada taon. Kapag humarap ang Lungsod sa inaasahang kakulangan sa budget na lampas sa $200 milyon, hindi kailangang taasan ng Lungsod ang kontribusyon sa Pondong ito;
- para sa mga piskal na taon na mula Hulyo 1, 2027, hanggang Hunyo 30, 2037, magiging katumbas ng kontribusyon ng nakaraang taon ang magiging kontribusyon ng Lungsod sa Pondong ito, na naiayon na sa mga kita ng Lungsod.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Sa ilalim ng Proposisyon I, mababayaran ng Pondong ito ang marami sa kaparehong uri ng mga programa at serbisyo na kasalukuyan nang ipinagkakaloob ng DAAS. Gagawa rin ang Proposisyon I ng proseso sa pagpaplano para sa apat na taon, at magtatakda ng regular na ebalwasyon ng mga serbisyo at programa na sinusuportahan ng Pondong ito.

Bukod sa Long Term Care Coordinating Council, lilikha rin ang Proposisyon I ng Oversight and Advisory Commitee (Komite sa Pangangasiwa at Pagpapayo) na may 11 miyembro, upang masubaybayan ang Pondong ito, at makalahok sa pamamahala nito.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Charter para magtatag ng Dignity Fund at magtabi ng hindi bababa sa $38 milyon kada taon, dagdag pa ang mga naka-iskedyul na pagtaas, mula sa Pangkalahatang Pondo, hanggang Hunyo 30, 2037, para mabayaran ang mga programa at serbisyo na tumutulong sa mga matatanda at mga nasa sapat na gulang na may kapansanan.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "I"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon I:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng malaking pagtaas sa gastusin ng gobyerno. Lilikha ang amyenda ng taunang baseline (budget para sa kinabukasan na nakabatay sa kasalukuyang gastos) para sa mga serbisyo sa matatanda at mga nasa sapat na gulang na may kapansanan na may itinatakdang antas na $38 milyon sa pagsisimula nito sa piskal na taon (FY) 2016–17 at tataas sa pagdaan ng panahon. Sa piskal na taon 2015–16, humigit-kumulang $32 milyon ang budget ng pangkalahatang pondo ng Lungsod para sa mga serbisyong ito.

Lilikha ang panukalang amyenda sa charter ng bagong pondo (ang Dignity Fund) para magbigay ng suporta sa mga matatanda at mga nasa sapat na gulang na may kapansanan. Gagamitin lamang ang Dignity Fund para sa mga serbisyo sa mga matatanda at mga nasa sapat na gulang na may kapansanan, kagaya ng pangmatagalang pangangalaga na nakabase sa tahanan at komunidad, mga programa sa pagkain, programa para sa mga tagapangalaga, mga sentro sa komunidad, mga programang pang-adbokasiya, at mga programa para sa kagalingan ng katawan at isip.

Sa ilalim ng panukalang amyenda, itatakda sa Lungsod na lumikha ng $38 milyong baseline para sa Dignity Fund sa FY 2016–17. Sa FY 2017–18, tataasan ng Lungsod ang Dignity Fund nang $6 milyon, at simula FY 2018–19, tataasan ang halagang iyon ng $3 milyon kada taon sa loob ng siyam na taon, hanggang sa umabot ang taunang budget sa $71 milyon sa piskal na taon 2026–27. Para sa susunod na sampung taon hanggang piskal na taon 2036–37, iaayon ang budget batay sa pinagsamang mga pagbabago sa pangkalahatang kita na puwedeng pagpasyahan ng Lungsod. Puwedeng pansamantalang itigil ng Lungsod ang mga itinatakdang pagtaas ng budget sa anumang taon, simula FY 2017–18, kapag may inaasahang $200 milyon o higit pang kakulangan sa pangkalahatang pondo.

Babaguhin ng amyenda ang mga kapangyarihan at tungkulin ng Komisyon na nagpapayo sa Lungsod ukol sa mga serbisyo sa matatanda at mga nasa sapat na gulang na may kapansanan, at lilikha ng bagong Oversight and Advisory Committee na may labing-isang miyembro, upang gumawa ng mga rekomendasyon higgil sa pagpaplano, ebalwasyon, pag-uulat, at iba pang aspeto ng pamamahala sa Dignity Fund. Espesipikong tinutukoy ng panukalang pag-amyenda ang siklo ng pagpaplano para sa apat na taon, na magtatakda ng konsultasyon sa komunidad, equity analysis (pagsusuri kung makatarungan ang pagbabahagi), at pakikipagtrabaho sa mga tagabigay ng serbisyo, kung paano ilalaan ang mga dolyar ng Dignity Fund, na ilan lang sa mga itinatakdang pangangailangan nito.

Hindi alinsunod ang iminumungkahing pag-amyenda sa polisiya ng lungsod tungkol sa mga set-aside (isinasantabing halaga) na posibleng hindi sundin at napagbotohan na. Hinahangad ng polisiya na ito na limitahan ang mga set-aside na nakapagpapababa sa mga dolyar na nasa Pangkalahatang Pondo, na mapagpapasyahan sana ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa taunang proseso ng pagba-budget.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "I"

Noong Hulyo 19, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 9 laban sa 2 para ilagay ang Proposisyon I sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Breed, Campos, Cohen, Farrell, Kim, Mar, Wiener, Yee.

Hindi: Peskin, Tang.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon I

Bumoto ng OO sa Proposisyon I – Nakatuon at protektadong pondo para sa mga matatanda, beterano at nasa sapat na gulang na may kapansanan.

Ang San Francisco ang may pinakamataas na porsiyento ng matatanda at nasa sapat na gulang na may kapansanan kung ihahambing sa anumang lungsod sa California, at mabilis na lumalaki ang populasyong ito. Pagsapit ng 2030, inaasahan nating makita ang paglaki ng populasyong ito nang hanggang sa 100,000 indibidwal. Lampas na sa edad 55 ang 70% ng mga beterano ng ating Lungsod, at lampas na rin sa edad 50 ang 60% ng mga taong nabubuhay nang may HIV.

Sinusuportahan ng marami sa ating mga matatanda at nasa sapat na gulang na may kapansanan, kasama na ang mga namumuhay nang may HIV/AIDS, ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng fixed (hindi nagbabago-bago) na kita. Napakalaki ng epekto sa populasyong ito ng tumaas nang mga gastusin para mabuhay sa San Francisco at ng iba pang mga hamong pang-ekonomiya.

Magtatatag ang Proposisyon I ng nakatuon at protektadong mapagkukunan ng pondo, ang Dignity Fund (Pondo para sa Dignidad) na para sa mga matatanda at nasa sapat na gulang na may kapansanan, kasama na ang mga namumuhay nang may HIV/AIDS. Magtatakda ang Dignity Fund ng minimum spending requirement (itinatakda na pinakamababang paggasta), na naggagarantiya ng mga paglalaan para sa mga kritikal na serbisyo para sa ilan sa pinakabulnerableng mga residente ng ating Lungsod **nang hindi nagtataas ng mga buwis**, o naaapektuhan ang mga nariyan nang set-aside (isinasantabing halaga) mula sa pangkalahatang pondo para sa iba pang serbisyo na tulad ng Muni, mga parke, o pagpopondo para sa mga bata. Lilikha rin ang Proposisyon I ng bagong oversight body (pangkat para sa pangangasiwa) upang maging bukas sa pagsisiyasat at may pananagutan ang paggamit ng mga pondong ito.

Pahihintulutan ng katatagan na ito ang ating mga matatanda, beterano, at nasa sapat na gulang na may kapansanan na mamuhay at magka-edad sa kanilang mga pamilyar at maginhawang tahanan at komunidad, taglay ang dignidad na nararapat para sa kanila.

Ang Dignity Fund ang mabuti at tamang gawain upang matugunan ang mga pangmatagalang pangangailangan ng mga matatanda at nasa sapat na gulang na may kapansanan sa ating Lungsod.

Bumoto ng OO sa Proposisyon I

Superbisor Malia Cohen
Superbisor Norman Yee
Superbisor Eric Mar
Superbisor Scott Wiener
Presidente London Breed
Superbisor Mark Farrell
Superbisor David Campos
Superbisor John Avalos
Superbisor Jane Kim

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon I

TATAGAL ANG PONDONG "ANYTHING GOES (KAHIT ANO PUWEDE)" NG PROPOSISYON I NANG 20 TAON, KUKUHA NG $36 MILYON SA UNANG TAON, AT MABILIS NA LALAKI PAGKATAPOS:

May mapanuyang katawagan na *"Dignity Fund"* ang *Pondong "Anything Goes"* ng Proposisyon I, at nagpapahiwatig ito ng pagtulong sa Mga Matatandang Mamamayan at May Kapansanan...pero puwedeng legal na gamitin ang pera sa halos lahat ng bagay.

Kaiba sa mga pagkakamali sa hindi malinaw na paggasta, hindi basta na lang mawawala ang *Pondong "Anything Goes."* Sa ilalim ng mga itinatakda sa Proposisyon I, patuloy na maglulustay ng pera ang Pondo hanggang sa kalagitnaan ng taong 2037.

Gusto ng *"City Fathers"* na magkaroon ng "*slush funds* (mga pondong posibleng ilegal, hindi lehitimo o patago)" na puno ng pera upang mabayaran ang lahat ng uri ng pinagtatalunang proyekto, kasama na ang mga maaaksayang karera ng bangka, mga pagtitipong pangkalakasan na sanhi ng pagkawala ng pera, at napakaraming kasiyahan na may inuman sa City Hall.

Siguro, maiimbitahan — o maipapasok — ang ilang Matatandang Mamamayan at/o mga May Kapansanan sa mga cocktail party ng City Hall.

Bilang pangkalahatang patakaran — *palaging* labanan ang mga pangmatagalang set aside ng pondo. *Palaging* lumilikha ng problema ang mga ito nang higit pa sa kanilang halaga.

Bumoto ng **"HINDI!"** sa Proposisyon I.

Dr. Terence Faulkner, J.D.
*Dating Miyembro ng Bay Area Regional Citizens Forum of the Association of Bay Area Governments (Panrehiyong Porum ng mga Mamamayan sa Bay Area ng Asosasyon ng mga Gobyerno sa Bay Area, ABAG)**

Arlo Smith
*Dating Presidente ng BART Board (Lupon ng BART)**

Thomas C. Agee
*Nagmamalasakit na Mamamayan**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon I

HUMIHINGI ANG PROPOSISYON I NG TINATAWAG RAW NA "DIGNITY FUND", NA HINDI MALINAW ANG PAGKAKAPALIWANAG AT MABILIS ANG PAGLAKI, NA MAGPAPATULOY HANGGANG HUNYO 30, 2037…NA PUWEDENG GAMITIN SA HALOS "KAHIT ANO" KAUGNAY NG MGA MATATANDA AT/O MGA NASA SAPAT NA GULANG NA MAY KAPANSANAN:

Magtatatag ang Proposisyon I ng tinatawag na *"Dignity Fund"* na puwedeng gamitin para sa **ANUMANG BAGAY** kaugnay ng mga Matatandang Mamamayan o Mga Nasa Sapat na Gulang na may Kapansanan at "magtatakda ng taunang kontribusyon ng Lungsod sa [Dignity] Fund, kasama na ang taunang batayang halaga na $38 milyon, na tataas nang $6 milyon para sa piskal na taong 2017–2018, at tataas muli nang $3 milyon kada taon sa loob ng 9 taon hanggang sa piskal na taong 2026–2027, at magpapatuloy sa halagang ito, nang iniaayon taon-taon para sa mga pagbabago sa pinagsasamang kita na pinagpapasyahan ng mga may-awtoridad sa Lungsod, sa loob ng 10 taon hanggang sa piskal na taong 2036–2037…lilikha ng Oversight and Advisory Committee (Komite para sa Pangangasiwa at Pagpapayo) para sa mga gastusin mula sa Pondo…[at] magtatakda ng petsa ng pagtatapos na Hunyo 30, 2037… "

Kalabisan ang pondong ito, na hindi malinaw ang pagkakapaliwanag, at puwedeng magamit sa lahat ng uri ng kuwestiyonableng politikal na proyekto ng City Hall.

Kailangang gastusin ang Pera ng Lungsod taon-taon batay sa taunang pagpapasya ng Lupon ng mga Superbisor at ng Mayor.

Kailangan bigyan ng bagong pangalan ang tinatawag na *"Dignity Fund"* na *"Anything Goes Fund",* yaman din lamang at walang nakaaalam kung paano ito gagastahin.

Bumoto ng **"HINDI!"** sa Proposisyon I.

Dr. Terence Faulkner, J.D.
*Tagapangulo ng Citizens Against Tax Waste (Mga Mamamayan Laban sa Paglustay sa mga Buwis)**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon I

Bumoto ng OO sa Proposisyon I - Nakatuon at protektadong pondo para sa mga matatanda, beterano at nasa sapat na gulang na may kapansanan.

Huwag magpaloko! Taliwas sa sinasabi ng mga katunggali, hindi puwedeng gamitin ang Dignity Fund para sa kahit na anong bagay, at nagtataglay ito ng ilang proteksiyon para tiyakin na pinakikinabangan ang pondo ito ng mga tao sa ating lungsod na higit na nangangailangan, ang mga matatanda, beterano, at nasa sapat na gulang na may kapansanan.

Nagtataglay ang Proposisyon I ng detalyadong listahan ng mga espesipikong serbisyo na kuwalipikadong tumanggap ng pondo at pinangangalanan din ang ilang programa at serbisyo na hindi puwedeng tumanggap ng mga pondong ito.

Ipinag-uutos ng Proposisyon I ang komprehensibo at nasisiyasat na proseso ng pagpaplano para sa paggamit ng mga pondong ito sa pamamagitan ng pagtatakda ng pagbuo kapwa ng Community Needs Assessment (Pagtatasa ng mga Pangangailangan ng Komunidad) at Services Allocation Plan (Plano para sa Paglalaan ng mga Serbisyo) nang regular. Kailangang gumamit ang planong ito ng kuwalitatibo at kuwantitatibong datos, pinakamahuhusay na gawain, at mga espesipikong panukat para matukoy ang mga pangangailangan ng mga populasyong ito at mabalangkas ang mga nasusukat na kahihinatnan sa anumang mga serbisyo na ipagkakaloob ng Dignity Fund.

Itatakda rin ng Proposisyon I ang mga regular na paggawa ng ebalwasyon at pag-uulat sa publiko, at magtatayo ito ng Oversight Committee para tiyakin na mapamamahalaan ang Dignity Fund sa paraang naaayon sa layunin nito.

Walang kalabisan sa pagtulong sa mga matatanda at nasa sapat na gulang na may kapansanan sa pagkaka-edad sa kanilang mga komunidad nang may dignidad na nararapat sa kanila.

Bumoto ng OO sa Proposisyon I

Superbisor Malia Cohen
Superbisor Norman Yee
Superbisor Eric Mar
Superbisor Scott Wiener
Presidente London Breed
Superbisor Mark Farrell
Superbisor David Campos
Superbisor John Avalos

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

J Pagpopondo para sa Kawalan ng Tahanan at Transportasyon

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para lumikha ng Pondo para sa Pabahay at mga Serbisyo sa Mga Homeless (Walang Tahanan), na magkakaloob ng mga serbisyo sa mga homeless, kasama na ang pabahay at mga Navigation Center, mga programa para mapigilan ang kawalan ng tahanan, at tulong sa transisyon para hindi na maging homeless, sa pamamagitan ng paglalaan ng $50 milyon kada taon sa loob ng 24 taon, na iniaayon taon-taon; at lumikha ng Pondo para sa Pagpapahusay sa Transportasyon, na gagamitin para mapahusay pa ang network ng transportasyon ng Lungsod sa pamamagitan ng paglalaan ng $101.6 milyon kada taon sa loob ng 24 taon, na iniaayon taon-taon?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Nagkakaloob ang Lungsod ng iba't ibang serbisyo sa mga taong homeless, kasama na ang pag-abot sa mas nakararami na nasa lansangan, mga shelter para sa homeless. transisyonal na pabahay at mga Navigation Center, permanenteng pabahay na nagbibigay-suporta, at mga serbisyo sa kalusugan at trabaho. Noong Hulyo 2016, lumikha ang lungsod ng Department of Homelessness & Supportive Housing (Departamento ng Kawalan ng Tahanan at Pabahay na Nagbibigay-suporta) para mapagsama-sama ang mga pagsusumikap ng Lungsod na tulungan ang mga taong homeless. Hindi itinatakda sa Lungsod na magkaloob sa budget ng anumang espesipiko na taunang halaga sa mga serbisyo sa mga homeless.

Binibigyan ng Charter ng Lungsod ang San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya ng Munisipal na Transportasyon sa San Francisco, SFMTA) ng awtoridad sa sistemang pantransportasyon ng Lungsod, kasama na ang mga kalye, bangketa, daanan ng mga bisikleta, paradahan, taksi, at Muni (ang sistema ng pampublikong transportasyon ng Lungsod). Kumokolekta ng kita ang SFMTA mula sa iba't ibang pinagkukunan, kasama na ang pamasahe sa Muni, mga singil at sitasyon sa pagparada. Itinatakda ng Charter ng Lungsod na mag-ambag ang Lungsod ng bahagi ng Pangkalahatang Pondo sa SFMTA taon-taon. Iniaayon ng Lungsod ang halagang ito taon-taon batay sa kita ng Lungsod at pagbabago ng populasyon.

Noong 2013, natanggap ng Lungsod ang Transportation 2030 Task Force Report, na nagrekomendang taasan ng Lungsod ang pondo para sa transportasyon at pagpapahusay ng mga kalye.

Noong 2014, ipinatupad ng Lungsod ang polisiyang "Vision Zero." Tunguhin nito na pababain ang mga kamatayang dulot ng trapiko upang maging zero pagdating ng 2024, sa pamamagitan ng paggawa ng mas ligtas na mga kalye, pagbibigay ng edukasyon sa publiko ukol sa kaligtasan sa trapiko, pagtitiyak ng pagsunod sa mga batas-trapiko, at pagpapatupad ng mga proyektong pangkaligtasan.

Naaapektuhan ang sistemang pantransportasyon ng Lungsod ng iba pang ahensiya:

- Ang San Francisco County Transportation Authority (CTA) ang may responsibilidad para sa pangmatagalang pagpaplano sa transportasyon na para sa Lungsod. Sinusuri, dinidisenyo at pinopondohan din ng CTA ang mga pagpapahusay sa mga network ng mga daan at pampublikong transportasyon ng San Francisco.
- Ang Bay Area Rapid Transit (BART) ay isang pampublikong sistema ng tren na naglilingkod sa San Francisco Bay Area, at kumokonekta sa San Francisco sa mga estasyon na nasa East Bay at hilagang bahagi ng San Mateo County.
- Ang Caltrain ay isang pang-commuter na linya ng mga riles na tumatakbo sa pagitan ng San Francisco at Santa Clara County.

Pinananatiling maayos ng Department of Public Works (Departamento ng mga Pampublikong Gawain, DPW) ang mga kalye at bangketa ng San Francisco, kasama na ang muling pag-aaspalto sa daan at pagkukumpuni sa mga lubak.

Ang Mungkahi: Isang pag-amyenda sa Charter ang Proposisyon J na lilikha ng dalawang pondo:

Lilikha ang Proposisyon J ng Homeless Housing and Services Fund (Pondo para sa Pabahay at mga Serbisyo sa mga Walang Tahanan). Simula 2018, at para sa susunod na 24 taon, maglalaan ang Lungsod ng $50 milyon sa pondo taon-taon, na iniaayon batay sa mga pagbabago sa kita ng Lungsod.

Gagamitin ng Lungsod ang pondong ito para magkaloob ng mga serbisyo sa homeless:

- pabahay,
- mga programa para maiwasan ang kawalan ng tahanan,
- tulong sa transisyon mula sa pagiging homeless.

Lilikha rin ang Proposisyon J ng Transportation Improvement Fund (Pondo para sa Pagpapahusay ng Transportasyon). Simula 2018, at sa susunod na 24 taon, maglalaan ang Lungsod ng $101.6 milyon sa pondo taon-taon, na iniaayon batay sa mga pagbabago ng kita ng Lungsod.

Gagamitin ng Lungsod ang pondong ito para mapahusay ang network ng transportasyon ng Lungsod sa pamamagitan ng paglalaan ng pondo, ayon sa mga sumusunod:

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

- 12.4% taon-taon sa SFMTA para mapahusay ang serbisyo sa transportasyon sa mga komunidad na mababa ang kita at umaasa sa pampublikong transportasyon, at pababain ang halaga ng transportasyon para sa mga kabataan, matatanda, at taong may kapansanan na mababa at panggitna ang kita;
- 18.8% taon-taon sa SFMTA para manatiling nasa maayos na kondisyon ang mga sasakyan ng Muni, maparami pa ang mga sasakyan, at kumpunihin at mapahusay ang mga estasyon ng SFMTA;
- 9.4% taon-taon sa CTA para paghusayin ang serbisyo ng kasalukuyang sistema ng transportasyon at palawakin ang kapasidad nito; at pagpaplano ng pondo, pagdidisenyo, edukasyon, pag-abot sa nakararami, ebalwasyon at pangangapital sa imprastrukturang pantransportasyon para sa mga development project (mga proyekto para sa pagtatayo at pagsasaayos) na nakatuon sa transportasyon;
- 14.1% taon-taon sa CTA para higit na maging maaasahan ang BART at Caltrain at mapalaki ang kapasidad ng mga ito; pondohan ang pangmatagalang pagpaplano sa rehiyonal na network, pag-aaral sa disenyo o mga capital improvement (pagtatayo o pagpapaganda sa mga permanenteng istruktura); pagpapahusay ng pamamahala sa mga rehiyonal na highway; at pagtataguyod sa mga sustainable (mabuti sa kapaligiran) na pasya sa pagbibiyahe;
- 12.4% taon-taon sa CTA para ipatupad ang polisiyang Vision Zero ng Lungsod; at
- 32.9% taon-taon sa DPW para ayusin ang mga kalye ng Lungsod at magpatupad ng mga gawain para maiwasan ang pagkasira ng mga kalye ng Lungsod.

Hanggang Enero 1, 2017, may awtoridad ang Mayor na tapusin ang isa o kapwa ang dalawang pondong ito, batay sa kanyang pagrerepaso ng pinansiyal na kondisyon ng Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Charter para lumikha ng:

- Homeless Housing and Services Fund, na magkakaloob ng mga serbisyo sa homeless, kasama na ang pabahay at mga Navigation Center, mga programa para maiwasan ang kawalan ng tahanan, at tulong sa transisyon mula sa pagiging homeless, sa pamamagitan ng paglalaan ng $50 milyon kada taon sa loob ng 24 taon, na iniaayon taon-taon; at
- Transportation Improvement Fund, na gagamitin para mapahusay ang network sa transportasyon ng Lungsod, sa pamamagitan ng paglalaan ng $101.6 milyon kada taon sa loob ng 24 taon, na iniaayon taon-taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "J"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon J:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng malaking pagtaas sa gastusin ng gobyerno.

Itatakda ng iminumungkahing amyenda ang pagbibigay ng kontribusyon mula sa pangkalahatang pondo tungo sa dalawang bagong likha na mga pondo, ang Homeless Housing and Services Fund at ang Transportation Improvement Fund, na $12.5 milyon at $25.4 milyon, sa piskal na taong (FY) 2016–17, at $50 milyon at $101.6 milyon, sa FY 2017–18.

Para sa mga piskal na taong FY 2018–19 hanggang FY 2040–41, magiging kapantay ng mga kontribusyon sa FY 2017–18 ang kontribusyon sa mga pondo, na iaayon para sa mga taunang pagbabago sa discretionary revenue (hindi nakalaang kita). Bibigyan ng awtorisasyon ng panukalang amyenda ang Lungsod para maglabas ng mga lease revenue bond (utang na nagmumula ang seguridad sa mga paupahan) o mga lease financing arrangement (kasunduang pampinansiya para sa mga paupahan) para sa ilang kategorya na nasa Transportation Improvement Fund.

Gagamitin ang Homeless Housing and Services Fund para magkaloob ng mga serbisyo sa mga homeless, kasama na ang mga programa para maiwasan ang kawalan ng tahanan, lumikha ng paraan para makaalis sa pagiging homeless, at ilipat ang mga indibidwal na homeless tungo sa mga sitwasyong mas panatag. Puwedeng gamitin ang pondong ito para magbigay ng suporta sa operasyon ng mga serbisyong ito, at gumawa ng kinakailangang mga pamumuhunang kapital para mapanatili sa maayos na kondisyon at mapalawak ang mga pangangailangan para sa mga sistema ng imprastruktura.

Gagamitin ang Transportation Improvement Fund para mapahusay ang network ng transportasyon ng San Francisco sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga serbisyong pantransportasyon at pagiging abot-kaya ng presyo nito; pagkukumpuni at pagpapahusay sa mga sasakyan ng Muni, pasilidad at imprastruktura; lubos na pagpapahusay at pagpapalawak sa transportasyon; rehiyonal na transportasyon; mas ligtas at kumpletong mga kalye sa Vision Zero; at muling pagaaspalto sa mga kalye.

Hindi alinsunod ang iminumungkahing pag-amyenda sa polisiya ng lungsod tungkol sa mga set-aside (isinasantabing halaga) na posibleng hindi sundin at napagbotohan na. Hinahangad ng polisiya na ito na limitahan ang mga set-aside na nakapagpapababa sa mga dolyar na nasa Pangkalahatang Pondo, na mapagpapasyahan sana ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa taunang proseso ng pagbabudget.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "J"

Noong Hulyo 19, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 8 laban sa 3 para ilagay ang Proposisyon J sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Breed, Campos, Cohen, Farrell, Mar, Tang, Wiener.

Hindi: Kim, Peskin, Yee.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon J

Ginagarantiya ng Proposisyon J ang napakahalagang pondo para matugunan ang dalawa sa pinakamahahalagang problema ng Lungsod: ang kawalan ng tahanan o homelessness at ang transportasyon.

Titiyakin ng Proposisyon J na may nakatakdang halaga sa General Fund (Pangkalahatang Pondo) ng San Francisco na gagastusin sa dalawa sa ating pinakamahalagang prayoridad: ang pabahay at mga serbisyong nagbibigay ng suporta sa mga residenteng homeless (walang tahanan) at mas magagandang kalsada, pampublikong transportasyon, at kaligtasan ng mga naglalakad sa kabuuan ng Lungsod.

Lilikha ang Proposisyon J ng "lockbox (de-kandadong kahon)" na naggagarantiya ng kailangang-kailangang pondo para sa mga napakahalagang mga pangangailangan para sa kawalan ng tahanan at transportasyon, kasama na ang:

- Pondo para ilipat ang mahigit 4,000 katao sa pabahay at shelter (kanlungan), kasama na ang daan-daang pamilya na walang mga tahanan.
- Mas mahuhusay na serbisyo at paggamot sa kalusugan ng isip para sa mga residenteng homeless na may matinding sakit sa isip.
- Hindi bababa sa dalawang bagong homeless Navigation Center para sa transisyon ng mga residenteng homeless mula sa mga lansangan tungo sa permanenteng pabahay na nagbibigay ng suporta at mas matatag na buhay.
- Malaking pagpapalawak ng pag-aaspalto sa mga kalye at pagkukumpuni sa mga lubak.
- Mas maraming tren ng BART at Muni para mas maging madali at hindi gaanong masikip ang pagbibiyahe sa San Francisco.
- Mahahalagang pagpapahusay sa kaligtasan para sa mga siklista at naglalakad.
- Pagpapalawak ng pampublikong transportasyon sa hatinggabi.
- Pagpapahusay sa mga bus ng Muni para mapagbuti pa ang pagiging nasa oras nito.
- Pagpopondo para mapanatiling abot-kaya ang presyo para sa mga nagtatrabahong tao na umaasa sa Muni.

Titiyakin ng Proposisyon J na gagastusin ang mga kita sa buwis kung saan pinakakailangan ang mga ito: sa pagwawakas sa pagiging homeless ng libo-libong residente, pagpapagaan ng paninikip ng trapiko, at pag-aayos ng mga kalsada at pampublikong transportasyon para sa kinabukasan. Sinusuportahan ang Proposisyon J ng ngayon pa lamang nangyari na koalisyon ng mga tagapagtaguyod para sa transportasyon, kawalan ng tahanan, kapaligiran at pabahay.

Pakisamahan kami sa pagboto ng OO SA PROPOSISYON J.

Mayor Ed Lee
Presidente London Breed
Superbisor John Avalos
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Mark Farrell
Superbisor Eric Mar
Superbisor Katy Tang
Superbisor Scott Wiener

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon J

BUMOTO NG HINDI sa PROP J
PAINAN, PALITAN at SUNGGABAN

Lumaban para mapalitan ang paraan ng paggasta sa ating pera! Dahilan ang mga maling isinasaad ng may-panukala para tanggihan ang Prop J.

Mangyaring isaalang-alang ang independiyenteng pagsusuri at datos:

- Pagsusuri ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod: "Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng malaking pagtaas sa gastusin ng gobyerno."
- Pagsusuri ng Controller ng Lungsod: "Hindi alinsunod ang iminumungkahing pag-amyenda sa polisiya ng lungsod tungkol sa mga set-aside (isinasantabing halaga) na posibleng hindi sundin at napagbotohan na. Hinahangad ng polisiya na ito na limitahan ang mga set-aside na nakapagpapababa sa mga dolyar na nasa Pangkalahatang Pondo, na mapagpapasyahan sana ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa taunang proseso ng pagba-budget."
- Ulat ng City Economist sa epekto sa ekonomiya tungkol sa pagtaas ng buwis sa pagbebenta: "Magdudulot ang mas matataas na presyo ng pagbabawas ng mga konsumer ng kanilang paggamit ng mga lokal na paninda at serbisyo na nasasakop ng mas matataas na buwis, na magpapababa naman sa benta ng mga lokal na negosyante sa mga bagay na ito."
- Sa halip na maalam na pinangangasiwaan ang $9.6 bilyong budget ng Lungsod, na lampas pa sa mga budget ng 13 estado at maraming maliliit na bansa, patuloy na nagmumungkahi ang City Hall ng mga hindi malinaw at ala-Christmas tree na panukala sa balota na sarado sa maraming kinakailangan na mga serbisyo ng lungsod.
- Daan-daang mga tagapamahala ng lungsod ang kumikita nang higit pa sa Gobernador ng California.
- Habang tinatanggal ang mga linya ng bus, pinaiiksi ang mga ruta, binabawasan ang mga oras sa gabi at Sabado't Linggo at ang dalas ng biyahe, inililihis naman ang $600 milyon ng mga pantapat na pondo ng estado at lokal na gobyerno tungo sa Central Subway kung saan labis-labis ang presyong ibinayad at kakaunti lamang ang sumasakay.
- Bagamat bilyon-bilyong dolyar na ang mga gastusin at lumalabag sa Prop H ng San Francisco, patuloy na hinahadlangan ng City Hall ang ekstensiyon ng Caltrain hanggang downtown, na isang proyektong makagagawa sana ng napakalaking pagbabago sa pampublikong transportasyon sa San Francisco.

SaveMuni
www.SaveMuni.org

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J

BUMOTO NG HINDI sa PROP J
PAINAN, PALITAN and SUNGGABAN

Ginagamit ng Prop J ang panghikayat ng kawalan ng tahanan para ilihis ang mga pondo mula sa mga kulang na nga sa pera na mga serbisyo ng lungsod tungo sa iisang ahensiya ng lungsod---na nabigyan na natin ng bilyon-bilyong dolyar sa mga sales tax (buwis sa pagbebenta), bond, singil at multa. Para sa alinman sa mga sumusunod na dahilan, bumoto ng Hindi sa Prop J:

- Pagsusuri ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod sa Prop J: "Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng malaking pagtaas sa gastusin ng gobyerno."
- Pagsusuri ng Controller ng Lungsod: "Hindi alinsunod ang iminumungkahing pag-amyenda sa polisiya ng lungsod tungkol sa mga set-aside (isinantabing halaga) na posibleng hindi sundin at napagbotohan na."
- Ang malalabong mga panukalang ito sa balota ang ekonomikong katumbas ng paglilipat ng mga upuan sa kubyerta ng barkong Titanic---sa halip na pangasiwaan ang $9.6 bilyon na budget ng Lungsod, na mas malaki pa sa maraming estado at maliliit na bansa.
- Sa kabila ng bilyon-bilyong dolyar na paggasta, at pagkakaroon ng taunang budget na $241 milyon, lumalala pa ang problema ng kawalan ng tahanan.
- Sa kabila ng bilyon-bilyong dolyar na paggasta, bumaba pa rin ang mga sumasakay per capita (na mga indibidwal) sa Muni---at nagpapakita ito ng pangangailangan sa makatuwirang pagdedesisyon, na hindi lamang ukol sa pera.
- Napako na sa 25% ng lahat ng mga biyahe ang transit modal shares (porsiyento ng mga nagbibiyaheng gumagamit ng isang partikular na paraan ng transportasyon)---hindi ito malapit sa 60% transit shares ng Bogotá, Curitiba at Zurich, na gumagastos ng mas kaunting pera sa matalinong paraan para sa mga mabibilis na network ng mga bus at pinagsama nang mga sistema.
- Habang tinatanggal ang mga linya ng bus, pinaiiksi ang mga ruta, binabawasan ang mga oras sa gabi at Sabado't Linggo at dalas ng biyahe, inililihis naman ang $600 milyon na mga pantapat na pondo ng estado at lokal na gobyerno tungo sa Central Subway.
- Mas lalong makakargahan ng labis ang Muni, trapiko, mga kalye at utilities (mga pampublikong serbisyo) nang dahil sa mas maraming pagkaantala ng DTX (Downtown Caltrain Extension) sa Transbay Terminal—kahit na nagkaroon ng upzoning at matataas na gusali dahil sa inaasaha na makabagong serbisyo sa tren,

SaveMuni
www.SaveMuni.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon J

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON J!

GINAGARANTIYA ng Proposisyon J ang espesipikong pondo na nakatuon sa kailangang-kailangan na mga prayoridad ng KAWALAN NG TAHANAN at TRANSPORTASYON, na may lockbox na magtatakda sa gobyerno ng Lungsod na gastusin ang pera ayon sa ipinag-uutos ng mga botante.

Talagang mali lang ang mga pahayag ng mga katunggali. Heto ang mga KATOTOHANAN.

Ginagarantiya ng Proposisyon J ang hindi bababa sa $50 milyon TAON-TAON para pondohan ang MGA TOTOONG SOLUSYON sa KAWALAN NG TAHANAN, kasama na ang:

- Pagdodoble sa bilang ng mga Navigation Center
- Pagpapalawak ng mga opsiyon sa pabahay para sa mga taong homeless
- Mga landas para sa mga pamilya at kabataan upang mawakasan ang kawalan ng tahanan

Ginagarantiya ng Proposisyon J ang hindi bababa sa $100 milyon TAON-TAON para ayusin ang ating network ng TRANSPORTASYON, kasama na ang:

- Pinalawak na Serbisyo ng Muni at BART
- Pagpapahaba ng mga programa sa diskuwento sa pamasahe para sa mga taong mabababa ang kita
- Mga bagong sasakyan na Muni
- Pagbabawas sa pagsisiksikan sa BART at Caltrain
- Muling pag-aaspalto ng mga kalye sa komunidad at pagkukumpuni sa mga lubak
- Pagpapahusay ng kaligtasan para sa mga bisikleta at naglalakad
- Pagbabawas sa pagsisikip dahil sa trapiko sa downtown at sa mga komunidad

Ginagarantiya ng Proposisyon J na ipinamumuhunan ang mga kita mula sa Pangkalahatang Pondo kung saan natin pinakakailangan ang mga ito – pagwawakas sa kawalan ng tahanan at pag-aayos sa transportasyon. Pakisamahan kami sa pagboto ng **OO SA PROPOSISYON J.**

SPUR
San Francisco Bicycle Coalition (Koalisyon sa Pagbibisikleta ng San Francisco)
TransForm
WalkSF
San Francisco Transit Riders (Mga Sumasakay sa Transportasyon sa San Francisco)
Larkin Street Youth Services (Mga Serbisyo sa Kabataan ng Larkin Street)
Community Housing Partnership (Pakikipagtulungan para sa Pabahay sa Komunidad)
Human Services Network (Samahan para sa mga Serbisyong Pantao)
Episcopal Community Services (Episcopal na mga Serbisyong Pangkomunidad)
*Michael Pappas, San Francisco Interfaith Council (Konseho ng Iba't Ibang Pananampalataya sa San Francisco)**
Hamilton Family Services (Mga Serbisyong Pampamilya ng Hamilton)
Homeless Emergency Services Providers Association (Asosasyon ng mga Nagkakaloob ng Serbisyong Pang-emergency sa mga Homeless)
*Jeff Kositsky, Direktor ng San Francisco Department of Homelessness & Supportive Housing (Departamento ng Kawalan ng Tahanan at Pabahay na Nagbibigay-Suporta sa San Francisco)**
*Ed Reiskin, Direktor, San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya ng Munisipal na Transportasyon)**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Mga Superbisoryal na Distrito ng San Francisco

Nahahati ang San Francisco sa labing-isang Superbisoryal na distrito. Para sa eleksyon sa Nobyembre 8, iboboto ng mga botante sa San Francisco na nakatira sa Distrito 1, 3, 5, 7, 9, at 11 ang kanilang miyembro sa Lupon ng mga Superbisor.

Para makita ang inyong distrito, sumangguni sa mapa sa ibaba o bumisita sa *sfelections.org/pollsite*.



Nasasakop ng **Distrito 1** ang karamihan sa komunidad ng Richmond.

Kabilang sa **Distrito 2** ang mga komunidad ng Presidio, Cow Hollow, Marina at Pacific Heights, pati ang ilang bahagi ng komunidad ng Richmond.

Kabilang sa **Distrito 3** ang Chinatown, Nob Hill, Russian Hill, Telegraph Hill at ang bandang hilagang aplaya ng Embarcadero.

Nasasakop ng **Distrito 4** ang karamihan sa komunidad ng Sunset.

Kabilang sa **Distrito 5** ang Haight-Ashbury, Inner Sunset, Panhandle at ang mga komunidad sa Western Addition.

Kabilang sa **Distrito 6** ang Civic Center at ang mga komunidad sa South of Market, bahagi ng komunidad ng Potrero Hill, at Treasure Island.

Kabilang sa **Distrito 7** ang Lake Merced at Kanlurang bahagi ng Twin Peaks.

Kabilang sa **Distrito 8** ang Castro, Diamond Heights, Noe Valley, Glen Park at ang mga komunidad ng Upper Market.

Kabilang sa **Distrito 9** ang mga komunidad ng Mission at Bernal Heights, at karamihan sa komunidad ng Portola.

Kabilang sa **Distrito 10** ang mga komunidad ng Bayview at Hunter's Point, at bahagi ng mga komunidad ng Potrero Hill, Visitacion Valley at Portola.

Kabilang sa **Distrito 11** ang mga komunidad ng Ingleside, Excelsior, Ocean View at Merced Heights.

K Pangangasiwa sa Pulisya

Dapat bang taasan ng Lungsod ang buwis nito sa pagbebenta nang 0.75%, para sa kabuuang buwis na 9.25%?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Mayroong 8.75% sales tax (buwis sa pagbebenta) ang San Francisco, na may dalawang bahagi:

- 7.5% mga buwis ng Estado, kung saan tumatanggap ang Lungsod ng 1.25%; at
- 1.25% lokal na sales tax na nagpopondo sa Bay Area Rapid Transit District (BART), sa Transportation Authority (Awtoridad sa Transportasyon) ng San Francisco County, at sa Public Finance Authority (Awtoridad sa Pampublikong Pinansiya) ng San Francisco County.

Makalipas ang Disyembre 31, 2016, bababa sa 8.5% ang pangkalahatang sales tax sa San Francisco.

Pinahihintulutan ang Lungsod ng batas ng Estado na magtaas ng lokal na buwis sa estado nang hanggang sa karagdagang 0.75%, kung may pag-apruba ng mga botante.

Nililimitahan ng batas ng Estado ang halaga ng kita, kasama na ang kita mula sa buwis, na puwedeng gastusin ng Lungsod taon-taon. Sa ilalim ng batas ng Estado, puwedeng aprubahan ng mga botante ng San Francisco ang mga pagtaas hanggang sa limitasyong ito sa pinakamahaba nang panahon na apat na taon.

Ang Mungkahi: Isang ordinansa ang Proposisyon K na magtataas sa sales tax sa San Francisco nang 0.75%, para sa kabuuang buwis na 9.25%. Mapupunta ang 0.75% pagtaas na ito sa Pangkalahatang Pondo.

Kapag inaprubahan ng mga botante ang proposisyong ito, magsisimula ang pagtaas sa Abril 1, 2017. Matatapos ang pagtaas sa sales tax makalipas ang 25 taon.

Tataasan din ng Proposisyon K ang limitasyon ng Estado sa paggasta ng Lungsod sa taunang kita sa buwis, ayon sa halaga ng mga karagdagang buwis na makokolekta sa ilalim ng iminumungkahing porsiyento ng pagtaas. Tatagal ang pinataas na limitasyon sa loob ng apat na taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong taasan ng Lungsod ang sales tax nito nang 0.75%, para sa kabuuang buwis na 9.25%.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "K"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon K:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang ordinansang ito, magdudulot ito ng pagtaas ng taunang kita ng Lungsod sa tinatayang $37.5 milyon sa piskal na taong (FY) 2016–2017 at $155.1 milyon sa FY 2017–18. Isang pangkalahatang buwis ang buwis na ito, at idedeposito ang mga kikitain sa Pangkalahatang Pondo.

Aamyendahan ng panukala ang Business Tax and Regulations Code (Kodigo sa mga Regulasyon sa Pagbubuwis sa mga Negosyo) ng Lungsod para taasan ang lokal na porsiyento ng sales tax nang 0.75% (3/4 ng isang porsiyento) sa Abril 2017, sa loob ng dalawampu't limang taon.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "K"

Noong Hulyo 26, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 8 laban sa 3 para ilagay ang Proposisyon K sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Breed, Campos, Cohen, Farrell, Mar, Tang, Wiener.

Hindi: Kim, Peskin, Yee.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon K

Ibinabalik at pinalalaki ng Proposisyon K ang pondo para sa mga napakahahalagang lokal na serbisyo.

Makalilikom ang Proposisyon K ng $150 milyon para sa Pangkalahatang Pondo ng San Francisco para ipamuhunan sa pabahay sa homeless (walang tahanan), pag-aayos ng pampublikong transportasyon, pagpapahusay sa pampublikong kaligtasan sa mga komunidad, at pagtatayo ng higit na abot-kayang pabahay.

Progresibo at makatarungan ang Proposisyon K dahil laging magbabayad ng mas malaki ang mga mayayaman at malalaking korporasyon at mga bisita sa San Francisco.

Isang progresibong paraan sa pagpopondo ng napakahahalagang mga serbisyo ang Proposisyon K dahil laging malaki kung mamili at mas mahal kung magbayad ang mga mayayamang indibidwal at korporasyon. Bukod pa rito, mga kalahati lamang ng ating mga lokal na sales tax (buwis sa pagbebenta) ang binabayaran ng ating mga lokal na residente, samantalang binabayaran ng mga turista, bisita at negosyo na bumibili mula sa iba pang negosyo ang iba pang sales tax.

Mas magiging mababa PA RIN ang porsiyento ng sales tax sa San Francisco kaysa sa maraming iba pang Lungsod at County sa Bay Area.

Sa ngayon, mas mababa ang porsiyento ng sales tax sa San Francisco kaysa sa maraming iba pang lungsod at county na nasa Bay Area, kasama na ang kalapit na mga county ng Alameda at San Mateo. Bukod rito, nakatakda nang mawalan ng bisa sa 2017 ang quarter cent (beinte singko sentimos) na pagtaas ng sales tax na inaprubahan ng mga botante ng California noong 2012. Daragdagan lamang ng Proposisyon K ang pangkalahatang lokal na sales tax ng kalahating penny (sentimo) ang buwis sa kung ano ito ngayon. At kahit na maipasa ang Proposisyon K, mas mababa PA RIN ang porsiyento ng sales tax ng San Francisco kaysa sa maraming iba pang lungsod at county na nasa Bay Area.

Mananatili sa San Francisco ang pondong malilikom ng Proposisyon K upang magasta nang 100% sa mga lokal na prayoridad at napakahahalagang mga serbisyo.

Pakisamahan kami sa pagboto sa lubhang kinakailangang pagpopondo para sa napakahahalagang mga pampublikong serbisyo. Para sa pag-unlad ng sitwasyon sa homelessness o kawalan ng tahanan, mas pinaghusay na transportasyon, mas pinagbuting na pampublikong kaligtasan, abot-kayang pabahay, at pamumuhunan sa ating kinabukasan, pakiboto ang OO sa Proposisyon K.

Mayor Ed Lee
Superbisor John Avalos
Superbisor London Breed
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Mark Farrell
Superbisor Eric Mar
Superbisor Katy Tang
Superbisor Scott Wiener

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon K

BUMOTO NG HINDI sa PROP K
PAINAN, PALITAN, at SUNGGABAN

Lumaban para mapalitan ang paraan ng paggasta sa ating pera! Dahilan ang mga maling isinasaad ng may-panukala para tanggihan ang Prop K.

Mangyaring isaalang-alang ang independiyenteng pagsusuri at datos:

- Ulat ng City Economist sa epekto sa ekonomiya: "Magdudulot ang mas matataas na presyo ng pagbabawas ng mga konsumer ng kanilang pagkonsumo ng mga lokal na paninda at serbisyo na nasasakop ng mas matataas na buwis, na magpapababa naman sa benta ng mga lokal na negosyante sa mga bagay na ito. Depende sa pagiging sensitibo ng mga konsumer sa presyo, posible ring bumaba ang benta ng mga negosyante sa hindi binubuwisang paninda at serbisyo."
- Ulat ng City Economist sa epekto sa ekonomiya: "Binubuo ng mga kategoryang negosyo-sa-negosyo ang 16% ng kita sa sales tax ng lungsod; 57% ang nakukuha mula sa mga residente ng San Francisco." [Ang mga lokal na residente ang nagbabayad ng karamihan sa mga sales tax, hindi ang mayayamang turista].
- Ulat ng City Economist sa epekto sa ekonomiya: "Inaasahang makalilikom ang pagtaas ng buwis na halos kasinlaki ng gastusin sa consumption spending o paggasta sa nakukunsumo [nawalang benta sa mga tindahan] ---na magiging humigit-kumulang $154 milyon na pagdating ng 2017-18."
- Sa halip na maalam na pinangangasiwaan ang $9.6 bilyong budget ng Lungsod, na lampas pa sa mga budget ng 13 estado at maraming maliliit na bansa, patuloy na nagmumungkahi ang City Hall ng mga hindi malinaw at ala-Christmas tree na panukala sa balota na sarado sa maraming kinakailangan na mga serbisyo sa lungsod.
- Habang tinatanggal ang mga linya ng bus, pinaiiksi ang mga ruta, binabawasan ang mga oras sa gabi at Sabado't Linggo, at dalas ng biyahe, inililihis naman ang $600 milyon na mga pantapat na pondo ng estado at lokal na gobyerno tungo sa Central Subway kung saan labis-labis ang presyong ibinayad at kakaunti lamang ang sumasakay.
- Bagamat bilyon-bilyong dolyar na ang mga gastusin at lumalabag sa Prop H ng San Francisco, patuloy na hinahadlangan ng City Hall ang ekstensiyon hanggang downtown ng Caltrain, na isang proyektong tunay na makapagpapabawas sa trapiko sa mga kalye ng San Francisco.

SaveMuni
www.SaveMuni.org

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon K

BUMOTO NG HINDI sa PROP K
PAINAN, PALITAN, at SUNGGABAN

Hindi produktibo, bagkus nakasasagabal ang regressive na sales tax (ipinapataw sa isang paraan kung saan bumababa ang porsiyento ng buwis habang lumalaki ang halaga na pinapatawan ng buwis). Ginagamit ng Prop K ang panghikayat ng kawalan ng tahanan para ilihis ang mga pondo mula sa mga serbisyo ng lungsod na kulang na sa pera tungo sa iisang ahensiya ng lungsod---na nabigyan na natin ng bilyon-bilyong dolyar sa pamamagitan ng mga sales tax, bond, pamasahe, singil at multa. Para sa alinman sa mga sumusunod na dahilan, bumoto ng Hindi sa Prop K:

- Ulat ng City Economist sa epekto sa ekonomiya ng Prop K: "Inaasahang makalilikom ang pagtaas ng buwis ng kita na halos kasinlaki ng gastusin sa consumer spending o paggasta sa nakukunsumo [nawalang benta sa mga tindahan] ---na humigit-kumulang $154 milyon pagdating ng 2017-18."
- Habang tinatakasan ng mga mamimili ang San Francisco para sa mas mababang sales tax, lalo na sa border (hangganan) sa timog, at madali itong nagagawa sa malalapit na komunidad, hindi pantay ang magiging epekto nito sa maliliit na negosyo.
- Dahil sa palagi na lamang na tumataas na mga sales tax at singil, hindi pantay na maaapektuhan ang mga residente at pamilyang may mababa at panggitnang kita.
- Doble-doble ang Pagkuha: Mayroon nang kasalukuyan nakapirming paglalaan sa transportasyon ang sales tax ng San Francisco.
- Ang Prop K ang ekonomikong katumbas ng paglilipat ng mga upuan sa kubyerta ng barkong Titanic---sa halip na pangasiwaan ang $9.6 bilyon na budget ng Lungsod, na mas malaki pa sa maraming estado at maliliit na bansa.
- Sa kabila ng bilyon-bilyong dolyar na paggasta, at pagkakaroon ng taunang budget na $241 milyon, lumalala pa ang problema ng kawalan ng tahanan.
- Sa kabila ng bilyon-bilyong dolyar na paggasta, bumaba pa rin ang mga sumasakay per capita (na mga indibidwal) sa Muni---at nagpapakita ito ng pangangailangan sa makatuwirang pagdedesisyon, na hindi lamang ukol sa pera.
- Sa kabila ng bilyon-bilyong dolyar na paggasta at pagkakaroon ng isa sa pinakamatataas na budget sa kasaysayan, lumalaki nang lumalaki ang mga buwis sa mga botante para sa mas kumakaunti na pakinabang.

SaveMuni
www.SaveMuni.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon K

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON K!

Itinataas ng Proposisyon K ang napakakailangang kita para maharap ang mga problema ng Lungsod na kailangang-kailangan nang matugunan, kasama na ang KAWALAN NG TAHANAN, TRANSPORTASYON, MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG ISIP, MULING PAG-AASPALTO SA MGA KALYE, PAGSISIKIP NG TRAPIKO, AT HIGIT PA RITO.

Talagang mali lang ang mga pahayag ng mga katunggali.

PROGRESIBO ang Proposisyon K dahil lagi namang magbabayad nang mas mataas ang mga higanteng korporasyon at mayayamang tao na gumagawa ng malakihang pamimili at gumagasta ng higit, samantalang hindi kasama rito ang mga batayang pangangailangan kagaya ng pagkain.

PROGRESIBO ang Proposisyon K dahil pahihintulutan nito ang Lungsod na gumasta ng $150 milyon kada taon para sa mga taga-San Francisco na pinakananangangailangan ng ating tulong, sa kawalan ng tahanan, pampublikong transportasyon, pangangalaga sa kalusugan, at iba pang napakahahalagang serbisyo.

PROGRESIBO ang Proposisyon K dahil 100% nito ang gagastusin sa mga lokal na pangangailangang panlipunan -- WALANG bahagi ng kita na ito ang ililihis sa kaban ng Estado. Halos kalahati lamang ng buwis ang babayaran ng mga residente ng San Francisco. Babayaran ang iba pa ng mga malalaking negosyong bumibili mula sa isa't isa, hindi residente at bisita sa ating Lungsod.

Kailangan nating harapin ang pinakakailangan nang tugunan na mga problema sa ating Lungsod. Nagkakaloob ang Proposisyon K ng PROGRESIBO at MAAASAHANG kita ng Pangkalahatang Pondo para sa kawalan ng tahanan, transportasyon at iba pang napakahalagang mga pampublikong serbisyo. MANGYARING BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON K!

SPUR
San Francisco Bicycle Coalition (Koalisyon sa Pagbibisikleta ng San Francisco)
TransForm
WalkSF
San Francisco Transit Riders (Mga Sumasakay sa Pampublikong Transportasyon sa San Francisco)
Larkin Street Youth Services (Mga Serbisyo sa Kabataan ng Larkin Street)
Community Housing Partnership (Pakikipagtulungan para sa Pabahay sa Komunidad)
Human Services Network (Samahan para sa mga Serbisyong Pantao)
Episcopal Community Services (Episcopal na mga Serbisyong Pangkomunidad)
*Michael Pappas, San Francisco Interfaith Council (Konseho ng Iba't Ibang Pananampalataya sa San Francisco)**
Hamilton Family Services (Mga Serbisyong Pampamilya ng Hamilton)
Homeless Emergency Services Providers Association (Asosasyon ng mga Nagkakaloob ng Serbisyong Pang-emergency sa mga Homeless)
*Jeff Kositsky, Direktor ng San Francisco Department of Homelessness & Supportive Housing (Departamento ng Kawalan ng Tahanan at Pabahay na Nagbibigay-Suporta sa San Francisco)**
*Ed Reiskin, Direktor, San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya ng Munisipal na Transportasyon)**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

L Mga Pagtatalaga at Budget ng MTA

Dapat bang pahintulutan ng Lungsod ang Mayor na magnomina ng apat na miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng SFMTA, na kailangang aprubahan ng Lupon ng mga Superbisor; pahintulutan ang Lupon ng mga Superbisor na magtalaga ng tatlong miyembro; bawasan ang bilang ng mga botong kinakailangan mula sa pito tungo sa anim para maisantabi ng Lupon ng mga Superbisor ang panukalang budget ng SFMTA; at itakda sa SFMTA na tugunan ang mga kapasyahan ng Lupon at magsumite ng binagong budget kapag isinantabi ng Lupon ng mga Superbisor ang orihinal na budget?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Nagkakaloob ang Charter ng Lungsod sa San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya ng Pangmunisipal na Transportasyon, SFMTA) ng awtoridad sa sistemang pantransportasyon ng Lungsod, kasama na ang mga kalye, bangketa, daanan ng mga bisikleta, paradahan, taksi at Muni (ang sistema ng pampublikong transportasyon ng Lungsod).

Pinatatakbo ang SFMTA ng Lupon ng mga Direktor na may pitong miyembro. Ang Mayor ang nagtatalaga sa lahat ng pitong direktor. Kailangang kumpirmahin ang mga itinalaga ng Mayor ng Lupon ng mga Superbisor. Naglilingkod ang mga miyembro para sa mga terminong tumatagal nang apat na taon, at walang tao na puwedeng maglingkod nang mahigit sa tatlong termino.

Nagsusumite ang SFMTA ng mungkahing budget sa Lupon ng mga Superbisor. Puwedeng tanggapin o isantabi ng Lupon ang mungkahing budget, pero hindi puwedeng baguhin ito. Nangangailangan ang pagtanggi sa mungkahing budget ng pitong boto; anim ang karaniwang botong kinakailangan para umaksiyon ang Lupon.

Ang Mungkahi: Isang Pag-amyenda sa Charter ang Proposisyon L na maghahati sa kapangyarihang magtalaga ng mga Direktor ng SFMTA sa pagitan ng Mayor at ng Lupon ng mga Superbisor. Magnonomina ang Mayor ng apat na miyembro sa Lupon ng mga Direktor, na maaaring aprubahan o isantabi ng Lupon ng mga Superbisor. Ang Lupon ng mga Superbisor ang magtatalaga ng tatlong miyembro.

Gustong pababain ng Proposisyon L ang pitong botong kinakailangan para tanggihan ng Lupon ng mga Superbisor ang mungkahing budget ng SFMTA tungo sa anim na boto. Kapag isinantabi ng Lupon ng mga Superbisor ang budget, kailangang tumugon ang SFMTA sa pasya ng Lupon at magsumite ng nabago nang budget.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Charter para:

- pahintulutan ang Mayor na magnomina ng apat na miyembro sa Lupon ng mga Direktor ng SFMTA; kailangang aprubahan o tanggihan ng Lupon ng mga Superbisor ang mga nominadong ito;
- pahintulutan ang Lupon ng mga Superbisor na magtalaga ng tatlong miyembro;
- bawasan ang bilang ng botong kinakailangan mula sa pito tungo sa anim para maisantabi ng Lupon ng mga Superbisor ang panukalang budget ng SFMTA; at
- itakda sa SFMTA na tugunan ang mga kapasyahan ng Lupon, at magsumite ng binagong budget kapag isinantabi ang orihinal na budget.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "L"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon L:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa charter, magkakaroon ng maliit na epekto sa gastusin ng gobyerno.

Isinasaad ng panukalang susog na sa pitong miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng Municipal Transportation Agency (Ahensiya para sa Pangmunisipyong Transportasyon, MTA), apat ang inonomina ng Mayor, at tatlo ang sa Lupon ng mga Superbisor, na kung saan nakabatay sa kumpirmasyon ng Lupon ng mga Superbisor ang lahat ng mga ito. Sa kasalukuyan ang Mayor ang nagtatalaga sa lahat ng pitong miyembro ng Lupon ng MTA.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Bukod rito, pinahihintulutan ng panukalang amyenda ang Lupon ng mga Superbisor na iwaksi pero hindi babaguhin, ang budget ng MTA, sa pamamagitan ng simpleng mayorya, sa halip na ng pito sa labing-isang Superbisor, ayon sa kasalukuyang wika ng Charter. Kapag iwinaksi ng Lupon ng mga Superbisor ang budget, gagawa ito ng mga karagdagang paglalaan ng pondo sa MTA na makasasapat para sa pagpapanatili sa lahat ng operasyon sa antas na ipinagkaloob dito noong Hunyo 30 ng nakaraang piskal na taon. Maliban dito, hindi na pinapalitan ng susog ang mga responsibilidad sa budget o pinansiya, o ang awtoridad ng MTA Lupon.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "L"

Noong Hulyo 19, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 6 laban sa 5 para ilagay ang Proposisyon L sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Campos, Kim, Mar, Peskin, Yee.

Hindi: Breed, Cohen, Farrell, Tang, Wiener.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon L

Bumoto ng OO sa Prop L para panatilihing may Pananagutan ang SFMTA sa San Francisco!

Pinangangasiwaan ng Lupon ng mga Direktor ng SFMTA ang mahigit sa $1.07 bilyon ng mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis at gumagawa ng napakahahalagang desisyon ukol sa mga serbisyo ng Muni, pagtataas ng pamasahe, mga kalye, pagpaparada, at iba pang pagbabago sa trapiko na nakaaapekto sa lahat ng ating mga komunidad. Kailangang maging bukas sa pagsisiyasat at balanse ang isang ahensiya na napakamakapangyarihan. Ang Prop L ay tungkol sa pagpapatibay ng mga demokratikong paniniwala at pagpapalawak ng pakikilahok ng komunidad upang higit nating mapanagot ang SFMTA sa lahat ng mga taga-San Francisco.

Sa kasalukuyan, ang Mayor ang nagtatalaga ng bawat miyembro ng Lupon ng mga Direktor. Gayon pa man, humahantong sa may kinikilingang pagdedesisyon ang paglalagay sa mga Direktor sa ilalim ng impluwensiya ng iisang tao. Ginagawang balanse ng Prop L ang Lupon ng SFMTA sa pamamagitan ng paglikha ng magkasamang proseso ng pagtatalaga. Ang Mayor ang magtatalaga ng mayorya ng mga miyembro, pero ibinabahagi niya ang natitirang mga puwesto sa Lupon ng mga Superbisor. Daraan ang lahat ng mga pagtatalaga sa bukas at pampublikong proseso ng kumpirmasyon para matiyak na may magagandang kuwalipikasyon at may pananagutan sa pagpapahalaga sa pakikilahok ng komunidad sa mga desisyon ukol sa transportasyon ang lahat ng mga Direktor. May kasaysayan na tayo kung saan kapag hati ang pagkakatalaga ng mga lupon, higit na magkakaiba ang opinyon at representasyon, kung kaya't nakapanghihikayat ng mga pinag-iisipang diskusyon at mas mahusay na pagdedesisyon.

Inilalagay din ng Prop L ang budget ng SFMTA sa ilalim ng parehong masusing pag-aaral na pinagdaraanan ng lahat ng iba pang departamento ng Lungsod. Ang SFMTA ang tanging ahensiya na hindi puwedeng baguhin ang budget ng Lupon ng mga Superbisor at kinakailangan ng supermajority (2/3 na pagboto) para tanggihan ang kanilang budget. Nagdaragdag ang Prop L ng higit na pangangasiwa sa budget ng SFMTA sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Lupon ng mga Superbisor na humiling ng mga pagbabago at tanggihan ang budget sa pamamagitan ng karaniwang mayorya ng mga boto.

Mananatili pa rin na isang independiyenteng ahensiya ang SFMTA. Nagdaragdag lamang ang Prop L ng checks and balances (pagbabalanse ng mga impluwensiya para tiyaking hindi hawak ng iisang tao o pangkat ang kapangyarihan) upang higit pang maging bukas ito sa pagsisiyasat ng mga residente ng San Francisco.

Suportahan ang pangangasiwa at pagkakaroon ng pananagutan ng SFMTA at bumoto ng OO sa Prop L!

Superbisor Norman Yee
Superbisor John Avalos
Superbisor David Campos
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon L

Maghahatid ng HIGIT na Pamumulitika ang PROPOSISYON L sa Muni at hahantong sa MAS KAUNTING serbisyo sa mga taga-San Francisco.

TINATANGGAL ng Proposisyon L ang checks and balances na mayroon na sa kasalukuyan para magkaroon ng higit na pananagutan ang Lupon ng Muni.

Ang Lupon ng mga Superbisor na ang nagdedesisyon kung sino ang nagpapatakbo sa ating sistema ng transportasyon: ang Mayor ang nagsusumite ng mga nominasyon at nagsasagawa ng mga pagdinig ang Lupon ng mga Superbisor para aprubahan o tanggihan ang mga ito. Sa ilalim ng Proposisyon L, direktang itatalaga ng Lupon ng mga Superbisor ang halos kalahati ng Lupon ng mga Direktor ng Muni nang walang anumang kumpirmasyon o kinakailangang opinyon mula sa iba pang opisyal o sa publiko. Nangangahulugan ang Proposisyon L ng MAS KAUNTING BALANSE at MAS KAUNTING PANGANGASIWA.

Maraming beses nang tinanggihan ng mga Botante ang politikal na panghihimasok sa budget ng Muni.

Mayroon tayong independiyenteng ahensiya ng transportasyon dahil maraming beses nang bumoto ang mga taumbayan ng San Francisco upang hindi mapasukan ng pamumulitika ang Muni. Sa loob ng maraming taon, pinagtiisan natin ang palubog na sistema ng transportasyon dahil ginamit ng Lupon ng mga Superbisor ang budget ng Muni bilang alkansiya para sa mga paboritong proyekto, noong sila ang may hawak sa kaban nito.

Gusto nating maging maayos ang palakad sa transportasyon at alam natin na ang ibig sabihin nito, dapat protektahan ito mula sa pamumulitika! Binubuksan ng Proposisyon L ang budget ng Muni sa politikal na panghihimasok. Hahantong ang labis-labis na politikal na paggawa ng mga desisyon sa Muni sa MAS MASAMANG serbisyo, MAS MASIKIP na trapiko, at HINDI LIGTAS na mga kalye.

Huwag Mamulitika sa Pampublikong Transportasyon! Samahan kami sa pagboto ng HINDI sa Proposisyon L!

Presidente, Lupon ng mga Superbisor, London Breed
Superbisor Scott Wiener
Superbisor Katy Tang
Superbisor Mark Farrell
SPUR
TransForm
San Francisco Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal ng San Francisco)
San Francisco Transit Riders (Mga Sumasakay ng Transportasyon sa San Francisco)
Rescue Muni

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon L

HUWAG HAYAANG MAPASUKAN NG PAMUMULITIKA ANG MUNI - BUMOTO NG HINDI SA L

Ilalagay muli ng Proposisyon L ang Lupon ng mga Superbisor sa gawi ng panghihimasok sa Muni, ang parehong sistema na humantong sa masamang serbisyo, hindi maaasahang mga iskedyul, at mga "Muni meltdown (Napakalalang Krisis sa Serbisyo ng Muni)" noon.

Pinahihina ng Proposisyon L ang mga repormang naaprubahan na ng mga botante, na maraming beses nang bumoto para bigyan ang mga tagapamahala ng Muni ng awtoridad para gumawa ng mga reporma at patakbuhin ang sistema ng transportasyon.

Gayon pa man, dahil sa Proposisyon L, masasaklaw na ang budget ng Muni ng mga hindi makatuwirang pagtatapyas ng mga mapanghimasok na politiko, at dahil dito, maibabalik ang San Francisco sa masasamang lumang gawi ng ala-suwerteng pagba-budget, at lubhang maliit na pagpopondo sa sistemang pantransportasyon.

GAGAWIN NITONG MAS MASAMA ANG KONDISYON NG MUNI

Mahaba na ang nilakbay ng Muni mula sa panahon ng krisis na tinaguriang "Muni Meltdown," noong **puwede pang magamit ng** Lupon ng mga Superbisor **ang budget ng Muni bilang alkansiya para sa kanilang mga paboritong proyekto.**

Ngayon, kailangan nang matugunan ng Lupon ng mga Direktor ng Muni ang mga espesyal na kuwalipikasyon; kailangang mahigit sa kalahati ang mga regular na sumasakay sa Muni; at dapat makumpirma silang lahat ng Lupon ng mga Superbisor.

Nagbunga ng mas malaking pananagutan at mas napaghusay na serbisyo ang kombinasyon na ito ng protektado at hindi nagbabago-bagong pondo at mga taong may kakayahan bilang tagapagtakda ng budget ng ahensiya.

Napalaki ng Muni ang serbisyo nito sa kabuuan ng lungsod nang 10%, nabawasan ang mga pagkaantala, at pinapalitan na ang buong hanay ng mga bus at tren nito. At ang Lupon ng mga Superbisor pa rin ang huling magpapasya sa anumang pagtataas ng pamasahe.

HUWAG HAYAANG MANGHIMASOK SA MUNI ANG MGA POLITIKO

Sa ilalim ng Proposisyon L, magiging mga politikal na pagtatalaga ang Lupon ng Municipal Transportation Agency (Ahensiya ng Munisipal na Transportasyon), at masasaklaw ang budget ng Muni ng pabago-bagong pagpopondo at mga pandarambong sa budget na bunga ng pamumulitika.

Mangyaring samahan kami at si Tenyente Gobernador Gavin Newsom para hindi mapasukan ng pamumulitika ang pampublikong transportasyon at kaligtasan ng mga naglalakad. Bumoto ng HINDI sa L!

Dianne Feinstein, Senador ng U.S.
Frank Jordan, dating Mayor
Willie L. Brown, Jr., dating Mayor
Angela Alioto, dating Presidente ng Lupon ng mga Superbisor
London Breed, Presidente ng Lupon ng mga Superbisor
Mark Farrell, Superbisor
Katy Tang, Superbisor
Scott Wiener, Superbisor

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon L

Bumoto ng OO sa Prop L. Kung sa inyong tingin, mas mabuting mapatatakbo ang Muni, naghahandog ang Prop L ng totoong solusyon.

Alam ng bawat sumasakay sa MUNI, na nasusukol na ito ng mga problema. Kulang ito ng pangmatagalang pananaw. Bumabagsak na ang sistema dahil sa bigat ng pagdami ng mga sumasakay dito.

Samantala, pinasisikip ng trapiko ang ating mga kalye, hindi maaasahan ang mga oras ng biyahe, naaantala ang mga pagpapahusay para sa kaligtasan, at napakataas na ng mga singil sa pagpaparada sa komunidad.

Nasa kamay ang lahat ng mga problemang ito ng iisang politiko – ang Mayor.

Huwag makinig sa mga pananakot na taktika. Higit na pinapanagot ng Prop L ang SFMTA sa mas maraming tao.
Ang Lupon ng mga Superbisor ng SFMTA– na 100% na pinipili ng mayor – ang 100% na may responsibilidad sa mga tagumpay at kabiguan ng MUNI. Puwede pang mapabuti – higit na mapabuti – ang mga bagay-bagay sa pamamagitan ng higit na pagbabalanse ng mga impluwensiya.

Dadalhin ng Prop L ang mga boses ng komunidad sa MUNI at iba pang usaping pantransportasyon.
Sa halip na may iisang may-kapangyarihan na nagnonomina ng mga itinatalaga sa pamamagitan ng prosesong hindi lantad ang pagmamaniobra, idaragdag ng Prop L ang mga boses ng komunidad upang malutas ang ating mga problemang pantransportasyon.

Itinatakda ng Prop L na mahigpit na makipagtrabaho ang mga inihahalal ninyong kinatawan ng komunidad na nasa Lupon ng mga Superbisor sa mayor para mapahusay pa ang pamumuno sa SFMTA. Nangangahulugan ito ng paglikha ng ahensiyang binubuo ng mga kinatawan na may iba't ibang katangian at pinagmulan at may impormasyon tungkol sa usapin ng transportasyon, pagpaparada at trapiko.

Mananatiling independiyente ang SFMTA, pero magkakaroon ng **higit na pangangasiwa** rito. Isasailalim ang budget ng SFMTA sa higit na pagsisiyasat para maiwasan ang pag-aaksaya ng gobyerno.

Sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan, mapahuhusay natin ang lahat ng aspeto ng transportasyon sa SF. At nagsisimula ang lahat sa Prop L para sa paghahatid ng liwanag sa proseso ng pagpili ng pamunuan ng SFMTA.

Mangyaring samahan kami sa pagboto ng Oo sa Prop L.

Superbisor Norman Yee
Superbisor John Avalos
Superbisor David Campos
Superbisor Jane Kim
Supervisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

M Komisyon para sa Pabahay at Pagpapaunlad

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Charter para lumikha ng Housing and Development Commission (Komisyon para sa Pabahay at Pagpapaunlad) na mangangasiwa sa dalawang bagong departamento (ang Department of Economic and Workforce Development at ang Department of Housing and Community Development) na siyang papalit sa pamamahala sa Office of Economic and Workforce Development at ang Office of Housing and Community Development ng Mayor, na mawawala na?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Pinangangasiwaan ng Office of Economic and Workforce Development (Opisina para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at mga Manggagawa, OEWD) ang:

- mga programang kaugnay ng pagsasanay at pagbibigay ng puwesto sa trabaho, at paghihikayat at pagpapanatili ng mga negosyo sa Lungsod;
- mga kasunduan at proyekto para sa pampubliko at pampribadong real estate development (pangkat ng mga gusali na ipinapatayo ng kontratista); at
- mga programa para sa pagpapasigla ng mga kalyeng kinatatagpuan ng maraming negosyo sa mga komunidad na kulang sa mga pampinansiya o panlipunang oportunidad.

Ang Office of Housing and Community Development (Opisina para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad, MOHCD) ng Mayor ang bumubuo ng istratehikong plano na itinatakda ng pederal na batas at nangangasiwa sa:

- mga programa para pondohan ang pagtatayo at rehabilitasyon ng abot-kayang pabahay;
- programang pabahay ng Lungsod na bukas sa lahat at mas mababa sa market-rate (presyong itinatakda ng merkado), at nasasaklaw ng Planning Code (Kodigo sa Pagpaplano), na pangkalahatang nagtatakda sa mga developer ng market-rate na pabahay na magbayad ng singil o magtayo ng abot-kayang pabahay na mga unit;
- mga pautang at grant (kaloob na pera) para sa mga magiging homeowner (may-ari ng tahanan) sa unang pagkakataon; at
- mga grant para magbigay ng suporta sa pag-unlad ng komunidad, mga organisasyong non-profit at maliliit na negosyo.

Itinatalaga ng Mayor ang mga pinuno ng OEWD at MOHCD at may awtoridad siya na tanggalin sila sa puwesto.

Walang komisyon ng Lungsod na direktang namamahala sa kabuuang sakop ng mga operasyon ng MOHCD at OEWD. Kailangang humingi ang mga ahensiyang ito ng pag-apruba mula sa iba't ibang komisyon ng Lungsod at sa Lupon ng mga Superbisor para sa ilang iminumungkahing pagbabago sa polisiya. Inaaprubahan ng Lupon ang budget at ilan sa mga kasunduan, programa at grant ng mga ito.

Sumusunod ang MOHCD at OEWD sa proseso para sa pagpili ng bibigyan ng grant at utang para sa pagpapaganda ng komunidad, tulong sa maliit na negosyo, pagsasanay sa trabaho at development ng abot-kayang pabahay sa lupang pag-aari ng Lungsod.

Ang Mungkahi: Isang pag-amyenda sa Charter ang Proposisyon M na lilikha ng Housing and Development Commission. Magkakaroon ng pitong miyembro ang komisyon, tatlong inonomina ng Mayor, tatlong itatalaga ng Lupon, at isang itatalaga ng Controller. Nakabatay sa pag-aapruba ng Lupon ang mga nominado ng Mayor. Puwedeng maglingkod ang mga Commissioner nang hanggang sa dalawang terminong tig-aapat na taon. Matatanggal lamang ang mga Commissioner sa puwesto nang dahil sa opisyal na maling gawi.

Lilikha ang Proposisyon M ng Department of Economic and Workforce Development (Departamento ng Pagpapaunlad sa Ekonomiya at mga Manggagawa, DOEWD) at ng Department of Housing and Community Development (Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad, DOHCD) para palitan ang OEWD at MOHCD. Mawawala ang dalawang opisinang ito. Sa halip na ang Mayor, ang Komisyon na ang magkakaroon ng kapangyarihan na magtalaga at magtanggal ng mga pinuno ng dalawang bagong departamentong ito.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Kasama sa mga responsibilidad ng Komisyon ang:

- pag-ako sa pangangasiwa at pagpapatibay ng panlimang taon na istratehikong plano na tumutukoy sa mga tunguhin ng Lungsod para sa mga proyekto sa abot-kayang pabahay at pagpapaunlad ng komunidad, na kailangang maaprubahan ng Lupon ng mga Superbisor;
- paglalatag ng mga bagong patakaran para sa kompetitibong proseso ng pagpili para sa pagpapatayo at/o pagsasaayos ng abot-kayang pabahay sa lupang pag-aari ng Lungsod. Papalitan ng mga ito ang anumang patakaran na pagtitibayin ng Lupon o ng mga panukala sa balota na aaprubahan ng mga botante bago sumapit ang Marso 1, 2017, kaugnay ng may kompetitibong proseso ng bidding para sa pagpapatayo at/o pagsasaayos ng Lungsod sa abot-kayang pabahay. Puwedeng iwaksi ang mga patakarang ito sa pamamagitan ng botong two-thirds (2/3) ng Lupon;
- pagrerepaso at paggawa ng mga rekomendasyon sa Lupon bago aprubahan ng Lupon ang anumang ordinansa na nagtatakda o nagbabago sa mga itinatakdang pangangailangan para sa pabahay ng Lungsod na bukas sa lahat at mas mababa sa presyo ng merkado. Papalitan ng gayong ordinansa ang anumang probisyon na salungat sa mga ordinansang napagtibay na ng Lupon o naaprubahan na ng mga botante bago sumapit ang Marso 1, 2017;
- pagrerepaso at paggawa ng mga rekomendasyon sa Lupon ukol sa pag-apruba ng mga kasunduan sa pagpapatayo at/o pagsasaayos na pinangangasiwaan ng DOEWD; at
- pamamahala sa paggasta ng Lungsod sa mga pondo para sa abot-kayang pabahay.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong lumikha ng Housing and Development Commission na mangangasiwa sa dalawang bagong departamento (ang Department of Economic and Workforce Development at ang Department of Housing and Community Development) na siya nang magpapatupad ng mga gawain ng Office of Economic and Workforce Development at ng Office of Housing and Community Development ng Mayor, na mawawala na.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "M"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon M:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang amyenda sa charter, magkakaroon ito ng maliit na epekto sa gastusin ng gobyerno.

Tataasan ng panukalang amyenda ang gastusin ng gobyerno nang humigit-kumulang $210,000 taon-taon para mapondohan ang gastusin sa bagong komisyon ng lungsod, na mamamahala sa Department of Economic and Workforce Development at sa Department of Housing and Community Development. Popondohan nito ang pagkakaroon ng sekretarya ng komisyon, suweldo ng komisyoner, at mga gastusin tulad ng paghahanda ng mga pampublikong materyales.

Itatatag ng panukalang amyenda ang Housing and Development Commission na bubuuin ng pitong miyembro, kung saan tatlo ang itatalaga ng Mayor, tatlo ng Lupon ng mga Superbisor, at isa ng Controller. Kailangang mayroon nang malawak na karanasan ang mga miyembro sa pagpapatayo at/o pagsasaayos ng abot-kayang pabahay o sa pagpapaunlad ng komunidad. Magkakaroon ang komisyon ng awtoridad na magtalaga, gumawa ng ebalwasyon ng trabaho, at magtanggal ng mga pinuno ng dalawang departamento.

Itatakda sa komisyon na magrepaso at magbigay ng mga rekomendasyon sa Lupon ng mga Superbisor ukol sa mga iminumungkahing kasunduan para sa pagpapatayo at/o pagsasaayos, at paglilipat ng ilang surplus (labis sa kinakailangan) na ari-arian ng Lungsod. Pagtitibayin ng komisyon ang mga patakaran sa paglikha ng kompetisyon sa proseso ng pagpili ng gagawa ng pagpapatayo at/o pagsasaayos para sa abot-kayang pabahay na nasa lupang pag-aari ng Lungsod, at ang paggasta sa mga pondo ng Lungsod para sa abot-kayang pabahay. Bukod rito, rerepasuhin ng komisyon ang anumang panukalang ordinansa na magtatakda o magbabago sa pinakakaunti at pinakamarami nang obligasyon sa mga proyektong housing development para sa pabahay na para sa lahat o abot-kaya, bago ang mga pagdinig ng Lupon ng mga Superbisor.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "M"

Noong Hulyo 26, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 6 laban sa 5 para ilagay ang Proposisyon M sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Campos, Kim, Mar, Peskin, Yee.

Hindi: Breed, Cohen, Farrell, Tang, Wiener.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon M

Isinasagawa na sa ngayon ang ilan sa pinakamahahalagang desisyon ukol sa pagpapaunlad sa pabahay at ekonomiya sa San Francisco sa likod ng mga nakapinid na pintuan. Panahon na para buksan ang mga pintuan sa publiko at hayaang pumasok ang mga sinag ng araw.

Lilikha ang Proposisyon M ng matagal nang kinakailangan Housing and Development Commission (Komisyon para sa Pabahay at Pagpapaunlad) upang tiyakin na isinasagawa ang mga polisiya at desisyon na naka-aapekto sa ating lahat sa mga bukas na pulong na may mas malawak na partisipasyon ng komunidad at pagpapanagot sa publiko. Ganito ito ipatutupad:

- Independiyente at balanse. Isang Komisyong may 7 miyembro, balanse at independiyente, na may mga limitasyon sa termino ng mga komisyoner.
- Bukas na gobyerno at sinag ng araw. Kailangang isagawa ang lahat ng mga sesyon at pagdinig bilang mga pampublikong pulong at alinsunod sa mga patakaran ng pagkakaroon ng bukas na gobyerno ng Batas Brown ng California at ng Sunshine na Ordinansa ng Lungsod.
- Mas malaking pangangasiwa ng publiko. Pangangasiwaan ang bilyon-bilyong dolyar sa mga gawain na kasalukuyang eksklusibong pinamamahalaan ng Opisina ng Mayor nang walang regular na pampublikong pagdinig at kakaunting pangangasiwa ng publiko.
- Pagpapanagot sa mga mamamayan, hindi sa mga espesyal na interes. Sa halip na mga patagong negosasyon, gagawa ng mga kasunduan para sa pagpapaunlad at mga kasunduan para sa malalaking mga pagtitipon sa kabuuan ng lungsod, nang kinukuha ang opinyon ng mga mamamayan.
- Pagkakapantay-pantay at pagiging makatuwiran para sa mga grant (ipinagkakaloob na pera) sa komunidad. Pagpapasyahan ng Komisyon ang prosesong makatuwiran at bukas para tiyakin na nagkakaloob ng mga grant at nagpopondo sa mga programa sa pamamagitan ng mga patakarang bukas sa pagsisiyasat at mga pamantayang epektibo.
- Independiyenteng pagrerepaso ng mga kasunduan sa mga developer. Rerepasuhin ng Komisyon ang malalaking kasunduan sa mga pagpapaunlad na kinasasangkutan ng Lungsod at ang pagbebenta ng surplus (labis sa kinakailangan) na mga pampublikong lugar, bago aprubahan ang mga ito ng Lupon ng mga Superbisor.
- Mga mahahalagang usapin na hinaharap ng San Francisco ang abot-kayang pabahay at pag-unlad ng komunidad. Bumoto ng Oo sa M para magpasimula ng pampublikong pangangasiwa at partisipasyon na nararapat sa ating lungsod.

Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon ng mga Komunidad sa San Francisco)
San Francisco Democratic Party (Demokratikong Partido ng San Francisco)
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
San Francisco Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pangkomunidad na Pabahay)
Senior and Disability Action (Aksiyon para sa Matatanda at May Kapansanan)
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Dating Abugado ng Lungsod Louise Renne
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Jane Kim
Superbisor John Avalos
Superbisor Norman Yee

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon M

NANGANGAKO ANG PROPOSISYON M NG DAGDAG NA MAAKSAYANG GOBYERNO NA MAS KAUNTI ANG NAIHAHATID.

Magdaragdag ang Proposisyon M ng mga bagong hakbang sa burukrasya ng gobyerno sa pamamagitan ng hindi kinakailangang bagong Komisyon, na magdudulot ng HIGIT na malaking gastos sa mga nagbabayad ng buwis, pero mas KAUNTI ang inihahatid pagdating sa abot-kayang pabahay, suporta para sa maliliit na negosyo at pagsasanay sa trabaho para sa mga kabataang nasa komunidad.

HINDI GAGAWING higit na bukas sa pagsisiyasat ng bagong Komisyon ang gobyerno, pero ITATAKDA nito ang ganoon din at inuulit lang na mga pagrerepaso at pagdinig para sa bawat mungkahing pabahay sa San Francisco, kaya't higit na magiging mas mahirap para sa mga pamilya na makahanap ng abot-kayang mga tahanan sa San Francisco, makagawa ng mga grant para sa maliliit na negosyo o magpuwesto sa mga kabataang nasa komunidad sa magagandang trabaho.

HINDI MAGIGING independiyente ang Komisyong ito, pero BUBUUIN ito ng mga HINDI NAHALAL na taong itinalaga sa puwesto dahil sa koneksiyong politikal, na makakukuha ng buong benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan para lamang sa ilang oras ng pagtatrabaho sa isang buwan, at WALANG pananagutan sa SINUMAN. Puwede pa ngang iwaksi ng Komisyon ang mga patakaran ng lungsod sa pangongontrata at mga kinakailangan sa aprubado na ng mga botante na may kompetisyong bidding para sa mga proyekto ng abot-kayang pabahay sa lungsod!

Nangangahulugan ang PROPOSISYON M ng HIGIT na burukrasya, HIGIT na aksaya, at HIGIT na mga pagkaantala na naghahatid ng MAS KAUNTING pabahay at MAS MASASAMANG serbisyo para sa ating mga komunidad at maliliit na negosyo.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON M!

Superbisor Katy Tang
Presidente ng Lupon ng mga Superbisor London Breed
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Mark Farrell
Superbisor Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya David Chiu
Bay Area Renters Federation (Pederasyon ng mga Nangungupahan sa Bay Area)
San Francisco Building & Construction Trades Council (Konseho sa mga Gawain sa Pagtatayo ng Gusali at Konstruksiyon ng San Francisco)
Grow San Francisco
SPUR
SF Housing Action Coalition (Koalisyon para sa Aksiyon sa Pabahay)
San Francisco Council of District Merchants Association (Konseho ng San Francisco sa Asosasyon ng mga Nagtitinda sa Distrito)
Outer Mission Merchants and Residents Association (Asosasyon ng mga Nagtitinda at Residente ng Outer Mission)
Excelsior Action Group
Collective Impact
Reverend Arnold G. Townsend
*Pratibha Tekkey, Tenderloin Housing Clinic**
Dean Macris, Dating Direktor ng Pagpaplano
*Mark Dwight, Presidente, Small Business Commission (Komisyon para sa Maliliit na Negosyo)**
*Kevin Carroll, Tagapangulo, Workforce Investment San Francisco (Pamumuhunan sa mga Nagtatrabaho)**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon M

Magdaragdag ang Proposisyon M ng higit na maaksaya, hindi kinakailangan at patong-patong na red tape at gagawing higit na mahirap na magtayo ng abot-kayang pabahay at tumulong sa maliliit na negosyo sa San Francisco.

Sa ngayon, nagkakaloob ang Opisina para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad (Office of Housing and Community Development) ng Mayor ng pondo para magtayo ng kailangang-kailangan na abot-kayang pabahay sa pinakahigit na nangangailangan na taga-San Francisco. Tumutulong ang Opisina para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at mga Manggagawa (Office of Economic and Workforce Development) para mabigyan ng pagsasanay ang mga taga-San Francisco at makonekta sa mga trabaho, matulungan ang maliliit na negosyo, at mapahusay pa ang ating mga komunidad.

Narepaso na ang mga gawain at desisyon ng dalawang departamento na ito ng Lupon ng mga Superbisor, ilang komisyon ng Lungsod at dose-dosenang pangkomunidad na pangkat.

Lilikha ang Proposisyon M ng hindi kinakailangan at nag-uulit lamang na pangkat para sa pagrerepaso at gagawing politikal ang mahalagang trabaho ng dalawang ahensiya na ito. Nang dahil sa mungkahing ito, maaantala ang kritikal na pagtulong sa maliliit na negosyo, magkakaroon ng kawalang katiyakan sa pagsasanay para sa trabaho at mapababagal ang kakayahan ng lungsod para magkaroon ang mga pamilyang mababa at panggitna ang kita ng mga pabahay na abot-kaya nila.

Bubuwagin ng Proposisyon M ang dalawang mahahalagang departamento na ito ng lungsod at ibibigay ang kanilang mga responsibilidad sa ilalim ng pamamahala ng hindi inihahalal na "komisyon" na may pitong miyembro at hindi kinakailangang sumagot sa sinuman, at hindi rin mananagot sa Mayor o sa Lupon ng mga Superbisor. Mayroon pa ngang kakayahan ang komisyon na iwaksi ang mga patakaran ng lungsod sa pangongontrata, na nagtatakda ng pagiging bukas sa pagsisiyasat at may kompetisyong bidding, kahit na itinatakda ang gayong mga pangangailangan ng mga botante.

Napakarami nang pagkakapatong-patong sa gobyerno at red tape. Hindi magbubunga ang Proposisyon M ng mas mahusay na gobyerno o mga serbisyo, pero magdudulot ito ng pabahay na higit na hindi abot-kaya, at mas kaunting tulong para sa mga komunidad at maliliit na negosyo.

Mangyaring samahan kami, pati na rin ang dating Mayor at Tenyente Gobernador Gavin Newsom, sa pagtututol sa Proposisyon M.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON M!

Dianne Feinstein, Dating Senador ng U.S at dating Mayor
Frank Jordan, dating Mayor
Willie L. Brown, Jr., dating Mayor
Angela Alioto, dating Presidente, Lupon ng mga Superbisor

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon M

Gusto ng mga katunggali na maniwalang hindi natin kailangan ng anumang pagbabago sa paraang gumagawa ng mga desisyon sa pabahay at pagpapaunlad sa San Francisco.

Gayon pa man, araw-araw, napipilitang umalis ang mga tao sa San Francisco dahil walang sapat na abot-kayang pabahay. Bumubulusok ang mga upa. Mas pinapaboran ng mga palihim na desisyon ukol sa development o mga itinatayong gusali ang mga luxury condo kaysa sa mga pabahay para sa panggitnang uri, kung kaya't lalo pang sumisikip ang trapiko, at naisasapanganib ang kultural at etnikong pagkakaiba-iba sa ating lungsod.

Panahon nang magdala ng liwanag at pananagutan sa pabahay at development sa pamamagitan ng pagboto ng Oo sa M.

Mga katotohanan ukol sa Prop M:

- **Independiyenteng Komisyon.** Ginagabayan ang bawat pangunahing departamento sa San Francisco ng isang independiyenteng komisyon. Gayon din dapat ang pabahay at development.
- **May pananagutan sa publiko.** Sinasabi ng mga katunggali na "hindi kanino man" magkakaroon ng pananagutan ang komisyon. Malalaman niyo na sa pahayag na iyan kung ano ang naiisip nila tungkol sa inyo, dahil may pananagutan ang komisyon sa publiko.
- **Liwanag ng araw at pampublikong pangangasiwa.** Sa unang pagkakataon, tatalakayin, pagtatalunan, at pagbobotohan nang nakikita ng publiko ang mga kritikal na desisyon, kasama na ang mga kasunduan sa development ng malalaking developer – hindi patago.

Magdala ng liwanag ng araw at pampublikong pangangasiwa sa pabahay at development sa San Francisco. Bumoto ng OO sa M.

Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)
San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
Senior and Disability Action (Aksiyon para sa Matatanda at May Kapansanan)
San Francisco Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pangkomunidad na Pabahay)

Art Agnos, Dating Mayor
Tom Ammiano, Dating Miyembro ng Asembleya at Superbisor
Superbisor Aaron Peskin

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

N Pagboto ng mga Hindi Mamamayan sa Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan

Dapat bang pahintulutan ng Lungsod ang non-citizen resident (hindi mamamayang residente) ng San Francisco, na nasa legal na edad ng pagboto, at magulang, tagapatnubay o legal na kinikilalang tagapangalaga ng bata na nakatira sa San Francisco Unified School District, upang bumoto para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Pinatatakbo ng San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) ang mga pampublikong paaralan sa San Francisco para sa mga estudyante mula sa pre-kindergarten hanggang sa grade 12.

Pinangangasiwaan ng Lupon sa Edukasyon ng San Francisco ang Distritong Pampaaralan kasama na ang

- paglalatag ng mga tunguhin at pamantayang pang-edukasyon;
- pag-aapruba sa kurikulum;
- pagtatakda ng budget ng distrito;
- pagkukumpirma sa lahat ng mga kawani; at
- pag-aapruba sa mga pagbili ng mga kagamitan, pangangailangan, serbisyo, upa, renobasyon, konstruksiyon at kontrata ng unyon.

Nagtatalaga ang Lupon ng Edukasyon ng superintindente ng mga paaralan, na may responsibilidad na pamahalaan ang pang-araw-araw na administrasyon ng distrito.

Mayroong pitong miyembro ang Lupon ng Edukasyon na inihahalal ng mga botante ng San Francisco para magsilbi ng mga tig-aapat na taong termino. Isinasagawa ang mga eleksyon para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon tuwing Nobyembre sa mga taon na "even" ang numero.

Kuwalipikado para magparehistro sa pagboto sa eleksyon ng San Francisco ang mga residente ng San Francisco na may edad na 18 taon o mas matanda pa rito, mga mamamayan ng Estados Unidos, at hindi nakakulong o naka-parole dahil sa hatol sa nagawang krimen.

Ang Mungkahi: Isang pag-amyenda ang Proposisyon N sa Charter na magpapahintulot sa non-citizen resident ng San Francisco upang bumoto para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon kung ang residente ay:

- magulang, legal na tagapatnubay o legal na kinikilalang tagapangalaga ng batang nakatira sa Distritong Pampaaralan; at
- nasa edad ng legal na pagboto at hindi nakakulong o naka-parole dahil sa hatol sa nagawang krimen.

Ipatutupad ang Proposisyon N sa mga eleksyon sa Nobyembre 2018, 2020 at 2022 para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon. Mawawalan ng bisa ang panukalang-batas matapos ang eleksyon sa 2022, maliban na lamang kung pagtitibayin ng Lupon ng mga Superbisor ang isang ordinansa na magpapahintulot na magpatuloy ito.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong pahintulutan ng Lungsod ang non-citizen resident ng San Francisco, na nasa legal na edad ng pagboto, at magulang, tagapatnubay o legal na kinikilalang tagapangalaga ng bata na nakatira sa San Francisco Unified School District, upang bumoto para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "N"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon N:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa Charter, magkakaroon ng karagdagang gastos, ayon sa pagtataya ng Departamento ng mga Eleksyon, ng pinakamababa nang halaga na $160,000 kada eleksyon para maglathala at mamahagi ng mga materyales sa pagboto, magsanay ng mga poll worker (manggagawa sa eleksyon), at hiwalay na magparehistro ng mga tao na magiging kuwalipikado upang bumoto sa eleksyon ng Lupon ng Paaralan. Sakaling isagawa ang eleksyon sa pamamagitan lamang ng absentee ballot (balota na ipinadadala sa pamamagitan ng mail), na mangangailangan ng kasunod na ordinansa ng Lupon, posibleng mapababa ang gastusin tungo sa humigit-kumulang

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

$110,000, bukod pa sa anumang gastusin kaugnay ng mga proseso sa pagpaparehistro.

Pahihintulutan ng amyenda ang mga non-citizen na may edad 18 taon o mas matanda pa at may mga anak na nakatira sa San Francisco Unified School District upang bumoto sa mga eleksyon para sa Lupon ng Paaralan. Matatapos ang amyenda sa Disyembre 31, 2022, pero puwedeng mapahaba pa sa pamamagitan ng ordinansa.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "N"

Noong Hulyo 26, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 10 laban sa 1 para ilagay ang Proposisyon N sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Breed, Campos, Cohen, Kim, Mar, Peskin, Tang, Wiener, Yee.

Hindi: Farrell.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon N

Samahan ang **Partidong Demokratiko ng San Francisco** sa PAGTINDIG para sa **Proposisyon N: ang BATAS PARA SA KARAPATANG BUMOTO NG MIGRANTENG MAGULANG!**

Binibigyan ng Proposisyon N ng boses ang lahat ng mga magulang.

- Mahalagang palawakin natin ang pakikisangkot ng mga magulang sa ating mga paaralan. Isang mahalagang elemento ang higit na partisipasyon sa pag-angat ng mga natatamo sa edukasyon, lalo na sa mga paaralang mahina ang pagganap.
- Magkakaroon ng pagkakataon ang lahat ng magulang, mamamayan man sila ng U.S. o ng ibang bansa, na maging mahalagang bahagi sa edukasyon ng kanilang anak sa pamamagitan ng proseso ng pagboto.
- Tinataya na mayroong migranteng magulang ang 1 sa 3 bata sa mga pampublikong paaralan ng SF. Sampu-sampung libong residente ng SF ang magiging kuwalipikado para bumoto sa eleksyon ng Lupon ng mga Paaralan.

Tinutulungan ng Proposisyon N ang ating mga estudyante na maging mas mahusay sa paaralan. Ang mga estudyante ng mga magulang na aktibong nakikisangkot sa mga paaralan ay mas malamang na:

- Makakuha ng mas matataas na grado at magpalista sa mga programang nasa mas matataas na antas
- Regular na pumasok sa paaralan, paghusayin pa ang kanilang mga kakayahan sa pakikisalamuha, pag-uugali at adaptasyon
- Magtapos at magpatuloy sa kolehiyo

May mahabang kasaysayan ang Pagboto ng mga Migrante sa ating bansa.

- Sa unang 150 taon ng kasaysayan ng ating bansa, pinahintulutan ng 40 estado at teritoryo ang mga migrante na bumoto at manungkulan sa mga puwesto.
- Sa loob ng nakaraang tatlong dekada, nakapagpasa na ang mga lungsod at bayan sa Illinois, Maryland, Massachusetts at New York ng mga batas na nagpapahintulot sa mga migrante na bumoto.

Legal ang Pagboto ng mga Migrante.

- Paulit-ulit nang nasabi ng Korte Suprema ng US na hindi kinakailangang maging mamamayan para makaboto.
- Pinoprotektahan ng Konstitusyon ng California ang karapatan ng mga mamamayan na bumoto, pero hindi nito isinasaad na hindi kasama ang mga migrante sa mga puwedeng bumoto.
- Malinaw na binibigyan ng awtorisasyon ng Konstitusyon ng California ang mga lungsod na Charter (nakabatay ang pamamahala sa sariling Charter na dokumento sa halip na mga batas ng estado at bansa) na kagaya ng SF na isaad ang paraan ng pagboto para sa mga miyembro ng lupon ng mga paaralan.

Pakisamahan kami sa pagboto ng OO sa Proposisyon N upang mabigyan ng BOSES ang lahat ng magulang!

Superbisor Eric Mar
Superbisor David Campos
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Jane Kim
Superbisor Scott Wiener

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon N

SA ILALIM NG KAGITLA-GITLANG PAGKAKASAAD NG PROPOSISYON N, POSIBLENG MAY ILEGAL NA DAYUHAN NA MAKAPAGPADALA PA NG ABSENTEE NA BALOTA (PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG MAIL) UPANG BUMOTO PARA SA LUPON NG EDUKASYON NG SAN FRANCISCO HABANG PAPUNTA SA AIRPORT PARA PAALISIN NG BANSA:

Sa buong mundo, lagi nang inilalaan lamang ang pagboto sa mga mamamayan ng isang bansa.

Sa ilalim ng kakaibang Proposisyon N – na lumalabag sa Kodigo ng mga Eleksyon ng California – pahihintulutang bumoto kapwa ang mga dayuhan at mga ilegal na dayuhan na may mga koneksiyon sa batang pumapasok sa pribado at pampublikong paaralan na nasasakop ng San Francisco Unified School District, para sa mga miyembro ng Lupon sa Edukasyon ng San Francisco. Posibleng isa ring ilegal na dayuhan ang bata na nasa lokal na paaralan. Sa ilalim ng Proposisyon N, hindi na mahalaga na posibleng kapwa nasasakop ng mga kautusan sa deportasyon ang bata o ang taong nasa sapat na gulang. Pinapaboran ng Proposisyon N ang mga ilegal na dayuhan. Bumoto ng **"HINDI"** sa Proposisyon N.

BABALA SA MGA BOTANTE:

May *dalawang proposisyon sa balota* ng eleksyong ito na humihingi ng pagtaas ng bilang ng mga tao na puwedeng bumoto sa mga eleksyon ng San Francisco. Sakaling legal na maisabatas, may tendensiya ang dalawang mungkahi na ito na lumikha ng mga bagong botante na malamang na *lubusang pumanig sa paggasta at sa pagtataas ng buwis*: ang Proposisyon F (pagboto ng may edad 16) at ang Proposisyon N (pagboto ng dayuhan at ilegal na dayuhan). Sakaling ipasa ang Proposisyon N, *halos tiyak na ang magastos na mga paghahabla.*

*Dr. Terence Faulkner, J.D.**
Central Committeeman (Miyembro ng Komite Sentral) ng County

*Arlo Smith**
Dating Presidente ng Lupon ng BART

*Patrick C. Fitzgerald**
Dating Kalihim ng San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon N

ISANG MASAMANG MUNGKAHING BATAS – NA PAULIT-ULIT NANG NATATALO SA BOTOHAN – HINIHINGI NG ILEGAL NA PANUKALANG ITO NA PAHINTULUTANG BOMOTO ANG MGA HINDI MAMAMAYAN SA ELEKSYON PARA SA LUPON SA EDUKASYON NG SAN FRANCISCO:

Kagaya ng isang bad penny (isang bagay na hindi kanais-nais), dalawang beses nang natatalo ng dumaraming mayorya ng mga botante ng San Francisco ang ilegal na mungkahi na ito na lumalabag sa Kodigo ng mga Eleksyon sa California – pero paulit-ulit pa ring bumabalik!!!: *Natalo na ito noong 2004 at 2010.*

Hinihiling ng wala sa katuwirang panukala na ito na makaboto ang mga hindi mamamayan at ilegal na dayuhan sa mga eleksyon ng San Francisco para sa Lupon ng Edukasyon. Bumoto ng **"HINDI!"** sa Proposisyon N.

Hangarin ng mungkahi na ito na pahintulutan kahit na ang mga ilegal na dayuhan na papunta na sa airport para paalisin ng bansa na makapaghulog ng kanilang absentee na balota para sa Lupon ng Edukasyon habang papaalis ng Estados Unidos ng Amerika.

Hindi na nga kailangang sabihin pa, na hindi pinahihintulutan ang mga mamamayang Amerikano na nakatira sa ibang bansa na makilahok sa mga eleksyon para sa lupon sa edukasyon o iba pang eleksyon ng mga dayuhang bansa.

Nananatiling bukas na tanong kung sa isang panahon sa hinaharap, posibleng pag-isipan ng pederal na gobyerno ng Estados Unidos na pumasok sa pormal na kasunduan sa Canada, Mexico o iba bang malalapit na alyadong bansa para pahintulutan nila ang mga mamamayang Amerikano na nasa mga bansang iyon, at ang mga legal na dayuhan naman mula sa mga bansang iyon na bumoto para sa lokal na lupon sa edukasyon, konseho ng lungsod, o iba pang eleksyon. Mga pangunahing katanungan ito ukol sa pederal na polisiya sa pakikitungo sa ibang bansa…at siyempre, kailangang mabigyan ang mga mamamayang Amerikano ng pantay na mga karapatan na kagaya ng sa mga dayuhang mamamayan. Huwag iboto ang lihis sa katuwiran na panukalang ito sa balota.

*Dr. Terence Faulkner**
Miyembro ng Komite para sa Pederal na Gawad Pang-ehekutibo ng Presidente ng Estados Unidos (1988)

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon N

Heto ang mga katotohanan ukol sa Prop N:
Legal ang Proposisyon N. Isinaad na ng Korte Suprema ng US na hindi kinakailangang maging mamamayan para makaboto. Pinoprotektahan ng Konstitusyon ng California ang karapatan ng mamamayan na bumoto, pero hindi nito isinasaad na hindi kasama ang mga migrante sa pagboto at nagkakaloob ito sa mga lungsod na charter tulad ng SF ng pamamahala sa kanilang mga munisipal na eleksyon.

Hinihikayat ng Proposisyon N ang sibikong partisipasyon. Pahihintulutang bumoto ang sinumang residente na magulang, legal na tagapatnubay o tagapangalaga ng batang nasa SF sa eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan ng SF.

Hindi na bago ang pagpapahintulot sa mga magulang na hindi mamamayan na bumoto sa mga eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan. Napahintulutan na ito sa iba pang lungsod kagaya ng Chicago, Lungsod ng New York at mga bayan sa Maryland. Bagamat nakikisangkot ang karamihan sa mga magulang sa edukasyon ng kanilang anak sa pamamagitan ng mga pangkat ng mga magulang at Konseho sa Paaralan, isang paraan na bunsod ng sentido komun ang pagpapahintulot sa kanilang lubusang lumahok sa kabuuan ng edukasyon ng kanilang anak, at nang mahikayat ang higit na pakikisangkot ng mga pamilya sa ating mga paarlaan.

Mapahihigit pa ng Proposisyon N ang pakikisangkot ng mga magulang at ang tagumpay ng mga mag-aaral. Nagiging mas mahusay ang pagganap ng mga bata sa paaralan kapag nakikisangkot ang mga magulang sa kanilang edukasyon, at humahantong ito sa pagkakaroon ng higit na matagumpay na mga paaralan.

Paghuhusayin pa ng Proposisyon N ang ating lokal na demokrasya. Makatarungan at mabuti para sa SF ang pagpapahintulot sa lahat na lumahok sa mga eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan. Kung makalalahok ang lahat ng may nakatayang interes sa paggawa ng mga desisyon na naka-aapekto sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay, higit na naipatutupad ang demokrasya, at nakikinabang ang *lahat*.

Miyembro ng Asembleya David Chiu
Senador Mark Leno
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Superbisor Eric Mar
Superbisor David Campos
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Jane Kim
Superbisor Scott Wiener
San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

O Pagsasaayos sa Opisina na nasa Candlestick Point at Hunters Point

Dapat bang permanente nang hindi isama ng Lungsod ang bagong espasyo para sa opisina na nasa Candlestick Point at ang malaking bahagi ng dating Navy shipyard na nasa Hunters Point sa taunang limitasyon na 950,000-square-foot ng Lungsod, at itakda na hindi ibibilang ang anumang bagong espasyo para sa opisina sa lugar ng proyektong ito, sa taunang limitasyon na ipinatutupad sa iba pang bahagi ng Lungsod?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Noong 2008, inaprubahan ng mga botante ng San Francisco ang Proposisyon G para hikayatin ang napapanahong development (pagtatayo o pagsasaayos) ng mixed-use project area (lugar para sa proyekto na marami ang mapaggagamitan) sa Candlestick Point at malaking bahagi ng dating Navy shipyard sa Hunters Point. Inaprubahan ng Lungsod ang mga bagong plano para sa redevelopment ng lugar para sa proyektong ito, kasama na ang:

- humigit-kumulang 330 acres ng mga pampublikong parke at bukas na espasyo,
- hanggang sa 10,500 tahanan,
- hanggang sa 885,000 square feet para sa paggamit ng mga tindahan at libangan, at
- hanggang sa 5.15 milyon na square feet ng espasyong pang-opisina.

Noong 1986, itinakda ng mga botante ng San Francisco, sa pamamagitan ng Proposisyon M (tingnan ang "Mga Salitang Kailangan Ninyong Malaman"), ang taunang limitasyon na 950,000 square feet para sa konstruksiyon ng mga bagong espasyo para sa mga opisina sa Lungsod.

Bago makapagtayo ang developer ng indibidwal na gusaling pang-opisina sa Candlestick Point at Hunters Point project area (lugar ng proyekto), kailangan munang matukoy ng Lungsod na mas mababa sa taunang limitasyon ng Lungsod ang hinihiling na laki ng espasyong pang-opisina. Itinatakda ng mga plano para sa redevelopment na magbigay ng mas mataas na prayoridad ang Lungsod sa pagtatayo ng 800,000 square feet ng espasyong pang-opisina sa project area kaysa sa karamihan sa iba pang lugar sa Lungsod.

Ang Mungkahi: Aamyendahan ng panukalang ito ang Planning Code (Kodigo sa Pagpaplano) upang hindi na maisali ang bagong espasyo para sa mga opisina sa Candlestick Point at Hunters Point project area sa taunang limitasyon na 950,000-square-foot ng Lungsod. Aamyendahan din ng panukalang ito ang Planning Code para permanente nang huwag maibilang ang anumang bagong espasyo para sa mga opisina na nasa project area sa taunang limitasyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong permanente nang hindi isama ang mga bagong espasyo para sa opisina na nasa Candlestick Point at sa malaking bahagi ng dating Navy shipyard na nasa Hunters Point sa taunang limitasyon na 950,000-square-foot ng Lungsod. Hindi ibibilang ang anumang bagong espasyo para sa mga opisina sa project area na ito sa taunang limitasyon na ipinatutupad sa iba pang bahagi ng Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "O"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon O:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang ordinansa, malamang na humantong ito sa pagpapabilis ng bagong konstruksiyon ng mga opisina sa Lungsod na hindi sana mapahihintulutan nang ilang taon. Kung gayon, malamang na magreresulta ang ordinansa ng panahon ng mas matataas na kita sa buwis, na mababawasan naman ang ilang bahagi ng mas mataas na kinakailangang gastos para mapaglingkuran ang mas mataas na bilang ng mga manggagawa sa Lungsod. Nakabatay ang aktuwal na mga kita at gastusin ng Lungsod sa malawak na hanay ng mga salik sa hinaharap, kasama na ang pangkalahatang bilis ng konstruksiyon ng opisina sa Lungsod, ang mga espesipikong proyekto na maaaring magawa nang mas mabilis dahil sa panukalang-batas, at mga espesipikong kita at gastusin dahil sa mga proyektong ito.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Babaguhin ng panukalang ordinansa ang mga seksiyon ng San Francisco Planning Code na ipinatutupad dati ng Proposisyon M, na ipinasa ng mga botante noong 1986, upang hindi maisama ang development ng mga opisina sa mga espesipikong ari-arian na nasa Candlestick Point at Hunters Point Shipyard (CP/HPS) redevelopment area mula sa mga itinatakdang limitasyon sa square footage at administratibong pag-apruba sa ilalim ng Proposisyon M. Bukod rito, hindi isasama ang anumang development ng mga opisina sa taunang limitasyon para sa kabuuan ng lungsod.

Bagamat hindi kailanman naabot ang taunang limitasyon na itinakda sa Proposisyon M, inaasahan ng Planning Department na maaabot ang limitasyong ito sa susunod na taon dahil sa hindi pangkaraniwang mataas na pangangailangan sa mga espasyo para sa mga opisina. Dahil dito, pahihintulutan ng panukalang ordinansa ang development ng karagdagang mga espasyo para sa mga opisina sa anumang taon na maabot ang taunang limitasyon. Sa pangkalahatan, humahantong ang development ng lupa na ginagamit para sa mga opisina sa mas mataas na halaga para sa tinatasang ari-arian, at dahil dito, mas mataas na kita sa buwis sa ari-arian para sa lungsod. May nakukuha ring iba pang kita sa buwis mula sa paggamit ng mga ari-ariang pang-opisina. Malamang na mababawasan ang mga kita na magmumula sa mga proyektong ito ng mas mataas na gastusin sa transportasyon at iba pang kinakailangang gastusin para mapaglingkuran ang mas mataas na bilang ng mga manggagawa sa Lungsod.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "O"

Noong Hulyo 18, 2016, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na mayroon nang sapat na bilang ng kinikilalang lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon O sa balota upang maging kuwalipikado ang panukala para sa balota.

Kinailangan ng 9,485 lagda para makapaglagay ng inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ng bilang na ito ang 5% ng kabuuang bilang ng tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinakita ng ala-suwerteng pag-aaral sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibong petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite noong Hulyo 11, 2016, na mas mataas ang kabuuang bilang ng kinikilalang mga lagda kaysa sa kinakailangang mga lagda.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon O

Ang Prop O ang susunod na hakbang para maghatid ng mga abot-kaya na pabahay, trabaho at parke sa dating base ng navy na economic engine (nagpapatakbo ng ekonomiya) noon para sa mga komunidad ng Bayview, Hunters Point at Candlestick Point.

Iyan ang dahilan kung bakit ipinanukala naming tatlo na matatagal nang lider sa Bayview ang Proposisyon O.

Nakagawa na tayo ng pag-unlad sa Hunters Point – sa pamamagitan ng pagtatayo ng daan-daang abot-kaya na pabahay, pagtutuon ng milyon-milyon para sa pagpopondo ng pagsasanay sa trabaho at paglikha ng mahahalagang bagong trabaho kung saan 23% na ang nakuha ng mga residente ng Bayview Hunters Point.

Pero marami pang natitirang mga gawain.

Kailangang pabilisin pa ng San Francisco ang konstruksiyon ng mga bago at abot-kayang tahanan. Kailangang pasimulan ng Prop O ang konstruksiyon ng 10,500 bagong tahanan, kung saan 32% ang abot-kaya para sa mga residenteng mababa at panggitna ang kita.

Lubusang inaprubahan ang mga tahanang ito ng mga botante ng San Francisco 8 taon na ang nakaraan. Tinitiyak ng Prop O na makukuha natin ang pabahay ngayon, hindi ilang dekada pa mula ngayon.

At mas mabilis na isusunod agad ng Prop O ang 17,000 bago at permanenteng trabaho, na may matibay na pananagutang mag-empleyo ng mga lokal, at naaprubahan na ng mga botante noong 2008.

Mabuting limitahan ang bagong espasyo na pang-opisina sa maraming bahagi ng Lungsod. Gayon pa man, ang luma at abandonadong Hunters Point Shipyard at ang mga nakapalibot na lugar ang mga lugar mismo kung saan natin gustong magkaroon ng pagdami ng mga bagong espasyong pang-opisina para sa mga non-profit, espasyo para sa mga alagad ng sining, maka-kalikasang kompanya ng teknolohiya, at iba pang paggamit na lilikha ng mga bagong trabaho at oportunidad para sa ating mga residente.

Iyan ang dahilan kung bakit sumasang-ayon ang mga taga-San Francisco na malawak at magkaka-iba ang pinagmulan at kumakatawan sa bawat sulok ng ating lungsod, kasama na ang mga inihalal na lider, lider ng komunidad, pangkat ng mga negosyante, at mga organisasyon para sa pabahay at adbokasiya, at marami pang iba – OO sa Proposisyon O!

Mangyaring samahan kami sa www.JobsHousingParksNow.com

*Dating Superbisor Sophie Maxwell**
Dr. Veronica Hunnicutt
*Miyembro ng Lupon ng mga Paaralan Shamann Walton**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon O

Mali lang talaga ang pagkakasaad ng argumento ng may-panukala sa mga katotohanan: lilikha ang ipinapanukala ng Lennar na 5 milyon square feet ng bagong opisina- na katumbas ng 10 gusali ng Transamerica- ayon sa mga pag-aaral ng Lungsod, ng pangangailangan para sa 2,600 na mga bago at abot-kayang mga tahanan sa San Francisco.

Magkakaloob lamang sila ng 809 na gayong mga tahanan, na may 1,650 unit ng muling itinayo na nariyan nang pampublikong pabahay at 900 unit sa mga presyong mas mataas sa antas na abot-kaya. Iyan ang "abot-kayang 32%" na isinasaad ng mga nagpapanukala.

Pepresyuhan ang natitirang pabahay sa mga presyong pang-luxury na hindi makakayanang bayaran ng sinuman, maliban na lamang sa 1% ng mga taga-San Francisco.

Wala kahit isang bagong tahanan, wala kahit isang bagong parke, wala kahit isang bagong trabaho na iniaalok para sa pagdodoble ng espasyong pang-opisina mula sa kasunduang ginawa ng Lennar sa mga botante noong 2008.

Isang masamang kasunduan ang O para sa mga taga-San Francisco, at pinupuwersa nito ang libo-libo sa atin na makipagkumpetensiya para sa abot-kayang pabahay na wala naman talaga, kung kaya't nagbubunsod ng sapilitang pag-alis na nakapagpapabago naman sa ating mga komunidad at ginagawang mas hindi na maganda ang pamumuhay sa Lungsod para sa ating lahat.

Iyan ang dahilan kung bakit tinututulan ang O ng bawat pangunahing organisasyon ng mga nangungupahan at koalisyon ng mga komunidad.

The San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan ng San Francisco)
The Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon ng mga Komunidad ng San Francisco)
The Alliance of Californians for Community Empowerment (Alyansa ng mga taga-California para sa Pagbibigay ng Kapangyarihan sa Komunidad)
SF Neighborhood Network (Network ng mga Komunidad ng SF)

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon O

Argumento ng Katunggali ukol sa Proposisyon O

Dodoblehin ng Proposisyon O tungo sa 5 milyon square feet ang mga opisinang nasa matatayog na gusali na pinahihintulutan sa Lennar development at nasa Shipyard at Candlestick Point nang walang karagdagan na pampublikong benepisyo sa mga kapitbahay nito o sa Lungsod; wala kahit isang acre ng mga parke, wala kahit isang bago at abot-kayang tahanan, walang kahit isang bagong trabaho na tinitiyak para sa mga residente ng Bayview o ng Lungsod, at wala kahit isang bagong daanan para sa bus o bisikleta. Sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong manggagawa nang walang karagdagang pagtitiyak ng pabahay o transportasyon para sa kanila, pagagastusin ng Proposisyon O ang mga residente para sa transportasyon at magdudulot ng mas maraming pagpapaalis sa mga kalapit na komunidad.

Noong 2008, nangako ang Lennar sa mga botante ng San Francisco sa pamamagitan ng Proposisyon G na kapag inaprubahan natin ang proyekto na may 2 m/s/f ng mga opisina, magkakaroon ng kumpletong "pampublikong pagrerepaso sa development" at "gagawing higit na kaunti ang anumang masamang epekto sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod". Iminumungkahi ngayon ng Lennar na huwag nang isama ang lahat ng pang-opisinang espasyo sa pagpapatupad ng Kodigo sa Pagpaplano, kung kaya't hindi magkakaroon ng pagdinig ang Komisyon sa Pagpaplano ukol sa mga bagong pang-opisina na gusali o anumang pagkabawas sa mga epekto nito sa pabahay at transportasyon sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod.

Buong-buo na pinawawalang-saysay ng O ang mga pangakong binitawan ng Lenner sa atin noong 2008 at ang developer lamang ang makikinabang dito, hindi ang mga kapitbahay nito o ang iba pang bahagi ng Lungsod.

Bumoto ng Hindi sa O

*Douglas Engmann, Dating Komisyoner sa Pagpaplano**
*Sue Hestor, abugado para sa kapaligiran**
*Calvin Welch, tagapagtaguyod ng abot-kayang pabahay**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon O

Bilang mga matagal nang lider ng Bayview na naging aktibo sa pagbuo ng ating nakabatay sa komunidad na plano na muling pasiglahin ang abandonadong Hunters Point Shipyard, hinihikayat namin ang mga botante na bumoto ng OO sa O.

Deka-dekada nang ginagawa ang planong ito. Nilikha ito at inaprubahan ng komunidad, at naaprubahan na rin ng Lupon ng mga Superbisor, ng Komisyon sa Pagpaplano at—pinakamahalaga—ng mga botante ng San Francisco.

Maghahatid ang planong ito ng konstruksiyon ng 10,500 bagong tahanan kung saan 32% ang abot-kaya para sa mga residenteng mababa o panggitna ang kita. Maghahatid ito ng libo-libong trabaho sa konstruksiyon at hanggang sa 17,000 permanenteng trabaho na may matibay na pananagutan sa lokal na pag-eempleyo. At maghahatid ito ng mahahalagang benepisyo sa komunidad, kasama na ang pagsasanay sa trabaho para sa mga residente ng Bayview at ng San Francisco.

Ang Proposisyon O ang susunod na hakbang para maging realidad ang plano.

Mahalagang malaman na hindi palalakihin ng Prop O ang sukat ng espasyong pang-opisina sa project area (lugar ng proyekto) na Hunters Point at Candlestick Point nang kahit isang talampakan.

Inaprubahan na ng Lupon ng mga Superbisor, Komisyon sa Pagpaplano, at Komisyon sa Redevelopment—sa gabay ng mga botante ng San Francisco nang maipasa ang Proposisyon G noong 1998—ang 5.15 million square feet ng espasyong pang-opisina.

Iisang bagay lamang ang ginagawa ng Prop O—pinabibilis nito ang pag-apruba sa konstruksiyon ng espasyong pang-opisina sa lugar na ito upang mas mabilis nating maisakatuparan ang abot-kayang pabahay, mga trabaho at mahahalagang benepisyo na pangkomunidad.

Mangyaring samahan kami at bumoto ng Oo sa O.

*Dating Superbisor Sophie Maxwell**
*Dr. Veronica Hunnicutt, Tagapangulo, CAC Hunters Point Shipyard**
*Shamann Walton, Bise-Presidente, Lupon ng Edukasyon ng San Francisco**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

P Kumpetisyon sa Bidding para sa mga Proyektong Abot-kayang Pabahay na nasa Lupang Pag-aari ng Lungsod

Dapat bang ipagbawal sa Lungsod ang pagpapatuloy ng proyekto para sa abot-kayang pabahay na nasa lupang pag-aari ng Lungsod maliban na lamang kung makatatanggap ang Office of Housing and Community Development (Opisina para sa Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad) ng Mayor nang hindi bababa sa tatlong mungkahing proyekto; at dapat bang isama ng Lungsod sa mga batas ng Lungsod ang pinakabagong mga pamantayan sa pagpili ng developer para sa mga proyekto ng abot-kayang pabahay sa lupang pag-aari ng Lungsod?

OO ⬅
HINDI ⬅

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Mayroong iba't ibang programa ang Lungsod na nagkakaloob ng financing (pautang) sa mga developer para makapagtayo sila ng bagong abot-kaya na pabahay, at ayusin ang nariyan nang mga abot-kayang pabahay (mga proyektong pabahay na abot-kaya). Ang Office of Housing and Community Development ng Mayor ang nangangasiwa sa karamihan sa mga programang ito.

Kung mayroong magagamit na pondo ang Housing Office para sa isang proyektong pabahay na abot-kaya, nagpapaskil ito ng deskripsiyon ng mungkahing proyekto sa website nito, at nag-iimbita sa mga developer na magsumite ng mga mungkahing proyekto. Sa kasalukuyang gawi, inilalarawan ng nakapaskil ang mga pamantayang ginagamit para pumili ng mungkahing proyekto, at nagtatakda ng huling araw para sa pagsusumite. Sa pangkalahatan, kasama sa mga pamantayan ang:

- inaasahang gastusin ng Lungsod;
- kung gaano karami na ang karanasan ng developer sa mga katulad na proyekto;
- kung ano ang pinansiyal na kakayahan para sa pagpapatupad ng mungkahing proyekto ng developer;
- ang kalidad ng disenyo ng developer at kakayahan nitong makilahok sa proseso ng pagdidisenyo nang kasama ang komunidad; at
- kung gaano kalubos ang pagtugon ng mungkahing proyekto sa mga pangangailangan ng komunidad.

Pagkatapos, maaari nang pumili ang Housing Office ng kuwalipikadong developer para maituloy nito ang proyekto sa abot-kayang pabahay kahit na mas mababa sa tatlong mungkahing proyekto pa lamang ang natatanggap.

Ang Mungkahi: Sa ilalim ng Proposisyon P, maaari lamang ituloy ng Lungsod ang proyekto sa abot-kayang pabahay kapag nakatanggap na ang Housing Office nang hindi bababa sa tatlong mungkahing proyekto. Gagawin rin ng Proposisyon P na bahagi ng batas ng Lungsod ang pinakabagong pamantayan sa pagpili.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong ipagbawal sa Lungsod na ituloy ang isang proyekto sa abot-kayang pabahay na nasa lupa na pag-aari ng Lungsod, maliban na lamang kung nakatanggap na ang Housing Office nang hindi bababa sa tatlong mungkahing proyekto. Gusto rin ninyong gawing bahagi ng batas ng Lungsod ang pinakabagong pamantayan sa pagpili.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "P"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon P:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang ordinansa, magkakaroon ito ng maliit hanggang malaking epekto sa gastusin ng gobyerno, at nakabatay ito kung gaano karaming pag-anyaya sa bidding ang kinakailangan, o bilang ng pagkakataon na naantala ang proyekto, at kung talagang nagbunga ito ng mas mababang bid para sa pagpapatupad ng mga proyekto sa abot-kayang pabahay sa lupa na pag-aari ng Lungsod.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Itinatakda ng panukalang ordinansa na tumanggap ang Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD) nang hindi bababa sa tatlong bid o mungkahing proyekto, at tanggapin ang mungkahi na may "best value o pinakamainam batay sa pagtitimbang ng presyo at kalidad" (na tutukuyin ayon sa pasya ng MOHCD), para sa anumang proyekto sa abot-kayang pabahay na nasa lupa na pag-aari ng Lungsod, at gagamit ng pera mula sa iba't ibang pondo ng Lungsod para sa abot-kayang pabahay. Tinataya ng MOHCD na 40 porsiyento sa mga proyekto ang hindi nakakukuha ng tatlong bid, na kadalasang mga proyektong dinisenyo para tugunan ang mga pangangailangan ng mga espesipikong populasyon (halimbawa, mga kabataang nasa transisyonal na edad). Itatakda ng panukalang ordinansa sa MOHCD na patuloy na mag-anyaya ng mga bid para sa proyekto, o i-urong ang solisitasyon at muling magsumite, hanggang sa hindi bababa sa tatlong bid ang maisumite.

Posibleng magbunga ng karagdagang gastusin na administratibo hangga't kailangang makapaghanda ang MOHCD ng mahigit sa isang solisitasyon, at posible namang palakihin ang pangkalahatang gastusin ng proyekto ng pagkaantala ng proyekto dahil sa mas mahahabang panahon ng solisitasyon. Dahil magreresulta sa mas mababababang bid para sa mga proyekto sa abot-kayang pabahay hangga't itatakda sa MOHCD na kailangan nitong tumanggap ng hindi bababa sa tatlong bid, mas bababa rin ang mga gastusin ng Lungsod.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "P"

Noong Hulyo 20, 2016, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na mayroon nang sapat na bilang ng kinikilalang lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon P sa balota upang maging kuwalipikado ang panukala para sa balota.

Kinailangan ng 9,485 lagda para makapaglagay ng inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ng bilang na ito ang 5% ng kabuuang bilang ng tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinakita ng ala-suwerteng pag-aaral sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite noong Hulyo 11, 2016, na mas mataas ang kabuuang bilang ng kinikilalang mga lagda kaysa sa kinakailangang mga lagda.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon P

OO sa PROPOSISYON P - May Kompetisyong Bidding para sa Abot-Kayang Pabahay

Madalas na lumalampas pa ang gastusin sa pagtatayo ng unit ng abot-kayang pabahay sa San Francisco kaysa sa gastusin sa pagtatayo ng luxury condo. Bakit? Dahil dumaraan ang mga bagong itinatayong gusali na nakabatay sa presyo ng merkado sa proseso ng may kompetisyong bidding sa bawat hakbang ng konstruksiyon, kung kaya't napananatiling mababa ang mga gastusin. Kaiba rito, itinatayo ang abot-kayang pabahay nang wala ang mahalagang pangangailangan na ito – at dahil dito, bumubulusok ang mga gastusin.

Nagtatakda ang Proposisyon P ng may kompetisyong proseso ng bidding para sa lahat ng mga proyekto sa abot-kayang pabahay na nasa lupang pag-aari ng Lungsod. Titiyakin ng bagong itinatakda na pangangailangang ito na makakukuha tayo ng konstruksiyong may pinakamabuting kalidad para sa pinakamabuting presyo.

Sa kalakaran sa ngayon, nag-iimbita ang gobyerno ng mga developer na magsumite ng mga naglalabang mungkahi para sa mga proyekto sa abot-kayang pabahay. Gayon pa man, iisang bid lamang ang nakukuha ng karamihan sa mga proyekto, at dahil dito, ibinibigay ang mga kontrata sa maliit na pangkat ng mga developer na alam ang mga pasikot-sikot ng sistema.

Gagawing mas makatarungan ng Proposisyon P ang proseso sa pamamagitan ng pagtatakda sa Office of Housing (Opisina para sa Pabahay) ng Mayor ng hindi bababa sa tatlong naglalabang bid bago ibigay ang proyekto.

Itatakda rin ng Proposisyon P sa mga developer na pagtuunan ang mga bagay-bagay na makapagpapahusay sa proyekto: pangkomunidad na proseso ng pagdidisenyo, pagbibigay ng prayoridad sa pagiging sustainable (may kakayahang makapagpatuloy nang kakaunti ang pangmatagalang epekto sa kapaligiran) at matibay, at pagsasama ng mga serbiysong nakatuon sa komunidad – lahat ng ito habang pinananatiling mababa ang mga gastusin hangga't maaari.

Sa pamamagitan ng pagpapababa sa mga gastusin ng pagtatayo ng abot-kayang pabahay, mas maraming residente ang mapaglilingkuran ng Lungsod – at makatutulong ito sa maraming pamilya na makahanap ng matitirhang abot-kaya.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon P: titiyakin ng may kompetisyong bidding ang makatarungang proseso upang makapagtayo ang San Francisco ng mas maraming pabahay na mataas ang kalidad, matipid sa gastusin at abot-kaya ang halaga, nang hindi nagtataas ng mga buwis.

Superbisor Mark Farrell
Superbisor Katy Tang

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon P

Huwag magpaloko. Hindi tungkol sa may kompetisyong bidding ang Prop P -- mayroon na tayo niyan. Tungkol ito sa pagharang sa konstruksiyon ng abot-kayang pabahay na tinututulan ng tagapagtaguyod ng Prop P, ang San Francisco Realtors Association (Asosasyon ng mga Realtor ng San Francisco).

Ipinahahayag ng mga Realtor (nagbebenta ng mga ari-arian) na mas malaki ang mga gastusin sa mga abot-kayang pabahay kaysa sa mga luxury condo. Katawa-tawa iyan at paulit-ulit nang napabulaanan ng mga independiyenteng pag-aaral.

Hindi isang biro ang Prop P, dahil posibleng gawin nito na lalo pang hindi maging abot-kaya ang San Francisco kaysa sa ngayon.

Mga katotohanan tungkol sa Prop P:

- **Hinahadlangan ang abot-kayang pabahay.** Isinaad ng Opisina para sa Pabahay ng Mayor na, kung naging batas na ang Prop P, mahigit sa 3,000 unit ng abot-kayang pabahay sa San Francisco na ang nahadlangan.
- **Ipinagpapaliban ang abot-kayang pabahay.** Sinabi ng obhektibong pagsusuri ng isang ahensiya sa lungsod ng San Francisco na ang "pagpapaliban o pagkawala ng kailangang-kailangan na abot-kayang pabahay" ang siyang magiging epekto ng Prop P.
- **Naghihikayat ng pabahay na mababa ang kalidad at siksikan.** Sa pamamagitan ng pagpupuwersa sa lungsod na pumili ng mga developer ng pabahay sa pamamagitan ng pinakamababang gastusin, naghihikayat tayo ng paglikha ng mga mababa ang kalidad at yari sa sementong matataas na gusali — ang uri ng pabahay na pinagkakagastusan na ngayon ng mga nagbabayad ng buwis ng bilyon-bilyon para gibain at palitan!

Ang Prop P ay proposisyong patong-patong ang pagkatalo — masama para sa pabahay, masama para sa mga komunidad, at masama para sa mga taga-San Francisco na nasa mababa at panggitnang uri at kailangang-kailangan ang may kalidad na abot-kayang pabahay. Bumoto ng HINDI sa P!

Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)
San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
SF Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa SF)
Senior and Disability Action (Aksiyon para sa Matatanda at May Kapansanan)
San Francisco Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pabahay sa Komunidad ng San Francisco)
Jobs with Justice (Mga Trabahong may Katarungan)
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
Senador ng Estado Mark Leno
Superbisor Aaron Peskin

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon P

Hindi lumilikha ang panukalang ito ng kahit isa man lamang unit ng karagdagang abot-kayang pabahay sa lungsod.

Sa halip, ayon sa obhektibong pagsusuri ng Opisina para sa Pabahay ng Mayor, posibleng "*maipagpaliban o mawala ang kailangang-kailangan na abot-kayang pabahay*" nang dahil sa panukalang ito.

Isang tinukoy na halimbawa ang proyektong lumikha ng 3,400 unit ng abot-kayang pabahay, na kung naging batas na ang panukalang ito, naantala na sana nang walang katiyakan, o lubusan nang nawala.

At sa ilalim ng Prop P, mas malamang na konstruksiyong mababa ang kalidad at sementong kahon ang *posibleng* maitayo, na hahantong sa masasama na kondisyon ng pamumuhay, laganap na kahirapan at krimen.

Ayon sa ulat ng Opisina para sa Pabahay ng Mayor, posibleng humantong ang Proposisyon P sa mga batayan at hugis-parihaba na gusali na yari sa semento, tulad ng "mga lugar para sa mas matatandang pampublikong pabahay na nakakalat sa Lungsod at ginigiba na o nakatakdang gibain at palitan dahil sa hindi mahusay na disenyo at konstruksiyong mababa ang kalidad."

Huwag magpaloko. Heto ang mga katotohanan tungkol sa Proposisyon P:

- Hindi ito lumilikha ng bagong abot-kayang pabahay
- Posibleng hadlangan nito ang libo-libo na bagong mga unit ng abot-kayang pabahay
- Posibleng humantong ito sa konstruksiyon ng proyekto sa pampublikong pabahay na mababa ang kalidad, kagaya ng mga kasalukuyang kinukumpuni o muling itinatayo at ginagastusan ng mga nagbabayad ng buwis
- Hindi isinasaalang-alang ang mga kahilingan ng komunidad na kailangang maging mataas ang kalidad, naaangkop sa komunidad, at nakapipigil sa krimen ang mga abot-kayang pabahay
- Inaantala o pinipigilan ang mga pabahay para sa mga espesyal na pangangailangan, kasama na ang pabahay na nakatuon sa paglilingkod sa mga residenteng matagal na walang tahanan noon

Hihilahin lamang nang paurong ang pabahay sa San Francisco ng wala sa katuwiran at hindi mahusay ang pagkakasulat na panukalang ito.

Pakisamahan kami at bumoto ng HINDI sa P.

Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)
San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
SF Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa SF)
Senior and Disability Action (Aksiyon para sa Matatanda at May Kapansanan)
Harvey Milk LGBT Democratic Club (Samahang Demokratiko na Harvey Milk LGBT)
San Francisco Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pabahay sa Komunidad ng San Francisco)
Senador ng Estado Mark Leno
Dating Abugado ng Lungsod Louise Renne
Dating Superbisor Bevan Dufty

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon P

Sa ilalim ng Proposisyon P, na nangangailangan ng may kompetisyon na bidding, makapagtatayo ang Lungsod ng *mas maraming* unit ng abot-kayang pabahay, sa *parehong presyo*. Simple lamang ang konsepto: kung maghahangad ang Lungsod ng pinakamagandang halaga para sa bawat abot-kayang pabahay na itinatayo natin, puwede nating mapalawak pa ang gamit ng ating mga dolyar at makapagtatayo ng mas maraming unit mula sa mga magagamit na pondo.

Hindi gumagana ang kalakaran. Kung walang may kompetisyong bidding, mas madalas na mas mahal para sa Lungsod na magtayo ng abot-kayang unit kaysa sa pagtatayo ng luxury unit ng pribadong partido.

Mapangangasiwaan ng Prop P ang mga gastusing ito. Titiyakin din nito na magiging primera-klase ang pabahay na itatayo natin. Kailangang mapatunayan ng mga bidder ang pagiging sustainable at matibay ng mga disenyo at maipakita ang pananagutan sa pakikipagtrabaho sa komunidad habang nasa proseso ng pagdidisenyo. Makapaghihikayat ito ng disenyo at konstruksiyong mataas ang kalidad.

Ang mga lobbyist na tumututol sa Prop P ang mga tao rin na tumutubo ng milyon-milyong dolyar mula sa kasalukuyang sistema. Ginagamit nila ang sistema para sa kanilang pakinabang, at nagbubunga ito ng pinsala sa mga nagbabayad ng buwis at residenteng mababa ang kita ng San Francisco.

Sa mga pagkakataong gumagamit ang gobyerno ng lungsod ng may kompetisyong bidding, nakatutulong ito sa paghahatid ng mga serbisyo nang mahusay at epektibo, alinsunod sa takdang panahon, at alinsunod sa budget. Hindi dapat maging eksepsiyon ang abot-kayang pabahay. **Gagawing higit na mahusay ng Prop P ang mahirap na proseso, at magtatakda ito ng makatarungang proseso upang makapagtayo ng pabahay na matipid sa gastusin at mataas ang kalidad — nang hindi nagtataas ng mga buwis.**

Superbisor Mark Farrell
Superbisor Katy Tang
Superbisor Malia Cohen
Tagapangulo ng BOE Fiona Ma
Angela Alioto, Dating Presidente, Lupon ng mga Superbisor
San Franciscans for a City that Works (Mga Taga-San Francisco para sa Isang Lungsod na Gumagana)
Laura Clark, Presidente, Grow San Francisco
Josephine Zhao, Kasamang Tagapagtatag, BetterHousingPolicies.org

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Q Pagbabawal sa mga Tent sa mga Pampublikong Bangketa

Dapat bang ipagbawal ng Lungsod ang paglalagay ng mga tent sa mga pampublikong bangketa na walang permit mula sa Lungsod at pahintulutan ang Lungsod na tanggalin ang mga tent na walang awtorisasyon kung magbibigay ang Lungsod ng abiso 24 oras bago ang pagtatanggal, mag-aalok ng matutuluyan sa lahat ng mga residente ng tent, at iiimbak ang mga personal na pag-aari ng mga residente nang hanggang sa 90 araw?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Ipinagbabawal ng mga batas ng Lungsod ang intensiyonal na panghaharang sa mga pampublikong bangketa. Ipinagbabawal din ng mga batas ng Lungsod ang pag-upo o paghiga sa mga pampublikong bangketa mula 7:00 a.m. hanggang 11:00 p.m. Binibigyan ng awtorisasyon ng mga batas ng Lungsod ang Department of Public Health (Departamento ng Pampublikong Kalusugan) na tanggalin ang mga nakagugulo sa publiko, kasama na ang mga istrukturang nakasasama sa kalusugan.

Hindi espesipikong ipinagbabawal ng mga batas ng Lungsod ang paglalagay ng mga tent sa mga pampublikong bangketa.

Ang Mungkahi: Ipagbabawal ng Proposisyon Q ang paglalagay ng mga tent sa mga pampublikong bangketa nang walang permit mula sa Lungsod.

Hindi pahihintulutan ang Lungsod na tanggalin o ipag-utos ang pagtatanggal ng hindi awtorisadong tent maliban na lamang kung mayroong matutuluyang shelter para sa lahat ng mga residente ng tent. Sa ilalim ng Proposisyon Q, kasama sa mga matutuluyan ang mga shelter na pinatatakbo ng Lungsod, mga Navigation Center at iba pang pabahay na pinatatakbo ng Lungsod.

Bago tanggalin o utusan ang isang tao na tanggalin ang hindi awtorisadong tent sa pampublikong bangketa, itatakda sa Lungsod na:

- mag-alok ng matutuluyan sa lahat ng mga residente ng tent;
- mag-alok na bayaran ang gastusin sa pagbibiyahe ng mga residente ng tent para makatira sa mga kaibigan o pamilya na nasa labas ng San Francisco; at
- magkaloob ng nakasulat na abiso na tatanggalin ng Lungsod ang tent sa loob ng 24 oras. Kailangang ipagkaloob ng Lungsod ang abisong ito sa lahat ng residente ng tent at ipaskil ang abiso malapit sa tent.

Kapag hindi tinanggap ng mga residente ang alok ng Lungsod ng pabahay o matutuluyan, o hindi tinanggal ang hindi awtorisadong tent sa loob ng 24 oras ng abiso, puwedeng tanggalin ng Lungsod ang tent. Pagkatapos matanggal ang tent, itatakda sa Lungsod na magpaskil ng nakasulat na abiso malapit sa lugar na kinalagyan ng tent. Kailangang may deskripsiyon ng lahat ng tinanggal na personal na pag-aari ang abiso, at magsasaad:

- kung kailan at bakit tinanggal ang tent;
- kung saan inimbak ng Lungsod ang mga personal na pag-aari;
- na hindi maniningil ang Lungsod para sa pag-iimbak o pagbawi sa mga personal na pag-aari; at
- na itatapon ng Lungsod ang mga personal na pag-aari matapos ang 90 araw kapag hindi binawi ang mga ito.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong ipagbawal ang paglalagay ng mga tent sa mga pampublikong bangketa nang walang permit mula sa Lungsod at pahintulutan ang Lungsod na tanggalin ang mga tent na walang awtorisasyon kung magbibigay ang Lungsod ng abiso 24 oras bago ang pagtatanggal, mag-aalok ng matutuluyan sa lahat ng mga residente ng tent, at iiimbak ang mga personal na pag-aari ng mga residente nang hanggang sa 90 araw.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "Q"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon Q:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang ordinansa, magkakaroon ng maliit hanggang malaking epekto sa gastusin ng gobyerno, at nakabatay ito sa mga gagamiting paraan sa pagpapatupad ng mga itinatakdang polisiya sa ordinansa.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Ipagbabawal ng panukalang ordinansa ang pagkakampo sa mga tent, o anumang istruktura na may takip o bubong at kasya ang taong naka-upo o nakahiga, sa mga pampublikong bangketa. Mayroong humigit-kumulang na 3,500 homeless na hindi pa nakapapasok sa shelter sa San Francisco, bagamat hindi pa nalalaman ang bilang ng mga indibidwal na posibleng maapektuhan ng panukalang ordinansa.

Itatakda sa Lungsod na mag-alok ng pabahay o matutuluyan, bagamat hindi tinutukoy ng panukalang ordinansa ang bilang ng mga araw ng paninirahan na dapat ialok. Itatakda rin sa Lungsod na mag-alok ng mga serbisyo para sa homeless, na binibigyan ng depinisyon bilang programa (Homeward Bound o Pauwi), na nagbabayad para sa transportasyon upang muling makasama ng mga indibidwal ang pamilya o mga kaibigan na nasa labas ng San Francisco.

Itinatakda ng panukalang ordinansa sa Lungsod na magbigay ng paunang abiso sa mga indibidwal 24 oras bago ang pagtatanggal, at pati na rin ang pagpapaskil ng mga abiso sa lugar ng pagkakampo. Maliban na lamang sa ilang eksepsiyon, itatago ng Lungsod ang mga personal na pag-aari ng mga apektadong indibidwal nang hindi bababa sa 90 araw.

Malaki ang magiging pagkakaiba-iba ng gastusin para ipatupad ang mga polisiyang itinatakda ng ordinansa at nakabatay ang mga ito sa mga gagamiting paraan sa pagpapatupad. Magiging maliit ang gastusin hangga't sapilitang ipatutupad ng Lungsod ang pagbabawal sa mga pagkakampo, o bibigyan ng prayoridad ang mga indibidwal sa mga kampong nabigyan na ng abiso para sa mga kasalukuyang kama sa mga shelter, opsiyon sa pabahay o iba pang serbisyo, kaysa sa mga indibidwal na kasalukuyang pinagkakalooban na ng mga serbisyong ito o nasa waiting list (listahan ng mga naghihintay na mabigyan ng serbisyo) para sa mga ito. Magiging malaki ang gastusin hangga't kapalit nito, dadamihan ng Lungsod ang mga serbisyo para sa mga indibidwal na maaapektuhan ng ordinansa nang hindi iniiba ang prayoridad ng mga tumatanggap na ng mga serbisyong ito.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "Q"

Noong Hunyo 21, 2016, natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon ang panukalang ordinansa na pirmado ng mga sumusunod na Superbisor: Cohen, Farrell, Tang, Wiener.

Itinatakda ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) na maglagay ng ordinansa sa balota ang apat o higit pang Superbisor, sa ganitong paraan.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon Q

Bumoto ng Oo sa Prop Q para Mailipat ang mga Homeless (Walang Tahanan) na taga-San Francisco mula sa Pagkakampo ng mga Tent at Tungo sa Mas Mabuting Buhay

Humantong na sa mga proporsiyon ng krisis ang kawalan ng tahanan sa San Francisco. Isa sa pinakamasamang sintomas nito ang mga pagkakampo ng mga tent na kumakalat sa ating mga komunidad.

Hindi pagdamay ang pahintulutan ang mga kapwa tao na tumira sa tent sa ating mga kalye. Kapwa mapanganib at hindi mabuti sa kalusugan ito.

Pabahay ang sagot sa kawalan ng tahanan, hindi mga tent. Ililipat ng Proposisyon Q, ang "Pabahay Hindi mga Tent," ang mga indibidwal na homeless mula sa mga pagkakampo ng mga tent at tungo sa pabahay.

Ipinag-uutos ng Prop Q ang pag-aalok ng pansamantalang shelter o pabahay sa mga indibidwal na nakatira sa kampo bago ito tanggalin, at magbigay ng abiso 24 oras bago ang pagtatanggal.

Ipagpapatuloy din ng panukalang ito ang matagumpay na programang Homeward Bound ng Lungsod na nag-aalok ng bayad nang transportasyon sa patutunguhan na nasa labas ng San Francisco para sa mga homeless na indibidwal na iniaalok ng pabahay ng kaibigan o miyembro ng pamilya.

Titiyakin ng Prop Q na hindi lamang basta itutulak ang mga pagkakampo ng mga tent sa iba pang komunidad.

Sa ilalim ng Prop Q, itatakda sa Lungsod na magbigay ng abiso sa lahat ng mga indibidwal na nakatira sa tent, at ipagbigay-alam sa kanila ang tungkol sa mga espesipikong matutuluyang shelter o oportunidad sa pabahay. Iiimbak din natin ang mga personal na pag-aari ng indibidwal nang hanggang 90 araw matapos ang pagtatanggal.

Sa pagpapahintulot na manatili ang mga lungsod ng mga tent sa kinatatayuan ng mga ito, pinahahaba lang natin ang kawalan ng tahanan at hindi naman ito nakatutulong sa pagtiyak na nakukuha ng mga residenteng homeless ang tulong at mga serbisyong kailangan nila. Tinitiyak ng Prop Q na sa halip, binibigyan ng prayoridad ng Lungsod ang pabahay at mga serbisyong nagbibigay ng suporta sa mga homeless.

Bumoto ng OO sa Prop Q para ilipat ang mga homeless mula sa mga pagkakampo ng mga tent at tungo sa mas mabuting buhay.

Superbisor Mark Farrell
Superbisor Malia Cohen

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon Q

Hindi pagdamay ang ilipat ang mga tao mula sa mga tent tungo sa malamig at matigas na semento.

Hindi lumilikha ng karagdagang pabahay, mga kama, o tiket sa bus ang Prop Q—patuloy lang nitong pinaglilipat-lipat ang mga tao mula sa isang kanto tungo sa kabilang kanto. Retorika ang iniaalok ng Prop Q, hindi ito nag-aalok ng mga solusyon.

Kapag naipasa, pupuwersahin ng mga Prop Q ang mga outreach worker ng lungsod na buwagin ang mga tent nang mayroon lamang 24 oras na abiso, at mag-aalok lamang ng isang gabi na pagtigil sa shelter, at pagkatapos nito, babalik nang muli sa mga kalye ang mga nagkakampo.

Kasalukuyang naghihintay ang mga tao sa San Francisco ng maraming taon para sa pampublikong pabahay, at 800 katao ang napabayaan na sa listahan ng mga naghihintay na mabigyan ng pabahay. Kailangan nating tugunan ang problemang ito sa pamamagitan ng pabahay, at walang ipinagkakaloob na ganoon ang Prop Q.

Ilegal na ang mga tent sa ilalim ng batas ng estado, at ginagamit na ng pulisya ang mga lokal na batas kagaya ng sit/lie (upo/higa) para tiketan ang mga taong nagkakampo sa mga kalye. Iniuulat ng Opisina ng Budget and Legislative Analyst (Tagasuri ng Budget at Pagsasabatas) na gumasta tayo ng $20.6 milyon sa pagpapatupad ng mga batas laban sa mga homeless, at tiniketan at inaresto ang mga tao nang dahil lamang sa pagpapahinga.

Naging malinaw na kabiguan ito: Dumami pa ang kawalan ng tahanan.

Hindi magiging epektibo ang Prop Q dahil ipagpapatuloy lang nito ang paglilipat-lipat sa mga bangketa nang hindi nagdaragdag ng kahit na isang kama sa ating shelter o sistema ng abot-kayang pabahay. Hindi natin matutugunan ang kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng batas – pabahay lamang ang makapag-aalis sa mga tao mula sa mga kalye.

San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
Coalition on Homelessness (Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan)
Senador ng Estado Mark Leno
*John Burton, Tagapangulo, California Democratic Party (Partidong Demokratiko ng California)**
*Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi**
Superbisor John Avalos
Superbisor Jane Kim
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin
*Dating Superbisor Angela Alioto**
*Dating Superbisor Bevan Dufty**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon Q

Retorika ang iniaalok ng Prop Q, pero hindi ito nag-aalok ng mga solusyon.

Hindi lumilikha ang Prop Q ng karagdagang pabahay o mga kama—palilipat-lipatin lamang nito ang mga tao mula sa isang kanto tungo sa kabila. Kasalukuyang maraming taon ang paghihintay para sa pampublikong pabahay sa San Francisco, at 800 katao ang napabayaan na sa listahan ng shelter ng mga naghihintay na mabigyan ng pabahay.

Para masunod ang Prop Q, malamang na gagawing bakante ng Lungsod ang mga nariyan nang kama sa mga shelter upang makagawa ng pansamantalang espasyo para sa mga nagkakampo, at lalampasan ang mga matatanda at may kapansanang tao na nakapila na para sa kailangang-kailangang matutuluyan.

Pupuwersahin ng Prop Q ang mga outreach worker ng Lungsod na buwagin ang mga tent nang 24 oras lamang ang abiso, at mag-aalok lamang ng isang gabing pagtigil sa shelter, at pagkatapos nito, babalik nang muli ang mga nagkakampo sa kalye. Hindi ito magiging epektibo batay sa ilang dahilan. Halimbawa, humihingi ang mga shelter ng patunay na walang Tubercolosis bago makapasok, at inaabot ng tatlong araw ang resulta ng mga eksamen.

Ilegal na sa ilalim ng batas ng estado ang mga tent, at ginagamit na ng pulis ang mga lokal na batas na kagaya ng sit/lie para tiketan ang mga taong nagkakampo sa mga kalye. Iniuulat ng Opisina para sa Budget at Pagsasabatas na gumasta tayo ng $20.6 milyon sa pagpapatupad ng mga batas laban sa mga homeless nitong nakaraang taon, at tiniketan at inaresto ang mga tao nang dahil lamang sa pamamahinga. Naging malinaw na kabiguan ito: Dumami pa ang kawalan ng tahanan.

At para pasamain pa ang sitwasyon, lumilikha ng mga legal na balakid ang mga tiket sa pagiging kuwalipikado para sa pabahay.

Hindi epektibo ang pagpalipat-lipat sa mga bangketa at malinaw ang dahilan: Hindi natin matutugunan ang kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng batas – tanging pabahay lamang ang makapagaalis sa mga tao mula sa mga kalye.

Apat na Superbisor ang naghintay hanggang sa huling sandali para ilagay ang Prop Q sa balota, at dahil dito, naiwasan ang pagbibigay ng opinyon ng komunidad. Dahil walang pag-alok ng aktuwal na pabahay sa panukala, hindi praktikal at hindi makatao ang Q.

Bumoto ng Hindi sa Q.

Coalition on Homelessness (Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan)
*John Burton, Tagapangulo, California Democratic Party (Partidong Demokratiko ng California)**
*Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi**
Superbisor John Avalos
Superbisor Eric Mar
Superbisor Aaron Peskin
*Dating Superbisor Angela Alioto**
*Dating Superbisor Bevan Dufty**
Paul Boden, Western Regional Advocacy Project (Panrehiyong Kanluran na Proyektong Pang-adbokasiya)

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon Q

Kailangan natin ang Prop Q, na "Pabahay hindi mga Tent," dahil hindi pagpapaubaya ang pagpapahintulot sa mga tao na mamuhay sa mga kampo sa mga kalye ng lungsod – masama ito sa kalusugan, hindi ito ligtas, at hindi ito makataong tugon sa kawalan ng tahanan.

Hindi nakapagtataka ang sagot ng mga katunggali. Tinutulan ng karamihan sa mga nagsipirma ang bawat pagrereporma sa mga polisiya ukol sa mga homeless na inaprubahan ng mga botante ng San Francisco nitong nakaraang 20 taon, kasama na ang Care Not Cash (Pangangalaga hindi Pera) at ang Aggressive Panhandling Ban (Pagbabawal sa Agresibong Pamamalimos). Sa kabila ng kanilang oposisyon, nakatulong ang pagpapalit ng polisya mula sa mga benepisyong pera tungo sa mga serbisyong nagbibigay ng suporta upang mabawasan ang mga kamatayang bunga ng pagiging homeless nang kalahati.

Kailangan natin ang Prop Q dahil, anuman ang sabihin ng mga katunggali, walang kasalukuyang batas ang lungsod na tumutugon sa pagkakampo ng mga tent. Ipinagbabawal lamang ng Batas na Sit-Lie (Upo-Higa, isang batas na sinubukang pigilin ng halos lahat ng mga nakalistang katunggali) ang paghiga sa mga pampublikong bangketa nang ilang tiyak na oras.

Ikinakatuwiran ng mga katunggali na "pabahay lamang ang makapagaalis sa mga tao sa mga kalye"– kung gayon, mayroon na tayo ng pabahay na iyon. Bakante gabi-gabi ang 5% hanggang 10% ng mga kama sa shelter ng lungsod. At dahil sa 300 na mga bagong unit ng pabahay na nagbibigay-suporta, at anim na mga bagong Navigation Center na magkakaroon tayo sa susunod na dalawang taon, panahon nang isapuwesto natin ang pinakamahuhusay na gawain para matulungan ang ating populasyong homeless na makaalis sa mga tent at tungo sa pabahay.

Bumoto ng Oo sa Prop Q

Superbisor Scott Wiener
Superbisor Katy Tang

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

R Unit para sa mga Krimen sa Komunidad

Dapat bang lumikha ang Lungsod ng Neighborhood Crime Unit (Unit para sa mga Krimen sa Komunidad) para maiwasan at maibestigahan ang mga krimen na naka-aapekto sa kaligtasan at kalidad ng buhay ng komunidad, kung mayroon nang hindi bababa sa 1,971 na unipormado at lubusang naglilingkod na pulis ang Lungsod?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Itinatakda ng Charter sa Lungsod na magkaroon ng hindi bababa sa 1,971 unipormado at lubusang naglilingkod na pulis. Malamang na matutugunan ng Lungsod ang kinakailangang makamit na ito sa pagtatapos ng 2017.

May iba't ibang unit ang Departamento ng Pulisya, at hinahati-hati ng marami sa mga ito ang responsibilidad para hadlangan, imbestigahan at arestuhin ang mga may kinalaman sa krimen sa komunidad.

Ang Mungkahi: Itatakda ng Proposisyon R na lumikha ang Departamento ng Neighborhood Crime Unit kapag mayroon nang hindi bababa sa 1,971 na unipormado at lubusang naglilingkod na pulis ang Lungsod. Kinakailangang magtalaga ang Departamento nang hindi bababa sa 3 porsiyento ng lahat ng mga nakapanumpa nang kawani sa Unit.

Responsibilidad ng Unit ang paghadlang at pag-iimbestiga sa mga krimen na nakaaapekto sa kaligtasan at kalidad ng buhay sa komunidad, sa pamamagitan ng pangkomunidad na mga foot patrol (mga nagpapatrolyang naglalakad), na kabilang lamang sa marami pang ibang taktika. Kasama sa mga krimen ang puwersahang pagnanakaw, panloloob sa sasakyan at bahay, pang-uumit, at paninira ng mga gusali at pag-aari. Makikipag-ugnay din ang Unit sa iba pang mga ahensiya ng Lungsod para maitulak ang mga taong lumalabag sa mga batas ukol sa gamit ng mga kalye – gaya ng paghadlang sa daanan sa bangketa at agresibong pamamalimos – mula sa mga kalye tungo sa mga shelter, pabahay, at kritikal na mga serbisyong pangkalusugan.

Hindi itatakda ng Proposisyon R sa Lungsod na panatilihin ang Unit kung mas mababa sa 1,971 ang unipormado at lubusang naglilingkod na pulis sa Lungsod. Kung mas mababa sa 1,971 ang bilang, maaaring panatilihin o hindi panatilihin ng Hepe ng Pulisya ang unit.

Pahihintulutan ng Proposisyon R ang Lupon ng mga Superbisor na palitan ang mga itinatakdang ito nang wala nang karagdagang pag-apruba ng mga botante habang pinananatili ang intensiyon ng ordinansa.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong itakda sa Lungsod na lumikha ng Neighborhood Crime Unit para maiwasan at maimbestigahan ang mga krimen na nakaaapekto sa kaligtasan at kalidad ng mga komunidad, kapag mayroon nang hindi bababa sa 1,971 unipormado at lubusang naglilingkod na pulis ang Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "R"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon R:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang ordinansa, magkakaroon ng maliit na epekto sa gastusin ng gobyerno.

Itatakda ng panukalang ordinansa sa San Francisco Police Department (SFPD) na magtalaga ng hindi bababa sa tatlong porsiyento ng mga nakapanumpa nang mga pulis nito sa isang bagong Neighborhood Crime Unit kapag natugunan o nalampasan na ng kabuuang bilang ng nakapanumpa nang pulis ng SFUSD ang itinatakdang antas na 1,971 ng Charter ng Lungsod ng San Francisco. Gayon pa man, muling itatalaga ang mga pulis na ito, at hindi espesipikong i-eempleyo bilang resulta ng ordinansang ito, at dahil dito, magiging paglalaan sa kasalukuyan nang gastusin, hindi bagong gastusin.

Inaasahan ng Departamento ng Pulisya na sa pagsisimula ng piskal na taong (FY) 2016–17, magkakaroon ito ng 1,957 na lubusan nang nakapanumpang mga pulis na maaaring maglingkod sa pagpupulis at pagpapatrolya sa mga komunidad, at kulang ito ng 14 pulis para sa baseline staffing level (pinagsi-simulang antas sa pag-eempleyo). Bilang resulta ng

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

pagkakaroon mga bagong pulis na magtatapos mula sa mga klase ng akademya, matutugunan ng Departamento ng Pulisya ang minimum na mga antas sa pag-eempleyo sa FY 2016–17, na siyang magpapasimula ng paglikha ng bagong Neighborhood Crime Unit kapag naipasa ang panukalang ordinansa na ito.

Itinatakda rin ng panukalang ordinansa na maghanda ang SFPD ng Deployment Plan (Plano sa Pagtatalaga) para sa Neighborhood Crime Unit, pati na rin ng taunang ulat sa trabahong naisagawa ng Neighborhood Crime Unit, at itinatakda rin nito sa Neighborhood Crime Unit na magkaroon ng mga pulong sa komunidad at makipag-ugnay para sa mga pagsusumikap kaugnay ng pagtugon sa mga problema ng kawalan ng tahanan sa iba pang departamento ng Lungsod, pero maliliit lamang ang mga gastusing ito.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "R"

Noong Hunyo 21, 2016, natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon ang panukalang ordinansa na pirmado ng mga sumusunod na Superbisor: Cohen, Farrell, Tang, Wiener.

Itinatakda ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) na maglagay ng ordinansa sa balota ang apat o higit pang Superbisor, sa ganitong paraan.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon R

Gagawing mas ligtas ng Proposisyon R ang San Francisco.

Nakita ng mga komunidad ng San Francisco ang malalaking pagdami ng mga krimen na kagaya ng panloloob at pagpasok sa mga sasakyan na nagbibigay ng pakiramdam ng kawalang kaligtasan sa mga mamamayan. Halimbawa, napag-alaman ng Civil Grand Jury (Panghukumang Lupon ng mga Tagahatol sa mga Usaping Sibil) na umabot na sa pinakamataas na bilang na 24,800 ang mga naiulat na insidente ng panloloob sa mga sasakyan noong 2015. Ayon sa Departamento ng Pulisya, dumami nang halos 300% ang pagnanakaw ng mga bisikleta magmula noong 2011.

Bagamat nagsasagawa ng maraming hakbang ang Lungsod para malabanan ang mga krimeng ito, kasama na ang pag-eempleyo sa mahigit 300 pulis para lamang sa susunod na taon, kailangang nating higit na maging organisado ang ating mga pagsusumikap na mapigilan ang mga krimen sa komunidad.

Itinatakda ng Proposisyon R sa Lungsod na:

- **Bumuo ng Neighborhood Crime Unit (Unit para sa mga Krimen sa Komunidad)**
- **Taasan nang malaki ang bilang ng mga nagpapatrolyang pulis at mga nagpapatrolyang naka-bisikleta na nakatalaga sa ating mga komunidad**
- **Magkaloob ng mga nakatuon ang pagbabantay na nagpapatrolyang pulis na ang tanging misyon ay aktibong hadlangan ang krimen sa komunidad, at direktang tumugon kapag mangyari ito**

Kailangan nating labanan ang petty crime (maliliit na krimen) na gumagambala sa mga residensiyal na komunidad at komersiyal na lugar sa San Francisco.

Mahahadlangan at maiimbestigahan ang mga krimeng ito ng mga pulis na naglalakad na nagpapatrolya sa ating mga komunidad. Ang mga pulis na nakikipagtrabaho araw-araw sa ating mga komunidad ay nakabubuo rin ng mga relasyon, napagtitibay ang tiwala, at nagsisilbi bilang hadlang sa krimen.

Sa pamamagitan lamang ng mas pinalakas na mga tagapagpatupad na pulis natin mapipigilan ang pagdami ng pagpasok sa mga sasakyan at pagnanakaw sa lansangan na karaniwang-karaniwan na ngayong mga araw na ito.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon R.

Mayor Edwin Lee
Superbisor Scott Wiener
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Katy Tang
Superbisor Mark Farrell

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon R

Gumagawa ang mga may-panukala ng ilang mapanglihis at hindi tamang pahayag:

- Hindi pararamihin ng Prop R ang bilang ng mga pulis na nakatalaga sa mga foot patrol (mga nagpapatrolyang naglalakad) sa ating mga komunidad.
- Sa halip, kukunin nito ang 60 pulis mula sa mga pandistritong estasyon at itatalaga sila sa sentralisadong unit.
- Dikitang pamamahalaan ng Prop R ang mga pulis na ito sa hangganang maitatanong na natin kung magkakaoras pa sila para maglakad sa mga foot patrol.
- Hindi nabanggit kahit minsan ng Prop R ang mga "bike patrol (nagpapatrolyang naka-bisikleta)!" Malinaw na hindi wastong inilalarawan ng mga may-panukala ang proposisyong ito.

Hindi binabanggit ng mga may-panukala na ipinagsasama ng Prop R ang kahirapan sa krimen at tinitiyak ang pagtugon ng pulisya na nakatuon sa mga taong homeless. **Nagreresulta ito sa pagtitiket na nagbabaon sa mga taong homeless sa utang at naglalagay sa panganib ng kanilang pagiging kuwalipikado para sa pabahay.** NABIGO na ang pagkokontrol sa kahirapan sa pamamagitan ng pagpupulis: Iniuulat ng Tagasuri sa Budget at Pagsasabatas ng San Francisco na gumasta tayo ng $20.6 milyon sa pagpaparusa sa mga indibidwal na homeless para sa paglabag sa kalidad ng buhay nitong nakaraang taon. Inirerekomenda nila ang isang bagong estratehiya na naglilipat ng pagtugon mula sa pulisya at tungo sa iba pang departamento.

Buong-puso kaming sumasang-ayon na napakahalaga ng mga foot patrol ng pulisya sa pagpigil sa krimen at pagbuo ng tiwala sa ating mga komunidad. Pero hindi ito ginagawa ng Prop R:

- Walang kautusan sa mga kapitan ng distrito na magtalaga ng tao sa mga foot patrol.
- Walang katiyakan na hindi patuloy na mahahatak ang mga nagpapatrolyang pulis para sa espesyal na pagtitipon downtown, na nakagawian na sa kasalukuyan.

Makipagtrabaho tayo sa Police Commission (Komisyon ng Pulisya) at sa Hepe para magpatupad ng totoong programa ng mga foot patrol, at hindi ng karagdagang burukratikong red tape.

Huwag pamahalaan ang Departamento ng Pulisya hanggang sa pinakamaliliit na detalye! Bumoto ng hindi sa Prop R.

San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
Coalition on Homelessness (Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan)
*Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi**
Superbisor John Avalos
Superbisor Eric Mar
*Dating Superbisor Bevan Dufty**
*Komisyoner ng Pulisya Petra DeJesus**
*Retiradong Komander ng SFPD Richard L. Corriea**

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon R

Magdaragdag lamang ng burukrasya ang Proposisyon R — hindi ng mas maraming pulis para sa foot patrol. Sa halip, kukuha ito ng 60 pulis mula sa mga estasyon na nasa komunidad para maglagay ng mga tao sa bago at sentralisadong unit.

Didispatsahin ang mga pulis na ito para sa mga tawag na 311 na hindi pang-emergency, na ipinadadala sa maraming paulit-ulit na pulong, at itatakda sa kanilang makipag-ugnay sa hindi bababa sa pitong departamento ng Lungsod.

Kailan pa magkakaroon ng panahon ang 60 pulis na labis-labis ang pagtatrabaho para maglakad sa foot patrol kung ginugugol nila ang lahat ng kanilang panahon sa mga pulong?

Naihinto na ng Accelerated Police Hiring Plan (Plano para sa Pagpapabilis ng Pag-eempleyo sa Pulisya) ang pagkaunti ng ating pulisya, at sa wakas, nakasasabay na tayo sa pangangailangang maabot ang ipinaguutos ng charter na antas ng pag-eempleyo ng 1,971 pulis. **Gusto ba natin talagang ilihis ang mga unipormadong pulis para tumugon sa mga tawag na 311 na hindi pang-emergency at gumugol ng mga oras sa hindi mabilang na mga pulong?**

Inilagay ang panukalang ito sa balota nang walang pahintulot ng Komisyon ng Pulisya. Hindi ito nagtatakda ng mga pamantayan sa pagpupulis sa mga komunidad at kung paano gagawa ng mga reporma sa departamento na malaki pa ang trabaho para bumuo ng mga relasyon sa ating mga komunidad kung saan maraming pagkakaiba-iba–mga relasyon na pangunahin sa kaligtasan ng komunidad.

Nakasasagabal sa pagkamit ng ating mga layunin ang pag-uutos sa mga pulis na tugunan ang kawalan ng tahanan. Pangunahing tugon na ng San Francisco sa kawalan ng tahanan ang pagpapatupad ng batas, at nabibigo ang pagtugong ito. Nitong nakaraang taon, nagbigay ang SFPD ng 14,000 tiket para lamang sa pamamahinga sa pampublikong lugar. Ibinabaon ng mga tiket na ito ang mga taong homeless sa utang at isinasapanganib ang kanilang pagiging kuwalipikado para sa pabahay. Lumilikha ang pagtugon na nakabatay sa pagpapatupad ng batas sa kawalan ng tahanan ng mga balakid, hindi ng mga solusyon.

Isang komplikadong hamon ang krimen sa komunidad na hindi natin matutugunan ng pamamahala sa mga pulis hanggang sa pinakamaliliit na detalye sa pamamagitan ng walang kapararakang panukala sa balota. Makipagtrabaho tayo sa isa't isa sa pamamagitan ng mga paraang nagsaalang-alang sa mga pagkakaiba at iba't ibang disiplina, at naglalabas sa mga pulis mula sa kanilang mga sasakyang pampatrolya at silid na pangkumperensiya tungo sa mga kalye.

San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
Coalition on Homelessness (Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan)
*Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi**
Superbisor John Avalos
Superbisor Eric Mar
*Dating Superbisor Bevan Dufty**
*Komisyoner ng Pulisya Petra DeJesus **
Paul Boden, Western Regional Advocacy Project (Panrehiyong Kanluran na Proyektong Pang-adbokasiya)

*Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon; pumipirma ang may-akda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon R

Mababawasan ng Prop R ang krimen sa komunidad sa pamamagitan ng pagpapalakad sa mga pulis sa ating mga komunidad, pagbuo ng mga relasyon sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran, at pagpapakaunti sa potensiyal na karahasan.

- Ipinapakita ng datos mula sa FBI na ang San Francisco ang may pinakamalaking porsiyento ng krimen sa mga ari-arian kada unit ng populasyon sa 50 pangunahing lungsod ng bansa, at tumalon ito ng 60% magmula noong 2010.
- Tumaas nang 31% ang pagpasok sa mga sasakyan magmula noong 2014 ayon sa mga istatistiko ng Departamento ng Pulisya. Tumanggap ang departamento ng 25,899 ulat ng mga pagpasok sa mga sasakyan noong 2015, na mahigit pa sa 70 kada araw, sa pangkaraniwan.

Huwag maniwala sa mga katunggali ng Prop R. Paghuhusayin ng Prop R ang mga pagsusumikap sa loob ng Departamento ng Pulisya para magtipid sa oras at rekurso upang makapaggugol ang mga pulis ng higit na panahon para mapigilan at maimbestigahan ang mga krimen.

Sinubukan nang bawasan ng mga katunggali ng Prop R ang pagpopondo sa Lupon ng mga Superbisor para sa mga bagong klase sa akademya ng pulisya na makapagpapatapos ng mga bagong pulis upang maglingkod sa ating mga komunidad.

Tinutulan din ng mga katunggali ng Prop R ang ating mga pagsusumikap na maabot ang mga antas ng pag-eempleyo ng mga pulis na ipinag-uutos ng mga botante.

Nabuo ang Prop R nang may opinyon mula sa Departamento ng Pulisya.

Itinataas nang malaki ng Prop R ang bilang ng mga nagpapatrolyang pulis at bike patrol na nakatalaga sa ating mga komunidad, at dahil dito, bubuo ng mas malapit na relasyon sa mga residente at negosyante, matutukoy ang mga larangang may problema, maiiwasan ang pagkakaroon ng krimen bago pa ito mangyari, at makatutugon nang mabilis at epektibo kapag may nangyaring krimen.

Kailangang maging ligtas na lungsod ang San Francisco para sa mga residente at bisita. Paghuhusayin pa ng Prop R ang pagkakaroon ng kaligtasan para sa lahat. Bumoto ng oo sa Prop R.

Mayor Edwin Lee
Superbisor Scott Wiener
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Mark Farrell
Superbisor Katy Tang

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

S Alokasyon ng mga Pondo mula sa Buwis sa mga Hotel

Dapat bang gamitin ng Lungsod ang perang nakukuha mula sa kasalukuyang 8% base tax (batayang buwis) sa pagpapaupa ng mga kuwarto sa hotel para magkaloob ng espesipikong pondo para sa dalawang magkaibang saklaw: mga programa sa sining at mga pampamilyang serbisyo para sa mga homeless?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Kasalukuyang nagpapataw ang Lungsod ng buwis sa mga hotel para sa pagpapaupa ng mga kuwarto ng hotel. Ang buwis ay 14% (may 8% na base tax at karagdagang 6% na tax surcharge). Napupunta ang buwis sa Pangkalahatang Pondo at puwedeng ilaan ng Lupon ng mga Superbisor ang pera para sa anumang pampublikong layunin.

Ang Arts Commission (Komisyon sa Sining) ay isang ahensiya ng Lungsod na tumatanggap ng pondo mula sa Pangkalahatang Pondo. Ang Arts Commission ang:

- nagpopondo sa mga programa sa sining para sa kabataan, komunidad at edukasyon sa sining;
- nag-aapruba sa mga disenyo ng mga istrukturang pag-aari ng Lungsod;
- namamahala sa mga sentrong pangkultura na pag-aari ng Lungsod; at
- pumipili ng mga likhang-sining para sa mga gusali at pampublikong espasyo ng Lungsod.

Nagkakaloob ng pera ang Arts Commision sa Cultural Equity Endowment Fund (Pondo para sa Pagkakapantay-pantay sa Larangan ng Kultura) ng Lungsod, na siyang nagbibigay ng mga grant (pondo) na mula sa Lungsod sa:

- mga organisasyon sa sining na kumakatawan sa mga komunidad na hindi napagkalooban ng mga serbisyo ng lungsod noong nagdaang panahon;
- mga indibidwal na alagad ng sining; at
- mga organisasyong nonprofit na nagkakaloob ng mga abot-kayang pasilidad para sa mga alagad ng sining at mga organisasyong pansining.

Binubuo ang War Memorial and Performing Arts Center (Istruktura sa Paggunita sa Digmaan at Sentro sa Sining ng Pagganap, War Memorial complex) ng Lungsod ng War Memorial Opera House, Davies Symphony Hall, Herbst Theatre, Green Room at Zellerbach Rehearsal Hall. Naglalaan ng pera ang Lungsod taon-taon para mapanatili sa maayos na kondisyon, mapaghusay, at mapatakbo ang War Memorial complex.

Nagkakaloob ang Grants for the Arts Program (Programa na Nagbibigay ng Pondo para sa Sining) ng Lungsod ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo para sa mga nonprofit na organisasyon sa sining at kultura.

Naglalaan ng pera ang Lungsod taon-taon para mapanatili sa maayos na kondisyon, mapaghusay at mapatakbo ang Moscone Center, na binubuo ng mga gusali para sa mga kumbensiyon at eksibisyon at nasa komunidad ng South of Market.

Ang Mungkahi: Isang ordinansa ang Proposisyon S na maglalaan ng bahagi ng kasalukuyang hotel base tax para sa dalawang magkaibang saklaw: mga programa sa sining at mga serbisyo para sa mga pamilyang homeless. Hindi nito babaguhin ang kasalukuyang porsiyento ng buwis para sa mga hotel.

Itatakda nito sa Lupon na maglaan ng pera taon-taon mula sa 8% base tax na nakukuha sa pagpapaupa sa mga kuwarto ng hotel, para sa:

- Moscone Center, nang hanggang sa 50%;
- Arts Commission, 2.9%; at
- War Memorial complex, 5.8%.

Kapwa tatanggap ang Grants for the Arts Program (Programa para sa Pagkakaloob ng mga Pondo sa Sining) at ang Cultural Equity Endowment Fund (Pondong Kaloob para sa Pagtataguyod ng Katarungan sa Larangan ng Kultura) ng 7.5% pagdating ng 2020.

Itatatag din ng Proposisyon S ang Neighborhood Arts Program Fund (Pondo para sa Programang Mga Sining ng Komunidad) upang magkaloob ng pera at tulong sa mga organisasyong nonprofit na nagtatayo o nagpapahusay sa mga abot-kayang pasilidad para sa mga alagad ng sining at organisasyong pansining. Magkakaloob din ng pera mula sa Pondong ito sa

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

mga alagad ng sining at organisasyong nonprofit upang lumikha ng mga karanasan sa sining sa San Francisco. Ang Arts Commission ang mangangasiwa sa Pondong ito. Taon-taon, tatanggap ito ng porsiyento ng perang makukuha mula sa hotel base tax, nang hanggang 6% pagdating ng 2020.

Itatatag din ng Proposisyon S ang Ending Family Homelessness Fund (Pondo para sa Pagwawakas ng Kawalan ng Tahanan ng mga Pamilya) na tatanggap taon-taon ng 6.3% ng perang makukuha sa hotel base tax. Magkakaloob ang Pondong ito ng mga subsidyo at programa para sa pamamahala sa mga kaso upang mabigyan ng matutuluyan ang mga pamilyang homeless; magkaloob ng mga serbisyo sa mga pamilyang mababa ang kita at nasa panganib na maging homeless; at magtayo, mag-ayos, at kumuha ng bagong pabahay para sa mga pamilyang homeless.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto ka ng "oo," gusto mong gamitin ang perang nakukuha mula sa kasalukuyang base tax sa pagpapaupa ng mga kuwarto sa hotel para magkaloob ng espesipikong pondo sa dalawang magkaibang larangan: ang mga programa sa sining at mga serbisyo sa mga pamilyang homeless.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "S"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon S:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda, magkakaroon ng malaking epekto sa gastusin ng gobyerno. Nag-uukol ang panukalang batas na ito ng bahagi ng kita mula sa buwis sa hotel na kasalukuyang puwedeng gamitin sa anumang pampublikong layunin, tungo sa mga espesipikong serbisyo na nagbibigay ng suporta sa sining at mga pamilyang homeless. Habang inililipat ang mga pondong ito sa gayong mga layunin, kinakailangang pababain ang paggasta ng Lungsod para sa ibang bagay, o makapagtukoy ng mga bagong pagkakakitaan para mapanatili ang kasalukuyang antas ng mga serbisyo.

Kasalukuyang nakapagbibigay ang buwis sa mga hotel ng humigit-kumulang $380 milyon na puwedeng magamit sa anumang layunin ng gobyerno. Maglalaan ang panukalang pag-amyenda ng mga espesipikong proporsiyon ng buwis sa isang pangkat ng mga natukoy na serbisyo bilang pagsuporta sa sining at mga serbisyo sa mga pamilyang homeless, at lalaki ito mula sa humigit-kumulang 16% ($69 milyon) ng kabuuang kita mula sa buwis ng mga hotel sa piskal na taong (FY) 2017–18 tungo sa humigit-kumulang 21% ($103 milyon) sa FY 2020–21.

Kasalukuyang naglalaan na ang Lungsod ng mga kita na nasa Pangkalahatang Pondo para sa maraming katulad na layunin. Kung ihahambing sa mga kasalukuyang antas ng paggasta na ito, lalaki ang mga pondong nakalaan sa mga natukoy na paggamit nang humigit-kumulang sa $26 milyon sa FY 2017–18, at tataas nang hanggang humigit-kumulang $56 milyon sa FY 2020–21.

Kapag inilipat ang mga pondong ito sa ganitong paggamit, kinakailangang makapagtukoy ng mga paliliiting gastos o bagong pagkakakitaan, upang mapanatili ang antas ng mga serbisyo sa iba pang larangan ng serbisyo. Bababa ang mga ilalaang budget para sa pampublikong transportasyon, serbisyo sa kabataan, mga aklatan at paaralan, na noon pa ipinasa ng mga botante, nang humigit-kumulang sa $15 milyon sa FY 2017–18, at tataas ito nang humigit-kumulang sa $24 milyon sa FY 2020–21. Manggagaling sa discretionary budget (pondong pinagpapasyahan ng mga may-awtoridad) ng pangkalahatang pondo ang natitirang paglilipat na humigit-kumulang sa $11 milyon sa FY 2017–18, at tataas ito nang hanggang sa humigit-kumulang sa $32 milyon sa FY 2020–21.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "S"

Noong Hulyo 19, 2016, pinatotohanan ng Departamento ng mga Eleksyon na mayroon nang sapat na bilang ng kinikilalang lagda ang inisyatibang petitsyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon S sa balota upang maging kuwalipikado ang panukala para sa balota.

Kinailangan ng 9,485 lagda para makapaglagay ng inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ng bilang na ito ang 5% ng kabuuang bilang ng tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinakita ng ala-suwerteng pag-aaral sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibong petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite noong Hulyo 11, 2016, na mas mataas ang kabuuang bilang ng kinikilalang mga lagda kaysa sa kinakailangang mga lagda.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon S

OO sa S - Alokasyon ng mga Pondo mula sa Buwis sa mga Hotel

Ibabalik ng Proposisyon S ang pondo para sa sining at kultura at magtatrabaho para mawakasan ang kawalan ng tahanan ng mga pamilya sa San Francisco, **nang hindi nagtataas ng anumang bagong buwis.**

Pinopondohan ng lumalakas na turismo ng San Francisco, at unang ginamit ang Buwis sa mga Hotel para sa pagpapalawak ng access sa sining at kultura at para magkaloob ng pabahay sa mga pamilyang mababa ang kita.

Nilalayon ng buwis na tiyakin na mayroong access ang mga residente ng San Francisco sa malawak na hanay ng mga karanasan sa sining at kultura, at magkaroon ang mga pamilyang madalas na hindi nakakukuha ng mga serbisyong panlipunan ng access sa ligtas at matatag na pabahay.

Dahan-dahang nabago ang layuning ito, dahil napawalang-bisa ang ilang espesipikong alokasyon. Nagdulot ang kritikal na pagkawalang ito ng pondo ng napakalaking epekto sa sining at pabahay.

Sa kabila ng lumalakas na ekonomiyang pag-unlad ng San Francisco, tumaas nang 55% ang pagpapaalis sa tahanan nitong nakaraang limang taon, at napabayaan ng lungsod ang pagtulong sa 1 sa 25 bata na walang tahanan sa San Francisco Unified School District. Karagdagan dito, napapaalis sa kanilang mga lugar ang ating mga alagad ng sining at organisasyong pansining nang wala sa proporsiyong matataas na mga porsiyento, o nasa proseso na ng pagpapaalis.

Tinitiyak ng botong Oo sa Proposisyon S ang isang San Francisco na malikhain at dumaramay sa lahat. Suportahan ang Proposisyon S para:

- Pondohan ang mga indibidwal na alagad ng sining, organisasyong pangkomunidad at nonprofit na pangkat sa sining, at magkaloob ng mga programa para sa mga komunidad na hindi nakakukuha ng serbisyong panlipunan;
- Gawit higit na accessible at abot-kaya ang halaga para sa lahat ang mga karanasan sa sining;
- Suportahan ang mga programa sa sining, kultura at musika para sa mga bata;
- Tumulong sa pagwawakas ng kawalan ng tahanan ng mga pamilya sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga serbisyong pabahay at pagpigil sa kawalan ng tahanan para sa mga pamilyang nasa panganib at mababa ang kita;
- Tumindig nang kasama ang 70 organisasyong nagbibigay ng serbisyo para sa sining, kultura at homeless, at nagsasama-sama upang matiyak at mapalaki ang pondo para sa sining, kultura at mga pamilyang homeless

Ang botong Oo sa Proposisyon S ang magtitiyak ng matatag na pundasyon para sa natatanging mga handog sa sining at kultura ng San Francisco, habang winawakasan ang kawalan ng tahanan ng mga pamilya nang hindi nagtataas ng buwis.

Senador Mark Leno
Mga Miyembro ng Asembleya David Chiu at Phil Ting
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Mga Superbisor Scott Wiener, Jane Kim at Eric Mar

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento laban sa Proposisyon S

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Abiso tungkol sa Residency Confirmation Postcards (Mga Postcard para Kumpirmahin ang Paninirahan)

Sa Pebrero 2017, magpapadala sa mail ang Departamento ng mga Eleksyon sa ilang botante ng Residency Confirmation Postcards (Mga Postcard para Kumpirmahin ang Paninirahan), ayon sa itinakda ng batas ng California. Ipadadala sa mail ang mga postcard sa mga botanteng hindi nakaboto sa anumang eleksyon nitong nakaraang apat na taon, at hindi binago o kinumpirma ang impormasyon na nasa rekord ng kanilang rehistrasyon bilang botante sa panahong iyon.

Ang mga botanteng makatatanggap ng postcard at patuloy na naninirahan sa San Francisco ay kailangang tumugon sa loob ng 15 araw para kumpirmahin ang address ng kanilang tahanan upang manatili sa listahan ng mga aktibong botante.

Ilalagay sa listahan ng "hindi aktibong botante" ang mga botanteng hindi tutugon. Nakarehistro pa rin at kuwalipikadong bumoto ang "hindi aktibong" mga botante pero hindi na magpapadala ang Departamento sa mail ng mga materyales para sa eleksyon sa kanila.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa abisong ito, makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310, sulatan ang *sfvote@sfgov.org*, o bisitahin ang tanggapan ng Departamento sa City Hall, Room 48.

T Paglilimita sa mga Regalo at Kontribusyon sa Kampanya mula sa mga Lobbyist

Dapat bang ipagbawal ng Lungsod sa sinumang lobbyist ang pagbibigay ng mga kontribusyon para sa kampanya ng inihahalal na opisyal ng Lungsod, o ang pagsasama-sama ng mga kontribusyon para sa opisyal, kung nakarehistro ang lobbyist para mangampanya sa ahensiya ng opisyal; sa pangkalahatan ay ipagbawal sa mga lobbyist ang pagbibigay ng mga regalo, anuman ang halaga, sa mga opisyal ng Lungsod; at itakda sa mga lobbyist na tukuyin ang mga ahensiya ng Lungsod kung saan nagpaplano silang mangampanya?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Itinatakda ng Lobbyist Ordinance (Ordinansa ukol sa mga Nangangampanya) ng Lungsod na magparehistro ang mga lokal na lobbyist sa Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain) ng Lungsod. Kapag nagparehistro sila, hindi itatakda ng Lungsod sa kanila na tukuyin ang mga ahensiya ng Lungsod kung saan nila balak mangampaya. Kailangang magsumite ang mga lobbyist ng buwanang ulat at ihayag ang ginawang kontribusyon sa mga kampanya o inihatid mismo ng mga lobbyist, ng kanilang mga taga-empleyo o kliyente.

Sa pangkalahatan, hindi pinahihintulutan ang isang tao na gumawa ng kontribusyon sa kampanya nang mahigit sa $500 para sa inihahalal na opisyal ng Lungsod o kandidato para sa inihahalal na puwesto sa Lungsod. Kailangang sundin ng mga lobbyist ang limitasyong $500 sa mga kontribusyon sa kampanya. Hindi pinipigilan ng Lungsod ang sinuman, kasama na ang mga lobbyist, sa pangongolekta ng mga kontribusyon sa kampanya mula sa ibang mga tao – na isang gawain na kilala bilang "bundling (pagsasama-sama)," – at paghahatid ng mga kontribusyong ito sa opisyal ng Lungsod o sa kandidato para sa isang puwesto sa Lungsod.

Maliban na lamang sa ilang eksepsiyon, hindi puwedeng bigyan ng mga lobbyist ang sinumang opisyal ng Lungsod ng mga regalong may halaga na mahigit sa $25. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, hindi puwedeng magpahatid ng mga bayad or regalo ang mga lobbyist sa mga ikatlong partido upang maiwasan ang limitasyong ito sa mga regalo.

Ang Mungkahi: Ipagbabawal ng Proposisyon T sa isang lobbyist na gumawa ng mga kontribusyon sa kampanya ng inihahalal na opisyal ng Lungsod o ipagsama-sama ang mga kontribusyon para sa opisyal, kung nakarehistro ang lobbyist para mangampanya sa ahensiya ng opisyal. Ipatutupad rin ang mga restriksiyong ito sa kandidato sa mga lokal na puwesto.

Ipagbabawal din ng Proposisyon T sa isang lobbyist na magkaloob ng mga regalo, anuman ang halaga, sa sinumang opisyal ng Lungsod. Mayroong limitadong eksempsiyon ang mga nonprofit. Lilinawin din ng panukalang batas na hindi puwedeng gumamit ang mga lobbyist ng ikatlong partido para subukang iwasan ang mga limitasyong ito sa pagreregalo.

Itatakda ng Proposisyon T sa mga lobbyist na tukuyin ang mga ahensiya ng Lungsod kung saan nila balak mangampanya.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong:

- ipagbawal sa sinumang lobbyist ang paggawa ng mga kontribusyon sa kampanya ng inihahalal na opisyal ng Lungsod, o ang pagsasama-sama ng mga kontribusyon para sa opisyal kung nakarehistro ang lobbyist na mangampanya sa ahensiya ng opisyal;
- ipagbawal sa pangkalahatan, ang pagbibigay ng mga lobbyist ng regalo, anuman ang halaga, sa mga opisyal ng Lungsod; at
- itakda sa mga lobbyist na tukuyin ang mga ahensiya ng Lungsod kung saan plano nilang mangampanya.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "T"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon T:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang ordinansa, tataas nang kaunti ang gastusin ng gobyerno upang mapamahalaan ang pinalawak na mga pangangailangan sa pagsubaybay sa mga lobbyist.

Sa kasalukuyan, itinatakda sa mga lobbyist, kapwa sa mga contact lobbyist (nakikipag-ugnay para mangampanya) at mga expenditure lobbyist (hindi direktang nakikipag-ugnay para mangampanya), na magparehistro sa Ethics Commission. Itatakda ng panukalang ordinansa na tukuyin ng mga lobbyist ang mga ahensiyang balak nilang impluwensiyahan bago pa makontak ang mga ito, at ipagbabawal din sa mga lobbyist ang pagbibigay ng mga regalo, kasama na ang regalo ng pagbibiyahe, sa sinumang opisyal ng Lungsod at mga miyembro ng kanilang mga pamilya. Pahihintulutan ang mga non-profit na magkaloob ng mga regalong pagkain o minindal nang hanggang sa $25 para sa lahat ng mga magsisidalo sa isang pampublikong pagtitipon.

Ipagbabawal sa mga lobbyist ang paggawa ng anumang kontribusyon, kasama na ang mga pinagsama-samang kontribusyon, sa isang inihahalal na opisyal ng Lungsod, sa isang kandidato para sa katungkulan, o sa komiteng kontrolado ng kanilang kandidato kung nakarehistro ang lobbyist na mangampanya sa ahensiya kung saan gustong mahalal ng kandidato.

Tinutukoy ng ordinansa ang minsanang budget na $115,000 sa piskal na taong 2016–17, kasama na ang $100,000 para sa pangangailangan sa bagong software at $15,000 na minsanang gastos para sa mga kawani. Tinutukoy din ng ordinansa na kapag naubos na ang budget na $115,000, magba-budget ang Lungsod ng $5,000 taon-taon para sa programang ito. Tandaan na hindi mapupuwersa ng isang ordinansa ang Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa hinaharap na magkaloob ng pondo para dito, o sa anumang layunin, at dahil dito, nakasalalay ang mga gastos sa hinaharap sa mga desisyon na gagawin ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa pamamagitan ng proseso ng pag-ba-budget.

Puwedeng amyendahan ang ordinansa nang walang pag-apruba ng mga botante, pero kailangan nito ng pag-apruba ng supermajority (2/3 ng kabuuang boto) kapwa ng Ethics Commission at ng Lupon ng mga Superbisor.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "T"

Noong Hulyo 25, 2016, bumoto ang Ethics Commission nang 4 laban sa 0 para ilagay ang Proposisyon T sa balota.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon T

Inilagay ang Proposisyon T sa balota ng boto ng lahat ng miyembro ng Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain) ng San Francisco upang matanggal ang anumang posibleng kaugnayan sa pagitan ng mga kontribusyon sa kampanya at regalo ng mga lobbyist at mga desisyon ng ahensiya na hinahangad maimpluwensiyahan ng lobbyist.

Katulad ng mga restriksiyong nakapuwesto na para sa Estado ng California at sa Lungsod ng Los Angeles, ipinagbabawal ng Proposisyon T sa mga lobbyist na gumawa ng mga kontribusyon sa kampanya ng mga inihahalal na opisyal sa mga ahensiya kung saan nakarehistro ang lobbyist para mangampanya, at sa mga kandidato na naghahangad na mahalal sa mga katungkulang ito. Ipinagbabawal din ng Proposisyon T sa mga lobbyist ang paghahatid sa mga opisyal at kandidato ng mga kontribusyon sa kampanya na nakolekta mula sa iba, na isang gawaing karaniwan nang kilala bilang "bundling (pagsasama-sama)." Ipatutupad ang mga pagbabawal na ito sa mga kontribusyon sa kampanya na gagawin ng lobbyist, o sa mga bundle sa anumang lokal na komite na kinokontrol ng opisyal o kandidato ng Lungsod, kasama na ang komite para sa kontroladong panukala sa balota. Ipatutupad ang panukalang ito sa lahat ng lobbyist na kailangang magparehistro sa Ethics Commission. Bukod rito, nasasakop ang mga lobbyist ng mga pagbabawal na ito sa loob ng 90 araw matapos ang pagwawakas ng kanilang rehistrasyon na mangampanya sa anumang ahensiya.

Ipinagbabawal din ng Proposisyon T sa mga lobbyist ang pagbibigay sa mga opisyal ng Lungsod ng mga regalo, anuman ang halaga, kasama na ang mga regalo ng paglalakbay, at ipinagbabawal sa mga lobbyist ang pagbabayad sa pamamagitan ng iba. Ipagbabawal din sa mga opisyal ng Lungsod ang panghihingi at pagtanggap ng mga ipinagbabawal na regalo ng mga lobbyist. May limitadong eksepsiyon ang magpapahintulot sa mga opisyal ng Lungsod na tumanggap ng pagkain at inumin na nagkakahalaga ng $25 o mas mababa pa rito sa pampublikong pulong na isinasagawa ng 501c3 na organisasyong non-profit na kuwalipikado bilang lobbyist, kung pantay-pantay na makakukuha ng pampalamig ang lahat ng mga nagsisidalo sa pampublikong pagtitipon.

Ipatutupad ang Proposisyon T sa Enero 1, 2018. Magkakaloob ito ng $115,000 para sa Ethics Commission upang baguhin ang teknolohiya sa online na pagpaparehistro ng mga lobbyist upang maisagawa ang mga pagbabagong idudulot ng panukalang ito.

San Francisco Ethics Commission

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento laban sa Proposisyon T

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Would you like to

- Give back to your community?
- Meet your neighbors?
- Participate in the democratic process in San Francisco?

Be a Poll Worker on Tuesday, November 8!

It takes more than 2,500 poll workers to conduct an election. Poll workers operate polling places on Election Day and assist voters in many parts of the voting process. Some poll workers have volunteered during every election for decades. Poll workers include high school students learning on-the-job civics lessons, retirees, and hundreds of people who take a day off from their regular lives to be of service to San Francisco voters.

People who are bilingual in English and Spanish, Filipino, Vietnamese, Korean, Japanese, Cantonese, or Mandarin are highly encouraged to apply!

Poll workers attend a training class prior to the election. In class, all duties are explained in detail. Lead poll workers must also pick up materials before Election Day and transport them to their assigned polling place on the morning of the election.

Applicants must be legal residents of the United States and age 18 or older, or age 16 or older and attending high school in San Francisco. All positions are one-day assignments and pay between $142 and $195.

Adults interested in serving as a poll worker must apply in person at the Poll Worker Recruitment Office. The Recruitment Office is open every Tuesday, Thursday, and Friday, from 8:30 a.m. to 4 p.m., and is located at the Department of Elections in City Hall, Room 48. High school students do not need to come to the office in person; instead, they should visit *sfelections.org/pollworker* for instructions and to download an application.

For more information, visit *sfelections.org/pollworker* or call the Department of Elections Poll Worker Division at (415) 554-4395.

We look forward to having you join our poll worker team!

U Mga Itinatakda sa mga Proyekto sa Pagpapaunlad na may Presyong Nakabatay sa Merkado para sa Abot-kayang Pabahay

Dapat bang taasan ng Lungsod ang limitasyon upang maging kuwalipikado batay sa kita para sa mga on-site (nasa lugar mismo) na paupahang unit para sa lahat ng mga bago at nariyan nang abot-kayang unit ng pabahay, upang maging abot-kaya ang mga ito sa mga kabahayang kumikita ng hanggang sa 110% ng area median income (panggitnang kita ng lugar)?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Sa pangkalahatan, itinatakda ng Lungsod sa mga developer ng pabahay na market-rate (presyong itinatakda ng merkado) at may 10 o higit pang unit, na magkaloob ng abot-kayang pabahay. Posibleng matugunan ng developer ang ganitong pangangailangan sa pamamagitan ng isa sa tatlong paraan:

- Pagbabayad ng singil para sa abot-kayang pabahay.
- Pagtatayo ng abot-kayang pabahay off-site (nasa ibang lugar).
- Pagtatayo ng abot-kayang pabahay on-site. Pagkakaloob ng 12% ng mga unit na abot-kaya ang presyo para sa mga kabahayang mababa ang kita. Para sa mga development project (mga proyekto para sa pagpapaunlad ng lungsod) na may 25 o higit pang unit, magkaloob ng 15% ng mga unit na abot-kaya ang presyo para sa mga kabahayang mababa ang kita at karagdagang 10% ng mga unit para sa mga kabahayang may mababa o panggitnang kita.

Itinuturing na abot-kaya ang paupahang on-site unit para sa "kabahayang mababa ang kita" kung abot-kaya ang presyo nito para sa mga kabahayang kumikita nang hanggang sa 55% ng area median income.

Itinuturing namang abot-kaya ang paupahang on-site unit para sa "kabahayang panggitna ang kita" kung abot-kaya ang presyo nito para sa mga kabahayang kumikita ng 100% ng area media income.

Ginagamit ng Lungsod ang mga pamantayan sa kita ng pederal na gobyerno sa pagpapasya ng pinakamalaki nang pinahihintulutang presyo ng pagpapaupa para sa mga abot-kayang unit. Binabago ang upa taon-taon. Para sa mga kabahayang mababa ang kita, $1,185 ang buwanang upa para sa on-site na abot-kayang pabahay na unit na may isang kuwarto, at $1,333 para sa may dalawang kuwarto.

Ang Mungkahi: Babaguhin ng Proposisyon U ang mga itinatakda sa mga developer na nagtatayo ng abot-kayang pabahay on-site. Tataasan nito ang limitasyon sa pagiging kuwalipikado base sa kita sa mga on-site na paupahang unit ng lahat ng bago at nariyan nang unit para sa abot-kayang pabahay. Sa ilalim ng Proposisyon U, anumang paupahang unit na ibibilang tungo sa itinatakdang abot-kayang pabahay ay kailangang bukas sa pag-upa ng mga kabahayang kumikita ng hanggang sa 110% ng area median income.

Tataasan ng Proposisyon U ang kinakailangang gross income (kita bago ibawas ang buwis) ng kabahayan upang maging kuwalipikado sa abot-kayang pabahay mula sa 55% tungo sa 110% ng area median income. Itatakda rin nito ang upa para sa isang unit sa 30% ng gross income ng kabahayan, hangga't kumikita ang kabahayan ng hanggang sa 110% ng area median income. Sa ilalim ng panukalang batas na ito, puwedeng magbayad ang isang kabahayan ng hanggang sa $2,369 para sa abot-kaya na paupahang unit na may isang kuwarto, at hanggang sa $2,666 para sa abot-kaya na paupahang unit na may dalawang kuwarto, pero puwede ring magbayad nang mas mababa, batay sa gross income. Ipatutupad ang panukala na ito sa mga dati nang paupahang unit na itinayo sa ilalim ng programa para sa abot-kayang pabahay.

Kakalkulahin ang presyo sa pagpapaupa ng bawat unit taon-taon batay sa gross income ng kabahayan.

Ipinapakita ng chart sa ibaba ang area median income para sa ilang mga kabahayan sa San Francisco:

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Depinisyon ng Kita	1 Katao	2 Katao	3 Katao	4 Katao
55% ng median	$41,450	$47,400	$53,300	$59,250
100% ng median	$75,400	$86,150	$96,950	$107,700
110% ng median	$82,950	$94,750	$106,650	$118,450

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong itaas ang limitasyon sa kita upang maging kuwalipikado sa mga on-site na paupahang unit para sa lahat ng bago at nariyan nang mga unit ng abot-kayang pabahay para maging abot-kaya ang mga presyo nito sa mga kabahayang kumikita ng hanggang sa 110% ng area median income.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "U"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon U:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang ordinansa, magkakaroon ng maliit na epekto sa gastusin ng gobyerno. Malaki ang posibilidad na magdulot ang panukalang batas ng mas mataas na kita sa upa para sa mga may-ari ng mga paupahan, at dahil dito, hangga't patataasin nito ang halaga ng ari-arian o lilikha ng mga insentibo para sa pagtatayo ng mga bagong paupahang unit, patataasin ng panukalang ordinansa ang kita ng Lungsod.

Babaguhin ng panukalang ordinansa ang kasalukuyang mga itinatakda sa abot-kayang pabahay na nasa City Planning Code para taasan ang limitasyon sa kita ng kabahayan para sa mga on-site na abot-kaya na paupahang unit mula sa 55 porsiyento ng area median income (AMI) tungo sa 110 porsiyento ng AMI. Bukod rito, magiging 30 porsiyento na ng taunang gross income ng kuwalipikadong kabahayan (na may limitadong eksepsiyon) ang magiging pinakamataas na pinahihintulutang upa. Patuloy na susubaybayan ng Office of Housing and Community Development (Opisina ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad) ng Mayor ang Inclusionary Affordable Housing Program (Programa para sa Abot-kayang Pabahay para Makasama ang Lahat) sa ilalim ng mga bagong limitasyon sa kita na ito.

Sa pangkalahatan, magdudulot ang pagtaas ng limitasyon sa kita ng mga kabahayan para sa mga abot-kaya na paupahang unit ng mas mataas na kita sa pagpapaupa para sa mga may-ari ng paupahan, dahil porsiyento ng kita ng kabahayan ang pinakamalaki nang pahihintulutang upa, hangga't pipiliin ng mga kabahayang mas matataas ang kita na mag-aplay at mailalagay sila sa mga abot-kayang paupahang unit na ito. Tataas din ang kita sa buwis sa ari-arian ng Lungsod, hangga't pinatataas din ng mas mataas na kita sa pagpapaupa ang presyo sa pagbebenta at tinatayang halaga ng paupahang ari-arian. Bukod rito, kapag lumikha ng insentibo ang inaasahan na posibleng mas mataas na kita sa pagpapaupa para sa pagtatayo ng karagdagang mga paupahang unit, posibleng magdulot ito ng mas mataas na buwis sa ari-arian at iba pang kaugnay na kita mula sa lokal na buwis.

Maliit lamang ang halaga para maipatupad ang mga polisiyang itinatakda ng ordinansa, dahil kasalukuyan nang itinatakda ng City Planning Code (Kodigo sa Pagpaplano ng Lungsod) ang pangangasiwa at pagsubaybay sa Inclusionary Affordable Housing Program ng Lungsod.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "U"

Noong Hulyo 20, 2016, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na mayroon nang sapat na bilang ng kinikilalang lagda ang inisyatibang petitsyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon U sa balota upang maging kuwalipikado ang panukala para sa balota.

Kinailangan ng 9,485 lagda para makapaglagay ng inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ng bilang na ito ang 5% ng kabuuang bilang ng tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinakita ng ala-suwerteng pag-aaral sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibong petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite noong Hulyo 11, 2016, na mas mataas ang kabuuang bilang ng kinikilalang mga lagda kaysa sa kinakailangang mga lagda.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon U

Oo sa Proposisyon U - Pabahay para sa May Panggitnang Kita NGAYON NA!

Sa harap ng pinakamalalang kakulangan sa pabahay na naranasan ng ating Lungsod, naitutulak palabas ng San Francisco ang mga residenteng may panggitnang kita. Nahihirapan ang maraming mamamayan na makayanan ang pagbabayad sa bumubulusok na gastusin sa pabahay, pero hindi nila natutugunan ang mga pangangailangan para sa mga programa ng "abot-kayang pabahay."

Sa ngayon, hindi nakakayanang bayaran ng walang asawang guro na may isang anak ang pabahay na itinatakda ng merkado ang presyo, pero hindi rin sila kuwalipikado para sa abot-kayang pabahay. Ang paramedic na kailangang tumira malapit sa trabaho sakaling magkaroon ng emergency? Pareho lang din ang kanilang sitwasyon. Binibigyan sila ng Proposisyon U ng oportunidad na maging bahagi ng komunidad na ito.

Namuhunan na ang gobyerno ng Lungsod ng milyon-milyong dolyar tungo sa abot-kayang pabahay nitong nakaraang dekada, pero 8% lamang ng ating mga paupahang unit ng abot-kayang pabahay ang puwedeng makuha ng mga residenteng may panggitnang kita. Nagresulta ito ng malaking pagbaba ng populasyong may panggitnang kita ng San Francisco.

Tutulungan ng Proposisyon U ang mga residente at pamilyang may panggitnang kita – ang mga guro, nurse, alagad ng sining, manggagawang pangkonstruksiyon, waiter, kusinero, at first responder na siyang puso at kaluluwa ng San Francisco – para makahanap ng pabahay dito nang hindi nagtataas ng buwis.

Pinalalawak ng Proposisyon U (Pabahay para sa may Panggitnang Kita NGAYON NA!) ang mga pangangailangan sa kita para sa mga indibidwal at pamilya na nag-a-apply para sa mga unit na may presyong mas mababa sa presyo sa merkado, at pinahihintulutan ang mga kabahayan na kumita ng hanggang sa 110% ng area median income (panggitnang kita ng lugar) upang maging kuwalipikado para sa ilang piling unit ng abot-kayang pabahay.

Sa pamamagitan ng pagtataas ng income cap (pinakamataas nang posibleng kita) upang maging kuwalipikado sa abot-kayang pabahay, pinahihintulutan ng Proposisyon U ang mga kabahayang binubuo ng dalawang katao at kumikita ng hanggang sa $94,750, at ang mga pamilyang binubuo ng apat katao at kumikita ng hanggang $118,450 taon-taon, na mag-apply para sa abot-kayang pabahay. Tinitiyak din ng Proposisyon U na hindi magbabayad ang taong nasa abot-kayang unit ng mas mataas sa 30% ng kanilang kita sa upa – kung kaya't tunay na magiging abot-kaya ito.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon U para panatilihin ang mga guro, nurse, alagad ng sining, manggagawang pangkonstruksiyon, manggagawa sa serbisyong pagpapakain, at mga first responder sa San Francisco!

Superbisor Mark Farrell
Superbisor Katy Tang

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon U

Huwag magpaloko. Inakda, itinaguyod at binayaran ng San Francisco Realtors Association ang Proposisyon U.

Nakipaglaban ang mga Realtors para gawing labag sa batas ang pagkokontrol sa upa, gawing madali para sa mga nagpapaupa na paalisin ang mga nangungupahan, at baguhin ang mga abot-kayang apartment para maging mga luxury condo. **Gusto ng mga Realtor ngayon na maniwala tayo na ipinaglalaban nila ang abot-kayang pabahay?**

Ang mga katotohanan tungkol sa Prop U:

- **Bilyong-bilyong kita para sa mga nagpapaupa at developer.** Dinodoble ang upa para sa libo-libong unit ng abot-kayang pabahay na *nariyan na* at itatayo sa hinaharap, na magbibigay ng biglang paglaki ng kita sa mga malalaking developer at nagpapaupa.
- **Nagtatanggal sa abot-kayang pabahay para sa mababa ang kita.** Tinatanggal ang deka-dekada nang batas na nagtatakda sa mga developer na gawing abot-kaya ang 15% ng mga bagong tahanan para sa mga residenteng mababa ang kita.
- **Hinihikayat ang mga pagpapaalis at pagtaas ng kita.** Binibigyan ng karapatan ang mga nagpapaupa na dramatikong itaas ang upa sa mga nariyan nang abot-kayang pabahay, na nagdudulot ng hirap at pagpapaalis sa mga taga-San Francisco na mababa ang kita.
- **Pinaglalaban sa isa't isa ang mga taga-San Francisco na panggitna ang kita at ang mga mababa ang kita.** Simple ang sagot ng Prop U para sa mas maraming pabahay para sa nasa panggitnang uri – kunin ito mula sa mga pamilyang mababa ang kita. Mali ito at wala sa katuwiran.

Bumoto ng HINDI sa U!

San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
American Federation of Teachers (Amerikanong Pederasyon ng mga Guro) Lokal 2121
Hotel Employees and Restaurant Employees (Mga Empleyado ng Hotel at Empleyado ng Restawran) Lokal 2
Jobs with Justice (Mga Trabahong may Katarungan) San Francisco
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
San Francisco Council of Community Housing Organizations (Konseho ng San Francisco ng mga Organisasyon para sa Pangkomunidad na Pabahay)
Coalition of San Francisco Neighborhoods (Koalisyon ng mga Komunidad ng San Francisco)

Senador ng Estado Mark Leno
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Superbisor Aaron Peskin

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon U

Mamimigay ang Proposisyon U ng bilyon-bilyong dolyar na karagdagang kita sa mga developer at nagpapaupa habang tinatanggal ang abot-kayang pabahay para sa mga taga-San Francisco na mababa ang kita.

Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagtatanggal sa pangangailangan sa mga developer ng pabahay na may presyong itinatakda ng merkado na magkaloob ng mga unit na abot-kaya sa mga karaniwang taga-San Francisco na kumikita ng 55% o mas mababa pa ng median income.

Kasabay nito, iniiwan ang mga nangungupahang mababa ang kita na walang mga tahanan, at *dinodoble nito ang mga upa* na puwedeng singilin ng mga developer at nagpapaupa sa mga unit na "abot-kaya."

Mas malala pa rito, retroaktibong ipatutupad ito sa mga NARIYAN NANG tahanan kung saan nakatira na ang mga nangungupahang mababa ang kita, at hinihikayat ang mga nagpapaupa na paalisin sila para makasingil sila ng mas mataas. Hindi ito lumilikha ng kahit isa man lamang bagong unit ng abot-kayang pabahay.

Noong Hunyo, inaprubahan ng napakaraming botante ng San Francisco ang Proposisyon C na nagtatakda sa mga development na may presyong itinatakda ng merkado na magkaloob ng 25% ng kanilang mga unit sa mga upa na abot-kaya para sa mga taga-San Francisco na mababa ang kita o panggitna ang kita; 15% para sa mga residenteng mababa ang kita, at 10% para sa mga panggitna ang kita. Ipinawawalang-bisa ng panukalang ito ang Prop C at hinihila tayo nang paurong:

- Tinatanggal ang lahat ng pabahay na para sa mababa ang kita at nagsasama sa lahat, at dahil dito, bumababa ang pagkakaiba-iba sa katayuang pang-ekonomiya at dinaragdagan pa ang paghihirap sa ating lungsod.
- Inuudyukan ang mga nagpapaupa na magtaas ng upa o paalisin ang mga kasalukuyang nangungupahan na mababa ang kita, na posibleng humantong sa higit na kawalan ng tahanan.
- Pinaglalaban sa isa't isa ang mga nangungupahang panggitna ang kita at ang mga nangungupahang maliit ang kita para sa mahirap makuhang abot-kayang pabahay.
- Nagbibigay ng malalaking bagong kita na posibleng umabot sa mahigit isang bilyong dolyar sa mga developer at nagpapaupa.

Kinukuha ng Proposisyon U ang abot-kayang pabahay mula sa mga pinakanangangailangan sa kalagitnaan ng pinakamalala nang krisis sa pabahay sa kasaysayan ng San Francisco.

Mangyaring iboto ang HINDI sa U.

San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
SF Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan ng SF)
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
San Francisco Council of Community Housing Organizations (Konseho ng San Francisco ng mga Organisasyon para sa Pangkomunidad na Pabahay)
Coalition of San Francisco Neighborhoods (Koalisyon ng mga Komunidad ng San Francisco)
Chinatown Community Development Center (Sentro para sa Pagpapaunlad ng Komunidad ng Chinatown)
AIDS Housing Alliance SF (AIDS na Alyansa para sa Pabahay ng SF)
Senador ng Estado Mark Leno
Dating Abugado ng Lungsod Louise Renne
Dating Superbisor Bevan Dufty
Presidente ng Lupon ng CCSF Rafael Mandelman

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon U

Wastong pinagtuunan ng mga gumagawa ng polisiya ng San Francisco ang pagpapalawak sa abot-kayang pabahay para sa mga residenteng mababa ang kita. Gayon pa man, napabayaan nang lubos ng ating mga polisiya sa pabahay ang nasa gitnang uri, at nagsisimula nang mailantad ito: habang kapwa tumaas nang 4% ang populasyon ng mga residenteng may napakaliit na kita at ng mga residenteng may napakataas na kita, lumiit naman nang 5% ang mga nasa gitnang uri.

Noong Hunyo, inaprubahan ng mga botante ang mas abot-kayang pabahay. **Tutulong ang Proposisyon U para tiyakin na matatamasa ng mga residente — ang mga guro, nurse, alagad ng sining, at first responder — ang ilan sa dumaraming makukuha na pabahay na ito.**

Isang maliit na hakbang lamang sa tamang direksiyon ang Prop U. Maipatutupad ito sa 2% ng mga unit na may presyong mas mababa sa itinatakda ng merkado sa San Francisco; 98% pa rin ng lahat ng abot-kayang pabahay ang irereserba para sa mga residenteng mababa ang kita. Pipiliin ang mga aplikante sa pamamagitan ng sistema na ala-suwerteng bunutan, kaya hindi makapagpapasya ang mga nagpapaupa kung aling nasasaklawan na kita ang mapipili at hindi rin nila makokontrol kung magkano ang upa na sisingilin.

Sa ilalim ng batas, malinaw na ipinagbabawal sa mga nagpapaupa ang pagpapaalis sa nangungupahan na may layuning palitan sila ng aplikanteng mas mataas ang kita. **Sa katunayan, pinararami ng Prop U ang mga batas na nagbibigay ng proteksiyon sa mga nangungupahan sa pamamagitan ng pagtatakda ng pinakamataas na puwedeng singiling renta sa 30% ng kita ng nangungupahan — kung kaya't matitiyak na laging makakayanan ng mga kabahayang mababa ang kita, nasa uring manggagawa at panggitna ang kita ang kanilang unit.**

Bibigyan ng Prop U ang mga residenteng nasa uring manggagawa at panggitna ang kita ng access sa pabahay na abot-kaya nila, habang pinananatili ang malaking bahagi ng mga unit na mas mababa ang presyo kaysa sa itinatakda ng merkado para sa mga taga-San Francisco na pinakamababa ang kita.

Superbisor Mark Farrell
Superbisor Katy Tang
Tagapangulo ng BOE Fiona Ma
Josephine Zhao, Kasamang Tagapagtatag, BetterHousingPolicies.org
San Franciscans for a City that Works (Mga Taga-San Francisco para sa Lungsod na Gumagana)
Mary Jung, Dating Tagapangulo, SF Democratic Party (Partidong Demokratiko ng SF)
Kat Anderson, Dating Taga-ulat na Kalihim, SF Democratic Party

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

V Buwis sa Pamamahagi ng mga Inuming Pinatatamis ng Asukal

Dapat bang mangolekta ang Lungsod ng buwis na isang sentimo kada onsa mula sa mga distributor ng mga inuming pinatatamis ng asukal?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Hindi nagpapataw ang Lungsod ng buwis sa distribusyon ng mga inuming pinatatamis ng asukal.

Ang Mungkahi: Magpapataw ang Proposisyon V ng buwis na isang sentimo kada onsa para sa distribusyon ng mga inuming pinatatamis ng asukal.

Ang inuming pinatatamis ng asukal ay isang inumin na nagtataglay ng karagdagang asukal at 25 calories o higit pa kada 12 onsa. Kasama rito ang ilang soft drinks, sports drinks, iced tea, mga juice, at energy drinks. Ipatutupad rin ang buwis sa mga syrup at powder na puwedeng gamitin sa paggawa ng mga inuming pinatatamis ng asukal, halimbawa, mga inumin na lumalabas sa mga beverage-dispensing machine (makinang pinagkukunan ng inumin).

Ang mga distributor ng mga inuming pinatatamis ng asukal sa San Francisco ang may responsibilidad sa pagbabayad ng buwis. Hindi ipatutupad ang buwis sa tingi-tinging pagbebenta ng mga inuming pinatatamis ng asukal.

May ilang inumin na hindi papatawan ng buwis, kasama na ang:

- Mga diet soda;
- Mga inuming nagtataglay ng natural na juice mula sa prutas at gulay;
- Formula para sa mga sanggol;
- Gatas na nakukuha sa mga hayop at gulay, kasama na ang gatas mula sa soy, bigas at almond;
- Terapiyang pangnutrisyon, rehydration, at iba pang inumin na may medikal na gamit; at
- Mga inuming may alkohol.

May itatatag na Tagapayong Komite na may 16 kasapi, upang gawan ng ebalwasyon ang epekto ng buwis sa pagpepresyo sa mga inumin, mga gawi sa pagbili ng konsumer, at pampublikong kalusugan. Magbibigay din ng payo ang Komite sa Mayor at Lupon ng mga Superbisor ukol sa pagpapababa ng pagkunsumo sa mga inuming pinatatamis ng asukal sa San Francisco.

Puwedeng gamitin ng Lungsod ang mga makukuhang pera mula sa buwis para sa anumang layunin ng gobyerno.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong mangolekta ang Lungsod ng buwis na isang sentimo kada onsa mula sa mga distributor ng mga inuming pinatatamis ng asukal.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyo ng buwis na ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "V"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon V:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ang ordinansang ito, magdudulot ito sa Lungsod ng pagtaas sa taunang kita sa buwis na humigit-kumulang $7.5 milyon sa piskal na taon (FY) 2017–2018 at $15 milyon sa FY 2018–19. Isang pangkalahatang buwis ang buwis na ito at idedeposito ang kikitaing pera sa Pangkalahatang Pondo.

Aamyendahan ng panukala ang Business Tax and Regulations Code (Kodigo sa Buwis at mga Regulasyon sa mga Negosyo) ng Lungsod upang magpataw ng buwis na isang sentimo kada likidong onsa sa inisyal na distribusyon sa San Francisco ng mga inuming pinatatamis ng asukal, simula sa Enero 1, 2018. Magkakaroon ng kaunting epekto sa gastusin ng gobyerno ang mga administratong gastusin sa pagpapatupad ng ordinansang ito.

Magtatatag ang panukalang amyenda ng Sugary Drinks Distributor Tax Advisory Committee (Komiteng Tagapayo para sa mga Buwis sa mga Distributor ng Maasukal na Inumin) na gagawa ng mga rekomendasyon sa Mayor at Lupon ng mga Superbisor ukol sa pagiging epektibo ng buwis. Simula 2018, magsusumite na ang komite ng taunang ulat na may ebalwasyon ng epekto sa buwis ng pagpepresyo sa mga inumin, mga gawi sa pagbili ng mga konsumer, at pampublikong kalusugan, at gagawa ng mga rekomendasyon sa posibleng pagtatatag at/o

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

pagpopondo ng mga programa na magpapababa ng konsumo sa mga inuming pinatatamis ng asukal sa San Francisco. Mananatili ang komite hanggang Disyembre 31, 2028, maliban na lamang kung pahahabain pa ng Lupon ng mga Superbisor ang pagseserbisyo nito.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "V"

Noong Hunyo 21, 2016, natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon ang panukalang ordinansa na pirmado ng mga sumusunod na Superbisor: Cohen, Farrell, Mar, Wiener.

Itinatakda ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksiyon) na maglagay ng ordinansa sa balota ang apat o higit pang Superbisor, sa ganitong paraan.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon V

Ipinakikita ng siyentipikong ebidensiya na may direktang kaugnayan ang mga inuming pinatatamis ng asukal at mga sakit na kagaya ng obesity (labis na katabaan), diyabetes, pagkasira ng ngipin, at maging ng sakit sa atay, kung kaya't tumataas ang mga gastusin sa pangangalaga ng kalusugan para sa lahat. Nagbabayad ang San Francisco ng mahigit 87 milyong dolyar para sa mga direkta at hindi direktang gastusin para sa diyabetes.

Isang uri ng toxin (elementong masama sa katawan) ang asukal na diretsong pumupunta sa atay at iba pang mahahalagang organo. Mayroong diyabetes ang 46 porsiyento ng populasyon, o nasa landas na ng pagkakaroon nito. Para sa mga Latino at Afrikano Amerikano, mas matataas pa ang porsyento. Isa sa bawat tatlong bata na ipinanganak makalipas ang 2000 ang magkakaroon ng diyabetes sa kanilang mga buhay. Tutulong ang Prop V para mabaligtad ang ganitong dumadalas nang mga pangyayari.

Buwis na isang sentimo kada onsa ang Prop V, at binabayaran *lamang* ng mga distributor ng mga soda at inuming may asukal, at makalilikom ito ng $15 milyon taon-taon na puwedeng gamitin para suportahan ang mga programa para sa edukasyong pangkalusugan, paghusayin ang access sa iniinom na tubig, at palawakin ang mga programa sa nutrisyon ng mga paaralan upang mapabuti ang kalusugan ng mga bata.

Itinatakda ng Prop V sa mga distributor ng mga inuming may asukal na bayaran ang buwis. **Hindi ito buwis sa groseriya o buwis sa mga konsumer.**

Inaprubahan na ng Berkeley ang katulad na panukala noong 2014, at naging matagumpay ito. Nakalikom na ito ng halos dalawang milyong dolyar kada taon para sa mga programang pangkalusugan, at hindi nagkaroon ng mga negatibong epekto sa mga negosyo o trabaho.

Resulta ang Prop V ng paghiling ng mga tagapagtaguyod na mula sa mga komunidad na mababa ang kita at may kulay sa mga lider sa polisiya na tugunan ang mga pangangailangan sa kalusugan ng kanilang mga komunidad.

Ang American Heart Association (Amerikanong Asosasyon para sa Puso), San Francisco Medical Society (Samahang Medikal ng San Francisco), San Francisco Dental Society (Samahang Dental ng San Francisco), mga lokal na doktor, dentista, nurse, mga propesyonal sa pampublikong kalusugan ay pawang humihikayat sa inyong suporta sa Proposisyon V.

Pakiboto ang oo para sa kalusugan ng mga bata. **Bumoto ng Oo sa Prop V.**

Superbisor Malia Cohen
Mayor Ed Lee
Superbisor Eric Mar
Superbisor Scott Wiener
Superbisor Mark Farrell
Superbisor John Avalos
San Francisco Medical Society (Samahang Medikal ng San Francisco)
NAACP
American Heart Association (Amerikanong Asosasyon para sa Puso)
San Francisco Dental Society (Samahang Dental ng San Francisco)
NICOS Chinese Health Coalition (Koalisyong Tsino para sa Kalusugan)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon V

Mangyaring gawin mismo ang pananaliksik para sa inyong sarili ukol sa Proposisyon V. **Sinasabi ng mga politiko na tungkol ito sa kalusugan—pero naipapakita ng ilang sandaling pananaliksik lamang sa internet na isa itong buwis na magtataas ng halaga ng pagkain at mga groseriya.**

Ipinapakita rin ng masinsinang pagbasa sa buod ng balota na mapupunta ang **LAHAT NG KIKITAIN mula sa panukalang buwis sa groseriya sa pangkalahatang pondo—na nangangahulugang puwede itong gastahin ng mga politiko sa anumang bagay na gusto nila.**

Totoo rin ito sa Berkeley kung saan pinatataas ng buwis sa groseriya ang halaga ng mga gastusin.

Isang buwis ang Proposisyon V sa mga distributor ng daan-daang inumin at produkto, hindi sa mga produkto mismo. Ang mga distributor ang mga taong tulad ng may-ari ng groseriya o restawran sa inyong komunidad. Walang nasa batas na makapipigil sa pagpapasa ng buwis sa mga konsumer sa pamamagitan ng pagtataas ng presyo ng anumang bagay sa tindahan at restawran at iniuulat na ng mga may-ari ng groseriya at restawran na iyon na nga mismo ang mapupuwersa silang gawin.

Dahil gumagasta ang mga pamilyang mababa ang kita ng mas malaking porsiyento ng kanilang kita sa mga groseriya, sila ang pinakanasasaktan. Ipinapakita ng bagong pag-aaral ng mga nangungunang ekonomista na nagdudulot ang pagtataas ng buwis sa mga groseriya ng higit na kawalan ng seguridad sa pagkain para sa pinakamahihirap na Amerikano. Puwede ninyong mabasa ang pananaliksik na ito sa www.SFGROCERYTAXFACTS.ORG.

Inilagay ang Proposisyon V sa balota ng apat na superbisor matapos silang mabigo na makapagsumite ng sapat na pirma mula sa mga botante. Tinanggihan na ng mga taga-San Francisco ang isang katulad na panukala noong 2014.

Tama na, sobra na. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon V.

Henry Karnilowicz, Presidente
San Francisco Council of District Merchant Associations (Konseho ng mga Asosasyon ng mga Negosyante sa mga Distrito ng San Francisco)

Mitchell Omerberg, Presidente
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon V

Sinasabi ng mga politiko na tungkol sa kalusugan ang buwis na ito, pero wala ni isang sentimo na nakatuon sa mga programang pangkalusugan. Nakasaad sa opisyal na buod na, "Puwedeng gamitin ng Lungsod ang mga makukuhang pera mula sa buwis para sa anumang layunin ng gobyerno."

Naitutulak na palabas ng lungsod ang mga taga-San Francisco dahil sa mga presyo rito.

Ngayon, gustong gawing higit na magastos sa San Francisco sa pamamagitan ng **buwis sa groseriya** — kahit na tinanggihan na ng mga botante ang katulad na batas noong 2014.

Tinatawag ito ng mga politiko na tax sa mga soda. Kung gagawa kayo ng sariling pananaliksik, makikita ninyong hindi ito totoo.

Sa halip na direktang ipapataw sa mga inumin, ipapataw ang buwis na ito sa mga "distributor," kasama na ang mga may-ari ng maliliit na negosyo na kagaya ko. Ito ay dahil **nililimitahan** ng batas ng estado ang kakayahan ng mga lokal na gobyerno na direktang magpataw ng buwis sa pagbebenta sa karamihan sa mga inumin. Walang makapipigil sa paglilipat sa buwis na ito tungo sa anumang paninda sa ating mga groseriya at restawran.

Dahil dumaranas na ang maliit na negosyo na gaya ng sa akin ng matinding kagipitan dahil sa tumataas na mga gastusin, mapipilitan kaming **ipasa ang buwis na ito sa mga kostumer** – na mangangahulugan ng mataas na presyo ng pagkain at groseriya.

Dahil dito, kahit na hindi bibili ng soda ang mga konsumer, posible pa ring tumaas ang kanilang gastusin sa groseriya. Hindi ito makatarungan.

Hindi sumasang-ayon si Senador Bernie Sanders sa mga ganitong uri ng regressive na buwis (kumukuha ng mas malaking porsiyento mula sa maliit ang kita kaysa sa malaki ang kita), at sinabi niyang isa itong "…regressive na buwis sa groseriya na hindi pantay na makaaapekto sa mga Amerikanong mababa ang kita at nasa panggitnang uri."

Inamin kahit na ng pangunahing nagpanukala ng buwis na ito na pinakamasasaktan sa buwis na ito ang mahihirap na tao. Ang direktang sipi mula sa kanya ay: "This tax definitely affects those folks at the bottoms (Tiyak na maapektuhan ng buwis na ito ang taumbayang nasa ibaba)."

Mahigit isang libong may-ari ng mga groseriya at restawran sa komunidad ang sumasalungat sa Proposisyon V dahil isa itong buwis sa mga groseriya.

Tama na, sobra na. Mayroon tayong mas mahahalagang prayoridad at buwis sa groseriya ang huling bagay na kailangan natin. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon V.

Alamin mismo ang mga katotohanan sa www.DontTaxOurGroceries.com.

Troy Reese
May-ari, Queen's Louisiana Po Boy Cafe

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon V

Ang Industriya ng mga Inumin ang tanging nagpopondo sa kampanya laban sa Prop V.

Huwag magpaloko sa Malalaking Kumpanya ng Soda. **Hindi buwis sa groseriya ang Prop V.** Walang datos na sumusuporta sa pahayag ng Malalaking Kumpanya ng Soda na mailipat ang buwis na ito sa iba pang produkto. Nakapagpasa na ang Berkeley ng halos kaparehong-kapareho na buwis noong 2014 at WALANG nakitang pagtaas ng presyo ng mga groseriya ang mga konsumer.

Tinatawag ito ng Industriya ng mga Inumin na regressive na buwis, pero magpakatotoo tayo - **REGRESSIVE NA SAKIT (sakit na mukhang nababawasan ang sintomas pero nariyan pa rin) ang Type 2 na Diyabetes.** Kung lubhang nag-aalala ang Industriya ng mga Inumin sa kalusugan ng mga tao na nasa mga komunidad ng mabababa ang kita, titigil na sila sa espisipikong pagtutuon sa mga taong ito sa pamamagitan ng agresibong pagbebenta. Hindi na sana sila gumasta ng $28 milyon nitong nakaraang taon para sa pagbebentang nakatuon sa mga kabataang Afrikano Amerikano at Latino. Makalipas ang 2000, 50 porsiyento ng mga kabataang Afrikano Amerikano (kung ihahambing sa 25 porsiyento ng mga kabataang Puti) ang magkakaroon ng Type 2 na Diyabetes sa buong buhay nila. Hindi ito pagkakataon lamang.

Nag-aalala ang Malalaking Kumpanya ng Soda dahil sa siyentipikong ebidensiya na may kaugnayan ang mga problemang pangkalusugan, kasama na ang diyabetes at obesity, sa pag-inom ng mga pinatatamis ng asukal na inumin.

Hindi sinasang-ayunan ng Malalaking Kumpanya ng Soda ang medikal na pananaliksik at ginagamit ang kaparehong mga argumento na ginamit ng Malalaking Kumpanya ng Tabako laban sa mga buwis sa sigarilyo. Pero epektibo ang mga buwis sa sigarilyo, at nakapagliligtas ng mga buhay. **Kanino kayo nagtitiwala: sa mga doktor, dentista at mananaliksik, o sa Malalaking Kumpanya ng Soda?**

May pananagutang nakasaad sa Prop V. Bubuo ang panukula ng komite ng mga eksperto sa medisina, kalusugan ng ngipin at edukasyon upang gumawa ng mga rekomendasyon sa Lupon ng mga Superbisor ukol sa pagpopondo ng mga programa na makapagpapabuti sa kalusugan ng mga bata sa San Francisco. Napatunayan nang epektibo ang sistemang ito.

BUMOTO NG OO SA PROP V.

Kunin niyo mismo ang mga katotohanan - www.sfunitedtoreducediabetes.com

San Francisco Medical Society
American Heart Association

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

W Buwis sa Paglilipat ng Pagmamay-ari ng Real Estate para sa Mga Ari-arian na Nagkakahalaga nang Mahigit sa $5 Milyon

Dapat bang taasan ng Lungsod ang porsiyento ng transfer tax para sa pagbebenta ng mga ari-ariang residensiyal at komersiyal, mula sa 2% tungo sa 2.25% para sa mga ibinentang mula sa $5 milyon hanggang sa $10 milyon; mula sa 2.5% tungo sa 2.75% para sa mga ibinentang mula sa $10 milyon hanggang sa $25 milyon; at mula sa 2.5% tungo sa 3% para sa mga ibinentang nagkakahalaga ng $25 milyon o higit pa?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Kumokolekta ang Lungsod ng transfer tax (buwis sa paglilipat ng pagmamay-ari) sa karamihan sa mga pagbebenta ng residensiyal at komersiyal na real estate sa San Francisco. Ipinapataw din ang buwis na ito sa mga upa na may terminong 35 taon o higit pa. Kadalasang nakabatay ang porsiyento ng buwis sa presyo ng pagbebenta ng real estate. Sa kasalukuyan, ang mga porsiyento ng transfer tax ay:

Presyo sa Pagbebenta ng Real Estate	Porsiyento ng Buwis
Mahigit sa $250,000 at mas mababa sa $1,000,000	0.68%
Hindi bababa sa $1,000,000 at mas mababa sa $5,000,000	0.75%
Hindi bababa sa $5,000,000 at mas mababa sa $10,000,000	2.00%
Hindi bababa sa $10,000,000	2.50%

Napupunta ang perang nakokolekta sa buwis na ito sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod.

Kapag nagbago ng pag-aari ang isang negosyo, kailangan nitong magbayad ng transfer tax sa real estate na pag-aari nito.

Nililimitahan ng batas ng estado ang halaga ng kita, kasama na ang kita mula sa buwis, na puwedeng gastusin ng Lungsod taon-taon. Binibigyan ng awtorisasyon ng batas ng estado ang mga botante ng San Francisco na aprubahan ang mga pagtaas sa limistasyong ito para sa pinakamahaba nang panahon na apat na taon.

Ang Mungkahi: Tataasan ng W ang porsiyento ng transfer tax para sa real estate na may presyo sa pagbebenta na mahigit sa $5 milyon, kasama na ang mga upa na may habang 35 taon o higit pa. Para sa mga ari-ariang may presyo sa pagbebenta na mas mababa sa $5 milyon, hindi magbabago ang kasalukuyang porsiyento ng buwis. Ang mga mungkahing porsiyento ng buwis ay:

Presyo sa Pagbebenta ng Real Estate	Mungkahing Porsiyento ng Buwis
Mahigit sa $250,000 at mas mababa sa $1,000,000	0.68% (walang pagbabago)
Hindi bababa sa $1,000,000 at mas mababa sa $5,000,000	0.75% (walang pagbabago)
Hindi bababa sa $5,000,000 at mas mababa sa $10,000,000	2.25%
Hindi bababa sa $10,000,000 at mas mababa sa $25,000,000	2.75%
Hindi bababa sa $25,000,000	3.00%

Tataasan din ng Proposisyon W ang limitasyon ng estado sa taunang paggasta ng Lungsod sa kita mula sa buwis, ayon sa halaga ng karagdagang buwis na makokolekta sa ilalim ng mungkahing pagtaas ng porsiyento. Tatagal ang pagtaas ng limitasyon nang apat na taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong taasan ang porsiyento ng transfer tax para sa pagbebenta ng mga ari-ariang residensiyal at komersiyal nang:

- hanggang 2.25% para sa mga ibinentang mula sa $5 milyon hanggang $10 milyon;
- hanggang 2.75% para sa mga ibinentang mula sa $10 milyon hanggang $25 milyon; at
- hanggang 3.00% para sa mga ibinentang $25 milyon o higit pa.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "W"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon W:

Tataasan ng panukalang ordinansa ang transfer tax sa mga ari-arian na tinatasa sa mga paglilipat na mahigit sa $5 milyon, at sa aking opinyon, lilikha ito ng malaking karagdagan na kita para sa mga serbisyo ng gobyerno.

Tataasan ng ordinansa ang porsiyento ng buwis sa transfer tax sa real estate para sa mga transaksiyon na nasa pagitan ng $5 milyon at $10 milyon mula 2% tungo sa 2.25%, ang porsiyento sa buwis sa mga transaksiyon na nasa pagitan ng $10 milyon hanggang sa $25 milyon mula sa 2.5% tungo sa 2.75%, at ang porsiyento sa mga transaksiyon na may halaga na hindi bababa sa $25 milyon mula sa 2.5% tungo sa 3%. Kapag ginamit ang mga porsiyento ng buwis na ito at ang kasalukuyang pagtaya sa halaga ng mga ari-arian sa mga transaksiyon na naganap nitong pinakahuling siklong pang-ekonomiya, ang lalabas na taunang kita mula sa proposisyong ito ay may saklaw na mula sa mababang halaga na $10 milyon hanggang sa pinakamataas na $73 milyon, at may panggitnang halaga na $45 milyon.

Bagamat tinataya na magbubunga ang panukalang ordinansa ng karaniwang karagdagang kita na $45 milyon kada taon, batay sa mga transaksiyon mula sa pinakahuling siklo na pang-ekonomiya, mahalagang tandaan na sa mga pinagmumulan ng kita ng Lungsod, ito na ang pinakapabago-bago, at posibleng hindi magamit sa prediksiyon ng mga kita sa hinaharap ang mga pagtayang nakabatay sa mga naganap nitong nakaraang mga taon.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "W"

Noong Hulyo 19, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 10 laban sa 1 para ilagay ang Proposisyon W sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Breed, Campos, Cohen, Kim, Mar, Peskin, Tang, Wiener, Yee.

Hindi: Farrell.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon W

Napakasimple ng Prop W: hinihingi natin sa mga taong maganda ang kabuhayan na magbayad ng karagdagang maliit na halaga kapag nagbenta sila ng kanilang luxury (maluluho) na ari-arian upang makatulong sa pagpapahusay ng napakahahalagang mga serbisyo ng lungsod at makalikha ng mas maraming mga oportunidad.

Itinataas ng Prop W ang transfer tax (buwis sa paglilipat ng pagmamay-ari) na ibinabayad kapag may naibebentang luxury na tahanan at mamahalin na ari-ariang komersiyal. Ipatutupad lamang ang mga bagong porsiyento ng transfer tax sa mga ari-arian na nagkakahalaga ng mahigit sa $5 milyon. Itinataas ng inisyatibang ito ang transfer tax nang 0.25% sa mga ibinentang ari-arian na nagkakahalaga ng mahigit sa $5 milyon, at ng 0.50% para sa mga ibinentang ari-arian na nagkakahalaga ng mahigit $25 milyon.

Walang pagbabago sa porsiyento ng transfer tax para sa mga ibinentang ari-arian na nagkakahalaga ng mas mababa sa $5 milyon.

Tinataya ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na maglilikom ang inisyatibang ito ng $44 milyon taon-taon, na mga bagong pondo na makatutulong sa pagtatayo ng mas maraming abot-kaya na pabahay, masusuportahan ang ating mga matatanda, indibidwal na may mga kapansanan at pamilyang may mga anak, at matutulungan ang mga residenteng homeless na makaalis mula sa lansangan.

Isa ring mahalagang hakbang ang Prop W tungo sa pagiging accessible ng mas mataas na edukasyon sa lahat at sa ating lumalaki na panggitnang uri. Noong Hulyo, lubusan ang pagkakapasa ng resolusyon upang gawin na pangunahing prayoridad ng bagong malilikom na buwis ang pagiging **Libre ng City College para sa mga residente ng San Francisco**. Ngayon, kailangan nating ipasa ang Prop W para magkaroon tayo ng pondo upang maging realidad ang ating resolusyon at gawing abot-kamay ang mataas na edukasyon para sa lahat!

Pamumuhunan sa mas matatag na serbisyo at pagtatrabaho para sa ekonomiyang gumagana para sa ating lahat – malaking bagay iyan para sa ating lungsod.

Mangyaring samahan kami sa pagboto ng OO sa W.

Alamin pa ang tungkol dito sa www.FairShareSF.org.

Superbisor Jane Kim
Superbisor David Campos
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Norman Yee
Brigitte Davila, Katiwala, San Francisco College Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala ng Kolehiyo ng San Francisco)
Matt Haney, Presidente, San Francisco Board of Education (Lupon sa Edukasyon ng San Francisco)
City College of San Francisco Faculty Union (Unyon ng Kaguruan ng Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco), AFT 2121
Community Housing Partnership (Pagtutulungan para sa Pabahay sa Komunidad)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon W

Ipinahahayag ng mga may-panukala ng batas sa buwis na ito na isa lamang itong pagtaas ng buwis sa mga luxury na residensiyal at komersiyal na ari-arian.

Gayon pa man, nakatuon talaga ang buwis sa ating mas malalaki na pang-apartment at komersiyal na gusali kung saan kontrolado ang upa, itinuturing mang "luxury," o hindi ang mga ito, abot-kaya, o nag-aalok ng mga upa na mas mababa sa itatakdang presyo ng merkado sa mga residente at negosyo. Nasasakop ang mga gusaling ito ng pagtaas ng buwis dahil sa kanilang laki, at ito rin ang mga gusali kung saan malaking porsiyento ng ating mga pangmatagalang residente at negosyo ang nakatira at umuunlad.

Hindi basta na lamang tatanggapin ng mga gusaling nasasakop ng buwis na ito ang pagtaas. Isasama ang pagtaas ng porsiyento ng buwis sa halaga ng pagbebenta at ipapasang muli ito sa mga residente at maliliit na negosyo ng lungsod sa pamamagitan ng mas mataas na upa at mga pagtaas ng upa.

Tingnan nang masinsinan ang mga detalye ng buwis na ito. Wala ni isang sentimo ang nakatuon sa pagtulong sa mga estudyante ng City College.

At malinaw na hindi solusyon ang buwis sa ating mga gusali, negosyo at residente kung ang ating mga upa para sa mga apartment at komersiyal na gusali na ang pinakamataas sa bansa.

Tanggihan ang Prop W ngayong Nobyembre.

Hikayatin ang San Francisco na bigyan ng prayoridad ang City College sa $9.6 Bilyon na budget nito.

San Francisco Apartment Association (Asosasyon ng mga Apartment ng San Francisco)

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon W

Nailarawan na ng mga tagapagtaguyod ang batas na ito sa buwis na hindi mahusay ang pagkakasulat bilang buwis sa luxury na ari-arian upang magawang libre ang City College para sa mga estudyante. Pero wala nang lalayo pa sa katotohanan. Sa pagtingin sa teksto ng mungkahi, tiyak na walang anumang pondo na malilikom ng buwis na ito ang nakatalaga o garantisado para sa aktuwal na pagbabayad ng matrikula ng kahit na isang estudyante ng City College.

Sa katunayan, nakatakda na ang direktang pagkakapasok ng bawat sentimo ng malilikom na buwis sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod, kung saan masasaklaw ito ng mga kapritso ng Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco at ng proseso nito ng pagba-budget.

Kasalukuyang may budget na $9.6 Bilyon ang Lungsod, pero hinihiling pa rin nito sa mga residente na maglabas ng karagdagan na ilang daang milyong dolyar mula sa mga kita sa buwis, sa pamamagitan ng panukalang ito at iba pang panukala na nasa balota sa Nobyembre.

Ipatutupad ang buwis na ito sa pagbebenta kapwa ng mga residensiyal at komersiyal na ari-arian at nakatuon ito sa mas malalaking gusali. Sa San Francisco, posibleng mga malalaking pang-apartment na gusali ito, na tahanan ng daan-daang mga nangungupahan na kontrolado ang upa, o posibleng mga pang-opisina at komersiyal na mga gusali na nagpapasigla sa ating mga komunidad at tahanan ng maliliit at lokal na negosyo.

Kapag naipasa ang panukala, halos tiyak nang ililipat ang pagtaas ng buwis sa mga kasalukuyang residente at mga residente sa hinaharap, at sa mga kasalukuyang maliliit na negosyo at negosyo sa hinaharap sa pamamagitan ng mas mataas na halaga ng upa at renta.

Talagang may kabutihan ang pagtulong sa mga estudyante ng City College na makakuha ng libreng edukasyon. Pero hindi ang buwis na ito ang sagot. Wala sa perang malilikom ng buwis ang garantisadong mapupunta sa kahit na isang estudyante ng City College. Nakatuon ang buwis sa mas malalaking komersiyal at residensiyal na gusali na karaniwang tahanan ng ating napakahahalagang maliliit na negosyo at mga nangungupahan na kontrolado ang upa. Kung titingnan ang paraan ng paghawak ng Lungsod ng kasalukuyang $9.6 Bilyong budget nito, hindi sagot ang isa na namang buwis na para sa Pangkalahatang Pondo.

Bumoto ng Hindi sa W.

San Francisco Apartment Association (Asosasyon ng mga Apartment sa San Francisco)

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon W

Ibayo ang paglakas ng ating lungsod — pero para sa maraming mga residente, may naging pakiramdam na parang pabagsak ito.

Itataas ng Prop W ang mga buwis sa pagbebenta ng mga ari-arian na nagkakahalaga ng $5 milyon o higit pa. Maganda ang kabuhayan ng mga nagmamay-ari ng mga ari-ariang ito; tutulong ang panukalang ito sa pagtiyak na naibabahagi sa lahat ng mga residente ng San Francisco ang tagumpay na natulungan ng Lungsod na makamit.

Puwedeng magamit ang mga kita sa buwis ng Prop W para sa mahahalagang serbisyo ng lungsod kagaya ng pagtulong sa mga pamilyang homeless at pagtatayo ng mas abot-kayang pabahay. At ngayong tag-araw, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor upang bigyan ng prayoridad ang pagiging libre muli ng City College — na katulad noong 1984 — sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagong kita sa buwis ng Lungsod, na gaya ng mga nalilikom sa pagtataas ng transfer tax sa real estate.

Matutulungan nito ang libo-libong residente na magkaroon ng mas magandang buhay. Sa karaniwan, kumikita ang nakapagtapos sa City College ng mas mataas nang $11,000 kada taon kaysa sa mayroong diploma na mula sa mataas na paaralan. At napatunayan nang daan ang City College tungo sa institusyong pang-apat na taon. Sa lubusang pagtaas ng mga upa, ano ang ibig sabihin ng karagdagang $11,000 kada taon para sa inyong mga kapitbahay at kaibigan? Ano ang ibig sabihin nito sa inyong pamilya?

Mas marami pa ang magagawa natin para matulungan ang nagtatrabahong pamilya. Hinihingi lamang ng Prop W sa pinakamayayamang tao sa San Francisco, na kabilang sa pinakamayayaman sa buong bansa, na magbigay pa ng kaunti pabalik sa Lungsod na napakarami na ang naibigay sa kanila.

Mamuhunan para sa mas matatatag na serbisyo. Mamuhunan para sa mga pamilya ng San Francisco. Mamuhunan sa ating kinabukasan. Bumoto ng Oo sa Prop W.

Superbisor Jane Kim
Superbisor Aaron Peskin

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

X Pagpepreserba ng Espasyo para sa mga Sining ng Kapitbahayan, Maliliit na Negosyo, at mga Serbisyo sa Komunidad para sa ilang Kapitbahayan

Dapat bang itakda ng Lungsod sa mga developer ng mga proyekto sa ilang bahagi ng Komunidad ng Mission at South of Market na magtayo ng pamalit na espasyo kapag tinanggal nila ang paggamit kaugnay ang production, distribution and repair (produksiyon, distribusyon, at pagkumpuni, PDR) ng 5,000 square feet o higit pa, paggamit kaugnay ang institutional community (institusyonal na komunidad, IC) ng 2,500 square feet o higit pa, paggamit kaugnay ang gawaing sining anuman ang sukat, at upang makakuha ng awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit bago palitan ang paggamit sa ari-arian?

OO
HINDI

Buod ng Komite para sa Simplipikasyon ng Balota

Ang Kalagayan Nito Ngayon: Naglalagay ng limitasyon ang mga batas sa pagsosona ng Lungsod sa puwedeng itayo ng mga may-ari ng lupa at kung paano nila puwedeng gamitin ang kanilang ari-arian. Noong 2008, nagpatupad ang Lungsod ng plano para baguhin ang pagsosona sa mga Eastern Neighborhood (Mission, Potrero Hill, sa ilang mga bahagi ng waterfront sa timog na bahagi ng Mission Bay, at ilang bahagi ng komunidad sa South of Market). Bukod sa mga residensiyal at komersiyal na gamit, kasama sa iba pang uri ng paggamit na pinahihintulutan sa mga Eastern Neighborhood – na kasaluku-yang marami na ang nawawalan na ng lugar – ay:

- Production, distribution and repair (PDR): kabilang sa mga gamit ng PDR ang sari-saring klase ng paggamit na light-industrial at craft, tulad ng mga gamit sa mga negosyong automotive, storage, wholesale at maliit na negosyo (mga tagagawa ng kasangkapan sa bahay, recording studio, tindahan ng gamit sa pagtutubero, art studio, at mga nagtitinda ng kahoy).
- Institutional community (IC): Kasama sa mga gamit ng IC ang mga pasilidad para sa pangangalaga ng bata at komunidad, pagsasanay sa trabaho, mga institusyong panrelihiyon, at mga serbisyong panlipunan.
- Mga gawaing pansining: kasama sa mga gamit ang espasyo para sa pagganap, eksibisyon, pag-eensayo at produksyon sa sining biswal, sining ng pagganap at tunog, pati na rin ang mga art studio at paaralang pansining.

May mga pagkakataon na para magamit ang ari-arian, kinakai-langang maglabas muna ang Planning Commission (Komisyon sa Pagpaplano) ng Lungsod ng awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit, na maaaring i-apela sa Lupon ng mga Superbisor.

Ang Mungkahi: Sa pangkalahatan, itatakda ng Proposisyon X sa mga developer ng mga proyekto sa ilang bahagi ng mga komunidad ng Mission at South of Market na magtayo ng kapalit na espasyo sa kanilang bagong proyekto, kapag tinanggal nila ang:

- mga paggamit na PDR ng 5,000 square feet o higit pa,
- mga paggamit na IC ng 2,500 square feet o higit pa, o
- mga paggamit para sa mga gawaing pansining, ano man ang laki.

Nakabatay ang halaga at uri ng pampalit na espasyo sa pagsosona ng lugar. Pababababain ang mga itinatakda sa mga pampalit kung may presyo ang pampalit na espasyo na 50% na mas mababa sa market rate (presyo sa merkado). Posibleng pahintulutan ng Lupon ng mga Superbisor ang mga developer na magbayad ng singil o magtayo ng kapalit na espasyo na nasa ibang lugar.

Itatakda rin sa mga proyektong ito na kumuha ng awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit bago palitan ang paggamit ng ari-arian.

Kasama sa mga eksempsiyon o hindi pagkakasali mula sa mga itinatakdang ito ang mga proyekto na:

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

- naaprubahan na ng Planning Commission bago pa ang Hunyo 14, 2016; at
- eksklusibong binubuo lamang ng abot-kayang pabahay.

Pahihintulutan ng Proposisyon X ang Lupon ng mga Superbisor na palitan ang mga itinatakdang ito sa pamamagitan ng botong two-thirds (2/3).

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong itakda ng Lungsod sa mga developer ng mga proyekto sa ilang bahagi ng mga komunidad ng Mission at South of Market na magtayo ng kapalit na espasyo kapag tinanggal nila ang mga paggamit na production, distribution and repair (PDR) ng 5,000 square feet o higit pa, paggamit na institutional community (IC) ng 2,500 square feet o higit pa, o paggamit kaugnay ang gawaing pansining anuman ang sukat, at upang makakuha ng awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit bago palitan ang paggamit sa ari-arian.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong mangyari ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "X"

Inilabas ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si Ben Rosenfield ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon X:

Sa aking palagay, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang ordinansa, paliliitin ang kitang magagamit para sa mga pangkalahatang serbisyo ng gobyerno nang ilang milyong dolyar taon-taon.

Itinatakda ng panukalang amyenda na kumuha ang ilang proyektong gustong palitan o wasakin ang mga kasalukuyang espasyo na nasa mga komunidad ng Mission at South of Market at may mga paggamit na production, distribution, repair (PDR), o institutional community, ng awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit mula sa Planning Commission bago magtayo ng bagong espasyong pang-opisina o pabahay sa mga lugar na iyon. Itatakda rin sa mga proyektong ito na magkaloob ng bagong espasyo na may tiyak na sukat para palitan ang espasyong PDR o pangkomunidad na babaguhin ang gamit o wawasakin.

Tatanggap ang Lungsod at iba pang ahensiyang pampubliko ng mas mababang halaga bilang kita mula sa buwis sa ari-arian, hangga't mas mababa ang natasang halaga ng bagong ari-arian na para sa mga paggamit na PDR o institutional community, kaysa sa mga natasang halaga ng mga bagong espasyong residensiyal o pang-opisina. Nakikinita ng aking tanggapan ang kawalan ng kita na nasa pagitan ng $2.1 at $4.3 milyon taon-taon. Sinasalamin ng malawak na epekto sa tinatayang kita mula sa buwis ang kawalang katiyakan hinggil sa epekto ng ordinansa sa posibleng pagpapaunlad sa Lungsod sa kinabukasan.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "X"

Noong Agosto 2, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 7 laban sa 4 para ilagay ang Proposisyon X sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Avalos, Breed, Campos, Kim, Mar, Peskin, Yee.

Hindi: Cohen, Farrell, Tang, Wiener.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 48.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon X

Kailangang kumilos na tayo NGAYON para protektahan ang pinakamahuhusay na bahagi ng San Francisco at kung hindi, mawawala ang puso at kaluluwa ng ating lungsod.

Itatakda ng panukalang ito sa mga bagong development sa South of Market at Mission District na palitan, bahagya man o sa kabuuan, ang mga nariyan nang espasyo na inookupahan ng sining, mga negosyong pang-manggagawa, at mga serbisyong pangkomunidad na nonprofit, kapag binuwag o pinalitan ng mga bagong proyekto ang mga espasyong ito.

Hangga't hindi natin naipapasa ang Prop X, hinaharap natin ang hindi na mapanunumbalik pang pagkawala ng mga abot-kayang espasyo para sa mga sining ng komunidad, maliliit na negosyong pang-manggagawa, at mga serbisyo sa komunidad na bumubuo ng pangkulturang pamana at lokal na ekonomiya ng ating Lungsod. Nalansag na ng bagong real estate development ang halos 1 milyong square feet ng espasyong ito sa loob lamang ng nakaraang limang taon – kung saan nasa mga komunidad ng Mission at South of Market ang karamihan sa mga nawala.

Nagresulta ito sa pagtutulak palabas sa mga negosyo, organisasyong pangkomunidad at mga alagad ng sining mula sa kanilang matagal nang mga komunidad, at para sa marami sa kanila, mula sa Lungsod nang lubusan.

Magkakaloob ang Prop X ng espasyong kailangan nila. Puwede nang magsimula at umunlad ang maliliit na negosyo. Puwede nang mapanatili ng mga alagad ng sining ang napakahalaga nilang malikhaing diwa. May makukuha nang espasyo ang mga naglilingkod sa komunidad.

Tumutulong ang Prop X para mapanatili ang:

- Ating masiglang komunidad sa sining, ang kanilang mga studio, gallery at palihan.
- Mga maliliit na negosyong Production, Distribution and Repair (produksiyon, distribusyon at pagkukumpuni, PDR) na nagkakaloob ngayon ng magagandang trabaho.
- Mga serbisyong pangkomunidad na nonprofit na nagkakaloob ng pang-araw-araw na suporta sa mga residente ng Lungsod.

Itinataya ng Pinunong Ekonomista ng Lungsod na ililigtas ng inisyatibang ito ang mga nariyan nang trabaho at lilikha ng mga bagong trabaho. Maraming taon na tayong naghintay para protektahan ng Lungsod ang mga alagad ng sining at manggagawang ito. Hindi nila ito nagawa. **Hindi na tayo makapaghihintay pa.**

NGAYON na ang panahon upang tumindig at protektahan ang katangian at pamanang pangkultura ng ating Lungsod. Samahan kami sa pagboto ng OO sa Prop X.

Mangyaring alamin pa ang tungkol rito sa www.ProtecttheBestSF.org.

Superbisor Jane Kim
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor David Campos
Superbisor Norman Yee
Cultural Space Coalition (Koalisyon para sa Pangkulturang Espasyo)
Cultural Action Network (Network para sa Pangkulturang Aksiyon)
Social Imprints, lokal na tagapaglikha at panlipunang negosyo

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon X

Tanggihan ang Napakasamang Pagpaplano sa Pamamagitan ng Balota. Bumoto ng hindi sa Prop X!

Walang mapoprotektahan ang Prop X. Itataas nito nang malaki ang halaga ng pabahay upang makalikha ng maliliit at mahal na espasyo na hindi magagamit o makakayanan ang presyo ng industriya, mga alagad ng sining o nonprofit. Dinisenyo ang panukala na ito para itigil ang produksiyon ng pabahay.

Heto ang mga katotohanan:

- **Hindi sinusuportahan ng pinakamalaking asosasyon ng manufacturer ang panukalang ito.** Hindi kasama rito ang mga patakarang magtatakda na ang mga bagong espasyo ay mga uri ng espasyo na talagang kailangan ng mga maliliit na manufacturer. Hindi epektibo ang mga espasyong lilikhain ng inisyatibang ito para sa karamihan ng mga produksiyong panlungsod.
- **Nakapagreserba na ang lungsod ng malalaking bahagi ng mga Eastern Neighborhood para sa industriyal na paggamit bilang bahagi ng proseso ng muling pagsosona na tatagal nang sampung taon.** Sa harap ng kritikal na kakulangan sa pabahay, kailangan natin ng mas maraming tahanan, at hindi ng industriyal na espasyo na hindi magamit.
- **Lubusang walang dahilan para kailanganin ang paglalagay sa panukalang ito sa balota.** Kung binabasa ninyo ang argumentong ito sa mga sandaling ito, nalampasan niyo na ang dalawampu't apat na lokal na panukala para makarating sa Prop X. Hindi ito ang paraan para gumawa ng polisiya.

Sabihin sa Lupon ng mga Superbisor na kailangang gawin nila ang trabaho na inihalal sila para gawin.

Bumoto ng HINDI sa Prop X.

Laura Clark, Grow San Francisco

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon X

Gusto nating lahat na mapanatili ang mga sining, industriya at non-profit dito. Ito ang maling paraan para gawin iyon.

Matapos ang mahigit sampung taon ng pampublikong debate, nagpasa ang Lupon ng mga Superbisor ng mga patakaran sa pagsosona para sa mga Eastern Neighborhood na naghahanap ng balanse sa pagitan ng pagpapanatili ng espasyo para sa industriya, mga alagad ng sining at mga nonprofit at pabahay. Sumasang-ayon tayo na panahon na para magtasa kung tama ang balanse – at gumawa ng pagbabago kung hindi. Gayon pa man, ang panukalang ito, na madaliang pinag-isipan, nang walang pagsusuri o datos, at walang pagsisikap na maabot ang pinaka-apektadong mga komunidad, ay hindi ang paraan para magawa ito. Heto ang mga dahilan:

- Napipinsala ang produksiyon at ang pagiging abot-kaya ng pabahay. Sa pagtatakda sa mga nagtatayo ng mga tahanan na magsama ng industriyal na espasyo sa mga bagong gusali, tumataas ang presyo at bumababa naman ang bilang ng bagong pabahay, sa panahon pa naman na higit kailanman, kailangan-kailangan natin ng mas maraming pabahay.
- Maling uri ng mga espasyo para sa industriya at mga sining. Lilikha ang panukalang ito sa balota ng maliliit at mahal na mga "boutique (espesyalisado)" na espasyo para sa mga alagad ng sining at industriyal na paggamit, at walang mga kasamang patakaran na nagsasabi sa mga may-ari ng gusali kung magkano ang puwede nilang singilin para sa upa, at walang ring mga gabay na magtitiyak na magiging kapaki-pakinabang nga ang mga espasyo para sa mga totoong alagad ng sining, manufacturer, o iba pang industriyal na gamit.
- Hindi nararapat para sa balota. Puwede namang nagawa na ang lahat ng mga hinihingi ng panukalang ito sa normal na proseso ng pagpaplano, at sa katunayan, may pagsasabatas nang nakasalang para magawa iyon. Kailangang magawa ang ganitong mga uri ng mga pagbabago sa pagsosona nang pinag-iisipang mabuti, upang mabalanse ang maraming mahahalagang pangangailangan at interes. Mayroon tayong Komisyon sa Pagpaplano at Lupon ng mga Superbisor para gawin ito sa ngalan ng mga residente ng Lungsod

Padalhan ng mensahe ang inyong mga inihalal na lider na gawin ang trabaho nila. Samahan kami sa pagboto ng hindi sa Proposisyon X.

Gabriel Metcalf, SPUR
Kate Sofis, SFMade (asosasyon ng mga manufacturer sa San Francisco)
Tim Colen, San Francisco Housing Action Coalition (Koalisyon para sa Aksiyon sa Pabahay)

Sagot sa Argumento ng Katunggali na Laban sa Proposisyon X

Gusto lang nilang maghintay hanggang sa maging huli na ang lahat.

Pero kailangan na ng San Francisco ng aksiyon **NGAYON** para maprotektahan ang ating mga komunidad.

Naitala na ng "Monitoring Report (Ulat sa Pagsubaybay)" ng Departamento para sa Pagpaplano ng Lungsod na **nagiba na ang isang milyong feet (talampakan) ng Serbisyo para sa Sining/Komunidad at Espasyo para sa mga Trabahong Pangmanggagawa** para sa bagong development, at **isang milyong feet pa ang iminumungkahi para sa demolisyon**.

Hindi na tayo makapaghihintay pa para maprotektahan ang mga alagad ng sining, maliliit na negosyong pangmanggagawa, at mga serbisyo sa komunidad.

Kung naging sapat sana ang nagagawa ng Plano para sa mga Eastern Neighborhood, hindi na natin hinaharap ngayon ang **hindi makontrol na pagkawasak** ng mga Serbisyo sa Sining at Komunidad at ang mga espasyo ng production, distribution and repair (PDR) na nagbibigay ng proteksiyon sa kakaunting trabaho na pangmanggagawa na natitira pa sa atin.

Kung hindi sana **tatlong taon nang huli sa iskedyul** ang Plano para sa Sentral na SOMA, at isang taon pa ang kinakailangan, nakatulong sana ito.

Kung naprotektahan sana ng Plano para sa Sentral na SOMA ang LAHAT ng SOMA at ang Mission District, tulad ng ginagawa ng Proposisyon X, sa halip na **1/4 lamang ng SOMA,** nakatulong sana ito.

At kung hindi aabutin ng **tatlo pang taon** ang bagong pagsosona sa natitirang bahagi ng SOMA at ng Mission upang matapos, umabot sana ito sa takdang oras.

Nag-aalok talaga ang Proposisyon X ng 25% insentibo para magkaloob ang mga developer ng **abot-kayang mga espasyo**. At itinatakda nito sa Komisyon sa Pagpaplano na pag-aralan kung tama ang klase ng mga pampalit na espayo para sa mga mawawalan ng lugar.

Sa katunayan, pinahihintulutan ng Proposisyon X ang mga batas ng Lungsod na agad na **mapahusay at mapalawak pa ang mga proteksiyon sa Sining/PDR** nito.

Hindi na makapaghihintay ang Sining/PDR at serbisyong pangkomunidad ng ating Lungsod at ang kanilang mga kinatatayuang lugar. **Kailangang harapin na NGAYON ang pag-atakeng ito sa pinakadiwa ng ating Lungsod!** Bumoto ng OO! sa Proposisyon X!

John Elberling, Tagapangulo, Yerba Buena Neighborhood Consortium (Asosasyong Pangkomunidad ng Yerba Buena)

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

RR Kaligtasan, Pagka-maaasahan at Kaluwagan ng Trapiko sa BART.

Kaligtasan, Pagka-maaasahan at Kaluwagan ng Trapiko sa BART. Upang panatilihing ligtas ang BART, mapigilan ang mga aksidente/pagkasira/pagka-antala ng tren; maibsan ang pagsisiksikan; mabawasan ang pagsisikip sa trapiko/polusyon; mapagbuti ang kaligtasan kung may lindol at akses para sa mga nakatatanda/may kapansanan sa pamamagitan ng pagpapalit at pag-a-upgrade ng 90 milya ng sira-sirang mga riles; mga lagusan na sinira ng pumasok na tubig; 44-taong-gulang na mga sistema sa pagkontrol ng tren; at iba pang mga nalulumang imprastruktura, nararapat ba na ang Bay Area Rapid Transit District ay mag-isyu ng $3.5 bilyong mga bono para sa pagbili o pagpapahusay ng real property na sasailalim sa independiyenteng obersayt at mga taunang awdit?

OO
HINDI

WALANG PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABOGADONG TAGAPAYO NG COUNTY SA PANUKALANG BONO RR

PAGSUSURI NG ABOGADONG TAGAPAYO NG COUNTY SA ISANG PANUKALANG BONO NG SAN FRANCISCO BAY AREA RAPID TRANSIT DISTRICT

Ang Panukala RR, isang bonong panukala ng San Francisco Bay Area Rapid Transit District ("Distrito"), ay humihingi ng pag-apruba ng mga botante upang pahintulutan ang Distrito na mag-isyu at magbenta ng bono nang hanggang sa $3.5 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono. Ang antas ng interes sa bawat serye ay hindi dapat lumampas sa maksimum na antas na pinahihintulutan ng batas. Ang layunin ng mga bono ay upang pondohan ang mga proyektong tinutukoy sa panukala.

Alinsunod sa Konstitusyon ng California Seksyon 1 ng Artikulo XIII at Kodigo ng Pampublikong Utilidad ng California Seksyon 29158, *et seq.*, ang panukalang ito ay bibigyang bisa ng sumasang-ayong boto na hindi bababa sa dalawang-ikatlo ng mga boto ng mga botanteng boboto sa panukalang ito.

Ang panukalang ito ay nag-aatas na ang mga nalikom na bono ay magpopondo ng mga proyekto sa buong sistema ng transportasyon sa Distrito kasama, bukod sa iba pang mga bagay, ang pagpapalit at pag-a-upgrade ng mga riles, lagusan, at mga sistema sa pagkontrol ng tren. Ang nalikom ay hindi maaaring gamitin para sa anumang ibang layunin.

Kung ang dalawang-ikatlo ng mga taong bumoto sa panukala ang bumoto ng "oo", ang Distrito ay pahihintulutan na mag-isyu ng mga bono sa halagang nabanggit sa itaas. Ang pag-apruba sa panukalang ito ay magpapahintulot ng pagpapataw ng buwis sa natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa loob ng Distrito upang mabayaran ang prinsipal at interes ng mga bonong ito sa bawat taon na ang mga bono ay nananatiling hindi pa bayad nang buo.

Ang Pahayag ng Antas ng Buwis para sa panukalang ito na nasa librito ng sampol na balotang ito ay naaayon sa pinakawastong pagtatantiya ng Distrito, batay sa kasalukuyang datos at mga prodyeksyon, ng mga antas ng ari-arian na kinakailangan upang maserbisyuhan ang mga bono. Inaasahan ng Distrito na makapag-isyu ng mga bono sa sampung mga serye. Ang pinakamahusay na tantiya ng antas ng buwis na kailangang ipataw upang pondohan ang mga bono sa unang taong piskal pagkatapos na maibenta ang unang mga serye ng mga bono ay $0.00202 bawat $100 ($2.02 bawat $100,000) ng tinasang paghahalaga sa FY2017–2018. Ang pinakamahusay na tantiya ng antas ng buwis na kailangang ipataw upang pondohan ang mga bono sa unang taong piskal pagkatapos ng maibenta ang huling mga serye ng mga bono ay $0.01749 bawat $100 ($17.49 bawat $100,000) ng tinasang halaga sa FY2035–2036. Ang pinakamahusay na tantiya ng pinakamataas na antas ng buwis na kailangang ipataw upang pondohan ang bono ay $0.01749 bawat $100 ($17.49 bawat $100,000) ng tinasang paghahalaga sa FY 2035–2036. Ang pinakamahusay na tantiya sa kabuuang serbisyo sa utang, kasama ang prinsipal at interes, kung lahat ng mga bono ay ma-isyu at maibenta ay $6,830,382,000.

Isang Obersayt Komite ng Bono ang magkakaloob ng independyenteng obersayt sa paggastos ng mga pondo mula sa pinagbentahan ng mga bono at titiyakin na ang mga pondo ay ginastos ayon sa pinahintulutan ng panukala.

Kung ang dalawang-ikatlo ng mga boboto sa panukala ay hindi bumoto para ito'y aprubahan, matatalo ang panukala, at ang Distrito ay hindi pahihintulutang mag-labas ng mga bono.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay isang walang pinapanigang pagsusuri ng Panukala RR. Kung nais ninyong magkaroon ng kopya ng panukala, mangyaring tumawag sa tanggapan ng Kalihim ng Distrito sa (510) 464-6080 at padadalhan kayo ng isang kopya nang walang bayad. Maari rin kayong magkaroon ng akses sa kabuuang teksto ng panukala sa website ng Distrito (www.bart.gov). Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.

Ang panukalang ito ay inilagay sa balota ng namamahalang lupon ng Distrito.

DONNA R. ZIEGLER
Abogadong Tagapayo ng County

PAHAYAG NG ANTAS NG BUWIS SA PANUKALANG BONO RR

SAN FRANCISCO BAY AREA RAPID TRANSIT DISTRICT

Isang halalan ang isasagawa sa San Francisco Bay Area Rapid Transit District (ang "Distrito" o "BART") sa Nobyembre 8, 2016, upang pahintulutan ang pagbebenta nang hindi lalampas sa $3.5 bilyon sa pangkalahatang obligasyong bono ng Distrito upang mamuhunan sa Programa ng BART sa Kaligtasan, Kahusayan at Kaluwagan sa Trapiko upang makumpuni at mapalitan ang mga kritikal na imprastraktura, upang maiwasan ang mga aksidente, pagkasira at pagkaantala, maibsan ang pagsisiksikan ng mga tao, mabawasan ang pagsisikip ng trapiko at polusyon, mapabuti ang kaligtasan sa lindol at mapalawak ang ligtas na akses sa mga istasyon ng BART, kasama ang mga nakatatanda at mga taong may kapansanan. Kung ang mga bono ay maaprubahan, inaasahan ng Distrito na maibebenta ang mga bono sa sampung mga serye paglipas ng panahon. Ang prinsipal at interes sa mga bono ay babayaran mula sa mga malilikom na mga buwis na ipinataw sa mga nabubuwisang ari-arian sa Distrito. Ang sumusunod na impormasyon ay ibinibigay bilang pagsunod sa Seksyon 9400-9404 ng Kodigo ng Halalan ng Estado ng California.

1. Ang pinakamahusay na tantiya ng buwis na kakailanganing ipataw upang pondohan ang pag-isyu ng bono sa unang taong piskal pagkatapos maibenta ang unang serye ng mga bono, batay sa mga tinantiyang tinasang paghahalaga na umiiral nang ihain ang pahayag na ito, ay $.00202 kada $100 (o $2.02 kada $100,000) ng tinasang paghahalaga sa taong piskal 2017–2018.
2. Ang pinakamahusay na tantiya ng buwis na kakailanganing ipataw upang pondohan ang pag-isyu ng bono sa unang taong piskal pagkatapos maibenta ang huling serye ng mga bono, batay sa mga tinantiyang tinasang paghahalaga na umiiral nang ihain ang pahayag na ito, ay $.01749 kada $100 (o $17.49 kada $100,000) ng natasang paghahalaga sa taong piskal 2035–2036.
3. Ang pinakamahusay na tantiya ng pinakamataas na antas ng buwis na kakailanganing ipataw upang pondohan ang pag-isyu ng bono, batay sa tinantiyang tinasang paghahalaga na magagamit sa panahon ng paghahain ng pahayag na ito, ay $.01749 kada $100 ($17.49 kada $100,000) ng tinasang paghahalaga sa taong piskal 2035–2036.
4. Ang pinakamahusay na tantiya ng kabuuang pagbabayad ng pagkakautang, kasama na ang prinsipal at interes, na kakailanganing bayaran kung ang lahat ng bono ay inisyu at ibinenta ay $6,830,382,000.

Kailangang tandaan ng mga may-ari ng ari-arian na ang mga tinantiyang antas ng buwis ay batay sa *TINASANG HALAGA* ng nabubuwisang ari-arian sa Distrito ayon sa opisyal na mga talaan ng buwis ng County, *hindi* sa halaga ng ari-arian sa merkado. Ang mga may-ari ng ari-arian ay dapat suriin sa kanilang mga sariling bayarin sa buwis sa ari-arian at sumangguni sa mga tagapayo sa buwis upang malaman ang tinasang halaga ng kanilang ari-arian at anumang mailalapat na mga eksempsyon sa buwis.

Idinidirekta ang atensyon ng lahat ng mga botante sa katotohanang ang mga impormasyong ito ay batay sa mga tantiya at mga prodyeksyon lamang, na hindi umiiral sa Distrito. Ang mga tantiya na ibinigay dito ay hindi nagsasaalang-alang sa mga buwis na ipinataw upang bayaran ang mga na-isyung bono ng Distrito alinsunod sa naunang mga awtorisasyon. Ang aktwal na mga antas ng buwis at ang mga taon kung kailan ang mga ito ay gagamitin ay maaaring mag-iba sa mga kasalukuyang tinantiya, dahil sa mga pagkakaiba-iba mula sa mga pagtatantiyang ito sa tiyempo ng pagbebenta ng bono, ang halaga ng mga bonong naibenta sa anumang nangyaring bentahan, ang antas ng interes sa pamilihan sa panahon ng bawat pagbebenta ng bono, ang credit quality ng Distrito sa panahon na ang bawat isyu ay maibenta, ang aktwal na mga tinasang paghahalaga sa panahon ng pagbabayad ng mga bono bukod sa iba pang mga kadahilanan. Ang aktwal na mga petsa ng pagbebenta ng nasabing mga bono at ang halaga ng benta sa anumang panahon ay maibabatay sa mga pangangailangan ng Distrito at iba pang mga kadahilanan. Ang mga aktwal na antas ng interes sa pagbebenta ng mga bono ay ibabatay sa merkado ng bono sa mismong panahon ng bawat pagbebenta. Ang aktwal na tinasang paghahalaga sa hinaharap ay nakasalalay sa kung magkano ang at halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Distrito ayon sa napag-alaman sa taunang pagtatasa at sa proseso ng pagkakapantay-pantay.

May petsang: Hunyo 9, 2016

SAN FRANCISCO BAY AREA RAPID TRANSIT DISTRICT

ROSEMARIE V. POBLETE
Kontroler/Ingat-yaman

Kung Paano Nailagay sa Balota ang "RR"

Noong Hunyo 9, 2016, bumoto ang Lupon ng mga Direktor ng San Francisco Bay Area Rapid Transit District (BART) ng 9 laban sa 0 para ilagay ang Panukalang RR sa balota.

Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% na botong "oo" para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay isang walang pinapanigang pagsusuri ng Panukala RR. Kung nais ninyong magkaroon ng kopya ng panukala, mangyaring tumawag sa tanggapan ng Kalihim ng Distrito sa (510) 464-6080 at padadalhan kayo ng isang kopya nang walang bayad. Maari rin kayong magkaroon ng akses sa kabuuang teksto ng panukala sa website ng Distrito (www.bart.gov). Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.

Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Panukalang RR

Ang BART ang lakas ng transportasyon ng Bay Area. Isang sistema na orihinal na nagdadala ng 100,000 tao bawat linggo ngayo'y nagsisilbi sa halos 430,000 na pasahero araw-araw, at ang sumasakay ay inaasahang madadagdagan ng 75% sa 2040. Gayon pa man, ang 44-na-taong-gulang na sistema ay nagpapahiwatig na ng katandaan. Panahon na upang muling mamuhunan upang mapanatiling ligtas at maaasahan ang BART, mabawasan ang pagsisikip, panatilihing wala sa kalye ang kotse, at protektahan ang kapaligiran.

Ang Panukala RR, na binuo nang may input ang komunidad at mga eksperto, ay isang detalyadong plano upang panatilihing ligtas at maaasahan ang BART. Ang mga pondo ay kailangang gamitin sa partikular na mga programa upang ayusin ang kasalukuyang imprastruktura ng BART. Ang Panukala RR ay magpapahintulot sa BART upang:

- palitan ang 90 milya na mga riles na lubhang niluma nang higit 44 na taon ng paggamit;
- kumpunihin ang mga pader ng mga lagusan na sinira ng tubig;
- isamoderno ang imprastrukturang elektrikal ng BART na mula pa noong 1960s;
- pahusayin ang kakayahan ng BART na makayanan ang lindol;
- iwasan ang pagkasira at pagkaantala sa pamamagitan ng pagpapalit ng sinaunang sistema ng kontrol sa tren; at
- itaas ang kapasidad ng BART na paluwagin ang trapiko sa Bay Area at bawasan ang polusyong dulot ng mga kotse.

Kasama rin sa plano ang pondo upang mapabuti ang mga istasyon ng BART sa pamamagitan ng:

- pagtitiyak ng mas mahusay na akses para sa mga nakatatanda at mga taong may kapansanan,
- pagpapabuti ng mga koneksyon ng bus at pagsisiguro ng paradahan para sa bisikleta,
- pagpapalit ng lumang mga escalator at elevator, at
- pangangalaga sa personal na kaligtasan ng mga pasahero sa pamamagitan ng pinabuting pag-iilaw at seguridad.

Mangyaring basahin ang buong plano sa www.bart.gov/better-bart/the-plan/.

Ang Panukala RR ay mayroong malakas na mga sukatan ng pananagutan. Lahat ng mga gastusin ay napapailalaim sa isang taunang awdit na isasagawa ng isang malayang komite ng pagbabantay na binubuo ng mga inhinyero, awditor, at iba pang mga miyembro ng komunidad. Ang mga pondo ay maaari lamang gamitin para sa mga pagpapabuti ng imprastruktura, at hindi maaaring gamitin sa mga gastos sa pagpapatakbo mismo ng BART. Bawat dolyar mula sa Panukala RR ay ipupuhunan sa sistema ng BART, at hindi maaaring kunin ng Estado o Pederal na pamahalaan.

Ang mga pasahero ng BART, mga inhenyero ng transportasyon at kaligtasan mula sa UC Berkeley at pribadong industriya, mga pinuno ng negosyo, mga mapagkalinga sa kapaligiran, at halal na mga opisyal sa buong Bay Area ay sumasang-ayon: bumoto ng OO sa Panukala RR.

www.yesforbart.com

UC Berkeley Safe Transportation Research and Education Center
OFFER GREMBEK, Inhinyero sa Pangkaligtasang Transportasyon at Kapwa Direktor

Sierra Club San Francisco Bay Chapter
LUIS AMEZCUA, Miyembro ng Komite ng Tagapagpaganap

THEA SELBY
35-taon nang sumasakay ng BART at Tagapangulo ng Lupon ng San Francisco Transit Riders

ALAN B. SMITH
Tagapangulo ng Lupon ng BART Accessibility Task Force

Konseho ng Bay Area – ang Boses ng mga Negosyo ng Bay Area
JIM WUNDERMAN, Pangulo at CEO

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Panukalang RR

Hindi karapat-dapat ang BART sa inyong tiwala.

Ang Panukala RR ay isang **48-taong pagtaas ng buwis sa ari-arian.** Hindi natin lubos na alam kung gaano ang ilalaki ng buwis; ito ay nakabase sa maraming mga kadahilanan. Ang mga antas ng interes ay tataas, ang mga halaga ng ari-arian ay bababa. Ang mga **pagtatantiya sa antas ng buwis ay mga hula lamang** sapagkat, sa loob nang higit 48 taon, maraming mga bagay ang mababago.

Isang bagay ang tiyak natin: Kapag bumoto ang mga botante ng oo**, maaaring sumingil ang BART ng anumang halaga ng buwis na kinakailangan** upang mabayaran ang utang na bono. Ang tunay na antas ng buwis ay magiging kung *anuman ang kakailanganin.*

Pinatunayan ng BART na pinapahalagahan nito ang popularidad kaysa sa responsibilidad. Habang ang BART ay gumagawa ng malalaking mga pangako, tumatanggi naman ito na mag-ipon para dito

- Noong nakaraang taon, kumolekta ang BART nang **higit sa $883 milyon** sa mga pamasahe ng pasahero, mga bayarin sa pagpaparada, mga buwis sa pagbebenta, mga buwis sa pagmamay-ari, mga kita sa pamumuhunan, at mga tulong na salapi mula sa estado at pederal. Gayun pa man, **hindi mainam na naalagaan ng BART ang mga sistema nito.**
- Mas pinipili ng BART ang **platinum na mga kontrata sa paggawa** at **di-pinagkakakitaang mga proyekto ng pagpapalawak** kaysa sa pag-iipon ng pera upang palitan ang mga tren at ibang kagamitan.

Ani **Jon Coupal**, Pangulo ng **Howard Jarvis Taxpayers Association:**

*"Pinatunayan na ng BART na ito'y **ganap na hindi mapagkakatiwalaan** pagdating sa pananagutan sa pananalapi. Hindi nito malinaw na natukoy ang totoo nitong pangangailangan sa kapital at, mas masahol pa, sa isang **bait-and-switch na pamamaraan**, halos umabot sa $1.2 bilyon ang halaga mula sa pera ng bono ng Panukala RR ang **maaaring di-tuwirang magpopondo sa mga gastos sa paggawa sa Distrito**."*

Ang librito sa badyet ng BART para sa 2016/17 ay nagpapakita ng taunang pagpapasuweldo, kasama ang mga benepisyo, na **naglalaro sa $131,641 bawat empleyado**.

Ang BART ay hindi kapos sa pondo; ang BART ay walang pag-iingat.

Hindi magagawa ng Panukala RR na gawing responsable ang BART. Ito ay magbibigay lamang ng mas maraming pera nang walang pananagutan.

ITIGIL ANG PAGTATAAS NG BUWIS NA ITO!

www.NOonRR.info

Kersten Institute for Governance and Public Policy
DAVID KERSTEN, Pangulo

Alliance of Contra Costa Taxpayers
KENNETH HAMBRICK, Tagapangulo

TOM CANADAY
Residente ng San Francisco; Inhinyero; Madalas na Sumasakay ng BART

ARNE SIMONSEN
Dating Miyembro ng Konseho, Lunsod ng Antioch

SUSAN L. PRICCO
Residente ng Hercules; Retiradong Klerk ng Hukuman, Superyor na Hukuman ng County ng Contra Costa

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Argumento ng Katunggali Laban sa Panukalang RR

Ang BART ay gumagawa ng mga desisyon nang padalos-dalos.

Ang BART ay dapat na gumagawa ng mga regular na pagkukumpuni; dapat na nag-iipon ng sapat na pera upang palitan ang mga karwahe ng tren. Sa halip, inilagay ng BART ang mga **empleyado nito** sa hanay ng mga may **pinakamataas na sweldo sa buong bansa.**

*"[Tulad ng pagkakaalam natin na ang ating mga kotse ay hindi tatakbo nang walang katapusan, batid ng mga Opisyal ng BART na ganoon din ang kanilang mga tren. Gayon pa man, sa loob ng **ilang dekada, nabigo ang BART na magplano at** mag-ipon para dito, habang nagbibigay ng **sobra-sobrang kabayaran sa kanilang mga empleyado.**"*

Oakland Tribune, 3/27/16

Inaasahan ng BART na pondohan ng mga botante ang kanilang kahibangan.

*"[H]anggang **$1.2 bilyon** mula sa panukalang bono sa Nobyembre ay maaring pumuno sa gastos sa pagpapasweldo sa halip na igugol sa mga **ipinangakong capital improvements.**"*

East Bay Times, 8/14/16

Ang BART ay nangangailangan ng pampagising.

Panahon na para ang BART ay:

- **SIMULAN ANG MAKATOTOHANANG MGA PAG-UUSAP**
  - Kasunod ng mga welga noong 2013, ang BART ay **nagtaas ng pasahod** at pinanatili ang mga **benepisyong platinum.**
  - Ang **mga masamang kontrata sa paggawa** na ito ay **paiiralin** hanggang 2021 sa halagang $77 milyon.
  - Ang pasahod at mga benepisyo ng BART ay **hindi abot-kaya.**
- **ITIGIL ANG PANGHIHIRAM AT SIMULAN ANG PAGBABADYET**
  - Ang BART ay lubog sa $1.3 milyon na **pangmatagalang utang.**
  - Ang BART ay may utang na **daan-daang milyon** sa mga **benepisyong ipinangako** sa **empleyado** na bahagya lang na napag-ipunan.
  - Ang BART ay nahaharap sa **kakulangan ng badyet** na $447 milyon sa loob ng susunod na dekada.
  - Ang Panukala RR ay **magtataas sa mga buwis;** magkakahalaga ng **$7 bilyon**, kasama ang interes, para sa mga taxpayer; at hindi mababayaran nang buo hanggang 2065, sa loob ng **48 taon.**
- **PAGPAPATULOY SA MGA PAGTATALAGA**
  - **Alamin nang mabuti ang mga batayan** bago palawakin ang sistema ng BART.
  - Naglabas ang BART ng isang **10-taong** plano para sa capital rebuilding noong 2014. Ito ay hindi na napapanahon.
  - Kailangang itigil na ng BART ang pagsasalita tungkol sa muling pagtatayo sa halip ay aktwal nang simulan ang muling pagtatayo (rebuilding).

Ang BART ay umabot na sa dulo ng linya.

"Kailangang magbawas ang BART bago ito humingi ng karagdagang pondo sa buwis."

Contra Costa Times, 2/8/16

Pigilan ang pagtataas ng buwis na ito! Bumoto ng HINDI sa Panukala RR!

www.NOonRR.info

Kersten Institute for Governance and Public Policy
sa pamamagitan ni DAVID KERSTEN, Pangulo

Partidong Libertaryan ng San Francisco
sa pamamagitan ni AUBREY FREEDMAN,Tagapangulo

Alliance of Contra Costa Taxpayers
sa pamamagitan ni KENNETH HAMBRICK, Tagapangulo

LINDA HARMESON
Propesyonal na IT; residente ng County ng Alameda

DEBORAH DAVIDSON
Sekretaryang Legal; residente ng county ng Alameda; Araw-araw na Sumasakay ng BART

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Panukalang RR

Mismong ang aming katunggali ang siyang nagdidiin ng aming argumento: kailangang simulan na ng BART ang muling pagtatayo (rebuilding). Ang BART ay mamumuhunan ng $584 milyon mula sa kapital na badyet para sa taong ito sa muling pamumuhunan sa sistema, ngunit ang pondong iyon ay hindi sapat upang matugunan ang mga apurahang pangangailangang pangkaligtasan. Upang maisagawa ang mga kritikal na pagkukumpuni na magpapanatili ng pagiging ligtas at pagkamaaasahan ng BART, kailangan natin ang Panukala RR.

Pinag-aralan ng mga eksperto sa kaligtasan sa transportasyon at riles mula sa UC Berkeley at pribadong industriya ang planong programa ng Panukala RR. Inirerekomenda nila ang Panukala RR sapagkat nakatuon ito sa buod ng sistema ng BART sa pamamagitan ng pagpapalit at pagsasamoderno ng:

- 90 milya ng nalumang riles
- naglolokong network ng kuryente,
- sistema ng kontrol sa trapiko na mula pa noong 1960s,
- mga pader ng lagusan na sinira ng tubig.

Dahil sa matibay nitong mga pananggalang, ang Panukala RR ay inirerekomenda ng Liga ng mga Kababaihang Botante ng Bay Area at mga organisasyon ng negosyo tulad ng Konseho ng Bay Area, ang mga Kamara ng Komersyo ng Oakland at San Francisco, at Konseho ng Liderato ng East Bay sa County ng Contra Costa. Dapat pondohan ng Panukala RR ang imprastruktura – wala ni isang sentimo ang maaaring gamitin sa mga gastusin sa operasyon. Ang gastusin sa Panukala RR ay sasailalim sa isang taunang mga awdit. Dagdag pa dito, isang independiyenteng obersayt komite sa bono na binubuo ng mga inhinyerong pangkaligtasan, sertipikadong mga akawntant, at mga tagapamahala ng pananalapi ang magtitiyak ng pananagutan at kalinawan sa publiko.

Kapag nasisira ang BART, naaantala ang Bay Area. Mahalaga ang Panukala RR para sa pagpapanatili ng sinusubaybayang rekord sa kaligtasan ng BART, at para sa pagtataas ng kapasidad ng BART upang maibsan ang buhol-buhol na trapiko sa highway.

Sumama sa mga eksperto ng kaligtasan ng transportasyon, ang Sierra Club, Liga ng mga Kababaihang Botante ng Bay Area, mga may-ari ng maliliit na negosyo, at halal na mga pinuno sa buong Bay Area. Bumoto ng OO sa Panukala RR upang panatilihing ligtas at maasahan ang BART, maitaas ang kapasidad ng BART at mabawasan ang kasikipan ng trapiko.

YESforBART.com

LISA NIELSON
Opisyal ng Kaligtasan ng Riles ng Tren

SYLVIA STADMIRE
Miyembro ng Lupon, United Seniors of Alameda County

GABRIEL METCALF
Pangulo at CEO, San Francisco Bay Area Planning and Urban Research Association (SPUR)

RENEE RIVERA
Tagapagpaganap na Direktor, Bike East Bay

JAMES F BISSO
May-ari ng Maliit na Negosyo, 43-taon nang sumasakay ng BART

Ang mga pangangatwiran ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nilimbag ang mga pangangatwiran gaya ng sinumite. Hindi winasto ang mga maling spelling o grammar mula sa bersiyong Ingles nito. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Talatuntunan

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante
Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon – Nobyembre 8, 2016

A

Accessible voting para sa mga botanteng may kapansanan. 9
Address ng inyong lugar ng botohan . . . . . (likod na pabalat)
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota . . . . . (likod na pabalat)
Aplikasyon para sa permanenteng
vote-by-mail na estado . . . . . (likod na pabalat)

B

Batas sa mga karapatan ng botante 77
Be a poll worker 129

D

Direktor, Sulat mula sa 2

E

Eleksyon sa California 59

I

Isinusulat-lamang na mga kandidato, kung paano bumoto 8

K

Kandidato at katungkulan, impormasyon tungkol sa mga. 14
Kandidato, mga pahayag ng kuwalipikasyon
Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos 16
Kandidato para sa Senador ng Estado 18
Kandidato para sa Asembleya ng Estado. 19
Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor,
Katungkulan Blg. 7 21
Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon 22
Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad 27
Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor 30
Kandidato para sa Direktor ng BART 45
Katanungan, Mga madalas na 12
Komite para sa Simplipikasyon ng Balota 3
Kumpidensiyal (Pagiging) at Mga rekord ng botante. 77

L

Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para
sa Botante at Gabay na Impormasyon para sa Botante 3
Lokal na panukalang–batas na nasa balota at mga argumento,
impormasyon tungkol sa 47
A Mga Pampaaralang Bond 52
B Buwis sa Ari-Arian para sa City College 56
C Mga Pagpapautang upang Pondohan ang Pagkakaroon at
Rehabilitasyon ng Abot-kayang Pabahay 60
D Pagtatalaga sa mga Bakanteng Posisyon. 64
E Responsibilidad para sa Pag-aalaga sa mga
Puno na nasa Kalye at mga Nakapaligid na Bangketa. 68
F Pagboto ng mga Kabataan sa mga Lokal na Eleksyon 71
G Pangangasiwa sa Pulisya 74
H Pampublikong Tagapagtaguyod 78
I Pagpopondo Para sa mga Matatanda at mga
Nasa Sapat na Gulang na may Kapansanan 82
J Pagpopondo para sa Kawalan ng Tahanan at Transportasyon 86
K Buwis para sa Pangkalahatang Pagbebenta 91
L Mga Pagtatalaga at Budget ng MTA 94
M Komisyon para sa Pabahay at Pagpapaunlad 98
N Pagboto ng mga Hindi Mamamayan sa
Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan 102
O Pagsasaayos sa Opisina na nasa
Candlestick Point at Hunters Point. 106
P Kumpetisyon sa Bidding para sa mga Proyektong Abot-
kayang Pabahay na nasa Lupang Pag-aari ng Lungsod 110
Q Pagbabawal sa mga Tent sa mga Pampublikong Bangketa . 114
R Unit para sa mga Krimen sa Komunidad 118
S Alokasyon ng mga Pondo mula sa Buwis sa mga Hotel 122
T Paglilimita sa mga Regalo at Kontribusyon
sa Kampanya mula sa mga Lobbyist 126
U Mga Itinatakda sa mga Proyekto sa
Pagpapaunlad na may Presyong Nakabatay
sa Merkado para sa Abot-kayang Pabahay 130
V Buwis sa Pamamahagi ng mga
Inuming Pinatatamis ng Asukal. 134
W Buwis sa Paglilipat ng Pagmamay-ari ng Real Estate para sa
Mga Ari-arian na Nagkakahalaga nang Mahigit sa $5 Milyon 138
X Pagpepreserba ng Espasyo para sa mga Sining ng
Kapitbahayan, Maliliit na Negosyo, at mga Serbisyo sa
Komunidad para sa ilang Kapitbahayan 142
RR Kaligtasan, Pagka-maaasahan at
Kaluwagan ng Trapiko sa BART. 146
Lugar ng botohan, kumpirmahin ang lokasyon 4

M

Maagang pagboto 5
Makipag-ugnayan sa
Departamento ng mga Eleksyon . . . . . (loob ng likod na pabalat)

N

Nagkamali habang bumoboto, paano makakakuha ng balota . . . 8

P

Pagboto sa pamamagitan ng mail 5
Pagboto, mga instruksiyon sa 6
Pag-endorso ng partido. 14
Permanenteng pagboto sa pamamagitan
ng mail, impormasyon tungkol sa 5
Petsa, mga importante. . . . . (loob ng harap na pabalat)
Programang Ligtas sa Tahanan 77

R

Ranked-choice voting (Pagboto na Aantasin
ang mga piniling kandidato) 7

S

Salitang Kailangan Ninyong Malaman 48

U

Utang, pangkalahatang buod 50

W

Website ng Departamento ng mga Eleksyon . . .(loob ng likod na pabalat)
Wikang Filipino, Tulong sa. 63
Worksheet ng Balota . . . . . (huling pahina)

Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon ng anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa mail ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* at sa *Sing Tao Daily* sa Oktubre 25, 26, at 27, at sa *El Reportero* sa Oktubre 26.

MGA PROPOSISYON

TITULO:		OO	HINDI
51	Mga Bono ng Paaralan. Pagpopondo para sa mga Pasilidad ng Paaralan na K-12 at Kolehiyo ng Komunidad.		
52	Programa ng Medi-Cal para sa Paggamit ng Singil ng Ospital.		
53	Mga Bonong Kita. Pag-apruba ng Botante sa Buong Estado.		
54	Lehislatura. Pagbabatas at mga Paglilitis.		
55	Pagpapalawig ng Buwis upang Pondohan ang Edukasyon at Pangangalagang Pangkalusugan.		
56	Buwis sa Sigarilyo upang Pondohan ang Pangangalagang Pangkalusugan, Pagpigil sa Paggamit ng Tabako, Pananaliksik, at Pagpapatupad ng Batas.		
57	Mga Sentensiyang Pangkrimen. Parol. Mga Paglilitis at Pagsentensiya sa Krimen ng Kabataan.		
58	Kahusayan sa Ingles. Edukasyon na nasa Maraming Wika.		
59	Mga Korporasyon. Paggastos na Pampulitika. Mga Proteksiyon sa Pederal na Saligang-Batas.		
60	Mga Pelikula na para sa nasa Hustong Gulang. Mga Kondom. Mga Kinakailangan sa Kalusugan.		
61	Mga Pagbili ng Iniresetang Gamot ng Estado. Mga Pamantayan ng Pagpepresyo.		
62	Parusang Kamatayan.		
63	Mga Baril. Pagbebenta ng mga Bala ng Baril.		
64	Pagsasalegal ng Marihuwana.		
65	Mga Bag na Pinaglalagyan ng mga Pinamili. Mga Singil.		
66	Parusang Kamatayan. Mga Pamamaraan.		
67	Pagbabawal sa Pinag-isahang Gamit na mga Plastik na Bag.		
A	Mga Pampaaralang Bond		
B	Buwis sa Ari-Arian para sa City College		
C	Mga Pagpapautang upang Pondohan ang Pagkakaroon at Rehabilitasyon ng Abot-kayang Pabahay		
D	Pagtatalaga sa mga Bakanteng Posisyon		
E	Responsibilidad para sa Pag-aalaga sa mga Puno na nasa Kalye at mga Nakapaligid na Bangketa		
F	Pagboto ng mga Kabataan sa mga Lokal na Eleksyon		
G	Pangangasiwa sa Pulisya		
H	Pampublikong Tagapagtaguyod		
I	Pagpopondo para sa mga Matatanda at mga nasa Sapat na Gulang na may Kapansanan		
J	Pagpopondo para sa Kawalan ng Tahanan at Transportasyon		
K	Buwis para sa Pangkalahatang Pagbebenta		
L	Mga Pagtatalaga at Budget ng MTA		
M	Komisyon para sa Pabahay at Pagpapaunlad		
N	Pagboto ng mga Hindi Mamamayan sa Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan		
O	Pagsasaayos sa Opisina na nasa Candlestick Point at Hunters Point		
P	Kumpetisyon sa Bidding para sa mga Proyektong Abot-kayang Pabahay na nasa Lupang Pag-aari ng Lungsod		
Q	Pagbabawal sa mga Tent sa mga Pampublikong Bangketa		
R	Unit para sa mga Krimen sa Komunidad		
S	Alokasyon ng mga Pondo mula sa Buwis sa mga Hotel		
T	Paglilimita sa mga Regalo at Kontribusyon sa Kampanya mula sa mga Lobbyist		
U	Mga Itinatakda sa mga Proyekto sa Pagpapaunlad na may Presyong Nakabatay sa Merkado para sa Abot-kayang Pabahay		
V	Buwis sa Pamamahagi ng mga Inuming Pinatatamis ng Asukal		
W	Buwis sa Paglilipat ng Pagmamay-ari ng Real Estate para sa Mga Ari-arian na Nagkakahalaga nang Mahigit sa $5 Milyon		
X	Pagpepreserba ng Espasyo para sa mga Sining ng Kapitbahayan, Maliliit na Negosyo, at mga Serbisyo sa Komunidad para sa ilang Kapitbahayan		
RR	Kaligtasan, Pagka-maaasahan at Kaluwagan ng Trapiko sa BART.		

KABILA

Worksheet ng Balota: Nobyembre 8, 2016

Magtipid ng oras sa pagboto. Isulat ang mga pinili ninyo dito. Gamitin kapag nagmamarka ng inyong balota.

Hindi lahat ng botante ay maaaring bumoto sa lahat ng labanan. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang inyong halimbawang balota.

MGA KATUNGKULAN

KATUNGKULANG NOMINADO NG PARTIDO:

Presidente at Bise Presidente Bumoto ng isang partido	

MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE:

Senador ng Estados Unidos Bumoto ng isa	
Kinatawan ng Estados Unidos Bumoto ng isa	
Senador ng Estado Bumoto ng isa	
Miyembro, Asembleya ng Estado Bumoto ng isa	

MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO:

Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg. 7 Bumoto ng isa	
Miyembro, Lupon ng Edukasyon Bumoto ng hindi hihigit sa apat	
Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad Bumoto ng hindi hihigit sa apat	
Direktor ng BART Bumoto ng isa	
Miyembro, Lupon ng mga Superbisor Mag-antas ng hanggang sa tatlong mga pagpipilian	Unang pinili
	Pangalawang pinili
	Pangatlong pinili